# ANG BUHAY AT MINISTERYO NI HESUS

Inihanda ni

Dr. Randall McElwain

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2017 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman


Pangkalahatang-ideya ng Kurso ........ 5

Mapa ng Palestina sa Panahon ni Jesus ........ 6

(1) Paghahanda para sa Ministeryo ........ 7

(2) Pananalangin Tulad ni Hesus........ 27

(3) Pangunguna Katulad ni Hesus ........ 45

(4) Pagtuturo Tulad ni Jesus ........ 67

(5) Pangangaral Tulad ni Hesus ........ 89

(6) Si Hesus at ang Kaharian ng Dios ........109

(7) Pag-ibig Tulad ni Jesus........131

(8) Ang Krus at ang Muling Pagkabuhay ........153

(9) Pag-iiwan ng Pamana ........179

Ang Ebanghelyo ng Kaharian (Isang Pangaral) ........197

Form sa Pagtatala ng Mga Takdang-Aralin ........211

# Pangkalahatang-ideya ng Kurso

(1) Kung nag-aaral bilang isang grupo, mag-salit-salit sa pagbasa ng materyales. Dapat kang tumigil sa pana-panahon para sa talakayan sa klase. Bilang tagapanguna sa klase, ikaw ay may tungkulin na pigilin ang talakayan kapag ito'y lumalayo na sa pinag-aaralang paksa. Makakatulong na magkaroon ng limit sa oras para sa bawa't isang panahon ng talakayan.

(2) Kapag dumating ka sa simbolong ►, itanong ang mga sumusunod na tanong, at hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang sagot. Maglaan ng oras para sa makabuluhang talakayan. Kung wala ito, ang mga mag-aaral ay maaaring mabigo na iugnay ang kanilang pag-aaral sa ministeryo ni Hesus sa kanilang ministeryo sa kasalukuyan.

(3) Ang simbolong ► ay nagpapahiwatig ng pagbabasa ng Biblia. Para sa maiikling talata, basahin ang talata sa klase. Dapat magbasa ang mag-aaral ng mas mahahabang talata bago pumasok sa klase at balikan na lamang ang mga talata sa oras ng klase.

(4) Ang bawat aralin ay may kasamang takdang-aralin.

**Mapa ng Palestina sa Panahon ni Jesus**

Pakigamitin ang mapang ito sa buong kurso.[1]

(1) Tiro

(2) Cesarayang Pilipos

(3) Galilea (rehiyon)

(4) Cana

(5) Capernaum

(6) Nazaret

(7) Dekapolis (rehiyon)

(8) Samaria (rehiyon)

(9) Ilog Jordan

(10) Emaus

(11) Jerusalem

(12) Betlehem

(13) Baybayin ng Dagat


(14) Gitnang Kabundukan

(15) Disyertong Judea

(16) Patay na Dagat

(17) Dagat ng Galilea

(18) Dagat Mediteraneo




[1] "Map of Israel" was created by SGC with open data from NED, SRTM, NASA, and Bible Geocoding (CC BY 4.0), available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52344178339, public domain (CC0).

# Aralin 1
# Paghahanda para sa Ministeryo

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin si Hesus bilang ating huwaran para sa ministeryo.

(2) Pahalagahan at pasalamatan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Dios sa paghahanda sa kanyang mga tinawag.

(3) Sumuko sa pagtawag ng Dios, maging ito man ay sa pamumuno o sa isang pumapangalawang tungkulin.

(4) Sumunod sa mga hakbang ni Hesus tungo sa tagumpay laban sa pagtukso.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Bago simulan ang leksiyong ito, basahin muna ang Mateo 1-4, Lucas 1-3, at Juan 1. Babalikan mo ang mga kabanatang ito sa kabuuan ng leksiyon.*

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Inihahanda ng Dios ang mga tinatawag niya para sa ministeryong inilaan niya para sa kanila.

## Pasimula

Sa Ang *Buhay at Ministeryo ni Cristo Hesus*, pag-aaralan natin si Hesus bilang huwaran para sa ating ministeryo sa kasalukuyan. Sinabi ni Hesus, "Sapagkat binigyan ko kayo ng isang halimbawa, na inyo ring gagawin tulad ng ginawa ko para sa inyo."[2] Ang buhay ni Hesus sa lupa ay isang modelo para sa kanyang mga tagasunod.

Nauunawaan ni Pablo ang prinsipyong ito. Nang marinig niya ang di-pagkakasundo ng mga Kristiyano sa Filipos, itinuro ni Pablo ang halimbawa ni Hesus. "Dapat sumainyo ang pag-iisip na ito, katulad ng nakay Cristo Hesus.."[3] Nalalaman ni Pablo na kung sinusunod ng mga Kristiyanong ito ang halimbawa ni Hesus, ang kanilang kababaang-loob ay lulutas sa mga sigalot sa iglesya.

Sa isang paglalakbay sa Africa, si David Plotz, isang journalist na Judio ay naiwan sa Malawi airport. Nakilala niya doon ang isang pastor na African. Isinama siya nito sa kanyang bahay,

---

[2] Juan 13:15
[3] Filipos 2:5, *KJV*.

pinakain sa loob ng dalawang araw, at nagpatotoo sa kanya tungkol kay Hesus, ang Mesiyas. Makalipas iyon, isinulat ni David Plotz, "Hindi ko man pinaniniwalaan ang lahat ng pinaniniwalaan ng lalaking ito, subali't ako'y namamangha sa kanyang mga pinaninindigan. Nararamdaman niya si Cristo na kumikilos sa kanyang buhay na siyang dahilan kung bakit kinupkop niya ang isang estranghero, pinatira sa kanyang bahay, pinakain at dinamitan." Nauunawaan ng pastor na Africanong ito na tayo'y tinawag upang sundan ang halimbawa ni Hesus.

Ang kursong ito ay hindi isang kumpletong pag-aaral sa buhay ni Hesus. Sa halip, itutuon natin ang pag-aaral sa mga bahagi ng buhay ni Jesus na magbibigay ng modelo para sa ating miniteryo sa kasalukuyan. Matututuhan rin nating igaya ang ating ministeryo ayon sa halimbawa ni Hesus.

Sa unang araling ito, makikita natin ang paghahanda ni Hesus para sa ministeryo. Ilalarawan nito ang prinsipyo na inihahanda ng Dios ang bawat isang taong tinatawag niya para sa ministeryo ayon sa kanyang pagkatawag sa kanila.

## Inihanda ng Dios ang Pamilyang Pinagmulan ng Kanyang Lingkod

► Isipin ninyo ang inyong pamilyang sinilangan at kabataan. Paano ginamit ng Dios ang iyong pinagmulan upang ihanda ka para sa ministeryo?

Ang listahan ng salinlahi sa mga Ebanghelyo ay nagpapakita na inihanda ng isang makapangyarihang Dios ang daan para sa kanyang lingkod libong taon na mas maaga sa kapanganakan ni Hesus. Mahabang panahon bago pa isilang si Hesus, inihanda na ng Dios ang daan para sa kanyang pagdating.

Ang listahan ng mga salinlahi ay sumasagot sa tanong na "Sino si Jesus?". Ipinakikita ng listahan ng salinlahi ang kahalagahan nina Abraham at David. Mahalaga si Abraham sa mga ninuno ni Hesus dahil pinangakuan ng Dios si Abraham, "dahil sa iyo ang lahat ng pamilya sa daigdig ay pagpapalain."[4] Natupad ang pangakong ito kay Hesus ng Nazareth.

Mahalaga si David sa listahan ng mga salinlahi dahil ipinangako ng Dios na ang trono ni David ay matatatag sa habang panahon."[5]. Sa kapanganakan ni Hesus, mahigit nang 500 taon mula nang ang huling hari na lahi ni David ay naluklok sa trono. Ipinakita nina Mateo at Lucas na si Hesus ang katuparan ng pangako kay David.

### Si Hesus ay ang Anak ni David (Mateo 1:1-17)

Sa Bagong Tipan ng Griego, ang unang dalawang salita ni Mateo ay *biblios genesis,* isang parirala/phrase na magpapaalaala sa mga unang bumabasa ng Mateo sa aklat ng Genesis.[6] Kung paanong ipinahahayag ng Genesis ang pagiging makapangyarihan ng Dios sa

---

[4] Genesis 12:3
[5] 2 Sam. 7:16.
[6] Gen. 2:4; 5:1.

sannilikha, ipinapahayag ni Mateo ang pagiging makapangyarihan ng Dios sa kasaysayan. Ang genealogy ni Mateo ay nagpapakita na ang buong kasaysayan ng Israel ay naghahatid sa atin sa kapanganakan ng Mesiyas.

Ang listahan ng salinlahi ni Mateo ay nagtatala ng tatlong grupo ng labing-apat na pangalan. Ito ay isang karaniwang paraan ng mga Judio upang magsaulo. Ang mga regular na grupo ay nakatulong sa mga mag-aaral upang magsaulo ng mahahabang listahan ng mga pangalan. Ang mga mambabasa ng listahan ng salinlahi ni Mateo ay nakakaalam na ang listahang ito ay hindi nagtala ng lahat ng bawat isang ninuno sa pagitan ni Abraham at Jose. Ang talata ni Mateo na "na ama ni.." ay maaaring tumukoy sa sinumang ninuno. Ang mga listahan ng salinlahi na Judio ay karaniwang lumalaktaw sa ilang henerasyon. Itinuon ni Mateo ang atensiyon sa mahahalagang miyembro ng listahan ng salinlahi ni Hesus at lumaktaw sa ibang mga pangalan.

Dahil lumaktaw si Mateo ng ilang henerasyon, ang mga pangalan na isinama niya ay partikular na nakakainteresado. May layunin kung bakit pinili ni Mateo ang mga pangalang iyon. Halimbawa, naglista si Mateo ng apat na babae. Hindi ito pangkaraniwan sa Judiong listahan ng salinlahi. Ang bawat isang pangalang ito ay nagtataglay ng mga questionable na background. Sina Rahab at Ruth ay kapwa taga-ibang lugar. Sina Tamar, Rahab at Batseba ay nauugnay sa kahihiyang pangseksuwal. Katulad din nito, ang ilan sa mga lalaki sa listahan ay nagdanas rin ng pagkapahiya. Pinakitunguhan ni Juda si Tamar nang may kahihiyan. Ang salinlahi ni Jechoniah ay nawalan ng karapatan sa trono ng Israel.[7] Pinakakapansin-pansin, tinukoy ni Mateo si David hindi dahil sa kanyang mga tagumpay, kundi bilang "ang ama ni Solomon sa asawa ni Urias."

Ang mga pangalang ito ay iniugnay kay Jesus sa makasalanang sangkatauhan. Isinugo ng Dios ang kanyang Anak sa mundo hindi sa pamamagitan ng isang walang dungis na family line, kundi bilang inapo ng mga ordinaryong mga makasalanan. Kinutya ng mga lider na Judio ang hindi kagalang-galang na kapanganakan ni Hesus at tinanggihan siya at sinabing di-karapat-dapat.[8] Ipinakita ni Mateo na "Kung ang Mesiyas ay maaaring isilang sa ganitong klaseng mga ninuno, maaari siyang maging manunubos para sa lahat ng uri ng tao, kahit pa sa mga hindi kagalang-galang na mga tao."[9].

### Si Hesus ay ang Anak ni Adan (Lucas 3:23-38)

Tinunton ni Mateo ang listahan ng salinlahi ng "Hari ng mga Judio" kay Abraham. Tinunton ni Lucas ang listahan ng salinlahi ni Hesus kay Adan. Tumutugma ito sa pagbibigay-diin ni Lucas kay Hesus bilang ang "Anak ng Tao." Ang listahan ng salinlahi ni Lucas ay nagbibigay-diin sa pagiging tao ni Hesus. Inilagay ni Lucas ang listahan ng salinlahi bago ang kwento

---

[7] Mat. 1:12; Jer. 22:30.
[8] Juan 8:41, 48.
[9] Craig L. Blomberg, *Jesus and the Gospels* (Nashville: Broadman & Holman, 1997), p. 199.

tungkol sa pagtukso kay Hesus. Ito ay nagpapaalala sa mambabasa na si Hesus, ang ikalawang Adan, ay nagtagumpay kung saan ang unang Adan ay nabigo.

### Mas Malapit na Pagtanaw: Ang Listahan ng Salinlahi Ayon kay Mateo at Lucas

Nagbigay ang Mateo 1 at Lucas 3 ng magkaibang listahan ng salinlahi ni Hesus. Ang Mateo ay kumilos mula kay Abraham patungo kay Haring Solomon hanggang kay Jose. Tinunton ni Lucas ang salinlahi mula kay Jose pabalik kay Nathan (isa sa mga anak ni David) pabalik kay Adan.

Pareho ang listahan ng salinlahi sa pagitan nina Abraham at David. Gayunman, sa pagitan nina David at Jose, ang dalawang listahan ng salinlahi ay tumunton sa dalawang magkaibang linya ng ninuno. Ang hinihinalang paliwanag para sa pagkakaibang ito ay dahil si Mateo ay nagtala ng ninuno ni Jose at si Lucas ay nagtala ng mga ninuno ni Maria.[10]

Ang mga ninuno ni Jose ayon kay Mateo ay isang "royal" na listahan ng salinlahi na tinutunton ang linya sa pamamagitan ni Solomon. Ito ay tumutugma sa tema ni Mateo na si Hesus ang Hari. Ito ang legal na ninuno ni Hesus—na dapat dumating sa pamamagitan ni Jose.

Ang mga ninuno ni Maria ayon kay Lucas ay ang "pisikal" na salinlahi na tinutunton pabalik sa anak ni David na si Nathan. Ang listahan ng salinlahi na ito ay tumutugma sa pagbibigay-diin ni Lucas kay Hesus bilang "Anak ng Tao." Upang ipakita ito, tinutunton ni Lucas ang pisikal ng listahan ng salinlahi ni Hesus sa pamamagitan ni Maria.

Ang salinlahi ni Maria ay naghahayag ng kaugnayan sa dugo ni David. Ang salinlahi ni Jose ay naghahayag ng karapatan sa trono sa pamamagitan ni Solomon.

### Si Jesus ay ang Anak ng Dios (Juan 1:1-18)

Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagsisimula sa isang makadios na talaangkaanan, si Hesus ang Anak ng Dios. "Ang buhay ni Hesus ay hindi nagsimula…sa oras ng kanyang kapanganakan. Dumating siya sa mundo mula sa isang kalagayang naroon na mula pa sa simula upang tuparin ang isang tiyak na misyon."[11]

Sa Lumang Tipan, ang kaluwalhatiang *shekinah* ay nanirahan kasama ng Israel sa tabernakulo. Sa ngayon, ang kaluwalhatian ng Dios ay nananahan kasama natin sa katauhan ni Cristo Hesus.[12] Ang makaDios na kaluwalhatian ng Dios ay nahayag na sa anyong tao.

---

[10] Para sa ibang posibleng paliwanag, bisitahin ang http://www.gotquestions.org/Jesus-genealogy.html
[11] J. Dwight Pentecost, *The Words and Works of Jesus Christ* (Grand Rapids: Zondervan, 1981), p. 28.
[12] Juan 1:14.

Ang Salita ay walang hanggan. "Ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios."[13] Ang Ama at ang Anak ay nabuhay sa walang hanggang kaugnayan.[14] Bakit dumating sa ating mundo si Hesus? Upang ipahayag ang Ama. Wala pang sinumang nakakita sa Ama, maliban kay Hesus, "na nagpakilala sa Kanya sa atin.[15] Kapag nakita natin si Hesus, nakita na rin natin ang Ama.

Sa ngayon maraming tao ang nagpapakita kay Hesus bilang isang mapagmahal na kaibigan at ang Ama bilang isang mabagsik na hukom. Gayunman, ang Juan 1 ay nagpapakita na ang katangian ni Hesus ay kapareho ng katangian ng Ama. Kapag nakita natin si Hesus, nakita na rin natin ang Ama.

## Inihanda ng Dios ang Kanyang Lingkod sa Pamamagitan ng isang Mahimalang Kapanganakan

Isinilang si Hesus sa Bethlehem sa Judea tinatayang mga 5 B.C.[16] Naglakbay si Jose patungo sa Bethlehem bilang pagtugon sa isang sensus ng Romano. Ang layunin ng sensus ay upang panatilihin ang talaan ng buwis para sa mga lalawigang nasa ilalim ng pamamahala ng mga Romano.

Ang karaniwang pamamaraan ng Roma ay ipatala ang tao sa lungsod kung saan sila nakatira at nagtatrabaho. Gayunman, upang panatilihin ang kapayapaan sa isang populasyong Judio na madaling magrebelde, ipinahintulot ng Roma sa mga probinsiyang Judio na sundin ang pamamaraang Judio na pagpapatala sa tahanan ng kanilang pinagmulang lipi. Bunga nito, naglakbay ng 100 kilometro mula Nazareth hanggang Betlehem sina Jose at Maria. Bagaman tanging ang lalaking ulo ng sambahayan ang kailangang magparehistro, isinama ni Jose si Maria sa Betlehem. Marahil ayaw iwan ni Jose si Maria sa mga tsismosang mga kapitbahay sa maliit na pamayanan ng Nazareth.

Sa unang tingin, ang pagpapatala para sa buwis ay ideya ng Roma. Gayunman, inihahanda ng Dios ang daan para sa kanyang lingkod. Kumikilos ang Dios sa pamamagitan ng mga pangyayari sa mundo upang tuparin ang kanyang mga layunin. Sa kanyang kapangyarihan, niloob ng Dios na ang isang paganong emperador ay "piliin" ang pagpapatala ng mga Judio upang tuparin ang mga layunin ng Dios. "Ang puso ng hari ay isang bukal ng tubig sa kamay ng Panginoon; pinaaagos niya ito saan man niya ito naisin."[17] Bilang manggagawa sa kaharian ng Dios, dapat itong magbigay ng pagtitiwala na tinutupad ng Dios ang kanyang mga layunin kahit pa tila nananaig at nagkokontrol ang masasamang tao.

---

[13] Juan 1:1.
[14] Pinabubulaanan ng Juan 1:3 ang inaangkin ng mga Saksi ni Jehovah na si Jeus ay isang nilikha. Naroon si Jesus sa oras ng paglikha. "Ang lahat ng bagay ay nalikha sa pamamagitan niya, at kung wala siya, walang anumang nilikha ang maaaring nalikha."
[15] Juan 1:18.
[16] Hindi nabuo ang Gregorian calendar hanggang taong 1582. Ang kalendaryong ito ay approximate, hindi precise. Namatay si Herod the Great marahil mga 4 B.C. Ayon sa petsang ito, maaaring ipinanganak si Jesus mga 5-6 B.C.
[17] Kaw. 21:1.

Ang pagpapatalang ito para sa buwis ay isa sa maraming halimbawa na nagpapakita kung paano inihanda ng Dios ang mundo para sa kapanganakan ni Hesus. Kumilos ang Dios sa pamamagitan ng kultural background ng Imperyong Griego, ang legal na sistema ng Imperyong Romano, at ang mga prinsipyong panrelihiyon ng pananampalatayang Judio upang ihanda ang ating mundo para sa Mesiyas. Upang pag-aralan ang background na ito, tingnan ang Aralin 1 ng kursong *Pagsasaliksik sa Bagong Tipan* galing sa Shepherds Global Classroom.

**Ang Pagdalaw ng mga Pastol (Lucas 2:8-20)**

Ang unang mga nakatanggap ng pagpapahayag ng kapanganakan ni Hesus ay ang mga pastol sa labas ng Betlehem. Ito ay kahanga-hanga dahil ang mga pastol ay karaniwang tinatanggihan ng mga sinaunang Judio sa unang siglo. Napakababa ng estadong panlipunan ng mga pastol kung kaya't ang kanilang patotoo ay hindi tinatanggap sa korte ng mga Judio. Sa pagbibigay pahalaga sa mga pastol, ipinahihiwatig ni Lucas na, "Kung ang mga pastol ay tinatanggap, sa gayun ang *sinuman* ay tinatanggap sa kaharian ng Dios!" Sinabi ng anghel sa mga pastol, "Ako'y nagdadala ng mabuting balita ng malaking kagalakan na para **sa lahat ng tao**."[18]

Ang ebanghelyo ay hindi limitado sa iisang bansa (Israel) o sa isang tanging kalagayang panlipunan, ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao. Ang temang ito ay nakikita sa kabuuan ng Ebanghelyo ayon kay Lucas. Nagbigay si Lucas ng espesyal na atensiyon sa ministeryo ni Hesus sa mga babae, sa Samaritana, at sa mga itinakwil ng lipunan tulad ni Zaqueo.

**Ang Pagdalaw ng mga Pantas (Mateo 2:1-12)**

Ang Ebanghelyo ni Mateo ay pangunahing nakatuon sa mga tagapakinig na Judio. Habang si Lucas ay nagtuon ng pansin sa mensahe ni Jesus sa lahat ng tao, si Mateo ay nagtuon una sa mensahe ni Hesus tungkol sa kahariang makalangit. Sa halip na sa mga pastol, ipinakita ni Mateo ang pagdalaw ng mga lalaking marurunong, ang mga Pantas. Nangyari ang pagdalaw na ito matapos lumipat ang pamilya ni Jesus sa isang permanenteng tahanan, marahil ilang buwan pagkatapos niyang isilang.[19] Ito ay ayon sa kautusan ni Herodes na patayin ang lahat ng lalaking sanggol na mas bata kaysa dalawang taong gulang.

Ang mga pantas ay mga nag-aaral sa kalawakan at naghihintay ng mga di-pangkaraniwang pangyayari. Sa panahon na ang paglalakbay ay mapanganib, sila ay naglakbay ng malayong distansiya upang saliksikin ang di-karaniwang tanda na nakita nila sa kalawakan.

Unang dumating sa Jerusalem ang mga Pantas, ang lohikal na lugar upang hanapin ang isang haring Judio. Nang makarating kay Herodes ang balita tungkol sa posibleng kaagaw sa trono, siya ay "nagulumihanan, at ang buong Jerusalem kasama niya."[20] Ang talatang

---

[18] Lucas 2:10.
[19] Mat. 2:11
[20] Mat. 2:3.

"buong Jerusalem" ay paunang pahayag sa pagtanggi kay Hesus ng mga tagapangunang pangrelihiyon sa Jerusalem sa sumunod na mga panahon.

Ang pagdalaw ng mga Pantas ang unang pagpapahayag ng Mesiyas sa mga Hentil. Taliwas sa mga nasa Jerusalem na "nagulumihanan" dahil sa mga tanda, ang mga pantas ay tumugon nang may pananampalataya. Dumating si Hesus bilang Hari ng lahat ng bansa, hindi lamang bilang Hari ng mga Judio.

Hindi binanggit ni Mateo kung ilang pantas ang naglakbay upang sumamba kay Hesus. Ang tradisyon ng "tatlong pantas" ay batay sa tatlong regalo na binaggit sa Mateo 2:11. Ang bawat regalo ay kumakatawan sa bawat aspeto ng ministeryo ni Hesus.

- Ang ginto ay regalo para sa isang hari. Gayunman, maghahari si Hesus hindi mula sa isang trono, kundi mula sa Krus.
- Ang insenso ay regalo para sa isang saserdote. Sa mga paghahandog, ginamit ang insenso bilang pabango. Dumating si Hesus bilang saserdote na pinapaging posible sa lahat ng tao na pumasok sa presensiya ng Dios.
- Ang mira ay ginamit sa pagbabalsamo ng patay. Isinilang si Hesus upang mamatay para sa sangkatauhan.

### Iningatan ng Dios ang Kanyang Lingkod

Bago ang pagsilang kay Jesus, nagsalita kay Jose ang isang anghel sa kanyang panaginip upang ihayag ang plano ng Dios. Pagkatapos ng pagdalaw ng mga pantas, binigyang babala ng isang anghel si Jose upang tumakas patungo sa Egipto. Nanatili ang pamilya sa Egipto hanggang sa mamatay si Herodes (marahil mga 4 B.C.)

Sa maraming kaparaanan, si Herod the Great ay isang disenteng tagapanguna. Iginalang niya ang mga Judio, sinusunod niya maging ang mga batas ng Judio sa pagkain dahil sa mataas na pagtingin sa kanyang mga nasasakupan. Sinimulan niya ang pagsasaayos ng templo, na nagpatuloy sa buong buhay ni Hesus. Sa panahon ng taggutom noong 25 B.C., ginamit niya ang sariling pera upang bumili ng pagkain para sa mga nagugutom na tao sa Judea.

Gayunman, lubhang matatakutin si Herodes. Pinatay niya ang isa sa kanyang mga asawa, si Mariamne, at ang ina nito na si Alexandra nang magsuspetsa siya na ang mga ito ay nagsasabwatan laban sa kanya. Ipinapatay niya ang tatlo sa kanyang mga anak na lalaki nang ang mga ito ay dumating sa edad na maaari na silang maging banta sa kanya. Para sa isang lalaking kasing labis na matatakutin ni Herodes, ang pagpatay sa mga sanggol sa Betlehem ay hindi isang kagulat-gulat na bagay. Ang pagpatay sa ilang dosenang mga sanggol para protektahan ang kanyang posisyon ay isa lamang maliit na inconvenience.

Nagpatuloy ang kalupitan ni Herodes hanggang sa kanyang kamatayan. Nang malapit na siyang mamatay, iniutos niyang hulihin lahat ng pangunahing mamamayan ng Jerusalem

at ipinapatay nang siya ay mamatay. Naniwala siya na ito ay upang tiyakin na ang araw ng kanyang kamatayan ay araw ng pagluluksa. (Sa halip, pinawalan ng balo ni Herodes ang mga bihag, na nagtalaga ng araw ng pagdiriwang sa buong Palestina.)

Nang mamatay si Herodes, hinati sa kaniyang tatlong anak na lalaki ang kanyang teritoryo. Binigyan si Antipas ng kontrol sa Galilea at Perea; si Felipe ay binigyan ng awtoridad sa hilagang-silangang bahagi ng Palestina; si Archelaus ay itinalagang tagapanguna sa Judea, Idumea at Samaria. Ang mga sinaunang historyador ay nagsabi na si Archelaus ay nagtataglay ng lahat ng kahinaan ng kanyang ama, ngunit wala siya ng alinman sa mabubuting katangian ng kanyang ama. Kinamuhian siya ng mga Judio at inalis sa kanyang posisyon taong 6 A.D. dahil sa mga reklamo ng mga Judio kay Cesar. Matapos ito, ang Judea ay pinamunuan ng mga Romanong procurators tulad nina Poncio Pilato.

Pagkatapos mamatay ni Herodes, muling nagpakita ang isang anghel sa panaginip ni Jose upang utusan siyang bumalik sa Israel. Gayunman, dahil si Archelus ay kasingmapanganib tulad ni Herod the Great, dinala ni Jose ang kanyang pamilya sa Nazaret sa halip na bumalik sa Betlehem.

► Noong siya ay isang bata, si John Wesley ay mahimalang nailigtas sa isang nasusunog na bahay. Naniwala siya na iningatan siya ng Dios para sa isang espesyal na layunin. Tinutukoy ni Wesley ang kanyang sarili bilang "isang brand mula sa sunog!" Hikayatin ang mga miyembro ng inyong klase upang magbahagi ng kuwento kung paanong sila'y iningatan ng Dios, para sa ministeryo –maging ito'y sa pamamagitan ng mahimalang proteksiyon o sa pamamagitan ng kalooban ng Dios.

## Isang Malapitang Pagtingin: Mateo 2:23

Higit sa alinmang Ebanghelyo, ipinakikita ni Mateo na ang ministeryo ni Jesus ay tumupad sa mga propesiya ng Lumang Tipan. Sumusulat sa mga Judiong mambabasa, ipinahayag ni Mateo na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas:

- Ang kapanganakan ni Hesus sa isang birhen (Mateo 1:22-23) ay tumupad sa Isaias 7:14.
- Ang kapanganakan ni Hesus sa Betlehem (Mat. 2:5-6) ay tumupad sa Mica 5:2.
- Ang pagtakas patungo sa Egipto (Mat. 2:14-15) ay tumupad sa Hosea 11:1.
- Ang pagpatay sa mga sanggol sa Bethlehem (Mat. 2:16-18) ay tumupad sa Jeremiah 31:15.
- Ang pagpasok sa Jerusalem (Mat. 21:1-5) ay tumupad sa Zacarias 9:9.

Isa sa mahihirap na halimbawa ng pagtupad sa propesiya ay matatagpuan sa Mateo 2:23. Isinulat ni Mateo, "At siya ay nagtungo at nanirahan sa lunsod na kung tawagin ay Nazaret, upang kung ano ang ipinahayag ng mga propeta ay matupad, na siya ay tatawaging isang Nazareno."

Ang kahirapan ay dahil walang tala mula sa propesiya ng Lumang Tipan na ang Mesiyas ay "tatawaging Nazareno." Dalawang ideya ang maaaring nasa likod ng talata:

1. Sa panahon ni Hesus, ang Nazaret ay isang pamayanan na walang importansiya (Juan 1:46). Inasahan ng mga Judio na ang Mesiyas ay magmumula sa Judea, hindi mula sa rehiyong pangkalakalan ng Galilea (Juan 7:41, 52). Ang katotohanan na si Hesus ay nagmula sa hamak na lugar tulad ng Nazaret ay tumupad sa mga propesiya tulad ng Isaiah 49:7 at 53:3.
2. Ang Isaias 11:1 ay nagpropesiya na ang Mesiyas ay magiging isang "sanga". Ang Hebreong salita para sa sanga *(netzer)* ay katunog ng salitang "Nazareth." Maaaring nakita ng mga mambabasang Judio ng Mateo ang wordplay na ito.

### Inihanda ng Dios ang Daan Para sa Kanyang Lingkod sa Pamamagitan ng Isang Nauunang Tagapahayag

Pinsan ni Hesus si Juan Bautista. Ang kuwento ni Juan ay nagsisimula nang ang kanyang ama na si Zacarias ay nagsusunog ng insenso para sa kapakanan ng bayan, isa sa pinakamahalagang gawain ng isang pari.[21]

Habang tinutupad ni Zacarias ang kanyang sagradong tungkulin, isang anghel ang nagpakita sa gawing kanan ng altar ng insenso. Sa tradisyong Judio, ito ang lugar kung saan nakatayo ang Dios sa panahon ng paghahandog. Sinabi ng anghel Gabriel kay Zacarias na sinagot na ang kanyang panalangin para sa isang anak na lalaki.

Dahil si Elizabeth ay lampas na sa edad na maaaring magkaanak, nag-alinlangan si Zacarias sa pangako ng anghel. Dahil sa kanyang pag-aalinlangan, siya ay ginawang pipi hanggang sa isilang si Juan. Bilang isang saserdote at mag-aaral ng Kasulatan, alam ni Zacarias ang kuwento nina Hanna at Raquel sa Lumang Tipan at dapat pinaniwalaan niya ang pangako ng Dios na mahimalang buksan ang sinapupunan ni Elizabeth.

Tatlumpung taon pagkalipas, sinimulan ni Juan ang kanyang ministeryo. Sa halip na maglingkod bilang pari sa Jerusalem, nagministeryo si Juan bilang isang propeta sa ilang ng Judea. Isinugo si Juan bilang nauunang lingkod para sa Mesiyas. Sa pangangaral ni Juan, itinatanong ng mga tao, "Si Juan ba ang ipinangakong Mesiyas?" Tumugon siya, "Siya na nakahihigit kaysa sa akin ay darating, na ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng kanyang sandalyas."[22] Isa sa pinakamababang tungkulin ng isang alipin ay pangalagaan ang sandalyas ng kanyang panginoon, subali't sinabi ni Juan, "Ang darating na lubos na mas mataas kaysa sa akin kaya't hindi ako karapat-dapat kahit sa mababang tungkuling ito." Nagbigay si Juan ng isang modelo ng paglilingkod na may kababaang-loob.

Sa buong Kasulatan, gumamit ang Dios ng mga tao upang ihanda ang daan para sa iba. Tingnan ang halimbawa nina Bernabe at Pablo. Nang inuusig ni Saulo ang mga

---

[21] Lucas 1:9.
[22] Lucas 3:16

mananampalataya, si Bernabe ay isa nang iginagalang na tagapanguna sa iglesya. Sinuportahan ni Bernabe si Pablo sa panahong kaunting Kristiyano lamang ang maaaring magtiwala sa taong ito na umuusig sa iglesya.

Nang simulan nila ang unang paglalakbay pangmisyon sa Mga Gawa, tinukoy ang samahan bilang "Si Bernabe at si Saulo."[23] Makalipas iyon, nakilala sila bilang "Si Pablo at si Bernabe."[24] Si Bernabe ang "nauunang tagapahayag". Subali't sumasang-ayon siya na si Pablo ang maging tagapanguna.

Kung minsan ang iyong bahagi ay maaaring katulad ni Juan Bautista o ni Bernabe, naghahanda ng daan para sa iba. Nakahanda siyang maging "nauunang tagapahayag," sa halip na ang "pangunahing tauhan." Saan man pinili ng Dios na gamitin ka, ibigay mo ang iyong pinakamabuti. Kapag inilagay ka ng Dios sa isang pangsuportang tungkulin, huwag mong tanggihan ang ministeryo. Mapagtitiwalaan mo ang Dios upang magamit ka sa pinakaepektibong paraan.

Nakita natin ang kababaang-loob ni Juan Bautista nang ituro niya ang kanyang mga tagasunod kay Hesus.[25] Ang layunin ng isang tagapagturo ay ang magkaroon ng mga tagasunod na susunod at rerespeto sa kanilang guro. Sa halip, itinuro ni Juan sa kaniyang mga tagasunod ang isang mas dakilang guro. Nauunawaam niya na ang kanyang tungkulin ay ituro ang isang mas dakila kaysa sa kanyang sarili. Pinagmasdan lamang ni Juan nang iwan siya ng kanyang mga tagasunod upang sumunod kay Hesus. Ang kanyang layunin ay ang kaharian ng Dios, hindi ang kanyang sariling kaluwalhatian. Bilang mga tagapangunang Kristiyano, hindi natin kailanman dapat kalimutan na ang ating layunin ay ituro sa mga tao si Hesus, hindi upang kamtin ang tagumpay para sa ating sarili.

### Mas Malapit na Pagtingin: Ano Ang Ibig Sabihin ng Pagsisisi?

► Basahin ang Mateo 3:1-6.

Ipinangaral ni Juan ang mensahe ng pagsisisi. Sa ngayon, may mga nagsasabi na ang pagsisisi ay nangangahulugan lamang ng pagbabago ng iyong isip. Maraming nagpapahayag na sila ay Kristiyano ang nagpapakita ng ilan lamang tanda ng isang nabagong buhay.

Gayunman, ang salitang "pagsisisi" ay nangangahulugan ng mas higit pa sa pasyang pangkaisipan lamang. Ginamit ng mga sumulat sa Bagong Tipan ang salitang "pagsisisi" sa parehong paraan ng mga propetang Hebreo. Nangangahulugan ito ng lubos na "pagbabago ng buhay." Sa Bagong Tipan, ang pagsisisi ay nangangahulugang:

- Baguhin ang iyong pag-iisip at paniniwala *at*

[23] Mga Gawa 13:2.
[24] Mga Gawa 13:43 at mga sumusunod.
[25] Juan 1:35-37.

- Baguhin ang iyong mga pagkilos at paraan ng pamumuhay

Kamakailan lamang nabasa ko ang tungkol sa isang pop singer sa America na kilala sa kanyang makasalanang istilo ng pamumuhay. Sinabi ng mang-aawit na ito, "Naging Kristiyano ako at napuspos ng Espiritu. Nagpatuloy akong mamuhay tulad ng dati, subali't ngayon ay isa na akong Kristiyano. Kapag ako'y namatay, pupunta ako sa Langit." Ang "pagsisisi" ng lalaking ito ay walang kasamang anumang pagbabago sa kanyang paraan ng pamumuhay. Hindi ito totoong pagsisisi.

Itinuro ni Juan na ang pagsisisi ay bumabago sa paraan ng pamumuhay. Sinabi ni Juan na kailangang ang mga nagnanais na magpabautismo ay "mamunga" nang ayon sa kanilang pagsisisi."[26] Sa ibang salita, itinanong niya na "Ano ang mga patunay na nabago na ang iyong buhay?" Hindi dapat maging isang walang kahulugang ritwal ang bautismo: "Sumasampalataya ako, kaya't bautismuhan mo na ako." Ang bautismo ay dapat isang testimonya sa tunay na pagsisisi at ng isang buhay na nagbago.

## Ihinahanda ng Dios ang Kanyang Lingkod sa Pamamagitan ng Pagsubo

Ang tagumpay ni Hesus sa pagsubok ay nagbibigay sa atin ng isang halimbawa kapag tayo'y nahaharap sa tukso. "Dinala si Hesus ng Espiritu sa ilang upang tuksuhin ng diyablo."[27] Dumating ang pagsubok bago magsimula si Hesus ng kanyang ministeryong pampubliko. Bago siya nangaral sa iba, ipinakita ni Hesus ang kanyang lubos na pagsunod sa kalooban ng Ama.

Inilagay ni Mateo ang pagtukso agad agad pagkatapos ng pagbabautismo kay Hesus. Ang ating pinakamalaking pagkatukso ay kadalasang kasunod ng espirituwal na tagumpay. Dagli pagkatapos ng tagumpay ni Elias sa Bundok ng Carmelo, makikita natin siya na tinukso upang mawalan ng pag-asa at mag-alinlangan habang tumatakas para sa kanyang buhay.[28]

Inilagay ni Lucas ang kuwento ng pagtukso matapos tuntunin ang ninuno ni Hesus kay Adan. Ipinakikita ni Lucas na kung saan nabigo si Adan, si Hesus na Anak ng Tao ay nagtagumpay.[29] Tinukoy ni Jesus ang kanyang sarili sa pagiging tao at binigyang halimbawa kung paaanong ang ordinaryong Kristiyano ay magkakaroon ng tagumpay laban sa kasalanan.

---

[26] Lucas 3:8.
[27] Mateo. 4:1.
[28] 1 Mga Hari 18-19.
[29] Lucas 3:38.

**Ang Mga Pagtukso**

***Ang Pagtukso na Gawing Tinapay ang mga Bato***

Tinukso ni Satanas si Hesus upang gamitin nito ang kanyang kapangyarihan upang gawing tinapay ang bato. Ito ay pagkatukso upang maging **indepediente**. Tinukso ni Satanas si Hesus upang gamitin nito ang kanyang kapangyarihan para sa sariling kapakinabangan sa halip na umasa sa Ama. Isinuko ni Hesus sa Ama ang kanyang "karapatan" sa pagkain.

Sa harap ng ipinagbabawal na bunga, ang unang Adan ay sumuway sa Dios. Sa harap ng ipinagbabawal na tinapay, naging matapat ang ikalawang Adan.

> "Pinapalakpakan natin ang mga nagsasabi na, 'Patutunayan ko ang aking lakas sa pamamagitan ng asserting ang aking mga karapatan.' Subalit ang perpektong Tao ay nagpakita na ang tunay na lakas ay ang pagsusuko ang kalooban ng tao sa kalooban ng Dios."
>
> - Mula kay G. Campbell Morgan

***Ang Pagtukso na Tumalon Mula sa Tuktok n g Templo***

Tinukso ni Satanas si Hesus upang tumalon mula sa tuktok ng templo (91 metrong mas mataas sa Lambak ng Kidron). Makakamangha ito sa mga tao habang sinusubok ang pangako ng pag-iingat ng Ama.

Binanggit ni Satanas ang pangako sa Awit 91:11-12 upang tuksuhin si Hesus na subukin ang mga pangako ng kanyang Ama. Sa pagsubok na ito, gagawin ni Hesus na *kanyang* alipin ang Ama—nasa ilalim ng *kanyang* mga kahilingan at mga inaasahan. Ito ay pagtukso sa **pagpapalagay**.

Tumanggi si Hesus na gamitin ang pangako ng Awit 91 sa isang sitwasyon na hindi naman siyang pinatutungkulan ng pangako. Bilang tugon kay Satanas, binanggit niya ang Deuteronomio 6:16, "Huwag mong subukin ang Panginoon mong Dios." Bilang mga anak ng Dios, hindi natin maaaring ilagay sa pagsubok ang ating Ama sa Langit.

**Mas Malapit na Pagtingin: Pananampalataya o Pag-aakala?**

May ilang Kristiyano na nagsasabi, "Ang bawat pangako sa Aklat ay sa akin." Bagaman ang bawat pangako sa Kasulatan ay totoo, dapat nating laging itanong, "Ang pangako bang *ito* ay naaangkop sa sitwasyong *ito*?" Nalalaman ni Jesus na ang pangako sa Awit 91 ay hindi ang kalooban ng Dios sa sitwasyon na kinakaharap niya sa ilang. Paano tayo makatitiyak na ating inaangkin ang pangako ng Dios sa tunay na pananampalataya sa halip na sa maling pag-aakala?

**(1) Dapat alam natin ang Salita ng Dios.**

Mas nalalaman ko ang konteksto ng isang pangako sa Biblia at ang mga kundisyon na nakaugnay dito, mas mabuti kong masusukat ang paglalapat nito sa aking sitwasyon.

May mga pangakong ibinigay sa tiyak na mga tao sa partikular na mga pagkakataon. Sa Lumang Tipan, nangako ang Dios ng pisikal na mga pagpapala kapag ang Israel ay naging matapat sa tipan. Ang kanilang lupain ay magbubunga ng sagana, ang kanilang mga imbakan ay mapupuno, at sila ay magtatagumpay sa mga digmaan. Ang mga pangako sa Bagong Tipan ay mas madalas na espirituwal sa katangian. May mga taong nabibigo kapag nalalaman ito, subali't tayo'y dapat magdiwang. Pansamantala lamang ang halaga ng mga materyal na kasaganaan; ang espirituwal na kasaganaan ay may pangwalanghanggang halaga. Kinukuha ng presumption ang mga pangako ng Dios nang labas sa kanilang kontekstong Biblikal at inilalapat ang mga ito sa aking personal na mga naisin; ang pananampalataya ay nagtitiwala sa Dios upang tuparin Niya ang kanyang mga pangako sa kanyang sariling paraan.

**(2) Dapat nating malaman ang pagkakaiba ng tiyak (specific) at pangkalahatang (general) mga pangako.**

Kapag nakabasa tayo ng pangkalahatang pangako, dapat nating tanungin kung ibinibigay ng Dios ang pangako para sa ating specific na sitwasyon. May mga pangako na pangkalahatan, hindi universal.

Ang Awit 103:3 ay nagpupuri sa Dios na "nagpapagaling sa lahat ng iyong mga karamdaman." May mga Kristiyano na inangkin ito bilang isang universal na pangako na ang Dios ay magpapagaling sa bawat karamdaman ng bawat sumasampalatayang Kristiyano. Gayunman, ipinapakita ng Kasulatan na hindi lahat ng pisikal na karamdaman ay gumagaling. Nanalangin si Pablo na siya ay pagalingin, at sinabi ng Dios, "Hindi"[30] Kung minsan pinipili ng Dios na pagalingin ang kanyang mga anak sa isang karamdaman; kung minsan pinipili niyang bigyan sila ng biyaya upang tiisin ang paghihirap.

Dapat tayong tumugon katulad ng tatlong kabataang Hebreo. Nang pagbantaan sila ni Haring Nebucodonosor na itatapon sa pugon, sinabi nila, "Ang aming Dios na pinaglilingkuran ay kaya kaming iligtas sa naglalagablab na pugon, at ililigtas niya kami mula sa iyong mga kamay, O aming Hari. **Subali't kung hindi man**, dapat ninyong malaman, aming Hari, na hindi kami maglilingkod sa inyong dios o sambahin ang gintuang imahen na inyong inilagay."[31] Alam nila na may kapangyarihan ang Dios na iligtas sila; subali't kung pipiliin ng Dios ang ibang paraan, sila'y nagtalaga ng sarili na matapat pa ring maglilingkod sa Dios.

*Maililigtas* ng Dios ang kanyang mga anak, subali't hindi laging iyon ang pinipili niyang daan. Hangga't hindi ipinapakita ng Dios na ang isang Biblikal na pangako ay tiyakang para sa iyo, pagtiwalaan ang Dios na gagawin niya ang anumang pinipili niya. Ibinigay ni Apostol Juan ang pangakong ito: "At ito ang katiyakang taglay natin patungkol sa kanya, na kung hihiling tayo ng anumang bagay ayon sa kanyang kalooban, pakikinggan niya tayo. At kung

---

[30] 2 Cor. 12:7.
[31] Dan. 3:17-18.

alam natin na naririnig niya tayo sa anumang hinihiling natin, alam natin na tatanggapin natin ang kahilingang hinihingi natin sa kanya."[32]

Ang pag-aakala ay umaasa na ang bawat Biblikal na pangako ay mailalapat sa aking specific na kalagayan. Sinasabi ng pananampalataya, "Hihingi ako 'ayon sa kanyang kalooban" Matutukso akong mag-akala kung aangkinin ko ang bawat pangako bilang pansariling pangako. Sa halip, dapat kong itanong kung ang pangako ay inilaan para sa aking sitwasyon.

**(3) Dapat tayong manalangin "sa pangalan ni Hesus."**

Ipinangako ni Hesus, "Anuman ang hilingin ninyo sa aking pangalan, ito ay aking gagawin, upang ang Ama ay maparangalan sa Anak."[33] Ang pananalangin "Sa pangalan ni Hesus" ay nangangahulugan na panalangin nang tuloy-tuloy ayon sa kanyang kalooban at katangian. Nangangahulugan ito na manalangin upang ang Ama ay maparangalan." Hinahanap ng presumption ang aking sariling kalooban; hinahanap ng pananampalataya ang kaluwalhatian ng Dios.

Ang pananalangin "upang maparangalan ang Ama" ay nangangahulugang nagpapasakop tayo sa lubusang layunin ng Dios sa ating buhay. Nangako ang Dios sa Israel, "Dahil alam ko ang mga layunin ko para sa iyo, pahayag ng Dios, plano para sa iyong ikabubuti at hindi sa ikasasama, upang bigyan ka ng hinaharap at pag-asa."[34] Dapat nating tandaan na ang pangakong ito ay ibinigay sa Israel habang hinaharap nito ang pitumpong taon ng pagkaalipin sa Babilonia. Kahit ang pagkaalipin sa Babilonia ay tutupad ng mabuting bagay para sa bayan ng Dios; sa kanilang pagdurusa, tumatawag ang Israel sa Dios at pinakikinggan Niya sila.

Maaangkin ba natin ang pangakong ito sa atin ngayon? Oo! Ang katangian ng Dios ay hindi nagbabago, nagdudulot siya ng kabutihan sa kanyang mga anak. Hindi lahat ng nangyayari ay magiging mabuti, subali't makakapanalangin tayo nang may pagtitiwala "sa pangalan ni Hesus", dahil alam natin na tinutupad ng Dios ang kanyang layunin sa lahat ng bagay na nangyayari sa ating buhay.

## Ihinahanda ng Dios ang Kanyang Lingkod sa Pamamagitan ng Pagsubo (Patuloy)

### *Ang Iniaalok ng mga Kaharian ng Mundo*

Ang huling pagtukso ni Satanas ay naghahandog ng **kompromiso**, isang paraan upang matupad ang paghahari ni Hesus sa hinaharap nang hindi kinakailangan ang krus. Kung yuyukod si Hesus kay Satanas, maaari niyang lagpasan ang paghihirap sa krus. Tumugon

[32] 1 Juan 5:14-15.
[33] Juan 14:13.
[34] Jer. 29:11.

si Hesus gamit ang Deuteronomio 6:13, "Dapat mong sambahin ang Panginoon mong Dios at Siya lamang ang dapat mong paglingkuran."

### Ang Tagumpay ni Jesus Laban sa Pagtukso

Upang makinabang mula sa halimbawa ni Hesus laban sa pagtukso, dapat nating tandaan na si Hesus ay lubusang tao. Siya ay tinukso "sa lahat ng paraan… tulad natin, gayunma'y hindi nagkasala."

► Basahin ang 1 Cor. 10:13 at Heb. 4:15. Ano ang itinuturo nila tungkol sa pagtukso?

Sa 1 Juan 2:16, tinukoy ng alagad ang tatlong pamamaraan sa pagtukso, "pagnanasa ng laman, at ang mga naisin ng mata at pagmamataas sa buhay." Si Hesus ay tinukso sa bawat isa sa mga pamamaraang ito.

- Tinukso ni Satanas ang mga pagnanasa ng laman nang nagugutom si Hesus para sa tinapay.
- Tinukso ni Satanas ang mga pagnanasa ng mata nang ipakita kay Hesus ang mga kaharian sa mundo.
- Tinukso ni Satanas ang pagmamataas sa buhay sa pamamagitan ng pagtukso kay Hesus sa isang damatikong gawain na maging kahanga-hanga sa mga manunuod.

Ang tagumpay ni Hesus sa pagtukso ay hindi niya nagawa sa pamamagitan ng paggamit ng makaDios na kapangyarihan. Si Hesus ay lubusang tao at tinalo niya ang tukso sa kanyang pagiging tao. Ang kanyang tagumpay ay magbibigay sa atin ng isang halimbawa na magagamit sa panahon ng pagsubok. Pansinin ang tatlong bagay na ginamit ni Hesus upang mapagtagumpayan ang tukso.

#### *Ang Kapangyarihan ng Espiritu*

Lumakad si Hesus sa gabay ng Banal na Espiritu. Ginawa niya ang iniatas sa kanya ng Banal na Espiritu. "Si Hesus na puspos ng Banal na Espiritu, ay bumalik sa Jordan at dinala ng Espiritu sa ilang."[35]

Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, kumilos si Hesus sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Pinaalis niya ang mga demonyo sa kapangyarihan ng Espiritu.[36] Nilukuban ng Dios si Hesus ng Nazaret ng Banal na Espiritu at kapangyarihan. Nagpatuloy siya sa paggawa ng mabuti at pagpapagaling sa lahat ng inaalihan ng demonyo, dahil ang Dios ay sumasakanya."[37]

---

[35] Lucas 4:1.
[36] Mat. 12:28.
[37] Mga Gawa 10:38.

Tinupad ni Hesus ang kanyang ministeryo sa lupa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kung nais mong maging malakas sa harap ng pagtukso, dapat tayong mamuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

### *Ang Kapangyarihan ng Panalangin*

Tinukso si Hesus matapos ang apatnapung araw ng pag-aayuno at pananalangin. Ang pananalangin ang naghanda sa kanya sa espirituwal na laban. Sa isang aralin sa hinaharap, makikita natin ang pagiging sentro ng panalangin sa buhay at ministeryo ni Hesus. Kung si Hesus ay nanangan sa panalangin, paano pa kaya tayo makaaasa na magtagumpay sa mga espirituwal na labanan kung walang panalangin?

Madalas inaatake tayo ni Satanas matapos na tayo'y maging pabaya sa ating buhay pananalangin. Nalalaman niyang magiging mahina tayo sa harap ng pagtukso/pagsubok kung hindi natin pinananatili ang ating matibay na buhay pananalangin.

### *Ang Kapangyarihan ng Salita*

Tumugon si Hesus sa bawat pagtukso gamit ang mga salita ng Kasulatan. Paano niya nalaman ang mga Kasulatan? Isinasaulo ng mga batang Judio ang *Torah* bilang bahagi ng kanilang pag-aaral. Nang tuksuhin si Hesus, ang mga salita sa Kasulatan ay madaling naalala ni Hesus.

Bilang mga Kristiyano, dapat nating itanim sa ating mga puso ang Salita ng Dios. Sa panahon ng pagsubok, bibigyan tayo ng Kasulatan ng lakas upang harapin ang tukso.

Sa pagharap sa tukso, ginamit lamang ni Jesus ang mga kasangkapang mayroon din tayo. Dapat nating harapin ang tukso tulad ng ginawa ni Jesus, sa kalakasang mula sa Espiritu, ang kapangyarihan ng panalangin at ang kapangyarihan ng Salita. Kung wala ang mga sandatang iyon, tayo ay magagapi ng mga atake ni Satanas.

## Mas Malapit na Pagtingin: Ang Pagkakatawang Tao

Ang mga sinaunang Kristiyano sa pangkalahatan ay nagkakaisa na si Hesus ay Dios. Bagaman ang mga heretic tulad ni Arius ay itinanggi ang pagiging Dios ni Jesus, itinuro ng mga Orthodox na Kristiyano na si Jesus ay Dios.

Itinuro rin ng mga Orthodox na Kristiyano na si Jesus ay lubusang tao. Madalas tanggihan ng mga erehe (heretics) ang doktrinang ito. Kahit sa kasalukuyan, hindi tinatanggap nang seryoso ng maraming ebangheliko ang pagiging tao ni Hesus. Maraming Kristiyano ang tumatanggap na si Hesus ay lubusang Dios, subali't ang kanyang pagiging tao ay hindi totoo. Iniisip nila na siya'y "humiram" lamang ng isang katawan ng tao, at siya'y hindi lubusang tao.

May mga paglalarawang sermon na tumutulong sa maling ideyang ito. May mga tagapangaral na nagkuwento tungkol sa isang hari na nagkunwaring isang magsasaka

upang maglakbay. Gayunman, si Hesus ay hindi Dios na *nagkukunwaring* isang tao. Siya ay naging isa sa atin.

Ang doktrina ng si Hesus ay tao ay mahalaga para sa ating karanasan bilang Kristiyano. Kung si Hesus ay hindi lubusang tao, ang kanyang buhay ay hindi isang makatotohanang modelo para sa atin. Sinabi ng isang teologo: "Kung si Hesus ay hindi tunay na katulad natin, sa gayun tayo ay may dahilan na hindi maging katulad niya."[38]

Maraming naniniwala na dapat tayong palagiang mahulog sa sinasadyang kasalanan. Ipinakita ni Hesus, sa kanyang pagiging tao, na ang mga karaniwang Kristiyano ay maaaring manatiling matagumpay laban sa kasalanan sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Kung si Hesus ay naging bahagi ng ating wasak na katauhan, kung naranasan niya ang ating pangangailangan para sa kapangyarihan ng Espiritu at kung siya ay tinukso katulad din natin, sagayun ang kanyang tagumpay sa pagtukso ay nagpapakita sa atin kung paano tayo magtatagumpay sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, maaari tayong magkaroon ng matagumpay na buhay.

► Alin ang mas mahirap para sa iyo na unawain, ang doktrina ng pagiging Dios ni Hesus o ang doktrina ng kanyang pagiging tao? Talakayin kung paanong ang bawat isa sa mga doktrinang ito ay mahalaga sa atin sa ating buhay Kristiyano at ministeryo.

## Konklusyon: Inihahanda ng Dios ang Kanyang Mga Lingkod

Sa araling ito, nakita natin kung paano inihahanda ng Dios ang landas para sa ministeryo ni Hesus. Sa pamamagitan ng kanyang mga ninuno, sa pamamagitan ng Imperyong Romano, sa pamamagitan ng mahimalang kapanganakan, sa pamamagitan ng ministeryo ni Juan Bautista, at maging sa pamamagitan ng pagtukso, inihanda ng Dios ang daan para kay Hesus.

Paulit-ulit nating nakikita ang katotohanang ito sa kabuuan ng Biblia. Tingnan ang halimbawa ni Pablo. Lumaki sa Pablo sa lunsod ng Tarsis sa Roma. Mula sa pagkabata, mayroon siyang mga kaibigang Hentil. Di tulad ng karaniwang mga Hudio, si Pablo ay komportable kasama ng mga Hentil.

Mamamayang Romano ang ama ni Pablo, kaya't taglay ni Pablo ang pinahahalagahang karapatan ng pagiging mamamayang Romano. Hudio ang kanyang ina, kaya't natanggap ni Pablo ang maagang pagsasanay sa Kasulatang Lumang Tipan. Matalino siya at nag-aral ng teologia ng Hebreo sa ilalim ng dakilang guro na si Gamaliel. Dahil sa kanyang Romanong pinagmulan, nag-aral siya ng Griego at ng mga katuruan ng mga Griegong pilosopo.

Dahil sa kanyang pinagmulan, hindi nakakagulat na tinawag ng Dios si Pablo upang maging misyonero para sa mga Hentil. Mula sa pagkapanganak, inihanda ng Dios si Pablo upang

---

[38] Cherith Fee Nordling, "Open Question" in *Christianity Today,* April 2015, 26-27.

maging unang Apostol para sa mga Hentil. Isipin ninyo ang paghahanda ng Dios para sa kaniyang ministeryo:

- Dahil sa pagiging mamamayang Romano malayang nakapaglakbay si Pablo.
- Ang pagsasanay na Hebreo at Griego ni Pablo ay nagbigay sa kanya ng mga paraan at kakayahan upang makasulat ng pinakaprofound na aklat ng Bagong Tipan.
- Ang pag-aaral ni Pablo ng Griegong pilosopiya ay nagbibigay kakayahan sa kanya upang magsalita sa mga Griegong pilosopo sa mga lugar na tulad ng Athens.

Marahil tutugon ka, "Hindi ako binigyan ng Dios na mataas na pinag-aralan tulad ni Pablo. Wala akong dakilang pamilyang pinagmulan." Ayus lang iyan! Tingnan ang isa pang tagapanguna sa iglesya sa unang siglo.

Si Simon ay lumaki bilang mangingisdang mangangalakal. Hindi siya nagtataglay ng edukasyon at katalinuhang tulad ni Pablo. Sa katotohanan, may pagkakataon na sinabi ni Pedro na si Pablo ay sumulat ng mga bagay na "mahirap intindihin."[39] Subali't ginamit ng Dios si Pedro sa makapangayarihang paraan. Ang mga taong masyadong "nalulunod" sa malalalim na pananalita ni Pablo ay nakakaunawa sa mga simpleng sermon ni Pedro.

Inihanda ka ng Dios para sa iyong bahagi sa paglilingkod. Kung isusuko mo ang iyong pagsasanay, ang iyong pinagmulan, at lahat ng ipinagkaloob ng Dios sa iyo, gagamitin ka niya upang tuparin aang kanyang layunin. Inihahanda ng Dios ang sinumang kanyang tinatawag para sa ministeryo kung saan niya sila tinatawag.

---

[39] 2 Pedro 3:15-16.

**Mga Takdang-Aralin ng Aralin**

(1) Sa araling ito, nakita natin ang halimbawa ni Hesus na tagumpay laban sa tukso. Maglista ng tatlong Biblikal na halimbawa ng mga tao na nanatiling matagumpay sa tukso. Pansinin ang isang bagay na nagpalakas sa kanila sa harap ng pagtukso.

| Halimbawa ng Tagumpay Laban sa Pagtukso | Kasulatan | Ano ang Nagbigay ng Tagumpay? |
|---|---|---|
| Si Jose at ang Asawa ni Potifar | Gen. 39 | Pokus sa Dios (Gen. 39:9) |
| | | |
| | | |
| | | |

Maglista ng tatlong halimbawa mula sa Biblia ng mga taong nahulog sa tukso. Sa bawat kaso, tukuyin ang isang bagay na naging dahilan sa kanilang pagkahulog.

| Halimbawa ng Pagbagsak | Kasulatan | Ano ang Naging Dahilan ng Pagkatalo? |
|---|---|---|
| Si Pedro sa Paglilitis kay Hesus | Lucas 22:54-62 | Sobrang pagtitiwala sa sarili (Lucas 22:31-34) |
| | | |
| | | |
| | | |

(2) Batay sa mga halimbawang iyong inilista, maghanda ng sermon o Bible study tungkol sa pagtukso. Ilakip/isama ang halimbawa ni Hesus gayundin ang mga halimbawa na inilista ninyo sa inyong tsart.

# Aralin 2
# Pananalangin Tulad ni Hesus

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin ang kahalagahan ng panalangin sa buhay at ministeryo ni Hesus.

(2) Matutuhan ang mga prinsipyo ng pananalangin mula sa pagtuturo ni Hesus.

(3) Maunawaan ang kahalagahan ng pananalangin sa ating ministeryo ngayon.

(4) Makagawa ng sariling praktikal na mga hakbang patutungo sa pagiging isang taong mapanalanginin.

## Prinsipyo Para sa Ministeryo

Kung nais nating magministeryo tulad ni Hesus, Dapat tayong manalangin tulad ni Hesus.

## Pasimula

Sa isang mensahe tungkol sa panalangin, sinabi ni Propesor Howard Hendricks na:

"Hindi mahalaga kay Satanas kung binabasa mo ang Biblia, *basta huwag ka lang mananalangin*, dahil hindi nababago ng Kasulatan ang iyong buhay. Maaari ka pa nga nitong bigyan ng matinding kaso ng espirituwal na pagmamataas, dahil alam na alam mo iyan.

"Hindi mahalaga kay Satanas kung ibinabahagi mo sa iba ang iyong pananampalataya, *basta hindi ka makakapanalangin*, dahil alam niya na mas mahalaga na makipag-usap sa Dios tungkol sa mga tao kaysa makipag-usap sa tao tungkol sa Dios.

"Hindi mahalaga kay Satanas kung ikaw ay makisama sa ministeryo ng isang lokal na iglesya, *nang sa gayun hindi ka makapanalangin*, dahil maaari kang maging aktibo subali't hindi gayun karami ang iyong natutupad."[40]

Pangunahin sa ministeryo sa mundo ni Hesus ang pananalangin. Walang nakahihigit sa pagiging pangunahin kaysa sa pananalangin. Ang ministeryo ni Hesus ay nakatatag sa kanyang relasyon sa kanyang Ama sa langit. Ang relasyong iyon ay pinanatili sa pamamagitan ng pananalangin at malapit na pakikisama sa Dios.

---

[40] Hinango sa "Prayer – the Christian's Secret Weapon." ni Howard G. Hendricks, Reprinted in *Veritas*, January 2004.

► Bago pag-aralan ang araling ito, alamin ang tungkulin ng panalangin sa iyong buhay at ministeryo. Itanong:

- Tuloy-tuloy ba ang aking buhay pananalangin?
- Kailan ang huling pagkakataon na nakita ko ang tiyakang sagot sa panalangin?
- Ano ang pinakamalalaking hamon sa aking buhay pananalangin?
- Lumalago ba ako sa aking buhay pananalangin?

> "Ang pananalangin ang gymnasium ng kaluluwa."
> - Samuel Zwemer,
>
> "Apostol sa Islam"

## Halimbawa ng Pananalangin ni Hesus

Sa buong ministeryo ni Hesus, nakikita natin siyang nananalangin sa mga mahahalagang pagkakataon. Nagtala ang mga Ebanghelyo ng 15 tiyakang pagkakataon na si Jesus ay nanalangin. Hindi kailanmang naging pangalawa ang panalangin; pangunahin ang panalangin sa kanyang buhay.

Higit sa sinumang ibang manunulat, binigyang pansin ni Lucas ang pananalangin sa ministeryo ni Hesus. Tanging si Lucas ang nagsabi sa atin na nanalangin si Hesus buong magdamag bago pinili ang labindalawang disipulo.[41] Tanging si Lucas ang nagsabi na ang pagbabagong-anyo ay naganap nang isama ni Hesus sina Pedro, Santiago at Juan sa bundok upang manalangin.[42] Ang pagbibigay-diin ay nagpatuloy sa Mga Gawa sa pagsusulat ni Lucas ng tatlumpu't limang beses tungkol sa tungkulin ng pananalangin sa sinaunang iglesya.

### Pananalangin sa Pang-araw-araw na Ministeryo ni Hesus

► Basahin ang Marcos 1:32-39.

Ang kuwentong ito mula sa umpisa ng ministeryo ni Jesus ay nagpapakita kung paano nagkakaugnay ang pananalangin at ang paglilingkod. Pansinin ang sunod-sunod na pangyayari sa kuwentong ito. Nang sinundang gabi, nagtipon-tipon ang mga tao sa labas ng bahay na tinutuluyan ni Jesus, at pinagaling niya ang marami sa kanila.

Pagkaumaga, nagtungo si Jesus sa "labas, sa isang kubling lugar" upang manalangin. Hinanap siya ni Simon Pedro dahil "Hinahanap kayo ng lahat." Tumugon si Jesus, "Tumuloy tayo sa kabilang bayan, upang makapangaral din ako doon, dahil ito ang dahilan kung bakit ako lumabas." Ang pattern ng ministeryo ni Jesus ay *panalangin na sinasamahan ng paglilingkod*.

Ito dapat ang huwaran para sa ministeryo. Kung walang panalangin, ang ating paglilingkod ay nagiging kapaguran sa espirituwal. Kung walang serbisyo, ang ating buhay panalangin ay nasesentro sa sarili; hindi tayo sumusubok upang maglingkod sa mga pangangailangan

---

[41] Lucas 6:12.
[42] Lucas 9:28.

ng mga nasa paligid natin. Ipinakita ni Hesus na ang panalangin at paglilingkod ay dapat magkaugnay.

**Pananalangin sa Pananahon ng Pagpapasya**

► Basahin ang Lucas 6:12-16.

Isa sa pinakamahalagang pagpapasya sa ministeryo ni Hesus ay ang pagpili sa labindalawang apostol. Mula sa libong nakinig sa kanyang pangangaral, marami sa kanila ang maaari nang tawaging "tagasunod".[43] Pitumpu't dalawa ang halos pwede nang maging kinatawan ni Hesus sa paglalakbay sa pangangaral.[44] Subali't labindalawang lalaki lamang ang pinili ni Hesus upang maging kanyang mga "alagad/apostol".

Nag-ukol ng maraming oras ang labindalawa kasama ni Hesus. Kasama niya sila sa katapusan ng kanyang ministeryo sa lupa. Pagkatapos niyang umakyat sa langit, labing-isa sa mga apostol ang naging tagapanguna sa unang iglesya.

Ang pagpili sa Labindalawa ay isang napakahalagang pasya. Hindi sumulat ng anumang libro si Hesus o nagtatag ng anumang paaralan. Ang kanyang pamana ay tinaglay ng mga lalaking ito.

Ano ang ginawa ni Hesus bago piliin ang Labindalawa? Nanalangin siya. Dahil nakaharap sa isang napakahalagang pasya, iniukol ni Hesus ang magdamag sa pananalangin. Kung ang Anak ng Dios ay nanalangin nang mataimtim bago ang isang mahalagang pasya, mas lalong dapat magkaroon ng pangunahing parte sa ating mga pagpapasya ang pananalangin!

**Pananalangin sa Harap ng mga Pagsubok/Paghihirap**

► Basahin ang Mateo 26:36-46.

Ilang oras bago ang pagdakip kay Hesus, nagtungo siya sa Getsemane upang manalangin. Naghanda siya para sa paghihirap sa pamamagitan ng pananalangin. Kailanman hindi ginamit ni Hesus ang kanyang pagiging Dios upang takasan ang mga paghihirap ng kanyang pagiging tao. Sa halip, nagtiwala siya sa pananalangin para sa kalakasan upang harapin ang paghihirap.

Ang panalangin ni Hesus sa hardin ay isang modelo para sa atin sa ngayon. Hindi artipisyal ang kanyang panalangin; hinarap ni Hesus ang katotohanan ng paghihirap. Nakakalakas ba ng iyong loob na malaman na si Hesus ay tumugon sa paghihirap/sakit sa paraan bilang isang tao? Sa pagharap sa sakit, nanalangin si Hesus para sa kaginhawahan:

"Hindi niya ipinanalangin sa hardin na, 'O Panginoon, nagpapasalamat ako na pinili ninyo ako upang maghirap para sa iyong kapakanan.' Hindi. Naranasan niya ang kalungkutan, takot, pagtalikod, at ang bagay na parating kahit ang kawalang-pag-asa. Gayunman, siya'y

---

[43] Juan 6:60, 66.
[44] Lucas 10:1.

nagtiis dahil nalalaman niyang sa sentro ng sanlibutan ay nabubuhay ang kanyang Ama, isang Dios ng pag-ibig na maaari niyang pagtiwalaan anuman ang maging itsura ng mga bagay o pangyayari."[45]

Sa harap ng paghihirap, hindi tayo dapat magkunwari na mas malakas kaysa totoong kalagayan. Tulad ni Job maaari tayong umiyak sa harap ng ating paghihirap. Sa kanyang pagiging tao, gayundin ang ginawa ni Hesus. Gayunman, tulad ni Hesus, maaari tayong manatiling matapat dahil alam natin na ang ating mapagmahal na Ama sa Langit ang may ultimong kontrol.

Sa panalangin natin matatanggap ang kalooban ng ating Ama. Ang susi sa panalangin ni Jesus sa harap ng paghihirap at ang susi sa ating panalangin sa paghihirap ay ang pagsuko sa kalooban ng Ama: "Gayunpaman, hindi ang aking kalooban, kung hindi ang iyong kalooban."

## Ang Katuroan ni Hesus Tungkol sa Pananalangin

Hindi lamang ipinakita ni Hesus ang kahalagahan ng pananalangin sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, iniukol niya ang maraming panahon ng kanyang pagtuturo sa pananalangin. Alam ni Hesus na ang buhay espirituwal ng kanyang mga tagasunod ay nangangailangan ng malusog na buhay ng pananalangin. Dahil dito, sinanay niya ang kanyang mga disipulo sa pananalangin.

### Ang Turo ni Hesus sa Sermon sa Bundok

► Basahin ang Mateo 6:1-18.

Sa Sermon sa Bundok, nagturo si Hesus tungkol sa tatlong bahagi ng gawaing espirituwal: pagbibigay sa mahihirap, pananalangin at pag-aayuno. Malinaw sa kanyang pagtuturo na inaasahan ni Hesus na ang mga ito ay maging normal na gawain para sa kanyang mga tagasunod. Hindi sinabi ni Hesus, "*Kung* kayo'y magbibigay sa mahihirap" o "*kung* kayo'y mananalangin" o "*kung* kayo'y mag-aayuno." Inaasahan niya ang kanyang mga tagasunod na maging mapagbigay, mapanalanginin at mga tagasunod na "may disiplina sa sarili."

Ipinakita ni Hesus na ang mabubuting gawaing ito ay mawawalan ng kahulugan kapag ang mga ito ay nagmumula sa maling motibo. Sa lumang panahon, ang isang "hipokrito" ay isang tauhan sa dula na nagsusuot ng iba't-ibang maskara upang gumanap sa iba't-ibang katauhan sa isang palabas. Posible siyang "gumanap ng isang relihiyosong katauhan" sa harap ng iba.

- Maaaring magbigay sa mahihirap upang ipakita sa mga tao ang ating pagiging mapagbigay. Sinabi ni Jesus, "Natanggap na nila ang kanilang gantimpala."

---

[45] Philip Yancey, *The Jesus I Never Knew* (Grand Rapids: Zondervan, 1995), 161.

- Maaaring manalangin upang magpakitang gilas sa mga nakikinig gamit ang ating magagandang salita. Subali't sinabi ni Hesus, "Natanggap na nila ang kanilang gantimpala."
- Maaaring mag-ayuno upang magpakitang gilas sa ating pagiging relihiyoso at disiplina sa sarili. Subali't sinabi ni Hesus, "Natanggap na nila ang kanilang gantimpala.'

Dapat ang motibasyon para sa mga espirituwal na gawaing ito ay ang pagbibigay lugod sa ating Ama sa langit. Maging ito man ay pagbibigay sa mahihirap, pananalangin o pag-aayuno, ang ating gantimpala ay ang Dios mismo. Hindi natin dapat gawin ang mga espirituwal na gawaing ito para sa palakpak ng mundo. Sa halip, gawin natin ang mga bagay na ito mula sa nagpapatuloy na lumalalim na pagnanais sa Dios.

Tinuruan ni Hesus ang kanyang mga disipulo kung paano manalangin sa simple at direktang paraan:

"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. Ikaw nawa ang maghari sa amin. Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng pagkaing aming kailangan sa araw-araw; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, kundi ilayo mo kami sa masama."[46]

Ito ay hindi isang panalangin na dapat bigkasin nang hindi nag-iisip tulad ng "Walang lamang mga talata" na tinanggihan ni Hesus sa Mateo 6:7-8. Sa halip, ang panalanging ito ay modelo ng attitudes na dapat gumabay sa ating mga panalangin"

### *Relasyon*

"Aming Ama sa langit" ay nagpapakita ng ating malapit na relasyon sa Dios. Sa halip na isang malayong dios, kinikilala natin ang Dios bilang Ama na nagnanais magbigay ng mabubuting bagay sa kanyang mga anak.[47] Ang talatang ito ay nagpapahiwatig ng pagiging malapit ("Aming Ama") at awtoridad ("sa langit"). Ang Dios ay kapwa majestic at personal.

### *Respeto*

"Sambahin ang pangalan mo" ay nagpapakita ng distansiya sa pagitan natin at ng ating Ama "sa langit." Bagaman ang Dios ay isang mapagmahal na Ama, siya ay banal.[48] Tulad ng natuklasan ng matalinong lalaki sa Ecclesiastes, hindi natin dapat kailanman ipagwalang-bahala ang pagitan na naghihiwalay sa tao sa banal na Dios.[49] Pumapasok tayo sa kanyang presensiya nang may paggalang at pagkamangha.

---

[46] Mateo 6:9-13.
[47] Mateo 7:11.
[48] Ang salitang "hallowed" ay nangangahulugang "banal" o "ibinukod."
[49] Eccl. 5:2.

### *Pagpapasakop*

"Dumating nawa ang iyong kaharian, mangyari nawa ang iyong kalooban, sa lupa gayundin sa Langit" ay kumakatawan sa ating kagustuhang magpasakop sa kanyang awtoridad. Habang natutupad nang perpekto ang kalooban ng Dios sa langit, dapat nating ipanalangin na matupad din ito sa lupa.

### *Probisyon*

"Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw araw" ay may espesyal na kahalagahan sa mundo noong wala pang *refrigerators* at koryente. Ibinibigay ang pagkain sa bawat araw. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig ng ating araw-araw na pagtitiwala sa Ama. Bilang kanyang mga anak, pinagtitiwalaan natin siya na nagbibigay ng ating mga pangangailangan.

### *Pagpapahayag ng Kasalanan*

"At patawarin mo kami sa aming mga utang, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakautang sa amin." Sa Lucas 11:2-4, ang parehong panalangin ay may ganitong salita: "Patawarin mo ang aming mga kasalanan kung paanong pinatatawad namin ang mga nagkakasala sa amin." Dahil ang ating kasalanan ay "utang natin sa Dios" ang kahulugan ay pareho lamang kapwa sa Mateo at Lucas.[50]

Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ating pagpapatawad sa iba sa ating kapatawaran mula sa Dios, hindi itinuro ni Hesus na kailangan nating "kitain" ang kapatawaran. Sa halip, tayo na mga pinatawad ay buong pusong magpatawad sa mga taong nagkasala sa atin. Ang talinhaga ni Hesus tungkol sa aliping ayaw magpatawad ay nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng ating kapatawaran at ng ating kagustuhang magpatawad sa iba.[51]

### *Tagumpay*

"At huwag mo kaming itulot sa tukso, sa halip iadya mo kami sa masama" ay isang panalangin para sa tagumpay laban sa tukso at pagsubok. Hindi tinutukso ng Dios ang kanyang mga anak,[52] subali't ang bawa't isa sa atin ay haharap sa mga panahon ng pagsubok at pagtukso.[53] Sa mga pagkakataong ito, hindi pahihintulutan ng Dios na tayo'y matukso nang higit sa ating makakaya.[54]

## Ang Turo ni Hesus Tungkol sa Matapang na Panalangin

► Basahin ang Lucas 11:1-13.

---

[50] Col. 2:14.
[51] Mateo 18:21-35.
[52] Santiago 1:13.
[53] 1 Pedro 1:6-7.
[54] 1 Cor. 10:13.

Sinundan ni Lucas ang Panalangin ng Panginoon ng isang talinhaga na nagtuturo sa atin na magkaroon ng lakas ng loob na manalangin sa Ama na gustong gustong magbigay ng mabubuting bagay sa kanyang mga anak. Sa Gitnang Silangan, karaniwan na ang humiram sa mga kapitbahay upang mag-istima ng isang bisita. Kapag malakas ang loob ng isang tao sa paghingi, ibibigay ng kanyang kapitbahay ang anumang kailangan niya. Sa kanilang kultura, itinuturing na magaspang na ugali ang pagtanggi sa isang paghingi ng tulong. Kahit pa ayaw abalahin ng kapitbahay ang kanyang pamilya, hindi niya tatalikuran o tatanggihan ang tawag para tumulong.

Mas higit pa sa nakasanayan, nais ng Dios na ibigay ang mabubuting mga bagay sa kanyang mga anak na matapang ang loob sa paghingi. Kung paanong ang lalaki sa talinhagang ito ay matapang ang loob na humingi, makakalapit tayo sa ating Ama sa Langit nang may pagtitiwala. Bakit? Hindi dahil mahihiya ang Dios kapag tinanggihan niya ang ating kahilingan, kundi tayo ay binigyan na niya ng pahintulot na "humingi, humanap at kumatok."

### *Mas Malapit na Pagtingin: Mga Istilo ng Pagtuturong Hebreo*

Sa Lucas 11:1-13, ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang lalaking ayaw bumangon sa higaan para tulungan ang kapitbahay na kailangang humiram ng pagkain para sa bisita nito.

Upang maunawaan ang talinhagang ito, dapat nating maunawaan ang paraan ng pagtuturo ng Hebreo—"ang mas kaunti papalaki/papadami" na pangangatwiran. Ang paraang ito ng pagtuturo ay nagsasabing, "Kung ang A (mas kaunti) ay totoo, sagayun, mas higit ang B (ang mas marami) ay tiyak na totoo." Sa ngayon, maaari nating sabihin, "Kung ang isang tao ay magpapakain ng isang nagugutom na dayuhan (A), mas lalong higit na ang isang mapagmahal na Ama ay magpapakain ng kanyang mga anak (B)."

Kapag binabasa mo ang talinhaga, huwag mong isipin. "Ang Dios ay tulad ng nag-aatubiling kapitbahay. Kailangan ko siyang himukin na sagutin ang aking mga panalangin." Sa halip, inihahambing ni Hesus ang nag-aatubiling kaibigan sa isang Ama sa langit na bukas ang loob sa pagbibigay. Kung ang isang kapitbahay sa lupa ay tutugon sa isang malakas ang loob na kahilingan, *gaanong higit pa kaya* na tutugon ang makalangit na Ama sa kanyang mga anak.

### *Ang panalangin ay relasyon.*

Kung nais ng Dios na sagutin ang mga panalangin ng kanyang mga anak, bakit kung minsan ay natatagalan ang kanyang mga sagot? "Humingi, humanap at kumatok" ay mga utos na pangkasalukuyan. Ibig sabihin magpatuloy lamang tayo sa paghingi, paghanap at pagkatok. Bakit?

Isang dahilan, ang pananalangin ay higit pa sa pagbibigay ng listahan ng ating mga kahilingan. Ang pananalangin ay isang nagpapatuloy na relasyon sa ating makalangit na Ama. Kung paanong inuutusan tayo ni Pablo na "Manalangin nang walang humpay,"[55] inuutusan tayo ni Jesus na magpatuloy sa paghingi, paghanap at pagkatok. Sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pakikipag-usap sa Dios, ang ating relasyon ay mas lumalalim pa. Ang pananalangin ay higit pa sa isang listahan ng mga kahilingan; ang panalangin ay isang relasyon.

> "Ang pananalangin ay hindi tunkol sa paghingi ng mga bagay at makuha ang nais natin. Ang pananalangin ay tungkol sa paghindi sa Dois at pagtanggap sa ating kailangan."
>
> - Philip Yancey

**Ang Talinhaga tungkol sa Mapilit na Panalangin**

Sa Lucas 17, tinanong ng mga Pariseo si Jesus kung kailan darating ang kaharian ng Dios. Sinabi niya sa kanila na hindi sila dapat umasa na mayroong mga kamangha-manghang mga tanda. Sa halip, ang "kaharian ng Dios ay nasa kalagitnaan na ninyo."[56] Ang kaharian ng Dios ay naroroon na sa mga sumusunod kay Hesus.

Pagkatapos, bumaling si Hesus sa kanyang mga alagad at tinuruan sila tungkol sa kaharian ng Dios. Inasahan nila na magtatatag si Hesus ng isang kahariang pampulitika, subali't inihanda sila ni Hesus upang maghintay maging pagkatapos ng kanyang kamatayan. Habang naghihintay, dapat silang maging mataimtim sa pananalangin at "huwag mawawalan ng pag-asa." Pagkatapos, ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa matapat na panalangin.

► Basahin ang Lucas 18:1-8.

Sa maraming sinaunang lungsod, ang mga hukom ay hindi matapat. Walang sinumang makakakuha ng paglilitis kung hindi sila magsusuhol. Ang babaeng balong ito ay walang pera para suhulan ang hukom, kaya't tumanggi siyang pakinggan ang kaso ng babae. Gayunman, ang mapilit na balo ay tumangging sumuko. Sa wakas, ang di-matuwid na hukom ay nagsabi, "Dahil ang balo ay nagpapatuloy sa pang-aabala sa akin, bibigyan ko siya ng hustisya."

> "Ang panalangin ay hindi naaabot ang pag-aatubili ng Diyos. Ang panalangin ay paghawak ng pagpayag ng Diyos."
>
> -Martin Luther

Ginagamit din ng talinhagang ito ang "kaunti at paparami" na istilo katulad ng talinhaga tungkol sa malakas ang loob na kapitbahay. Kapag binasa mo ang talinhagang ito, unawain na:

[55] 1 Tes. 5:17.
[56] Lucas 17:20-21.

- Ang Dios ay hindi isang di-makatarungang hukom. Nais ng ating Ama na "bigyan ng hustisya ang kanyang mga pinili."
- Hindi tayo ang balo. Siya ay isang dayuhan; tayo ay mga anak ng Dios.
- Hindi siya makalapit sa hukom; sa pamamagitan ni Jesus, makakalapit tayo sa Dios.

Ito ay isang talinhaga ng pagsasalungatan. Kung ang isang di-makatwirang hukom ay tumutugon sa mapilit/mataimtim na balo, *gaano pa kaya higit* na tutugon ang ating Ama sa langit sa mga panalangin ng kanyang mga anak.

**Ang Talinhaga Tungkol sa Mapagpakumbabang Panalangin**

► Basahin ang Lucas 18:9-14.

Ang sumunod na talinhaga ni Jesus tungkol sa panalangin ay inihayag sa "mga nagtitiwala sa kanilang sarili na sila ay matuwid at tinatrato ang iba nang may pagkamuhi." Itinuturo ng talinhaga ang matuwid na kaisipan sa pananalangin.

Ang tema ng talinhaga ay nasa hulihan: "ang sinumang itinataas ang sarili ay ibababa, subali't ang nagpapakababa ay itataas." Iniisip ng mga Pariseo na ang panalangin ay sinasagot dahil sa kanilang pagiging matuwid. Ipinakikita ni esus na sinasagot ang mga panalangin dahil sa biyaya ng Dios para doon sa mga walang sariling katwiran. Walang sinumang nararapat tumanggap ng tugon sa ating mga panalangin; tumutugon ang Dios sa panalangin dahil sa kanyang biyaya para doon sa mga hindi karapat-dapat tumanggap ng anuman.

## Pagsasabuhay: Ang Pananalangin sa Buhay ng Kristiyano

Ang mga taong katulad ni Cristo ay mga taong nananalangin. Pinag-aralan ni J.C. Ryle, ang Obispo ng Liverpool noong ika-19 na siglo ang buhay ng mga dakilang Kristiyano sa buong kasaysayan. Sinabi niya na ang ilan ay mayaman, ang iba ay mahihirap. Ang ilan ay may pinag-aralan, ang iba ay hindi nakapag-aral. Ang ilan ay Calvinists, ang iba ay Arminian. Ang ilan ay gumagamit ng liturhiya, ang iba ay malaya. "Subali't isang bagay lang ang taglay ng lahat ng mga ito. Silang lahat ay mga lalaking mapanalanginin."[57]

Sa buong panahon ng kasaysayan ng iglesya, ang mga taong katulad ni Cristo ay mga taong nananalangin. Si. E.M. Bounds, isang dakilang Krisktiyanong lider ay nanalangin mula ika-4 hanggang ika-7 tuwing umaga. Isinulat niya, "Ang Banal na Espiritu ay hindi umaagos sa pamamagitan ng mga pamamaraan kundi sa pamamagitan ng mga tao. Hindi siya dumarating sa mga makinarya kundi sa mga tao. Hindi niya ina-anoint ang mga plano kundi mga tao—mga lalaking nananalangin."[58]

---

[57] Binanggit sa *The Accountability Connection* (Victor Books, 1992) ni Matt Friedeman.
[58] Edward M. Bounds, *Power Through Prayer* (Wisconsin: Treasures Media, n.d.), p. 2.

Nangasiwa si George Müller ng mga ampunan para sa libo-libong mga bata. Ipinasya niyang hindi siya kailanman hihingi ng tulong sa kanino pa mang tao, subali't magtitiwala siya sa panalangin lamang. Tumanggap siya ng mahigit $7,000,000 sa pamamagitan lamang ng panalangin. Hindi lamang niya nasuportahan ang kanyang mga ampunan, nagbigay rin si Müller ng libo-libo para sa ibang ministeryo. Nalalaman ni George Müller ang kapangyarihan ng pananalangin.

**Bakit Tayo Nananalangin?**

***Nananalangin tayo dahil nakadepende tayo sa Dios*.**

Sa kanyang pagiging tao, umasa si Hesus sa pananalangin para makipag-ugnayan sa kanyang Ama. Ang panalangin ay isang kilos ng pagdepende sa Dios. Ipinapakita nito na hindi tayo umaasa sa ating sarili kundi sa Dios.

"Kung may magagawa ka nang walang panalangin, talaga bang dapat itong gawin?"

- Dr. Howard Hendricks

► Basahin ang Mateo 26:31-46.

Ang pagbagsak ni Simon Pedro ay nagpapakita ng kahalagahan ng pananalangin. Binigyang babala ni Hesus ang mga disipulo, "kayong lahat ay lalayo dahil sa akin sa gabing ito." Mas direkta, binigyang babala ni Hesus si Pedro, "Simon, Simon, tingnan mo, ninanais ni Satanas na makuha ka."[59] Bumagsak si Pedro dahil sa dalawang kahinaan.

1. **Masyadong nagtitiwala sa sarili si Pedro**. Ipinilit niya, "Kahit na tumalikod silang lahat dahil sa iyo, hindi ako kailanman tatalikod …Kahit na kailanganin kong mamatay nang kasama mo, hindi kita ikakaila!"[60] Ang pagmamataas ay nagbigay kay Pedro ng sobrang pagtitiwala sa kanyang sariling kalakasan.

2. **Nabigong manalangin si Pedro**. Dahil siya'y nagtitiwala sa kanyang sariling lakas, hindi umasa sa Dios si Pedro. Sa halip na sumama kay Hesus upang manalangin, natulog si Pedro. Tayo'y mas mataimtim sa pananalangin kapag nauunawaan natin ang ating lubos na pagdepende sa Dios. Isinulat ni Dick Eastman, "Tanging sa panalangin lamang natin lubos na isinusuko ang ating mga suliranin sa Dios."[61]

***Nananalangin tayo upang lubusang makilala ang Dios.***

Isa sa pinakamalaking kahinaan ng modernong iglesya ay ang ating mababaw na kaalaman tungkol sa Dios. Madalas, ang ating panalangin pangkahilingan ay binubuo lamang ng pangangailangang materyal at personal na kasiyahan. Marami sa atin ang nag-uukol ng maraming oras sa pananalangin. "O, Dios, tulungan mo po ang aking mga anak upang makahanap ng mabuting trabaho" sa halip na "O Dios, hubugin mo po ang aking mga anak

---

[59] Lucas 22:31.
[60] Mateo. 26:33, 35.
[55] Dick Eastman, *The Hour That Changes the World* (Grand Rapids: Baker Book House, 1995).

sa iyong wangis." Mas taimtim tayong nananalangin para sa pisikal na kagalingan kaysa sa espirituwal na kagalingan. Nagpapakita ito kung gaano kaliit ang ating pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng pananalangin.

Isa sa mga pangunahing layunin ng panalangin ay ang mas higit na makilala ang Dios. Sa pananalangin, tayo ay nakaugnay sa puso ng Dios. Ang panalangin ay hindi tungkol sa pagpapagawa sa Dios ng mga bagay na nais nating gawin niya. Binibigyan tayo ng panalangin ng kaalaman sa puso ng Dios hanggang gustuhin natin kung ano ang gusto niya.

> "Tinitingnan natin ang panalangin bilang isang paraan upang makuha ang isang bagay para sa ating sarili; ang ideya ng panalangin sa Biblia ay upang mas higit nating makilala ang Dios mismo."
>
> \- Oswald Chambers

Kapag narating natin ang puntong ito, sinasabi ni Hesus, "Anuman ang hingin ninyo sa panalangin, maniwala kayo na tinanggap na ninyo ito, at ito ay kakamtin ninyo."[62] Dahil ang ating puso ay nakatono sa puso ng Dios, hindi tayo hihingi ayon sa mga maling motibo o sa pagsalungat sa kalooban ng Dios.[63] Ang kaalamang ito sa puso ng Dios ay nagmumula sa nagpapatuloy na pananalangin.

Sinabi ng mga Puritans na dapat tayong "manalangin hanggang sa kayo'y manalangin." Sa ibang salita, dapat tayong matagal na manalangin at matiyagang manalangin upang makalampas sa mga salitang walang laman at pumasok sa presensiya ng Dios. Dapat tayong manalangin hanggang magkaroon tayo ng kasiyahan sa Dios.

► Magbigay ng isang pagkakataon na ang panalangin ay nagbigay sa iyo ng mas malalim na pagkaunawa sa Dios at sa kanyang kalooban.

**Paano Tayo Mananalangin?**

Sa pag-aaral sa halimbawa ni Hesus tungkol sa pananalangin, matututuhan natin ang mahahalagang aralin patungkol sa epektibong pananalangin.

***Matiyaga tayong mananalangin*.**

Si Hesus ang Anak ng Dios. Maaaring inaasahan natin na ang kanyang buhay panalangin ay simpleng pagsasabi lamang ng "Ama ano ang nais mong gawin ko?" at tatanggap na agad ng sagot! Sa halip nakita natin siya na magdamag na naghintay sa pananalangin bago pinili ang Labindalawa. Nakita natin siyang nakikipagbuno sa panalangin sa garden ng Getsemane. Ang

> " Maaaring iwaksi ng mga tao ang aming mga apela, tanggihan ang aming mensahe, tutulan ang aming mga argumento, hamakin ang aming mga persona; ngunit wala silang magagawa laban sa ating mga panalangin.
>
> \- J. Sidlow Baxter

[62] Marcos 11:24.
[63] Santiago 4:3 at 1 Juan 5:14.

panalangin, kahit para kay Hesus ay nangangailangan ng tiyaga at panahon. Ang pananalangin ay paghihintay sa Dios.

Sinabi ni Glenn Patterson, sa pagsulat niya tungkol sa kahalagahan ng paghihintay sa panalangin, "Kung ano ang ginagawa ng Dios sa atin habang tayo'y naghihintay ay kasinghalaga ng bagay na ating hinihintay. Ang paghihintay ay bahagi ng proseso ng Dios sa paggawa sa atin na maging kung ano ang nais niya." Habang naghihintay tayo sa Dios, natututo tayong mas makilala siya nang mas mabuti.

Itinuturo ng Awit 37:1-9 ang mahahalagang leksiyon tungkol sa pananalangin. Tingnan ang mga utos na ito:

- Huwag magreklamo.
- Magtiwala sa Panginoon.
- Magkaroon ng kasiyahan sa Panginoon.
- Ipagtiwala ang iyong mga daan sa Panginoon.
- Magtiwala sa kanya.
- Maging mapayapa sa harap ng Panginoon.
- Matiyagang maghintay sa kanya.
- Umiwas sa pagkagalit.
- Huwag kang mag-reklamo (uli!)

Ang mga utos na ito ay tumutukoy sa matiyagang pagtitiwala sa isang Dios na kumakalinga sa iyo at "magbibigay ng mga ninanais ng iyong puso." Sa pamamagitan ng matiyagang pananalangin, tayo'y naging mga taong mapagtiwala na siyang nais ng Dios sa atin.

### *Isang Modelo ng Matiyagang Panalangin*

Sa simula ng kaniyang buhay Kristiyano, nagsimulang manalangin si George Müller para sa pagbabalik-loob ng lima sa kanyang mga kaibigan. Makalipas ang maraming buwan, isa sa kanila ang lumapit sa Panginoon. Sampung taon pagkalipas, dalawa pa ang nagbalik-loob. Dalawampu't limang taon pa bago naligtas ang ikaapat.

Nagtiyaga si Müller sa panalangin hanggang sa kanyang kamatayan para sa kanyang ikalimang kaibigan. Sa loob ng 52 taon, hindi siya sumuko sa pananalangin na tatanggapin ng kaibigang ito si Cristo! Ilang araw matapos ang libing ni Müller, ang ikalimang kaibigan ay naligtas. Naniwala si Müller sa matiyagang panalangin.

### *Nananalangin tayo nang may kababaang-loob.*

Nanalangin si Hesus, "Nawa'y matupad, hindi ang aking kalooban, kundi ang sa Iyo."[64] Alam ni Jesus na maaari niyang pagtiwalaan ang perpektong kalooban ng kanyang Ama.

---

[64] Lucas 22:42.

Ang pananalangin ay isang gawain ng kababaang-loob. Nananalangin tayo para sa iba dahil hindi natin sila matutulungan sa ating sariling talino; dapat tayong umasa sa Dios. Nananalangin tayo para sa ating sarili dahil hindi natin mapapamahalaan ang ating buhay sa ating sariling lakas; dapat tayong umasa sa Dios.

Sa pananalangin kinikilala natin ang ating pangangailangan sa tulong ng Dios. Kapag ang pakiramdam natin ay nagtitiwala sa ating kakayahan na pagtagumpayan ang mga suliranin ng buhay, hindi maaasahan na tayo'y mananalangin ng mataimtim. Kapag kinikilala natin na hindi natin kayang pamahalaan ang ating buhay sa ating sariling kakayahan, nananalangin tayo nang may kababaang-loob.

Ang ating mga panalangin ay dapat may "mapagtiwalang pagpapakumbaba." Habang naghihintay tayo sa Dios sa kanyang sagot, maaari tayong magkaroon ng katiyakan at kapayapaan dahil nananalangin tayo sa Dios Ama na nagmamahal sa atin at nagnanais ng pinakamabuti para sa kanyang mga anak. Sa mga *pressures* ng buhay at ministeryo, ang mapagpakumbabang panalangin ay nagbibigay sa atin ng payapang pagtitiwala sa Dios.

### ***Nananalangin Tayo nang Personal***

Tinuruan ni Hesus ang kanyang mga alagad na simulan ang panalangin sa personal na pagtukoy sa Dios, "Aming Ama." Ang tunay na panalangin ay 'personal'. Isinulat ni Paul Miller, "Maraming tao ang nahihirapang matutuhan kung paano mananalangin dahil nakatuon ang isip nila sa panalangin, hindi sa Dios."[65] Madalas, tayo'y "nagsasalita lamang ng mga panalangin" sa halip na makipag-usap sa Dios. Ito ang nasa puso ng babala ni Jesus laban sa paggamit ng "walang kabuluhang mga talata."[66]

Isipin ninyo ang isang tao na pagdating sa hapag kainan na may taglay na isinaulong mga talumpati. Sasabihin niya, "Nais kong magkaroon ng pakikipag-usap sa ating pamilya, kung kaya't mayroon akong mga salitang isinaulo." Ito ay hindi isang tunay na pagkikipag-usap! Inaasahan natin na ang taong ito ay magtuon ng pansin sa mga taong kaharap sa mesa, hindi sa mga salitang kanyang gagamitin.

Sa parehong dahilan, ang pananalangin ay nakatuon sa Dios sa halip na sa isang set ng isinaulong mga salita. Ang pananalangin ay hindi isang sistema; ang pananalangin ay isang relasyon. Ang pananalangin ay dapat personal.

## **Paano Tayo Magiging Mga Tao Ng Panalangin?**

Sa ika-5 siglo, si Anicia Faltonia Proba, isang Romanong babae na marangal, ay humingi ng payo kay Augustine tungkol sa panalangin. Nais malaman ni Proba kung paano magiging mapanalanginin ang tao. Mahaba ang sulat ni Augustine na naglalaman ng matalinong payo

---

[65] Paul E. Miller, *A Praying Life: Connecting with God in a Distracting World* (NavPress, 2009).
[66] Mateo 6:7.

patungkol sa pananalangin.[67]. Sa seksiyong ito, ating susuriin ang mga prinsipyo sa panalangin ni Augustine.

***Anong klaseng tao ang maaaring maging tao ng panalangin?***

Una, sinasabi ni Augustine na ang isang taong nananalangin ay dapat isang taong walang ibang pinagkukunan. Ang isang taong nananalangin ay taong umaasa lamang sa panalangin.

Si Proba ay balo ng isa sa pinakamakapangyarihan at pinakamayamang tao sa Roma. Tatlo sa kanyang mga anak na lalaki ay naglingkod bilang Roman consul. Nagsimula si Augustine sa pagsasabi kay Proda na dapat niyang "ariin ang sarili mong nag-iisa sa mundong ito." Gaano pa man tayo kayaman, kakapangyarihan o katagumpay, dapat nating kilalanin ang ating kawalang kakayahan sa harap ng Dios. Kung hindi gayun, ang ating mga panalangin ay magiging katulad ng mga panalangin ng mga Pariseo sa halip na katulad ng mga panalangin ng publikano.

***Ano ang dapat nating ipanalangin?***

Nagbigay si Augustine ng isang nakapagtatakang sagot kay Proba. Sinabi niya, "manalangin ka para sa isang masayang buhay." Maaaring ito ay tila isang makasariling panalangin ngunit ipinaliwanag ni Agustine na ang tunay na kaligayahan ay tanging sa Dios lamang nagmumula. Ang isang tao ay "tunay na masaya kung nagtataglay siya ng lahat ng kanyang ninanais at nininanais na huwag magkaroon ng anumang hindi niya dapat hilingin."

Ang Kristiyano ay masaya dahil mayroon siyang Dios at hinihiling na hindi magkaroon ng anumang hindi kalooban ng Dios na taglayin niya. Tulad ng Salmista, tayo'y nasisiyahan sa presensiya ng Dios.

"Isang bagay lamang ang hinihiling ko sa PANGINOON, na aking hahanapin: Na ako'y manahan sa tahanan ng PANGINOON sa lahat ng araw ng aking buhay, upang masdan ang kagandahan ng PANGINOON at mag-inquire sa kanyang templo."[68]

Kung tunay nating ninanais ang presensiya ng Dios nang higit sa anupaman, maaari nating ipanalangin ang kaligayahan dahil alam nating tutugunin ng Dios ang ating pinakamalalim na ninanais sa pagbibigay ng kanyang sarili sa atin!

---

[67] Philip Schaff, ed. *The Confessions and Letters of St. Augustine (Nicene and Post-Nicene Fathers, First Series, Vol. 1.* (Buffalo, NY: Christian Literature Publishing Co., 1886).
[68] Awit 27:4

***Paano tayo dapat manalangin sa panahon ng kaguluhan?***

Ipinaaalala ni Agustin kay Proba na kinilala ni Pablo na may mga pagkakataon na "hindi natin alam kung ano ang dapat nating ipanalangin, kahit alam nating dapat manalangin."[69] Paano tayo mananalangin kapag dumating tayo sa punto ng kawalang-kakayahan?

Tinitingnan ni Augustine ang tatlong Kasulatan. Una, itinuturo niya ang halimbawa ni Pablo nang ito'y manalangin upang iligtas mula sa "tinik sa laman." Sa halip na kaligtasan, ipinangako ng Dios, "Ang aking biyaya ay sapat para sa iyo, dahil ang aking kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan." Nagpatotoo si Pablo, "Kaya't buong galak na ipagmamapuri ko ang aking kahinaan upang palakasin ako ng kapangyarihan ni Cristo… dahil kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas."[70]

Pangalawa, itinuturo ni Augustine ang halimbawa ni Hesus sa Getsemane. Inamin ni Hesus ang kanyang mga naisin sa Dios. Ipinanalangin ni Hesus ang kaligtasan: "Aking Ama, kung maaari, alisin mo ang sarong ito mula sa akin." Subali't nagwakas siya sa pagsasabing, "Gayunman, huwag ang aking kalooban, kundi ang iyong kalooban ang mangyari."[71]

Sa pangwakas, itinuro ni Agustin ang Roma 8:26. Kapag hindi natin nalalaman kung paano mananalangin, ang Banal na Espiritu ang gumagabay sa ating mga puso. "Tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan" at "lumuluhog para sa atin nang may pagsusumamo, mas malalim kaysa mga salita." Kapag wala tayong magamit na mga salita, ang Banal na Espiritu ang nagdadala nito sa Ama, na tumatanggap dito at nagpapahintulot na "ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip para sa ikabubuti ng lahat ng tinawag ayon sa kanyang layunin."[72]

## Konklusyon: Kapag Hindi Mo Alam Kung Paano Mananalangin

Kung minsan ang pananahimik ang pinakamabuti mong magagawa.[73] Nais mong manalangin, subali't hindi mo alam kung paano; hindi ka makapanalangin. Ano ang gagawin mo? Isang sikreto ay unawain na si Cristo ang ating Dakilang Punong Saserdote.

Bilang mga ebanghelikong Kristiyano, naniniwala tayo sa pagiging saserdote ng lahat ng mga mananampalataya. Ang dakilang doktrinang ito ng Reformation ay nagtuturo na ang bawa't isa sa atin ay may kakayahang lumapit sa Ama. Gayunman, kung mali ang pagkaunawa, ang doktrinang ito ay maghahatid ng espirituwal na agam-agam. Mapupuno ako ng mga pag-aalinlangan: "Sapat ba ang aking pananalangin? Nagawa ko ba talaga ang aking parte?"

---

[69] Roma 8:26.
[70] 2 Cor. 12:8-10.
[71] Mateo 26:39.
[72] Roma 8:26-28.
[73] Hinango sa, *Everyday Theology ni* Marc Cortez.

Sa isang komperensiya noong 2013, nagbigay si Propesor Alan Torrance ng kanyang patotoo tungkol sa kaniyang mga paghihirap sa mga tanong na ito.

"Noong Enero, 2008, namatay sa cancer ang aking asawang si Jane. Siya ang pinakawonderful na Kristiyanong babae, asawa at ina. Napakahirap na pagmasdan siyang mamatay sa sakit habang kumakalat ang cancer sa kanyang katawan. Labis labis na hirap ang makita ang mga anak mo na maging saksi sa kanyang paghihirap. May mga pagkakataon na sa aking pagdurusa, nahirapan akong malaman kung paano mananalangin at kung ano ang dapat ipanalangin. Hindi ko alam kung paano mananalangin.

"Sa oras na iyon, ang pagiging saserdote ni Cristo ay naging mas napapanahon kaysa magsimula pa na magsalita. Habang yakap ko si Jane, ang umakyat sa langit na saserdote (si Hesu-Cristo) ay nananalangin para sa amin. Maaari kaming magpahinga sa kanyang presensiya.

"Ang panalanging pinanghawakan ko sa panahong iyon ay ang Panalangin ng Panginoon. Hindi ako naiwan upang manalangin sa aking sarili lamang. '**Aking** Ama, na nasa langit—na napakalayo sa aking kinalalagyan.' Sa halip, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ako'y nanalangin, '**Aming** Ama, na nasa langit, sambahin ang ngalan mo, dumating nawa ang iyong kaharian, maganap nawa ang iyong kalooban.'

"Upang tuklasin ang kahalagahan ng nagpapatuloy na pagiging saserdote ni Cristo ay ang pagtuklas sa ebanghelyo sa paraang bumabago sa bawat parte ng ating mga buhay at pagsamba."

Mali ang pagkaunawa natin sa pagiging saserdote ng lahat ng mananampalataya kung iisipin natin na ang kahulugan nito ay dapat nating maabot ang Ama, sa ating sariling espirituwal na kalakasan. Ito'y isang pagkakamali. Ang pagiging saserdote ng lahat ng mananampalataya ay nagbibigay diin na wala tayong kailangang iba pang tagapamagitan bukod pa kay Cristo. Siya ang namamagitan para sa atin, tinatanggap ang ating bigong pagtatangka na manalangin at inihaharap ang mga iyon sa Ama bilang katanggap-tanggap na mga alay. Ang ating panalangin ay binibigyang kapangyarihan ng Espiritu at sa pamamagitan ng ating Kataas-taasang saserdote, si Cristo Hesus.

Kapag hindi mo alam kung paano mananalangin, huwag mawalan ng pag-asa. Mayroon tayong isang nananalangin para sa atin, nakaluhod sa ating tabi, namamagitan sa Ama at sinasabi ang hindi natin masabi.

**Mga Takdang-Aralin ng Aralin**

(1) Gamit ang isang concordance o programa sa paghahanap sa Bibliya, humanap ng tatlong halimbawa ng panalangin sa Biblia. Ihambing ang bawat panalangin sa Panalangin ng Panginoon. Aling elemento ng Panalangin ng Panginoon ang matatagpuan rin sa ibang panalangin sa Biblia?

| Panalangin sa Biblia | Kasulatan | Mga Elemento sa Panalangin |
|---|---|---|
| Panalangin ni Nehemias | Neh. 1:5-11 | • Relasyon: "tinutupad ang kasunduan"<br>• Paggalang: "dakila at kahanga-hangang Dios"<br>• Pagpapasakop: "panalangin ng iyong lingkod"<br>• Probisyon: "bigyan ng tagumpay ang iyong lingkod"<br>• Confession: "ipinapahayag ang mga kasalanan ng bayang Israel" |
| | | |
| | | |
| | | |

(2) Gumawa ng prayer journal sa loob ng isang buwan. Itala ang iyong mga kabiguan sa pananalangin, ang iyong mga tagumpay sa panalangin, at mga sagot ng Dios sa panalangin. Gamitin ang journal na ito upang hikayatin ang paglago sa iyong buhay panalangin.

# Aralin 3
# Pangunguna Katulad ni Hesus

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Malaman ang mga katangian kaya't si Hesus ay naging isang dakilang tagapanguna.

(2) Pahintulutan ang iyong misyon at pagkatawag na mula sa Dios ang siyang gumabay sa iyong pang-araw-araw ng mga prayoridad.

(3) Makabuo ng isang proseso sa pagsasanay ng mga tagapanguna sa hinaharap at sa pagtatatag ng isang ministry team.

(4) Pahalagahan ang iyong tungkulin bilang isang lingkod sa mga taong iyong pinangungunahan.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Ang mga Tagapanguna ay pinakakatulad ni Hesus kapag sila ay naglilingkod sa iba.

## Pasimula

Ang "Pamumuno" ay isang salita na nagsisimula ng matitinding damdamin. Kapag ang mga taong ang isip ay patungkol lamang sa mundo ay nag-iisip tungkol sa pangunguna, ang iniisip nila ay kapangyarihan at posisyon. Ang maging tagapanguna ay ang maging "boss". Ang mga ambisyosong tagapanguna ay nagnanais na "umakyat sa hagdan" at panalunan ang pinakamataas na titulo. Kahit ang mga pastor ay maaaring magkaroon ng ganitong takbo ng pag-iisip. Maaari silang magtuon ng kanilang atensiyon sa pagkakaroon ng malalaking iglesya, mas mataas na posisyon at mas mataas na respeto.

Bilang tugon sa makamundong takbo ng pag-iisip na ganito, ang ilang Kristiyano ay tumutugon laban sa salitang "pangunguna". Minsan sinabi ng isang pastor sa akin, "Ayaw kong maging tagapanguna sa aming iglesya, gusto ko lang maglingkod." Gayunman, bagaman ang kanyang sinabi ay tila mapagpakumbaba, ang kanyang iglesya ay tila nawalan ng sense ng direksiyon o layunin. Ang lahat ng organisasyon, kahit mga iglesya ay nangangailangan ng tagapanguna.

Dapat tandaan ng mga pastor na ang ugat ng kahulugan ng salitang "pastor" ay "pastol." Ang isang pastol ay hindi nagtataglay ng napakaimpressible na gawain! Iniuukol ng isang pastol ang kanyang mga araw kasama ng mga nangangamoy na mga tupa. Kabilang sa kanyang trabaho ang mga nakakainip na gawain –paghanap ng pagkain at tubig, paghabol sa mga batang tupa na lumalayo sa kawan, at pag-aalaga sa mga nasusugatang tupa.

May mahalagang tungkulin ang pastol. Tinutupad ng pastol ang maraming mababang gawain, subali't nagpapasan rin ang pastol ng mabigat na tungkulin na pangunahan ang kawan hanggang sa ligtas na lugar. Ang kawan ay nakadepende sa isang pastol na siyang tagapanguna nila.

Nagbigay si Hesus ng ideyal na modelo ng isang tunay na tagapanguna. Siya ay isang pastol na naglingkod nang may kababaang-loob subali't may malalin na sense ng layunin. Malakas siya subali't puno ng kahabagan. Hindi siya naghangad ng posisyon, subali't siya'y may tiwala sa kanyang misyon. Nagbigay si Hesus ng modelo para sa lingkod na tagapanguna.

► Isipin ang pinakamatagumpay na tagapanguna na kilala mong personal. Maglista ng tatlo o apat niyang katangian na siya ay naging mabuting lider. Ang mga katangian bang ito ay nakikita sa ministeryo ni Hesus? Ang mga katangian bang ito ay nakikita sa *iyong* ministeryo?

Ipinapakita ni Hesus na ang tunay na tagapanguna ay may kasamang mapagpakumbabang paglilingkod. Ang kababaang-loob ay hindi nangangahulugan ng kahinaan o indecisiveness; malakas si Hesus. Paulit-ulit na ipinakita ng mga Ebanghelyo ang awtoridad ni Hesus.[74] Gayunman, nagkaroon ng awtoridad si Hesus hindi sa paghingi ng respeto, kundi sa paglilingkod. Nang ang kanyang mga alagad ay nagtalo tungkol sa posisyon sa kaharian, sinabi ni Hesus.

"Ang mga hari ng mga Gentil ay tumupad ng pagiging panginoon sa kanila at ang mga may awtoridad sa kanila ay tinatawag na benefactors. Subali't hindi ganoon sa inyo. Sa halip, hayaang ang pinakadakila sa inyo ay maging katulad ng pinakabata, ang lider ay siyang maglilingkod. Dahil sino ang nakahihigit, ang isang nakahilig sa mesa o ang naglilingkod? Hindi ba ang nakahilig sa mesa? Subali't ako ay kabilang sa inyo bilang ako ang naglilingkod."[75]

Sa leksiyong ito, titingnan natin ang mga katangian na nagpaging dakilang tagapanguna kay Hesus. Matututuhan natin kung paano magiging mas epektibong lider sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Hesus.

## Nalalaman ng Isang Epektibong Tagapangunang Kristiyano ang Kanyang Misyon

Ang isang dakilang tagapanguna ay may malinaw na misyon at may lakas ng isang-kaisipan na nakatuon sa misyong iyon. Alam ni Jesus ang kanyang misyon. Binuod ang misyon ni Jesus sa Mark 10:45: "At kahit ang Anak ng Tao ay dumating hindi para paglingkuran kundi para maglingkod, at upang ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos para sa marami."

Sa kanyang unang pampublikong sermon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagapakinig na dumating siya upang tuparin ang misyong inihula ni Isaias:

---

[74] Mateo 7:28-29; Marcos 1:22-28; Lucsas 4:32-36; Lucas 20:1-8.
[75] Lucas 22:25-27.

"Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, dahil hinirang niya ako upang iproklama ang mabuting balita sa mahihirap. Sinugo niya ako upang iproklama ang kalayaan sa mga bihag at nagbibigay paningin sa bulag, upang palayain ang mga inaapi, upang iproklama ang taon ng Pabor ng Panginoon."[76]

Ang misyon ni Hesus ang gumagabay sa kanyang pag-araw-araw na pagpapasya. Habang naglalakbay mula sa Judea hanggang Galilea, ang kanyang misyon ang gumabay sa ruta ni Hesus. Madalas naglalakbay ang mga Rabbi na Judio sa silangang bahagi ng Ilog Jordan upang umiwas na "marumihan" sa mga taga- Samaria. Ang ruta ni Jesus, gayunman, ay ginagabayan ng kanyang misyon na "ipahayag ang taon ng pabor ng Panginoon sa isang babaeng Samaritana. Dahil dito, "*kailangan niyang dumaan sa Samaria*."[77] Bilang isang tagapangunang Kristiyano, ang iyong misyon ang dapat gumabay sa iyong pang-araw-araw na pagpapasya.

Bilang isang tagapanguna, higit na marami ang kailangang gawin kaysa kaya nating matupad. Paano mo pipiliin ang iyong mga prayoridad? Hindi mo magagawa ang lahat; at *hindi mo dapat gawin* ang lahat ng bagay. Dapat mong timbangin ang mga pagkakataon ayon sa iyong misyon. Ang bawat tagapanguna ay dapat mayroong dalawang listahan: isang listahan ng "Dapat Gawin" at ang listahan ng "Hindi Dapat Gawin." Ang listahan ng "Dapat Gawin" ay ang mga bagay na dapat mong tuparin o tapusin. Ang listahan ng "Hindi Dapat Gawin" ay mga bagay na nakaaabala sa iyo mula sa iyong misyon. Dapat kang kumuha ng iba para gawin ang mga bagay na ito, hindi na dapat ikaw. Ang iyong misyon ay dapat gumabay sa iyong pang-araw-araw na prayoridad.

Si Apostol Pablo ay isang halimbawa ng tagapanguna na nakakaalam sa kanyang misyon. Tinawag si Pablo para magsimula ng mga iglesya sa mga pangunahing lungsod ng Imperyong Romano. Ayaw niyang "magtayo sa pundasyong itinayo ng iba," kundi dalhin ang ebanghelyo sa mga taong hindi pa nakaririnig nito.[78] Ang misyong ito ay gumabay kung saan naglakbay si Pablo, kung gaano katagal siya nanatili sa bawat lokasyon, at maging ang mensaheng kanyang ipinangaral. Ang misyon ni Pablo ang gumabay sa bawat desisyon niya.

► Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang misyong ibinigay ng Dios sa iyo? Bigyang buod ang iyong misyon sa ilang salita.
- Naipahayag mo na ba ang iyong misyon sa mga sumasama sa iyo sa ministeryo?
- Ang iyong misyon ba ang gumagabay sa iyong pang-araw-araw na desisyon?

---

[76] Lucas 4:18-19, binabanggit si Isaias 61:1-3.
[77] Juan 4:4.
[78] Roma 15:20.

## Ang Epektibong Kristiyanong Tagapanguna ay Nagsasanay ng Iba Pang Mga Tagapanguna

Mula sa simula ng kanyang ministeryo, maingat na pinili at sinanay ni Hesus ang grupo ng disipulo na siyang magpapatuloy ng kanyang ministeryo pagkatapos niyang bumalik sa Ama. Nag-aral sa kanya ang kanyang mga disipulo, nag-ukol ng oras kasama niya, nagministeryo kasama niya at ipinakalat ang kanyang mensahe sa buong mundo. Tinatakan ni Hesus ang kanyang mga alagad ng kanyang imahen at pagkatapos ay ginamit sila sa pagtatayo ng kanyang iglesya.

> "Hindi kailanman sumulat si Hesus ng anumang aklat. Sa halip isinulat niya ang kanyang mensahe sa mga tao-sa kanyang mga apostol."
> -William Barclay

Sumulat si Lucas tungkol sa mga 'pressures' ng ministeryo. "Sa panahong ito, sa panahong libo ang bilang ng mga taong nagtipon-tipon na halos magtapakan sa isa't-isa, nagsimula siyang magsalita una sa mga disipulo."[79] Hindi maaaring magambala si Hesus mula sa kanyang ministeryo sa kanyang mga disipulo, kahit pa ang ministeryo sa libong iba pa ay maaaring mas nakapupukaw. Nalalaman niya na upang itatag ang kaharian, kailangan niyang sanayin ang kanyang mga disipulo upang manguna sa iglesya. Sa pagsasanay sa mga disipulo, inihanda niya ang mga tagapanguna para sa sususnod na henerasyon.

Sinundan ni Pablo ang parehong desinyo. Nangaral siya sa maraming tao, subali't itinuon niya ang kanyang atensiyon sa pagsasanay sa ilan lamang tagapanguna sa bawat lungsod. Ito ay nagbibigay ng modelo para sa mga tagapanguna ngayon. Inaaatasan ni Pablo ang mga pastor na "bigyang kasanayan ang mga banal para sa gawain ng ministeryo."[80] Hindi tungkulin ng pastor na gawin ang lahat ng trabaho sa iglesya; tungkulin niya na sanayin at bigyang kakayahan ang mga miyembro para sa gawain ng iglesya. Ang epektibong mga tagapanguna ay nagsasanay ng iba pang tagapanguna.

## Ang Modelo ni Hesus sa Pagtuturo sa mga Alagad

### Dapat Maingat na Piliin ng Isang Tagapagturo ang mga Alagad[81]

► Basahin ang Juan 1:35-51, Juan 2:1-11, Mateo 4:18-22, Lucas 5:1-11, Lucas 6:12-16

Sa iyong pagbabasa sa mga talatang ito, napansin mo ba ang proseso? Sa panahon ng kanyang unang linggo ng ministeryong pampubliko, inanayayahan ni Jesus sina Andres at Juan upang sumunod sa kanya. Dinala ni Andres si Simon Pedro kay Hesus. Tinawag ni Hesus si Felipe, na nakatagpo kay Nataniel.[82] Ito ang unang hakbang sa kanilang

---

[79] Lucas 12:1.
[80] Efeso 4:12.
[81] Hinalaw sa *The Master Plan of Evangelism* ni Robert Coleman (Grand Rapids: Baker Book House, 1963).
[82] Juan 1:35-51.

pagkatawag. Ito ay pagtawag upang sumunod kay Hesus. Pagkalipas noon, tinawag sila sa buong-panahon na pagiging alagad.

Ang Juan 2 ay isang mahalagang hakbang sa prosesong ito. Sa kasalan sa Cana, "ipinakita ni Hesus ang kanyang kaluwalhatian" sa mga alagad. Hindi alam ng ibang panauhin ang tungkol sa himala; ang tandang ito ay para sa mga alagad. Inihayag ni Hesus ang kanyang sarili sa kanyang mga tagasunod upang magtiwala sila sa kanya. "At ang kanyang mga alagad ay naniwala sa kanya."[83]

Ang Mateo 4:18-22 ay nangyari matapos lumipat si Hesus sa Capernaum mula sa Nazareth, at magsimulang mangaral.[84] Habang naglalakad sa baybayin ng Dagat ng Galilea, tinawag ni Hesus sina Simon, Andres, Santiago, at Juan upang sumunod." Agad agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya."[85] Pagkatapos ng unang pagtawag sa Juan 1, ang mga disipulo ay nagpatuloy sa kanilang mga gawain bilang mga mangingisda. Ngayon, tinawag sila ni Hesus upang maglingkod: "Simula ngayon kayo'y magiging mangingisda ng mga tao."[86]

Ang sumunod na hakbang sa prosesong ito ay ang pagpili ni Hesus sa labindalawang apostol. Mula sa maraming tagasunod (na tinawag na "disipulo" sa Juan 6), pumili si Hesus ng labindalawa na naging kanyang pinakamalapit na mga kasama.

Hindi nagmadali si Jesus sa pagpili sa Labindalawa. Ang proseso ay tila tumagal ng ilang buwan. Nagbigay ito ng panahon kay Hesus upang mag-ukol ng oras para sa bawat isa sa Labindalawa. Madalas, ang isang tagapanguna ay mabilis sa pagpili ng susunod sa kanya nang hindi naglalaan ng oras upang makilala ang tao. Ang matalinong tagapanguna ay nagtatakda ng mga tungkulin na nagbibigay ng pagkakataon upang alamin ang mga kakayahang mamuno ng isang tao.

### Ang Tagapagturo ay Dapat Maglaan ng Oras Kasama ng Kanyang mga Disipulo

► Alin ang mas nakapupkaw, pag-abot sa marami o ang pagtuturo sa kakaunti? Alin ang mas mahalaga para sa pangmatagalan? Bakit nag-ukol si Hesus ng napakaraming panahon at pagtuturo sa labindalawang lalaki?

Iniukol ni Hesus ang maraming oras niya sa Labindalawa. "Humirang siya ng Labindalawa na tinawag niyang apostol) **upang sila'y makasama niya** at maisugo niya upang mangaral at magkaroon ng awtoridad na magpalaya ng demonyo."[87] Una, kailangan nilang maglaan ng oras na makasama siya upang matutuhan ang kanyang mga pamamaraan. Pagkatapos lamang noon sila magiging handa upang isugo sa ministeryo.

---

[83] Juan 2:11.
[84] Mateo 4:12-17.
[85] Mateo 4:20.
[86] Lucas 5:10.
[87] Marcos 3:14-15.

Itinala ni Marcos ang isa sa mga paglalakbnay ni Hesus sa Galilea: "At ayaw niyang malaman ng sinuman, dahil tinuturuan niya ang kanyang mga disipulo."[88] Ang pangunahing naisin ni Hesus ay hindi ang pagbuo ng isang programa upang abutin ang maraming maraming tao, kundi sa pagsasanay ng mga lalaking siyang mangunguna sa iglesya.

Nangaral si Hesus sa libo-libo, subali't ang kaniyang pinakamalaking prayoridad ay ang pagsasanay sa ilang tao lamang para sa ministeryo sa hinaharap. Alam ni Hesus na ang pagsasanay ay mas epektibo kapag ito ay nakatuon sa maliit na grupo lamang . Nagbabala si Robert Coleman, "Mas lumalago ang iyong ministeryo, mas **magiging mahirap** na makahanap ng oras upang idisipulo ang bawat indibidwal. Subali't mas lumalago ang iyong ministeryo, mas **magiging mahalaga** na mag-ukol ng oras upang idisipulo ang mga indibidwal."

Habang binabasa mo ang mga Ebanghelyo, mapapansin na bihirang magministeryo si Hesus nang walang kasama. Kahit man lang tatlong disipulo, laging may kasama siya. Madalas umatras sa mga tagong lugar sina Hesus at mga disipulo niya para sa mga sesyon ng pagsasanay. Malapit sa dulo ng kanyang ministeryo sa lupa, gumugol pa si Hesus ng mas maraming oras kasama ng kanyang mga alagad. Sa huling linggo nila sa Jerusalem, bihirang mawaglit sa kanyang paningin ang kanyang mga alagad. Ang pagsasanay sa mga lalaking ito ang isa sa kanyang pinakamahalagang tungkulin.

Sinabi ng isang kawikaaang Judio: "Ang isang disipulo ay yaong kumakain ng alikabok ng kanyang panginoon." Ang isang disipulo ay lumalakad nang napakalapit sa kanyang panginoon kung kaya't nasasagap niya ang alikabok na nalilikha ng paa sa paglakad ng kanyang panginoon. Kinakain ng disipulo kung ano ang kinakain ng panginoon; pumupunta ang disipulo kung saan pumupunta ang panginoon niya; nakalaan ang sarili ng disipulo sa mga turo at halimbawa ng panginoon. Gumugol ng oras ang mga tagasunod ni Hesus; ng maraming oras kasama niya hanggang sa maging katulad sila ng karakter ng kanilang guro. Sa paglipas ng panahon, tinawag silang "mga Kristiyano"; naging katulad na sila ng kanilang tagapagturo.

Sa parehong paraan, laging may tagasunod na kasama si Pablo tulad nina Timoteo, Tito, Lucas, at Tychicus. Sinanay sila ni Pablo para sa ministeryo sa pamamagitan ng paglalaan ng oras kasama nila.

Muli, ito ay nagbibigay sa atin ngayon ng isang modelo. Sa iyong pagmiministeryo, maaari mong hikayatin ang mas nakababatang miyembro ng team upang sumunod sa iyo, upang matuto rin silang magministeryo. Sinabi ng isang matagumpay na tagapanguna sa iglesya, "Hindi ako kailanman nagmiministeryo nang hindi nagsasama ng isang mas batang manggagawa. Ang pagsasanay ng mga tagapanguna sa iglesya sa hinaharap ay kasing

[88] Marcos 9:30-31.

halaga sa akin ng mismong ministeryong aking isinasagawa." Nauunawaan ng pastor na ito na ang epektibong tagapanguna ay nagsasanay ng iba pang tagapanguna.

**Ang Isang Tagapagturo ay Dapat Magbigay ng Halimbawa sa Ministeryo para sa Kanyang mga Disipulo**

Matapos hugasan ang paa ng mga disipulo, sinabi ni Hesus, "Binigyan ko kayo ng isang halimbawa, na dapat din ninyong gawin tulad ng ginawa ko sa inyo."[89] Nagturo si Hesus sa pamamagitan ng halimbawa. Alam niya na hindi sapat na sabihin lamang, "Gawin ninyo ito." Dapat nating ipakita kung *paano* iyon ginagawa. Hindi inutusan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na gawin ang isang bagay hangga't hindi pa niya naipapakita kung paano ito gagawin.

Nakita ng mga disipulo na nanalangin si Hesus kaya't humiling sila, "Panginoon turuan mo kaming manalangin."[90] Hindi basta lang nagbigay si Hng "leksiyon sa pananalangin." Siya'y nanalangin. Habang pinagmamasdan siya ng kanyang mga alagad habang nananalangin, naging masigasig silang maunawaan ang pananalangin. Kapag ang mga mag-aaral ay masigasig/nagnanais upang matuto, mas madali silang matututo!

Narinig ng mga disipulo na gumamit si Hesus ng Kasulatan sa kanyang pangangaral. Binanggit ni Hesus ang Lumang Tipan nang mahigit animnapung beses. Nagmodelo siya ng pangangaral ayon sa Biblia. Natutuhan ba ito ng mga disipulo? Tiyak yun! Nang mangaral si Pedro sa Mga Gawa 2, binanggit niya ang Joel, Awit 16 at Awit 110. Natutuhan ni Pedro kay Hesus na ibatay ang kanyang pangangaral sa Kasulatan. Ang bawat sermon sa Mga Gawa ay bumanggit sa Lumang Tipan.

Ganito rin ang paraang sinundan ni Pablo. Paulit-ulit niyang isinulat, "Nakita ninyo ang aking halimbawa. Sundan/Gayahin ninyo ang aking ginawa."[91] Nagturo si Pablo sa pamamagitan ng halimbawa. Natutong magpastor ang mga disipulong sina Tito at Timoteo sa pagsunod sa halimbawa ng kanilang guro na si Pablo.

Sa ngayon, kailangan nating ipakita ang modelo ng ministeryo sa ating mga sinasanay. Nangangailangan ito na tayo'y maging bukas na aklat sa kanila. Makikita nila ang ating mga pagkabigo, subali't makikita nila tayong umaamin sa ating mga kahinaan. Makikita nila tayong nadadapa, subali't makikita nila tayong hindi sumusuko. Natututuhan ng mga disipulo ang katotohanan ng ministeryo sa panonood sa ating mga halimbawa.

**Dapat Idelegado ng Isang Tagapagturo ang mga Tungkulin sa Kanyang mga Disipulo**

► Basahin ang Mateo 10:5-11:1.

---

[89] Juan 13:15.
[90] Lucas 11:1.
[91] Kabilang sa mga halimbawa ang 1 Cor. 11:1; Filipos 3:17; Filipos 4:9.

Mula sa simula, ang layunin ni Hesus ay ihanda ang mga ministro/pastor para sa ministeryo. Tinawag niya sila upang sumunod sa kanya upang magawa niya silang "tagapangisda ng mga tao."[92]

Sa panahon ng unang taon na kasama nila si Hesus, inobserbahan nila ang ministeryo niya. Natuto sila mula sa kanyang halimbawa. Matapos silang mag-obserba, isinugo ni Hesus ang mga disipulo upang magministeryo. Ipinakita ng Mateo 10 kung paano itinalaga/ipinasa ni Hesus ang mga tungkulin sa kanyang mga disipulo.

***Binigyan niya sila ng awtoridad (Mateo 10:1).***

Nawawalan ng kakayahan ang mga sinasanay kapag ang responsibilidad ay walang awtoridad.

Bago niya sila isinugo, binigyan muna ni Hesus ng awtoridad ang mga disipulo upang magawa ang misyon na iniaatas niya sa kanila. Kung minsan natatakot ang mga tagapanguna na pagtiwalaan ng awtoridad ang kanilang mga katulong. Gayunman ang *responsibilidad na walang kasamang awtoridad ay nag-aalis ng kakayahan sa iyong mga sinasanay.* Hindi natin dapat bigyan ng responsibilidad ang ating mga katulong malibang binibigyan natin sila ng sapat na awtoridad upang tugunan ang responsibilidad.

***Binigyan niya sila ng Malinaw na Tagubilin (Mateo 10:5-42).***

Ibinigay ni Hesus sa kanyang mga disipulo ang malinaw na mensahe: Ipangaral ang kaharian. Malinaw ang kanilang takdang gawain. Natitiyak nila kung ano ang inaaasahan ni Hesus na gagawin nila.

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo kung saan sila dapat magministeryo: "sa mga naliligaw na tupa sa tahanan ng Israel." Pagkatapos noon, ang mga apostol ay nangaral sa mga Gentil, subali't habang sila'y natututong magministeryo, sinabi ni Hesus sa kanila na magsimula malapit sa sariling tahanan. Dapat nating gawin ang lahat ng maaaring gawin upang tulungang magtagumpay ang ating mga mag-aaral. Magsimula sa isang gawain na madaling tuparin. Nagtakda si Hesus ng mga makatwirang layunin.

Nagbigay si Hesus sa kanyang mga disipulo ng alituntunin tungkol sa pag-uusig. Darating ang pag-uusig hindi dahil nabigo ang kanyang mga disipulo sa kanilang ministeryo, kundi si Hesus mismo ang magiging dahilan ng pagkakahiwalay sa pagitan ng kanyang mga tagasunod at ng mga taong tumatanggi sa kanya.

***Isinugo niya sila nang may kapares (Marcos 6:7).***

Ipinakita ni Hesus ang kahalagahan ng may kapares sa ministeryo. Isinugo niya ang mga disipulo nang dala-dalawa. Ilang buwan makalipas iyon, isinugo niya ang Pitumpo nang dala-dalawa. Ito ang naging modelo para sa ministeryo sa sinaunang iglesya. Sina Pedro at

[92] Mateo 4:19.

Juan ay magkasamang nagministeryo. Magkasamang naglakbay sina Bernabe at Saulo. Nagministeryo nang magkasama sina Pablo at Silas.

**Dapat Subaybayan ng Isang Tagapagturo ang Kanyang mga Disipulo**

Pagkatapos buumalik ang mga disipulo mula sa ministeryo, nag-ulat sila kay Hesus.[93] Ang follow-up ay isang mahalagang bahagi ng pagsasanay ni Hesus sa kanyang mga disipulo. Hindi sapat na ipasa lamang ang responsibilidad o tungkulin; ang isang epektibong tagapanguna ay pinag-aaralan o sinusubaybayan ang pagtupad sa tungkulin ng mga disipulo. Ang pagpapasa ng tungkulin nang walang pagsubaybay ay magreresulta sa mahinang klase ng pagtupad sa tungkulin.

► Basahin ang Mateo 17:14-21.

Itinuro ni Howard Hendricks na ang pagkabigo ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Itinanong mga mga disipulo "Bakit hindi namin mapalayas ang masamang espiritu sa mga lalaking ito?" Sumagot si Hesus sa pagtuturo sa kanila tungkol sa pananampalataya. Mas mabuting mabigo sa simula pa lang ng ministeryo kaysa pagkatapos na bumalik si Hesus sa langit!

Ang epektibong pagsubaybay sa isang disipulo ay dapat may kasamang pag-aaral sa resulta. Kapag nabigo sa isang gawain ang disipulo, hindi siya "tinatanggal sa grupo." Sa halip, dapat nating suriin ang dahilan ng pagkabigo at magplano para sa pagpapabuti nito sa hinaharap.

Ipinakita ni Hesus ang pattern na ito sa Lucas 9.

- Sa 9:1-6, pinahayo ni Hesus ang labindalawang disipulo.
- Sa 9:10, nag-ulat sila sa kanya tungkol sa kanilang paglalakbay.
- Sa 9:37-43, nabigong palayasin ng mga disipulo ang masamang espiritu.
- Sa 9:46-48, tinuruan sila ni Hesus tungkol sa pagiging dakila sa kaharian ng Dios.
- Sa 9:49-50, sinaway ni Hesus si Juan dahil sa isang maling pasya sa ministeryo.
- Sa 9:52, nagsugo si Hesus ng mga disipulo upang maghanda para sa pagdalaw sa lugar ng Samaria.
- Sa 9:54-55, sinaway ni Hesus sina Santiago at Juan dahil sa isa pang maling pasya sa pagmiministeryo.
- Sa 10:1, isinugo ni Hesus ang mas malaking grupo (ang Pitumpo) upang magministeryo.

Pinagsalit-salit ni Hesus ang pagtuturo, pag-aatas sa iba ng trabaho at pag-aaral sa resulta. Hindi siya sumuko sa mga disipulo, kahit pa sila nabigo. Sa halip, ginamit niya ang kabiguan bilang pagkakataon upang magturo.

---

[93] Marcos 6:30.

Sinundan din ni Pablo ang ganitong proseso. Itinalaga niya si Tito upang pangunahan ang iglesya sa isla ng Creta, at si Timoteo para magpastor sa Efeso. Pagkatapos, sumulat siya sa kanila upang bigyan sila ng dagdag na pagsasanay. Pagkatapos ng pagtatatag ng mga iglesya sa panahon ng unang paglalakbay bilang misyonero, bumalik si Pablo sa ikalawang paglalakbay upang bigyan ng pagsubaybay ang mga iglesya.[94]

Ang proseso ng pagsasanay na ito ay epektibo pa rin sa kasalukuyan. Maraming tagapanguna ang nagsusugo ng batang misyonero na walang nagpapatuloy na pagsubaybay o pananagutan—at nagugulat kapag nabigo ang ministeryo. Hindi natin dapat isipin na, “Itinuro ko ang leksiyon, upang magawa nila iyon ng tama.” Sa halip, ang pagsubaybay ay isang nagpapatuloy na proseso. Kung nais mong magsanay ng mga tagapanguna, dapat kang maglaan ng oras para sa pagsubaybay.

Naglista si Howard Hendricks ng apat na stages sa pagsasanay ng mga bagong manggagawa:

1. *Pagkukwento*: Ituro sa kanila ang nilalaman. Ipinangaral ni Hesus ang mensahe ng kaharian sa kanyang mga disipulo.

2. *Pagpapakita*: Magbigay ng modelo ng ministeryo. Ipinakita ni Hesus ang ministeryo sa mga disipulo.

3. *Pagsasabuhay*: Ministeryo ito na may direktang pagsubaybay. Isinugo ni Hesus ang mga disipulo upang magministeryo at pagkatapos in-evaluate ang kanilang karanasan.

4. *Pagsasagawa*: Ito ay ministeryong walang direktang pagsubaybay. Pagkatapos ng Pentekostes, nagministeryo ang mga disipulo nang walang pagsubaybay ni Hesus.

► Ano ang ginagawa mo upang sanayin ang mga tunay na disipulo para sa pangunguna? Sa mga hakbang na napag-aralan natin alin ang nagagawa mo ng epektibo? Aling mga hakbang ang nangangailangan pa ng pagpapabuti? Bilang grupo, talakayin kung paano magiging mas epektibo sa pagtuturo ng mga tagapanguna sa hinaharap. Ang talakayang ito ay dapat magpatuloy hanggang magkaroon kayo ng plano para sa pagbubuo/pagtatatag ng mga tagapanguna sa inyong ministry setting.

### Ang Ating mga Disipulo Ay Dapat Magbunga ng iba Pang Disipulo

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo, “Hindi kayo ang pumili sa akin, kundi ako ang pumili sa inyo at nagtalaga sa inyo upang kayo’y humayo at magbunga at ang inyong bunga ay dapat manatili..”[95] Sinanay ni Hesus ang kanyang mga disipulo upang magbunga ng marami pang disipulo.

---

[94] Gawa 15:36.
[95] Juan 15:16.

► Basahin ang Mateo 13:31-32.

Ang talinhaga ni Hesus tungkol sa buto ng mustasa ay nagpapakita na ang kaharian ng Dios ay lalago nang lampas pa sa kanyang orihinal na laki. Kung paanong ang isang maliit na buto ng mustasa ay lalago nang higit pa sa inaasahan ng sinuman. Sa Lumang Tipan, ang mga ibong nakadapo sa isang puno ay kumakatawan sa isang dakilang kaharian na binubuo ng maraming bansa.[96] Ipinangako ni Hesus na habang dumadami ang disipulo, ang iglesya ay lalago ng higit pa sa orihinal na laki nito at aabot sa lahat ng mga bansa.

Isinulat ni Dr. Robert Coleman na ang ating pinakamataaas na pag-aaral ng ating ministeryo ay nasa pagpaparami. "Narito sa wakas tayong lahat ay dapat mag-evaluate kung paanong ang ating buhay ay dumarami. Magkakaroon din ba ng pangitain sa Dakilang Pagsusugo ang mga taong ito na ipinagkatiwala sa atin ng Dios? Pagkatapos, kanila bang ibabahagi iyon sa matatapat na mga lingkod na magtuturo rin naman sa iba? Darating ang oras sa napakadaling panahon na ang ating ministeryo ay malilipat na sa kanilang mga kamay."[97]

## Mas Malapit na Pagtingin: Ang Panalangin ng Punong-Pari na si Hesus

Ang gitnang bahagi ng Panalangin ng Punong-Pari na si Hesus ay nakatuon sa kanyang nga disipulo.[98] Ang panalanging ito ay nagtuturo ng mahahalagang leksiyon sa sermon tungkol sa paraan ni Hesus sa pagtuturo sa mga disipulo.[99]

**(1) Sa una, iniingatan natin ang mga tinuturuan natin.**

Ipinanalangin ni Hesus, "Habang ako'y kasama nila, iningatan ko sila." Dalawampung beses sa mga Ebanghelyo na sinabihan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na "mag-ingat" sa panganib. Binantayan niya sila laban sa pagkakamali. Sa ating pagsasanay ng mga disipulo, dapat natin silang protektahan laban sa mga panganib ng kanilang mundo. Dapat maging praktikal ang ating pagsasanay.

► Ano ang mga panganib na hinaharap ng mga batang misyonero sa inyong kultura? Bilang tagapagturo, paano mo sila ihahanda laban sa mga panganib na ito?

**(2) Habang sila'y lumalalim sa pananampalataya, pinagtitiwalaan natin ang ating mga tinuturuan.**

Nanalangin si Hesus, "Hindi ko hinihiling na alisin mo sila dito sa mundo, sa halip, iadya mo sila mula sa Masama." Alam ni Hesus na ang mga disipulo ay haharap sa mga tukso, subali't mayroon siyang pagtitiwala sa kanyang mga sinasanay. Dapat nating matutuhan na magtiwala sa mga batang tagapanguna na ating sinasanay. Kinakailangan nating isuko ang

---

[96] Dan. 4:12 at Ezek. 31:6.
[97] Robert E. Coleman, "The Jesus Way to Win the World: Living the Great Commission Every Day." Evangelical Theological Society, 2003.
[98] Juan 17:6-19.
[99] Sinipi mula sa *Jesus Driven Ministry* ni Ajith Fernando, (Wheaton, Illinois: Crossway Books, 2002),172-173.

"authoritarian" na pamamaraan sa pagiging tagapanguna at ipagtiwala sa iba ang mahahalagang pagpapasiya.

Isinulat ni Ajith Fernando na may dalawang paraan kung paano titingnan ng mga tagapanguna ang kanilang mga tagasunod:

- Ang mahihinang tagapanguna ay nakatuon sa mga kahinaan ng kaniyang mga tagasunod.
- Ang mga epektibong tagapanguna ay nakatuon sa kalakasan ng kanilang tagasunod habang patuloy na nagtatrabaho sa mga kahinaan. Nakikita ng mga epektibong tagapanguna ang iba "sa pamamagitan ng mga mata ng pag-asa."

**(3) Matapos silang sanayin, isinusugo natin ang ating mga disipulo upang maglingkod sa mundong ito.**

Ipinanalangin ni Hesus, "Kung paanong isinugo mo ako dito sa mundo, gayundin naman isinusugo ko sila sa mundo." Pagkatapos ng Pentekostes, sinimulan ng mga disipulo ang dakilang misyon kung saan sila inihanda ni Hesus. Tinuturuan natin ang mga disipulo upang sila naman ang magdala ng ebanghelyo sa nangangailangang mundo.

Isinulat ni Hesus, "Ako ay naluluwalhati sa kanila." Sa pagsusugo natin sa ating mga sinanay, dapat nating tiyakin na si Hesus ang tumatanggap ng pagluwalhati. Maaari tayong matukso na tanggapin ang parangal mula sa ating mga sinanay. Maaari tayong matukso na tanggapin ang parangal mula sa ating abilidad na magdisipulo ng iba. Sa halip, dapat nating tiyakin na ang karangalan at pagluwalhati ay sa Dios lamang.

## Aplikasyon: Ang Kahalagahan ng Koponan sa Ministeryo

Ang halimbawa ni Hesus ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga koponan sa ministeryo. Kalakip sa koponan sa ministeryo ang pagtuturo sa mas nakababatang kamanggagawa at pagtatatag ng mga relasyon sa iba pang pastor. Tayo ay nilikha para sa mga relasyon sa ibang tao. Bakit napakahalaga ng mga koponan?

### Nagbibigay ng balanse ang mga koponan

Pumili si Hesus mula sa iba't-ibang pinagmulan. Sina Pedro at Juan ay palagi nang nagsasalungatan. Nagtrabaho si Mateo para sa Roma, samantalang si Simon the Zealot ay nagnanais na itaboy paalis sa Judea ang mga Romano. Magkakasalungat ang mga lalaking ito. Sa pagpili sa kanyang mga disipulo, pumili si Hesus ng iba't-ibang klase ng mga tao.

Bagamam madalas nating nakikita ang hirap ng mayroong nagkakasalungatang mga miyembro ng team, hindi natin dapat ipagwalang bahala ang benepisyo ng ganitong iba't-ibang personalidad. Ang isang apostol na katulad ni Pedro ay madaling magbigay ng malalaking kapahayagan. Siya ay nabalanse ng mga maiingat na apostol tulad nina Tomas at Andres. Nakinabang ang unang iglesya sa pagkakaroon ng iba't-ibang personalidad sa pamunuan.

Ang matatalinong tagapanguna ay nakatatagpo ng team members mula sa iba't-ibang pinagmulan. Ang malakas na team ay nagdadala ng iba't-ibang kalakasan sa pamunuan ng iglesya. Ang isang team member ay maaaring nagtataglay ng mas mabuting pagkaunawa sa usapin sa pananalapi, ang isa ay maaaring malakas sa personal na relasyon; ang isa pa ay maaaring makatagpo ng malalalim na biblikal insights. Ang lahat ay nagkakasama-sama upang magbigay ng balanseng pamumuno sa iglesya.

**Ang mga Koponan ay Magbibigay ng Matalinong Payo**

Sa kanyang pagsasanay sa kanyang mga disipulo, alam ni Hesus na naglalatag siya ng pundasyon para sa iglesya. Pagkatapos ng Pentekostes, magkakaroon ng maraming mahihirap na desisyon na kakaharapin ng unang iglesya. Alam ni Hesus na kakailanganin ng mga disipulo ang isa't-isa sa kanilang mga pagpapasya.

Ang isa sa mga unang desisyon na kinaharap ng iglesya ay "Paano magiging bahagi ng iglesya ang mga mananampalatayang Gentil? Kailangan ba nilang sundin ang lahat ng aspeto ng batas ng mga Judio?" Bagaman ito'y mukhang simple lamang para sa atin, ito ay isang mahirap na pasya. Hindi ito ayon lamang sa personal na kagustuhan; ang mga batas sa pagkain at pagtutuli at ang pagtutuli mismo ay nakabase sa Lumang Tipan mismo. Ang pasyang ito ay may pangmatagalang bunga. Sa kasalukuyan, ikaw at ako ay apektado ng pasyang ito; kung iba ang naging desisyon ng Konseho ng Jerusalem, ang mga mananampalatayang Gentil sa ngayon ay kakailanganing tumupad pa sa mga batas ng Judio.

Ipinakita ng Gawa 15 kung paano pinasyahan ng unang iglesya ang mahalagang usaping ito. Matapos marinig ang magkakaibang papanaw, gumawa sila ng pagpapasya. Sa kanilang sulat sa iglesyang Gentil, ang mga apostol ay gumamit ng isang magandang talata upang ilarawan ang pasiya, "Dahil ito'y naging mabuti sa Banal na Espiritu at sa atin din."[100] Nanguna ang Espiritu sa pagsasama-sama sa mga tagapanguna ng iglesya, hinayaang magbahagi ng kanilang mga kuro-kuro, at pagkatapos ay ginabayan ang grupo sa tamang desisyon.

Binigyang-diin ng sumulat ng Kawikaan ang kahalagahan ng maraming pananaw kapag gumagawa ng isang pagpapasya.

- Ang akala ng mangmang ay siya lamang ang tama ngunit handang tumanggap ng payo ang taong may unawa.[101]
- Pag marami ang nagpapasya ang tagumpay ay halos tiyak.[102]

---

[100] Mga Gawa 15:28.
[101] Kawikaan 12:15.
[102] Kawikaan 11:14.

- Ang digmaan ay naipagtatagumpay dahil sa mahusay na pamamaraan pagkat ang tagumpay ay bunga ng mahusay na plano.[103]

Ito ay isang mahalagang prinsipyo para sa mga tagapanguna sa iglesya. Kung ikaw ay hindi nakahandang makinig sa iba, sinasabi ng Kawikaan na ikaw ay hindi matalino. Ang isang mangmang ay laging nag-iisip na siya ay tama, subali't ang matalinong tao ay handang makinig sa iba.

Kung ang layunin ng team ay magbigay ng matalinong pagpapayo, kailangan natin ng mga taong iba ang pag-iisip kaysa sa atin. Dapat nating tiyakin na sa pagpili ng team hindi tayo hahanap ng mga taong kopya lamang ng ating sarili. Hindi natin kailangan ng "yes men" o yung mga oo lamang ng oo sa ating mga sinasabi.

**Nagpapalakas ng loob ang Koponan**

Inilalarawan ng Ang Mangangaral ang benepisyo ng koponan. "Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa, dahil sila ay mayroong mabuting premyo para sa kanilang pinagpaguran. Dahil kung sila ay mabigo, may isang bubuhat sa kanyang kapatid. Subali't kawawa naman ang taong kapag siya'y nadapa ay wala man lang sinumang magtatayo sa kanya!"[104]

Kapag humaharap sa pagsalungat ang iglesya, ang mga apostol ang nagpapalakas ng loob ng isa't-isa. Ginamit ni Lucas ang talatang "sa iisang layunin" upang ilarawan ang suporta sa isa't-isa sa pagitan ng mga miyembro ng iglesya.

Inilarawan ng dakilang misyonerong si Hudson Taylor ang prinsipyong ito. Nagtungo si Taylor sa Tsina taglay ang alab sa puso para sa ministeryo, subali't malaon ay pinanghinaan siya ng loob. Ang ilan sa kanyang mga tagasuporta ay tumigil sa pagpapadala ng tulong pinansiyal. Ang mga matatag nang misyonero ay naging mapunahin sa kanya. Kahit ang gobyernong Britaniya ay tumutol sa kanyang gawain. Ang kanyang kasintahan na nasa England ay sumulat sa kanya na nagsasabing hindi na nito natitiyak na gusto niyang makapag-asawa ng isang misyonero. Pinanghinaan ng loob si Taylor at handa na siyang umuwi.

Sa panahong ito, may isang matandang Scottish na misyonero na nagngangalang William Burns ang kasama ni Hudson Taylor sa loob ng pitong buwan sa isang ebanghelikong paglalakbay sa loob ng bansa ng Tsina. Magkasamang naglakbay, nanalangin, at nangaral ang dalawang lalaking ito. Sa paglalakbay na iyon, muling nabuhay ang pangitain ni Taylor para sa Tsina. Isinulat ni John Pollock, "Iniligtas ni William Burns si Hudson Taylor mula sa kanyang sarili."

Matapos iyon, itinatag ni Hudson Taylor ang *China Inland Mission* at siya'y nakilala bilang isa sa pinakadakilang misyonero ng modernong panahon; halos hindi kilala si William Burns.

---

[103] Kawikaan 24:6.
[104] Eccl. 4:9-10.

Gayunman dapat ding bigyang pagkilala si William Burns para sa libo-libong nagbalik-loob sa pamamagitan ng China Inland Mission. Pinalakas ni Burns ang loob ni Hudson Taylor sa panahong kailangang kailangan nito. Nagbibigay ng lakas ng loob ang koponan.

**Ang Koponan ay Nagbibigay ng Pananagutan (accountability)**

Ang bawat isa sa atin ay may kahinaan. Dinadala natin sa ministeryo ang mga kahinaang nagmula sa ating mga pamilyang pinagmulan, mula sa ating buhay bago tayo naging Kristiyano, at mula sa ating personalidad/pagkatao. Nakakaapekto ang mga bagay na ito sa ating ministeryo.

Hindi natin nakikita sa ating sarili ang mga kahinaan na ito, subali't ang ibang miyembro ng team ay maaari tayong bigyang babala sa mga bahaging ito na maaaring makasira sa ating ministeryo. Ang sumulat ng Hebreo ay nananawagan sa mga Kristiyano upang "Sikapin nating mapukaw ang damdamin ng bawat isa sa pag-ibig sa kapwa at sa paggawa ng mabuti."[105] Ang salitang "*sikaping mapukaw*" ay may ideya ng pagtapik o pagsundot sa iba. Kung minsan hindi ito katanggap-tanggap. Walang sinuman ang nagnanais na matapik, subali't mahalaga ang pananagutan. Ang bawat tagapangunang Kristiyano ay dapat mayroon kahit man lang isang tao na makapagsasabi sa kaniya, "Ang ikinilos/ginawa mo ay hindi matalinong pasya. Dapat mo itong pag-isipang mabuti uli."

Mula sa mga monasteryo ng Gitnang Kapanahunan at ang pagtitipon-tipon sa klase nina Wesley sa mga modernong grupo tulad ng Promise Keepers, ang mga tagapangunang Kristiyano ay may mahabang tradisyon ng pananagutan. Ang mga tagapangunang Kristiyano sa ating panahon ay nakikinabang sa lingguhang pagpupulong tungkol sa pananagutan. Maaari itong gawin one-on-one, sa maliliit na grupo, o maging sa telepono. Ang grupong-pananagutan ay maaaring magbigay babala sa atin sa espirituwal na panganib bago pa man tayo sobrang mapalayo sa kanila.

Ang mabuting pananagutan (accountability) ay nangangailangan ng lubusang katapatan sa bawa't partner at lubusang pagiging Kumpidensyal sa mga partners. Maaari kang makahanap ng maraming halimbawa ng mga tanong sa pananagutan. Ang isang listahan ay naglalaman ng mga tanong na:

- Sa linggong ito, nag-ukol ka ba ng panahon sa Dios sa regular na pagbubulay at panahon?
- Sa linggong ito, naikompromiso mo ba ang iyong *integridad* sa anupamang paraan?
- Sa linggong ito, naging dalisay ba ang iyong pag-iisip?
- Sa linggong ito, nakagawa ka ba ng anumang kasalanang seksuwal?
- Sa linggong ito, ano ang mahalagang bagay na nagawa mo para sa iyong asawa?

---

[105] Heb. 10:24.

- Sa linggong ito, naibahagi mo ba ang iyong pananampalataya sa isang di-mananampalataya?
- Naging matapat ka ba sa bawa't isa sa iyong mga sagot?

Ang pananagutan ng isang koponan ay mahalaga sa panahon ng tukso. Nang sumulat sa isang batang pastor, nagbigay ng payo si Pablo kung paano magtatatag ng ministeryong nananatili. Nagbigay babala si Pablo kay Timoteo na "takasan ang mga pagnanasa ng kabataan at sikapin ang katwiran, pananampalataya, pag-ibig at kapayapaan, *kasama ng mga tumatawag sa Panginoon nang may dalisay na puso.*"[106] Nauunawaan ni Pablo na ang espirituwal na buhay ni Timoteo ay makikinabang sa pagsama sa ibang tagasunod ng Dios na "tumatawag sa Panginoon nang may dalisay na puso".

► Kung ikaw ay bahagi ng isang koponan sa ministeryo, ibahagi ang ilan sa mga pakinabang na nakukuha mo mula sa iyong koponan. Ano ang ilan sa mga hamon ng pagiging bahagi ng isang koponan sa ministeryo?

### Pagtatrabaho Kasama ng Isang Koponan

Hinubog ni Hesus ang isang grupo ng mga taong may iba't-ibang personalidad sa isang nagkakaisang koponan. Kinuha ni Hesus ang kanilang mga pagkakaiba-iba at lumikha ng team na siyang mangunguna sa unang iglesya. Kinakailangan ng iglesya ang matapang na pangunguna ni Pedro, at kailangan din nito ang matahimik na espiritu ni Felipe. Isa sa pinakamalaking hamon para sa isang tagapamuno ay ang paghubog ng isang grupo ng mga tagasunod sa isang team.

Naiintindihang mabuti ni Ajith Fernando, isang tagapanguna sa iglesya mula sa Sri Lanka, ang mga hamon ng pagtatatag ng isang team. Isinulat niya:

"Marahil ang trahedya sa ebanghelikong iglesya ay madalas na natatalo ng pakiramdam ang teolohiya sa pagtatakda kung paano tayo magpapasiya at kumikilos. Ang Kristiyanong Biblikal ay nagsasabi, 'Anuman ang aking pakiramdam tungkol sa taong ito, tatanggapin ko siya dahil iyon ang nais ng Dios na gawin ko. At hihilingin ko sa Dios na bigyan ako ng biyaya upang magtrabaho na may pakikipagkaisa kasama niya.' Ang ating teologia ay nagsasabi na ang pagsisikap na ito na magtrabaho kasama ng taong ito ay magtatagumpay, kahit na ang ating mga pakiramdam ay nagbibigay ng ibang mensahe. Ang ating teologia ang nag-uudyok sa atin na magtrabaho nang mabuti para sa relasyong ito. Ipinapanalangin natin ang taong ito at tungkol sa relasyon natin sa kanya. Regular natin siyang nakikita. Sinisikap nating ipakita sa kanya ang pag-ibig ng Kristiyano at gawin ang lahat ng ating makakaya para sa kanyang personal na kabutihan. Bumubuo tayo ng mga pangarap para sa kung ano ang maaaring magawa, sa pamamagitan ng team."[107]

---

[106] 2 Tim. 2:22.
[107] Ajith Fernando, *Jesus Driven Ministry* (Wheaton, Illinois: Crossway Books, 2002), 133.

Itinuturo ng 1 Corinto na sa katawan ni Cristo, wala tayong karapatan na tanggihan ang tao dahil lamang sa simpleng ayaw natin sila. Kapag nagtayo ka ng isang iglesya, magkakaroon ka ng mga miyembrong hindi mo masyadong gusto. Bilang tagapangunang Kristiyano, dapat mong sabihin, "Anuman ang aking personal na pakiramdam, tatanggapin ko ang taong ito dahil inilagay siya ng Dios sa aking pangangalaga. Hihilingin ko sa Dios na bigyan ako ng biyaya upang magtrabaho kasama niya at hihilingin ko sa Dios na pagpalain siya at paunlarin siya sa ministeryo."

### Ang Isang Epektibong Tagapangunang Kristiyano Ay Isang Lingkod/Alipin

Minsan tinanong ko ang isang nagnanais maging pastor, "Bakit nais mong maging pastor?" Ang kabataang ito ay sumagot, "Sa paliparan, may nakita akong isang lalaki na nagbibitbit ng maleta ng kanyang pastor. Nais kong may isang magbitbit din ng aking maleta!"

Ibang-iba ang pananaw ni Hesus! Nais ng kaibigan ko na mapaglingkuran; nais ni Hesus na maglingkod. "Dahil kahit ang Anak ng Tao ay dumating hindi para paglingkuran, kundi upang maglingkod; at upang ibigay ang kanyang buhay bilang katubusan para sa marami."[108] Ipinapakita ni Hesus na ang tunay na pangunguna ay may kalakip na paglilingkod. Si Hesus ay nagpakababa, "Kinuha ang anyo ng isang lingkod."[109]

► Basahin ang Juan 13:1-20.

Maraming bahagi sa Ebanghelyo kung saan maaari nating pag-aralan ang modelo ni Hesus ng pagiging lingkod-tagapanguna, subali't isa sa pinakamalakas na halimbawa ay ang kuwento ng paghuhugas ni Hesus ng paa ng mga disipulo. Sa tagpong ito, ipinapakita ni Hesus ang ibig sabihin ng pagiging isang lingkod.

May mga iglesya na nagsasagawa ng "Paghuhugas ng paa" upang alalahanin ang ginawa ni Hesus sa Huling Hapunan. Ito ay maaaring maging isang magandang gawain, subali't maaaring maging mas makahulugan kung mapagtatanto natin na hindi ginawa ni Hesus ang isang espesyal na seremonya. Sa halip, simple lang na tinupad niya ang isang gawain na kailangang isagawa.

Dahil sa maalikabok na mga daan ng Jerusalem, karaniwan nang may upahang alipin na naghuhugas ng paa ng mga panauhin sa isang formal na pagtitipon. Ito ay isang mababang uri ng tungkulin na itinatalaga sa mga pinakamababang alipin. Sa pagsama ni Hesus sa kanyang mga disipulo sa Pista ng Paskuwa, walang alipin sa silid. Walang isa man sa mga disipulo ang nagkusa na gawin ang tungkuling ito; sila ay umaasa ng mataas na posisyon sa kaharian ni Hesus. Lumuhod si Hesus at nagsimulang gawin ang tungkulin ng pinakamababang alipin.

---

[108] Mark 10:45.
[109] Phil. 2:7.

Ang tagpong ito ay nagpapakita ng pagkaunawa ni Hesus sa pagiging tagapanguna. Ang ibang tao ay nagnanais na maging tagapanguna para sa posisyon at kapangyarihan. Ang kanilang layunin ay makarating sa pinakamataas na lugar sa organisasyon. Si Hesus ay nasa itaas na; siya ang Panginoon ng mga disipulo. Subali't kusang loob niyang kinuha ang pinakamababang posisyon.

Ito ang kahulugan ng pagiging tagapangunang katulad-ni-Cristo. Ang tagapangunang tulad-ni-Cristo ay tumutupad ng mga gawaing walang sinumang gustong gumawa. Nai-inspire ng isang tagapangunang tulad-ni-Cristo ang iba hindi sa kaniyang kakayahang sumigaw ng mga utos, kundi sa pamamagitan ng kanyang halimbawa ng mapagpakumbabang paglilingkod.

May nagsabi, "Ang pagsubok sa isang espiritung naglilingkod ay 'Paano ako tutugon kapag ako'y itinuturing na tulad sa isang alipin?'" Ang isang tagapanguna na sumusunod sa halimbawa ni Jesus ay hindi sumasama ang loob kapag siya'y itinuturing na tulad sa isang alipin. Sa buong buhay niya, si Hesus ay itinuring na tulad sa isang alipin, subali't siya'y tumangging tumutol tungkol dito. Huwag ninyong kalimutan na hinugasan ni Hesus ang paa ni Judas, kasama ng iba pang disipulo. Mai-imagine ba ninyo ang mapagpakumbabang paghuhugas ng paa ng lalaking nakapagpasiya nang ikaw ay ipagkanulo?

> "Ang mga pang-ulong mesa ay pumalit na sa tuwalya at palangganang hugasan bilang simbolo ng pagiging tagapanguna sa mga tao ng Dios… napapanahon na upang ibalik ang tuwalya."
>
> - C. Gene Wilkes

Nang matapos na siyang hugasan ang paa ng mga disipulo, sinabi ni Hesus sa mga lalaking ito na nagnanais ng posisyon, "Binigyan ko na kayo ng halimbawa, na dapat din ninyong gawin ang katulad ng ginawa ko sa inyo."[110] Tatlimpung taon pagkalipas, maaaring naalala ni Simon Pedro ang kababaang-loob ni Hesus nang kanyang isulat, "Damitan ninyo ang inyong sarili, lahat kayo, ng kababaang loob para sa isa't-isa."[111] Kung paanong ibinigkis ni Hesus ang tuwalya sa kanyang baywang upang maglingkod sa mga disipulo, gayundin dapat nating itali ang kababaang-loob sa ating sarili upang maglingkod sa iba.

Bilang mga tagapangunang Kristiyano, maaari tayong matukso na hanapin ang posisyon sa halip na mga pagkakataon upang maglingkod. Ipinakita ni Hesus na ang pangungunang Kristiyano ay nangangahulugan ng paglilingkod.

---

[110] Juan 13:15.
[111] 1 Pedro 5:5.

## Konklusyon: Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Ibang mga Manggagawang Kristiyano

Sa dulo ng iyong buhay, ang iyong epekto bilang isang tagapagturo ng ibang manggagawang Kristiyano marahil ang magiging pinakadakilang pamana mo sa iyong ministeryo. Kapag nagturo ka ng labindalawa lang na ibang manggagawang Kristiyano sa panahon ng iyong ministeryo, ang iyong epekto ay mapaparami ng labindalawang iyon at ng mga manggagawang kanila namang tuturuan.

Nakakalungkot lamang, na bagaman karamihan sa mga tagapangunang Kristiyano ay nakakaalam sa kahalagahan ng pagtuturo, kaunti lamang tagapanguna ang naglalaan ng oras na kinakailangan upang magturo sa iba. Bakit natin kinaliligtaan ang aspetong ito ng ministeryo?

Isang dahilan ay ang **halaga** ng pagtuturo. Nangangailangan ang mentoring/pagtuturo ng mahalagang oras. Madalas naniniwala tayo na ang oras na iniukol sa pagtuturo ng mga nakababatang tagapanguna ay mas mabuti sanang ginugol sa pagmiministeryo sa malalaking grupo.

Isa pang dahilan ay ang **pagkabigo**/disappointment na kaugnay sa pagtuturo. Magandang pakinggan kapag sinasabing "Sinasanay ko ang susunod na henerasyon ng mga tagapanguna." Ang katotohanan ay madalas na hindi ganun nakakapukaw.

Maraming beses marahil na nakaramdam si Hesus ng pagkabigo sa mabagal na progreso ng kanyang mga disipulo. Pagkatapos ng tatlong taon na kasama ni Hesus, nagtanong si Felipe, "Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama; at sapat na ito para sa amin."[112] Ilang lingo matapos pakainin ni Hesus ang limang libo, ang mga disipulo ay humarap sa grupo ng apat na libo. Nagtanong sila, "Paano niya pakakainin ng tinapay ang mga taong ito sa ganitong ilang na lugar?"[113]

Naranasan din ni Apostol Pablo ang malaking pagkabigo. Tumigil si Juan Marcos sa panahon ng unang paglalakbay.[114] Pagkatapos ng ilang buwan ng pagsasanay kay Demas, sumulat si Pablo mula sa isang malungkot na kulungan, "Si Demas na nagmamahal sa sanlibutang ito, ay iniwan ako."[115]

Ang pagtuturo ay may katumbas na malaking halaga at maaaring maging dahilan ng pagkabigo, subali't ito'y mahalagang bahagi ng gawain ng isang tagapanguna. Ang bawa't isang matibay at sapat sa gulang na Kristiyano ay dapat nagtuturo ng mga tagapanguna sa hinaharap. Gayundin naman ang bawat Kristiyanong tagapanguna ay nangangailangan ng isang tagapagturo na nagbibigay suporta sa mga panahon ng kahirapan.

---

[112] Juan 14:8.
[113] Marcos 8:4.
[114] Mga Gawa 13:13.
[115] 2 Tim. 4:10.

Sinabi ni Howard Hendricks na ang bawat tao ay nangangailangan ng tatlong tao sa kanyang buhay:

1. Bawat tao ay nangangailangan ng Pablo, isang tagapagturo na humahamon sa iyo sa nagpapatuloy na paglago.
2. Bawat tao ay nangangailangan ng Bernabe, isang kaibigan na sapat ang pagmamahal sa iyo upang maging matapat sa iyo tungkol sa iyong mga kahinaan.
3. Bawat tao ay nangangailangan ng isang Timoteo, isang nakababatang Kristiyano na maaaring idisipulo at turuan sa ministeryo.

► Tapusin ang araling ito sa pagtatanong:

- "Sino ang aking Pablo?"
- "Sino ang aking Bernabe?"
- "Sino ang aking Timoteo?"

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Maglista ng apat na halimbawa nang inobserbahan ng mga disipulo ang ministeryo ni Hesus. Pansinin kung ano ang natutuhan ng mga disipulo sa kanilang pag-oobserba kay Hesus.

| Halimbawa | Kasulatan | Leksiyon para sa mga Disipulo |
|---|---|---|
| Pinagaling ni Hesus ang batang lalaking inaalihan ng demonyo | Mateo 17:14-21 | Ang kapangyarihan ng pananampalataya |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

(2) Maglista ng dalawa o tatlong tao na maaari mong turuan para sa ministeryo sa hinaharap. Sumulat ng maikling talata kung saan sasagutin mo ang dalawang tanong na ito:

- Ano ang mga katangiang nais kong makita sa isang taong aking tuturuan?
- Ano ang nais kong makita na tuparin ng Dios sa taong aking tuturuan? (Maging tiyak.)

Magsimulang gumawa ng mga hakbang upang turuan ang mga taong iyong inilista. Hilingin sa Dios na ipakita sa iyo kung paano mo sila maihahanda para sa mga pagkakataong magministeryo.

# Aralin 4
# Pagtuturo Tulad ni Jesus

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin ang mga katangian na nagpaging dakilang guro kay Hesus.

(2) Matuto ng mga praktikal na pamamaraan para maging mas mabuti bilang isang guro.

(3) Magplano ng mga takdang aralin na magpapabuti sa kahandaan ng mga estudyante para sa klase.

## Prinsipyo Para sa Ministeryo

Kapag sila ay lubusang nasanay, ang ating mga estudyante ay magiging katulad ng kanilang guro.

## Pasimula

*Walang takdang aralin sa dulo ang leksiyong ito. Sa halip, may maiikling takdang aralin na kasama sa loob ng leksiyon. Ang ilan sa mga ito ay nangangailangan ng pagsusulat o mga praktikal na gawain. Ang iba naman ay mga takdang aralin na "dapat pag-isipan o talakayin." Gawin ninyo ang bawat takdang aralin habang nagpapatuloy sa pag-aaral sa materyal ng leksiyon.*

Isa sa pinakamakahulugang pangungusap na nabanggit tungkol sa kapangyarihan ng pagtuturo ay nagmula kay Hesus. "Ang disipulo ay hindi mas mataas kaysa sa kanyang panginoon, subali't ang bawat isa kapag siya ay lubusang nasanay ay magiging katulad ng kanyang guro."[116] Alam ni Hesus na kapag nasanay na niya ang kanyang mga disipulo, magiging repleksiyon sila ng Kanyang karakter. Dahil dito, naglaan si Hesus ng maraming panahon at lakas sa pagtuturo sa Labindalawa.

Sa ilang mga iglesya, ang tungkulin ng isang guro ay halos hindi pinapansin. Ang mga guro sa pang-Linggong mga klase na walang karanasan ay binibigyan lamang ng kaunti o halos walang pagsasanay. Kaunti lamang ang iniuukol na panahon sa pagtuturo sa mga bagong mananampalataya o mga kabataan.

Bilang mga tagapanguna sa iglesya, dapat nating bigyan ng kaparehong pagpapahalaga ang pagtuturo tulad ng ibinigay ni Hesus sa pangangaral. Kung ang mga mag-aaral "ay magiging katulad ng kanilang guro," ang tungkulin ng pagtuturo ay lubhang napakahalaga.

---

[116] Lucas 6:40.

Dapat nating sanayin ang mga guro na sundan ang halimbawa ni Hesus, ang Dalubhasang Guro.

► Isipin kung ano na ang nalalaman mo tungkol sa istilo ng pagtuturo ni Hesus. Maglista ng tatlo o apat na katangian na siya ay naging isang dakilang guro. Ngayon isipin ninyo ang pinakamabuting guro na iyong naranasan. Maglista ng tatlo o apat na katangian niya kaya't siya'y naging isang dakilang guro. Ilan sa mga katangiang ito (sa dalawang listahan) ang magkatulad sa dalawang listahan?

## Ang Puso ng Dalubhasang Guro: Karakter

Ang **nilalaman** ng pagtuturo ni Jesus ay nakabatay sa **karakter** ng Guro. Ang puso ni Jesus ang siyang pundasyon ng kanyang pagtuturo. Ano ang puso ng isang dakilang guro?

### Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, Nauunawaan ang mga Pangangailangan ng Kanyang Mag-aaral

► Basahin ang Lucas 4:16-21.

Ang mga guro sa paaralan ay naghahanda ng "lesson plans" para sa bawa't araw ng klase. Ipinapakita ng Lesson Plan kung ano ang dapat matupad ng guro sa bawa't klase. Ang lesson plan ay naglalaman ng katulad nito:

- Layunin: Ang mga mag-aaral ay matututong mag-'add' ng mga fractions.
- Gawain: Gagawin ng mga mag-aaral ang mga Pagsasanay 1-20 sa pahina 89 sa class workbook.

Nang magsimula akong ihanda ang *Shepherds Global Classroom* course, naghanda ako ng lesson plan na nagbuod sa mga bagay na nais kong matupad sa bawat aralin. Si Hesus ay mayroong "lesson plan" para sa kanyang ministeryo, subali't ang kanyang lesson plan ay hindi naglista ng mga pahina sa isang workbook. Sa halip, ang lesson plan ni Hesus ay nakatuon sa mga pangangailangan ng kaniyang mga mag-aaral. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagapakinig kung ano ang kailangan niyang matupad sa kanyang pagdating:

- Ipahayag ang mabuting balita sa mga dukha.
- Ipahayag ang kalayaan sa mga bilanggo.
- Ipahayag ang pagbalik ng paningin ng mga bulag.
- Bigyang kalayaan ang mga inaapi
- Ipahayag ang Taon ng Pagdiriwang.[117]

Ang mga layunin ni Hesus ay nakatugon sa mga pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ni Hesus ay hindi ang mayayamang mga Saduceo na siyang

[117] Lucas 4:18-19.

nagkokontrol sa templo sa Jerusalem at humahawak sa kapangyarihang pampulitika ss Sanhedrin. Ang kanyang mga mag-aaral ay mga ordinaryong mga Judio na pinahihirapan ng Roma. Ang ilan sa kanila ay bulag o pilay. Marami sa kanila ay mga taong mahihirap na naghihirap dahil sa mataas na buwis.

Simple ang lesson plan ni Hesus; tutugunan niya ang mga pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Ililigtas niya ang mga nakabilanggo. Padidilatin niya ang mga bulag. Sa kalendaryong Judio, ang "Taon ng Pagdiriwang" ay panahon ng pagdiriwang. Padidilatin niya ang mga bulag. Sa kalendaryong Judio ang "Taon ng Pagdiriwang" ay panahon ng pagdiriwang. Kinakansela ang mga utang; ibinabalik sa orihinal na pamilyang may-ari ang mga lupa; pinalalaya ang mga alipin. Inihayag ni Hesus na dumating siya upang magdala ng Taon ng Pagdiriwang sa mga pinahihirapan.

Sa buong panahon ng kanyang ministeryo sa lupa, tinugunan ni Hesus ang mga pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Hindi laging ibinibigay ni Hesus ang gusto ng mga tao subali't ibinibigay niya kung ano ang kanilang kailangan. Gusto ng babaeng Samaritana ng tubig; kailangan niya ng katubusan.[118] Nais ni Pedro na manghuli ng isda; kailangan niya ng misyon.[119]. Sa bawat pagkakataon, tinugon ni Hesus ang malalim na pangangailangan ng kanyang mag-aaral.

Kamakailan lang, kailangan kong bumili ng sasakyan. Maraming nagbebenta ang nagsisimula, "Ito ay isang mahusay na sasakyan. Narito ang mga dahilan na dapat mong bilhin ang sasakyang ito." May nakilala akong isang nagbebenta na higit na naiiba sa kanila. Nagsimula siya sa pagtatanong. Itinanong niya, "Gaano kalayo ang minamaneho ninyo sa araw-araw?" "Magkano ang kaya ninyong ibayad para sa isang sasakyan?" "Alin ang mas mahalaga para sa iyo—isang komportableng sasakyan o isang sasakyan na mas matipid sa gasolina?" Nang matapos kong sagutin ang kanyang mga tanong, sinabi ng salesman, "Ito po ang pinakamabuting sasakyan para sa inyong pangangailangan." Habang ako'y nakikinig, napagtanto ko, "Ito ang ginawa ni Jesus nang siya ay magturo. Nagsimula siya sa pakikinig sa mga kailangan ng kanyang mga mag-aaral."

► Basahin ang Marcos 10:17-22.

Sa kwentong ito ng isang kabataang mayamang lalaki na lumapit kay Hesus, sinabi ng nagkukwento. "Si Hesus, habang pinagmamasdan siya, ay minahal siya." Ang salitang "masdan" sa talatang ito ay higit pa sa simpleng obserbasyon lamang. Ito'y nangangahulugan ng "tingnan nang malapitan at malinaw na unawain". Nakita ni Hesus ang puso ng kabataang ito. Ang iba ay maaaring nakita lamang ang isang mayamang kabataan; nakita ni Hesus ang isang nauuhaw na puso.

► Basahin ang Marcos 16:1-8.

---

118 Juan 4:7-42.
119 Mateo 4:18-22.

Isipin ninyo ang kahihiyan ni Pedro matapos niyang ipagkaila si Hesus. Kahit ang kaligayahan ng maling pamumuhay ay nabahiran ng kanyang kahihiyan nang maalala niya ang pagtilaok ng tandang. Sa sitwasyong ito, sinabi ng anghel kay Maria, "Subali't humayo ka, sabihin mo sa kanyang mga alagad **at kay Pedro** na siya ay mauuna sa Galilea. Doon makikita ninyo siya, tulad ng sinabi niya sa inyo noon." Alam ni Hesus na sa lahat ng disipulo, ang pinakamangangailangan ng reassurance ay si Pedro. Ang iba ay makikita ng isang duwag na itinanggi ang kanyang panginoon. Nakita ni Hesus ang isang disipulong ba dapa na nangangailangan ng maibalik o mapanumbalik.

Alam ni Hesus na hindi natin matuturuan ang mga mag-aaral kung hindi natin sila nauunawaan. Sinasabi ng mga mangingisda, "Kung nais mong mangisda, dapat kang mag-isip tulad ng isda. Kung nais mong makuha ang puso ng isang mag-aaral, dapat kang mag-isip tulad ng mag-aaral. Dapat mong maunawaan ang puso ng iyong mga tinuturuan. Bilang guro, dapat mong pag-aralan ang leksyon, pero higit pa roon, dapat mong pag-aralan ang iyong mga mag-aaral. Dapat mong maunawaan ang pangangailangan ng iyong mga mag-aaral.

### Isabuhay ang Aralin

► Isipin mo ang iyong mga tinuturuan (maging formally o informally). Ituon ang isip sa isang mag-aaral na nahihirapan. Gumawa ng listahan ng mga praktikal na bagay na maaari nating gawin upang paglingkuran ang pangangailangan ng mag-aaral na ito.

### Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, Ay Matiyaga

***Si Hesus ay matiyaga sa mga taong tumalikod sa kanya.***

► Basahin ang Juan 6:41-71.

Nangyari ang kwentong ito sa isa sa mga mahahalagang pagbabago sa ministeryo ni Hesus. Nang nakaraang taon, naranasan ni Hesus ang maging talagang popular. Ang mga tao ay tunay na namangha sa kanyang mga himala at nasiyahan sa tinapay at isda. Ipinahayag niya, "Ako ang tinapay ng buhay." Nagsasabi siya ngayon ng mga bagay na nakagugulo sa isip ng kanyang mga tagapakinig. "Tunay na tunay, sinasabi ko sa inyo, malibang kainin ninyo ang katawan ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, wala kayong buhay." Pagkatapos nito, marami sa kanyang mga tagasunod ang tumalikod at hindi na lumakad kasama niya."

Nagturo si Hesus sa libo-libo, alam niya na marami ang hindi tatanggap sa kanyang turo. Tinuruan niya ang Labindalawa, alam niyang "ang isa sa inyo ay sa diyablo." Siya ay isang matiyagang guro.

***Matiyaga si Hesus sa mga hindi nakauunawa sa kanya*.**

► Basahin ang Marcos 8:27-33.

Matiyaga si Hesus sa mga mag-aaral na mabagal matuto. Pansinin kung ilang beses binanggit ni Hesus ang mga pag-aalinlangan at kabulagan ng mga disipulo. Kahit nang kilalanin ni Pedro na "Ikaw nga ang Cristo", hindi lubusang nauunawaan ni Pedro ang kahulugan nito. Ilang talata pagkatapos noon, sinaway ni Hesus si Pedro dahil sa kanyang mga maling ideya.

► Basahin ang Juan 3:1-21.

Matiyaga si Hesus sa isang Pariseo na hindi nakauunawa sa kanyang itinuturo. Nang magulumihanan si Nicodemo, tinanong siya nang may pagkagulat ni Hesus, "Isa kang guro ng Israel gayunma'y hindi mo naiintindihan ang mga bagay na ito?" Dapat ay alam ni Nicodemo na inihula na ni Ezekiel ang isang araw kung kailan ang Israel ay isisilang sa tubig at sa Espiritu. Matiyagang itinuro ni Hesus ang leksiyon sa isang mag-aaral na hindi nakauunawa.[120]

Narito ang isang pagsubok sa aking tiyaga bilang isang guro: "Ilang beses ba ako payag na ituro ang leksiyon bago sumuko?" Matiyagang tinuruan nang paulit-ulit ni Jesus ang kanyang mga mag-aaral. Hindi niya kailanman sinabi, "Naituro ko na ang araling iyan. Kung hindi mo iyon napag-aralan, nahuli ka na." Kapag nakatatagpo siya ng mga mag-aaral na bukas sa kanyang mga turo, nagpapatuloy si Hesus sa pagtuturo. Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, ay matiyaga.

**Isabuhay ang Aralin**

► Natutukso ka ba na sumuko sa mga mag-aaral na mabagal? Nagiging frustrated ka ba kapag hindi sila tumutugon sa iyong pagtuturo? Paano mo maipapakita ang tiyaga ng Dalubhasang Guro sa mga tinuturuan mo?

**Minahal ni Hesus, ang Dalubhasang Guro, ang Kanyang mga Mag-aaral**

► Basahin ang Marcos 6:30-34.

Dinala ni Hesus ang kanyang mga disipulo sa ibayo ng Dagat ng Galilea upang humanap ng isang tagong lugar kung saan maaari silang magpahinga mula sa walang tigil na pressure ng napakaraming tao at ministeryo. Libo libo ang nakakita kung saan siya patungo kaya't sila'y tumakbo pasabay sa baybayin upang salubungin si Hesus. Pumunta sa pampang si Hesus at natagpuan doon ang pulutong ng limang libong lalaki, kabilang ang mga babae at mga bata. Nang makita niya ang nagkakatipong mga tao "nahahabag siya sa kanila, dahil katulad sila ng tupa na walang pastol. At nagsimula siyang magturo sa kanila ng maraming

[120] Itinuro ng Juan 3:5 ang pangako ng Ezekiel 36:25-27. Nakita ni Ezekiel ang isang araw kung saan ang tao ng Dios ay nahuhugasan ng tubig (ito ang maglilinis sa kanila mula sa pagiging marumi at mga dios-diosan) at bibigyan ng isang bagong Espiritu (Ito ang nagbibigay ng pagnanais na tuparin ang iniuutos ng Dios).

mga bagay."[121] Nagturo si Hesus, ang Dalubhasang Guro, dahil mahal niya ang kanyang mga mag-aaral.

Sa simula ng araling ito, nabasa natin ang kwento ng kabataang mayamang lalaki na "lumisan nang may kalungkutan" dahil ayaw niyang bayaran ang halaga ng pagsunod kay Hesus.[122] "Si Hesus, sa pagtingin sa kanya, ay **minahal siya**."[123] Minahal ng Dalubhasang Guro ang kanyang mag-aaral, kahit maging ang mag-aaral na tatalikod sa kanya.

Tinitingnan ni Hesus nang may pagkahabag ang napakaraming taong natitipon, mga indibidwal at maging ang mga taong tumatanggi sa kanya. May isang tagapangaral na nagsermon na ang pamagat ay "Si Judas, ang Disipulong Minahal ni Hesus." Kinilala ng mangangaral na ito na nagpakita si Hesus ng pagmamahal kahit pa kay Judas. Nalalaman man ni Hesus na ipagkakanulo siya ni Judas, minahal pa rin ni Hesus ang mag-aaral na ito hanggang sa wakas.

Madaling mahalin ang isang mag-aaral na maagang dumarating sa klase, na laging tinatapos ang lahat ng kanyang takdang-aralin, at nagpapakita ng kagustuhang matuto. Mahirap mahalin ang Judas na nagkanulo sa atin, ang mayamang kabataang tumalikod sa atin, at ang Pedro na paulit-ulit na nabibigong umunawa. Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, ay nagpapakita na kailangan nating mahalin kahit ang mga mag-aaral na mahirap mahalin.

### Isabuhay ang Aralin

► Isipin ang isang mag-aaral na mahirap mahalin. Marahil siya ay isang tauhan na tumatanggi sa iyong pamumuno. Marahil siya ay isang miyembro ng iglesya na pumupuna sa iyo. Magsimulang manalangin, "O Dios, nahihirapan akong mahalin ang taong ito, subali't alam kong minamahal mo sila. Tulungan mo akong makita sila sa pamamagitan ng iyong mga mata. Tulungan mo akong mahalin sila kung paanong minahal ni Hesus ang kanyang mga mag-aaral."

## Ang Mga Kamay ng Dalubhasang Guro: Pamamaraan

Sa "Ang Puso ng Dalubhasang Guro" nakita natin ang karakter ni Hesus. Ang lahat ng itinuro ni Hesus ay nakabatay sa kanyang karakter. Sa "Ang mga Kamay ng Dalubhasang Guro", makikita natin ang mga pamamaraang ginamit ni Hesus. Kung nais nating magturo tulad ni Hesus, dapat nating sundan ang kanyang mga pamamaraan.

### Inihayag ni Jesus, ang Dalubhasang Guro, ang Kanyang mga Layunin

► Basahin ang Lucas 5:1-11.

---

[121] Marcos 6:34.
[122] Marcos 10:17-22.
[123] Marcos 10:21.

Habang nagtuturo si Hesus sa baybayin ng Dagat ng Galilea, nasiksik siya ng mga tao hanggang sa kinailangan niyang sumakay sa bangkang pangisda ni Simon Pedro.[124] Matapos magturo, humarap siya kay Simon at sinabi, "Pumalaot tayo sa mas malalim at ihulog mo ang iyong lambat upang humuli ng isda."

Isang bihasang mangingisda si Simon. Buong magdamag na siyang nangingisda subali't wala man lang nahuli. Alam niya na balewala na na magsikap pang humuli ng anuman. Gayunman, sinunod niya ang iniutos ni Hesus. Sa pagkagulat ni Pedro, nakahuli ang mga mangingisda ng di-kapani-paniwalang dami ng isda! Sinabi ni Hesus kay Simon, "Simula ngayon ikaw ay magiging mangingisda na ng mga tao."

Si Hesus, tulad ng lahat ng mabubuting guro, ay nagpahayag nang malinaw ng kanyang layunin sa kanyang mga mag-aaral. Sa araw ng Pentekostes, ipinakita ni Pedro na handa na siyang tuparin ang layunin na itinakda ni Hesus para sa kanya.

Inihahayag ng mga epektibong guro ang kanilang layunin. Sinasabi nila sa mag-aaral, "Ito ang inyong matututuhan sa araw na ito." Sa dulo ng aralin, itinatanong niya, "Ano ang natutuhan ninyo sa araw na ito?" Tinitiyak nila na nakikita ng mga mag-aaral na natupad nila ang layunin ng aralin.

**Isabuhay ang Aralin**

► Sa susunod na pagkakataon na ikaw ay magtuturo, isulat mo ang iyong layunin para sa aralin sa isang pisara na makikita ng mga mag-aaral. Tiyakin na malinaw ang layunin at madaling maunawaan. Ipahayag ang layunin sa simula ng aralin. Sa katapusan ng aralin, itanong sa mga mag-aaral, "Natupad ba natin ang ating layunin?"

**Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, ay Nagbigay ng mga Pagkakataon sa Ginagabayang Pagsasanay/Pagsasabuhay**.

Ang epektibong pagtuturo ay higit pa sa mga lectures. Ang tunay na pagkatuto ay nangangailangan ng pagsasanay.

► Basahin ang Lucas 10:1-24.

Hindi pa lubos ang kasanayan ng mga disipulo, gayunman hinayaan ni Hesus na isabuhay nila ang mga araling kanyang itinuturo. Nang bumalik ang mga disipulong ito mula sa kanilang paglalakbay pangministeryo, nag-ulat sila kay Hesus. Nakita niya na hindi nila naunawaan ang mga aralin, kaya't binigyan niya sila ng dagdag na tagubilin. Pinalakas din niya ang kanilang loob, "Mapalad ang mga matang nakakikita sa mga nakikita ninyo!" Ginabayan ni Hesus ang kanilang pagpapraktis.

---

[124] Ang "Lawa ng Genesaret" ni Lucas, ang "Dagat ng Tiberias" ni Juan, ang "Dagat ng Galilea" nina Mateo at Marcos, at ang "Dagat ng Kinnereth" (Mga Bilang 34:11) ni Moses ay tumutukoy sa malaking lawa na mahalagang lugar sa ministeryo ni Jesus. Ang ilan sa mga disipulo ni Jesus ay mga mangingisda sa lawang ito at malaking bahagi ng kanyang ministeryo ay naganap sa baybayin ng Dagat ng Galilea.

Hindi sapat na ibigay lamang ang pagkakataon para magpraktis/magsanay; ang praktis ay dapat alamin ang nagging resulta at sundan pa ng mas maraming pagsasanay. Ang isang sikat na kawikaan ay nagsasabi na "Ang pagsasanay ay nagiging dahilan upang maging perpekto." Hindi ito lubusang totoo. Ang maling pagsasanay ay hindi magreresulta sa mas mabuting pagganap. Mas mabuting sabihin na, "**Ang ginabayang pagsasanay** ay nagiging perpekto." Ang isang epektibong guro ay nagbibigay sa mag-aaral ng mga pagkakataon para magpraktis, nagbabalik-tanaw sa praktis kasama ng mga mag-aaral at pagkatapos ay pinalalakas ang loob at ginagabayan ang mga ito.

Minsan sinubok kong mag-aral na mag-golf. Pumalo ako ng maraming bola at nagsanay sa loob ng maraming oras, subali't hindi ako naging mahusay. Bakit? Nag-iisa ako sa isang lugar ng laro nang walang gumagabay. Kapag ang bola ay pumunta sa maling direksiyon, walang nagsasabi sa akin na "Ito ang maling ginawa mo." Kapag ang bola ay gumulong ng ilang piye lamang sa aking harapan, walang nagsasabi, "Ganito ang gawin mong paghawak sa pamalo…" Nagpraktis ako pero balewala ang aking praktis.

Nalalaman ni Pablo ang kahalagahan ng praktis na may paggabay. Sinanay niya sina Timoteo at Tito at pagkatapos ay inilagay sila sa ministeryo. Sa mga Sulat ng Pastor, sinulatan ni Pablo sina Timoteo at Tito upang bigyan sila ng dagdag na tagubilin. Ginabayan niya ang kaniyang mga mag-aaral, habang pinapraktis nila ang mga prinsipyo sa ministeryo na kanyang itinuro.

Minsan dinalaw ko ang isang paaralang Kristiyano sa Timog Africa. Isinaulo at binigkas ng bawat mag-aaral ang 1 Corinto 13 sa klase. May isang mag-aaral na nahirapan sa takdang araling ito sa loob ng ilang linggo. Hindi siya nakapagsaulo nang mabuti at talagang mahiyain sa harap ng ibang mag-aaral. Nang araw na ako'y bumisita, sa wakas naging matagumpay ang mag-aaral sa pagbigkas sa buong kabanata sa klase.

Nang siya ay matapos, tumayo ang ibang mag-aaral at binati ang kabataang ito. Bakit? Ang kabanatang ito ay tungkol sa pag-ibig at itinuro ng guro sa mga mag-aaral na ang pag-ibig ay nagpapalakas ng loob sa iba. Sa kanilang pagbati sa kanilang kamag-aral, isinasabuhay ng mga mag-aaral na ito ang leksiyon sa 1 Corinto 13! Ang epektibong guro ay humihikayat sa kanilang mga mag-aaral na isabuhay ang mga prinsipyo na kanilang natututuhan.

### Isabuhay ang Aralin

► Bigyan ng pagkakataon ang iyong mga mag-aaral na isabuhay ang kanilang natututuhan. Kung ikaw ay nagsasanay ng mga batang pastor, bigyan sila ng pagkakataong mangaral, bumisita sa isang maysakit, o ibahagi ang ebanghelyo sa isang di-mananampalataya. Kapag sila'y natapos, alamin ang resulta ng kanilang ministeryo, magbigay ng mga mungkahi para sa ikabubuti ng ginagawa nila at palakasin ang kanilang loob sa pagpansin sa mga bahaging sila'y naging matagumpay.

### Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, ay Umaakma

Isipin ang maraming lugar at pagkakataon na nagturo si Hesus. Nagturo siya:

- Sa may baybayin ng dagat (Lucas 5)
- Sa panahon ng bagyo (Lucas 8:22-25)
- Hinayaan niyang mahirapan ang mag-aaral (Mateo 14:25-33)
- Nang ang kanyang aralin ay naabala ng mga panauhin (Mateo 12:46-50)
- Sa pagdalaw sa templo (Mateo 24)
- Nang may sumira sa bubong ng kanyang silid-aralan (Lucas 5:18-26)

Isipin ang mga "mag-aaral" na umuwi matapos ang himala sa Lucas 5:18-26. Hindi nila nalimutan ang araling ito na natutuhan nila tungkol sa kapangyarihan ni Hesus. Isinulat ni Lucas na "nagulat silang lahat, at niluwalhati nila ang Dios at sila'y napuspos ng pagkamangha, at nagsabing, 'Nakakita kami ng mga di pangkaraniwang mga bagay sa araw na ito.'"[125]

Si Hesus ay nakakaakmang sapat upang malaman na ang isang dakilang guro ay nakakikita ng mga pagkakataon upang magturo kapag handang matuto ang mga mag-aaral. Nagbigay si Lucas ng halimbawa sa prinsipyong ito. "Si Hesus ay nananalangin sa isang lugar, at nang siya'y matapos, isa sa mga disipulo ang humiling sa kanya, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin."[126] Kinuha ni Hesus ang pagkakataong ito upang magturo tungkol sa pananalangin.

Ang walong taong gulang na si Sabrina ay dumating para sa kanyang aralin sa piyano. Bigla siyang umiyak, "Namatay ang aking pusa ngayong umaga." Wala siyang interes para mag-aral ng piyano, Gayunman, nang iabot ko sa kanya ang kopya ng musika na may pamagat na "Ang Aking Paboritong Kuting," nagpasya si Sabrina: "Nais ko itong matutuhan bilang pag-alala sa aking pusa!"

Bilang mga guro, dapat tayong makinig sa ating mga mag-aaral at tumugon sa kanilang sitwasyon. Tulad ni Hesus, ang Dalubhasang Guro, dapat din tayong marunong umakma sa ating pagtuturo. Dapat payag tayong iakma ang ating leksiyon sa mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral.

### Isabuhay ang Aralin

► Nag-aakma ka ba sa iyong pagtuturo? Magplano ng dalawang magkaibang paraan kung paano ituturo ang isang aralin. Kung karaniwang nagbibigay ka ng lecture, magplano ng isang araling walang lecture. Kung karaniwan kang gumagamit ng powerpoint o ibang teknolohiya, magplano ng isang aralin na hindi nangangailangan ng koryente. Kung

---

[125] Lucas 5:26.
[126] Lucas 11:1.

magtuturo ka sa isang silid-aralan, magplano ng aralin sa labas at isama ang kalikasan sa iyong aralin.

**Si Hesus, ang Dalubhasang Guro, ay naging Malikhain sa Kanyang Pagtuturo**

Hindi kailanman naupo si Hesus at sinabing, "Sa araw na ito babasahin natin ang pahina 212 mula sa ating textbook. Pedro, basahin mo ang unang talata para sa atin." Sa halip, nakakita siya ng mga bagong paraan upang maging malikhain sa pagpapahayag ng aralin.

► Basahin ang bawat isang halimbawa ng malikhaing pagtuturo ni Hesus.

- *Lucas 6:39-42.* Isipin ninyo ang irony ng isang bulag na nag-aakay sa isa pang bulag. Isipin ninyo ang isang lalaki na may troso sa mata na nagsisikap na alisin ang puwing sa mata ng isa pang tao.
- *Lucas 18:18-30.* Posible bang gamitin ang mga kayamanan sa mundo upang makapasok sa kaharian ng Panginoon? Isipin kung paano palulusutin ang isang kamelyo sa mata ng isang karayom!
- *Lucas 9:46-48.* Ginamit ni Jesus ang isang bata bilang isang buhay na object lesson tungkol sa kababaang-loob.
- *Lucas 15:1-7*. Paano tumutugon ang Dios sa isang naligaw na kaluluwang umuuwi? Itinuro ni Jesus sa mga magsasaka ang kahalagahan ng isang tupa.
- *Lucas 15:11-32*. Ang pagtuturo sa mga tao sa isang lipunang makaama kung saan ang ultimong awtoridad ay nakasalalay sa ama, ikinuwento ni Jesus ang talinhaga kung saan ginulat ng isang ama ang mga saksi nang patakbo niyang sinalubong ang kanyang rebeldeng anak.

Bihirang sinasagot ni Jesus nang direkta ang mga tanong sa kanya. Sa halip, tumutugon siya gamit ang isang kuwento o isa ring tanong. Sa Lucas 10, nagtanong ang isang hukom kay Hesus, "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?" Sinagot siya ni Hesus sa pamamagitan ng kwento ng Mabuting Samaritano."[127]

Alam ni Hesus kung paano magtatanong ng mahuhusay na tanong. Bihirang magtanong si Hesus ng mga tanong na ang sagot ay simpleng "Oo" o "Hindi". Sa halip nagtatanong siya kung saan ang tagapakinig ay napipilitang buksan ang kanyang mga mata sa mga bagong posibilidad.

► Basahin ang mga halimbawang ito:

---

[127] Lucas 10:25-37.

- *Lucas 7:36-50*. Sa isang Pariseo na pumuna sa kanya, itinanong ni Hesus, "Sino ang higit na nagmamahal, siya na mas maraming kasalanan ang pinatawad, o siya na pinatawad sa kaunting kasalanan lamang?"
- *Marcos 8:36*. Sa pagtuturo tungkol sa pagdidisipulo, nagtanong si Hesus, "Ano nga ang mapapakinabang ng tao kung makamit man niya ang buong mundo kung mawawala naman sa kanya ang kanyang kaluluwa?"
- *Lucas 6:46*. Para sa mga ayaw sumunod, sinabi ni Hesus, "Bakit ninyo ako tinatawag na 'Panginoon, Panginoon' gayunman ay hindi ninyo ginagawa ang sinasabi ko sa inyo?"

Alinman sa mga tanong na ito ay hindi nagbibigay sa atin ng madaling sagot. Ang bawat isa ay pinapaisip tayo ng mas malalim tungkol sa itinuturo ni Hesus.

May dalawang paraan kung saan ang mga guro ay nabibigong magtanong nang mahusay.

1. Masyadong simple ang ating mga tanong. Nagkakasya na tayo sa mga "Oo" o "Hindi" na mga tanong. Kung nais nating mag-isip ng mas malalim ang ating mga mag-aaral, dapat tayong magtanong nang higit pa ang sagot sa mga galing sa kanilang textbook.
2. Hindi tayo naghihintay nang sapat para sa kanilang sagot. Sinasabi ng mga mananaliksik na karamihan sa mga guro ang naghihintay ng wala pang isang segundo bago tumawag ng ibang mag-aaral para sumagot. Kailangan ng halos walong segundo para maunawaan ng mag-aaral ang tanong at magsimulang bumuo ng kanyang sagot. Upang mapabuti ang iyong pagtatanong, laging bumilang ng hanggang pito bago tumawag ng ibang mag-aaral para sumagot.

### Isabuhay ang Aralin

► Malikhain ka ba sa iyong pagtuturo? Maghanda ng aralin sa Galacia 6:7-8. Maghanda ng mga tanong na makakatulong sa mga mag-aaral upang mag-isip nang mas malalim tungkol sa prinsipyo ng paghahasik at pag-aani. Pagkatapos mong maihanda ang iyong mga tanong, tingnan ang footnote sa ibaba para sa mga dagdag na tanong na maaari mong itanong.[128]

### Mas Malapit na Pagtingin: Pagbibigay Kahulugan sa mga Talinhaga

Ang talinhaga ay isa sa mga paboritong paraan ng pagtuturo ni Hesus. May nagpakahulugan sa talinhaga bilang "isang kuwentong makalupa na may makalangit na aralin." Ang mga talinhaga ni Hesus ay gumagamit ng mga karaniwang rural na setting (magsasaka, pastol,

---

[128] Mga tanong tungkol sa prinsipyo ng paghahasik at pag-aani sa Galacia 6:7-8. (1) Ano ang ilang halimbawa mula sa kalikasan o lipunan na naglalarawan ng prinsipyo ng paghahasik at pag-aani? (2) Sino ang ilan sa mga tauhan ng Biblia na naglalarawan sa prinsipyong ito? (3) Mayroon ka bang personal na halimbawa ng prinsipyong ito? (4) Sa iyong personal na buhay, naghahasik ka ba ng mga binhi na hindi mo nais na anihin?

at tupa), mga pamilyar na mga tao (ang Samaritano, pari, publikano, at Pariseo) at pamilyar na sitwasyon (isang nawawalang tupa, nawawalang barya at naglayas na anak) upang umugnay sa mga interes ng kanyang mga mag-aaral).

Ang kurso ng Shepherds Global Classroom na *Mga Prinsipyong Pagbibigay Kahulugan sa Biblia* ay naglalaman din ng bahagi tungkol sa pagbibigay kahulugan sa mga talinhaga. Narito ang isang buod ng mga prinsipyong itinuro sa kursong iyon. Kapag nag-aaral ng isang talinhaga, dapat nating itanong:

**(1) Anong tanong o sitwasyon ang pinagmulan ng talinhagang ito?**

Ang talinhaga ng Mabuting Samaritano ay sumagot sa tanong ng hukom na, "Sino ang aking kapitbahay?" Ang kuwento ni Hesus ay sumagot, "Ang sinumang taong nangangailangan na nasa aking landas ay ang aking kapitbahay at aking responsibilidad."[129]

Ikinuwento ni Hesus ang talinhaga ng Alibughang Anak sa mga tagapanguna ng relihiyon na pinuna ang kanyang pakikipagkaibigan sa mga makasalanan. "Ngayon ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan ay lumapit sa kanya. Ang mga Pariseo at ang mga eskriba ay nagbulung-bulungan at sinasabing, 'Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan at nakikisalo pa sa kanila.' Kaya't ikinuwento niya sa kanila ang talinhagang ito."[130]

- Nawala ang tupa ng isang pastol. Nagdiwang siya nang matagpuan niya ang tupa!
- Nawala ang barya ng isang babae. Nagdiwang siya nang matagpuan niya ang barya!
- Nawala ng isang ama ang kanyang anak. Nagdiwang siya nang bumalik ang kanyang anak!

Ipinahiwatig ni Hesus, "Hindi kayo dapat magulat na ako'y kumakain kasama ng mga makasalanan, Nagdiriwang ang langit sa isang makasalanang nagsisisi!"

Kung ang ating pakahulugan ay hindi sumasagot sa tanong o tumutugon sa sitwasyon na pinagmulan ng kuwento ni Hesus, hindi natin nakita talaga ang layunin at aralin ng talinhaga.

**(2) Ano ang panguhaning punto (o mga layunin) ng talinhaga?**

Ang talinhaga ay madalas na mayroong isang pangunahing punto para sa bawat isang pangunahing tauhan sa kuwento. Ang pangunahing leksiyon ng talinhaga ay direktang nakaugnay sa tanong o sa sitwasyon na pinagmulan ng talinhaga. Ang ibang mga leksiyon ay magmumula sa mga tauhan ng kuwento.

---

[129] Lucas 10:36-37.
[130] Lucas 15:1-3.

May tatlong tauhan ang kuwento ng Alibughang Anak. Nakita na natin na ang pangunahing leksiyon ng kuwento ay ang kaligayahan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi. Ang araling ito ay sumasagot sa sitwasyon na naka-inspire sa kuwento ni Hesus. Ang bawat tauhan sa talinhaga ay maaaring magturo ng leksiyon kaugnay sa pangunahing mensahe ng kuwento. Itinuturo ng ama ang kahanga-hangang pag-ibig ng ating Ama sa Langit. Itinuturo ng alibughang anak ang halaga/presyo ng kasalanan at ang posibilidad ng pagsisisi. Ang mas nakatatandang kapatid ay nagbababala na maaari nating maipag-walang bahala at ma-miss ang mga pribilehiyo ng pag-ibig ng ama kahit pa sa panahong tila tayo ang "mabuting anak."

**(3) Ano ang mga detalyeng pangkultura ang mahalaga sa talinhaga?**

Madalas ang mga talinhaga ni Jesus ay sumasalungat sa nakasanayan o norms sa kanyang kultura. Ito ang dahilan kung bakit nagiging madaling maalala ang talinhaga: isang amang tumakbo upang salubungin ang anak na rebelde; bayani ang isang Samaritano; isang walang lakas na balo ang tumalo sa makapangyarihang hukom. Mas nauunawaan natin ang takda ng kultura ng isang talinhaga, mas mauunawaan natin ang mensahe ni Hesus.

## Aplikasyon: Pitong Batas ng Guro

Nagturo si Dr. Howard Hendricks[131] sa Dallas Theological Seminary nang mahigit sa animnapung taon. Sa panahon ng kanyang pagtuturo, naturuan niya ang mahigit sa 10,000 mag-aaral. Isa sa kanyang pinakamaimpluwensiyang aklat ay isang maliit na aklat. Nagbubuod ito sa kanyang pilosopiya sa pitong "batas ng guro". Ang mga batas na ito ay nakabatay sa istilo ng pagtuturo ni Hesus. Sa iyong pagsasabuhay sa mga prinsipyong ito, ikaw ay magiging mas epektibong guro.

### Ang Batas ng Guro

*Ang Batas ng Guro*: Kapag ikaw ay tumigil sa paglago sa araw na ito, titigil ka sa pagtuturo bukas.

Itinanong ni Dr. Hendricks, "Alin ang mas gugustuhin mo: Uminom sa isang di umaagos at gumagalaw na tubig o mula sa umaagos na batis?" Ang sariwang tubig mula sa isang umaagos na batis ay mas mabuti kaysa sa tubig na di gumagalaw at di nakahihikayat.

May mga guro na lumilipas ang mga taon na hindi man lang bumabasa ng bagong libro tungkol sa kanilang aralin o hindi man lang nagkakaroon ng dagdag na bagong kaalaman. Ang kanilang pagtuturo ay maitutulad sa pond sa kaliwa; walang agos at panis/mabaho. Bilang mga guro, dapat tayong patuloy na lumago sa ating trabaho. Gayundin naman ang mga pastor ay dapat patuloy na mag-aral upang magkaroon ng mga bagong insights sa Salita ng Dios.

---

[131] Ang materyal na ito ay sinipi mula sa *Teaching to Change Lives* ni Howard Hendricks, (Multnomah Books, 1987).

**Isabuhay ang Aralin**

► Halimbawang tanungin ka ng isang mag-aaral, "Guro, ano po ang natutuhan ninyo sa Biblia?" Ang sagot mo ba ay manggagaling sa linggong ito, sa buwang ito, sa taong ito o mula sa matagal na panahon na nakalipas? Lumalago ka ba araw-araw sa iyong kaalaman sa Salita ng Dios?

**Ang Batas ng Edukasyon**

*Ang Batas ng Edukasyon*: Ang paraan kung paano natutut0 ang mga tao ang magsasabi kung paano ka magtuturo.

> "Ang ultimong pagsubok sa pagtuturo ay hindi kung ano ang iyong ginagawa o kung gaano mo kahusay ginawa iyon, sa halip, ano at paano kahusay iyon ginawa ng mag-aaral."
>
> - Dr. Howard Hendricks

Tinuruan ni Hesus ang mga pastol sa pagkukuwento tungkol sa mga tupa, tinuruan niya ang mga mangingisda sa pagkukuwento tungkol sa "pangingisda ng mga tao", tinuruan niya ang babae sa balon sa pagkukuwento tungkol sa tubig. Alam ni Hesus na ang epektibong guro ay umaayon sa mga pangangailangan ng bawa't mag-aaral.

Inihahambing ni Dr. Hendricks ang pagtuturo sa gawain ng isang football coach. Hindi naglalaro ang coach sa mismong laro; nagbibigay lamang siya ng pagkasabik at direksiyon sa mga manlalaro. Sa ganun ding paraan, ang pinakamabuting guro ay hindi ginagawa ang lahat ng trabaho sa pamamagitan ng mga lektura. Ang pinakamabuting guro ay nagbibigay ng inspirasyon sa bawat mag-aaral upang matuto sa paraang epektibo sa bawat isang mag-aaral.

Si Morris ay isang mag-aaral sa aking klase sa Bibliya. Inaasahan ko ang mga mag-aaral na maingat na isulat ang mga mahahalagang punto bilang paghahanda sa pagsusulit. Ayaw magsulat ni Morris. Sa halip, habang ako'y naglelektura, gumuguhit siya ng mga larawan sa kanyang notebook. Bilang guro, natatakot ako na si Morris ay hindi nakikinig sa akin. Ilang beses kong sinabi, "Morris, maaari bang huwag kang gumuhit ng mga larawan. Isulat mo ang aking itinuturo." Sinikap niyang gawin ang sinasabi ko, subali't naging labis na nagulumihanan si Morris.

Pagkatapos, naalala ko ang Batas ng Edukasyon ni Dr. Hendricks. Sinabi ko, "Morris, mag-eksperimento tayo. Maaari kang magdrowing *kung* maipapakita mo sa akin na natatandaan mo kung ano ang aking sinasabi sa klase." Tagumpay ang eksperimento. Natuto si Morris sa pagguguhit sa larawan ng mga salitang naririnig niya. Natutuhan kong baguhin ang aking mga inaasahan dahil "kung paano natututo ang tao ang siyang magsasabi kung paano ka magtuturo."

**Isabuhay ang Aralin**

► Mayroon ka bang mag-aaral na natututo sa ibang pamamaraan kaysa isa lahat ng bata sa klase? Ano ang ginagawa mo upang tulungan ang mag-aaral na mas epektibong matuto?

**Ang Batas ng Aktibidad**

> "Narinig ko… nakalimutan ko.
>
> Nakita ko… at aking naalala.
>
> Ginawa ko… at aking naunawaan."
>
> - Kawikaang Chinese

*Ang Batas ng Aktibidad*: Mas maraming gawain na kasali ang Mag-aaral, mas maraming Matututuhan.

Alam ni Hesus na dapat isabuhay ng mga mag-aaral ang aralin na kanyang itinuturo. Isinugo niya sila sa mga pangmisyong paglalakbay: namigay sila ng tinapay at isda sa napakaraming tao, dinala niya sila sa ilang upang manalangin; binigyan niya sila ng mga pagkakataon upang isabuhay ang kanilang natututunan. Ano ang resulta? Ang mga apostol ay nakilala bilang ang mga taong "binaligtad ang mundo."[132]

Sinasabi ng mga psychologists na naaalala natin ang wala pa sa 10% ng ating naririnig, naaalala natin ang wala pa sa 50% ng ating nakikita *at* naririnig, subali't naaalala natin ang hanggang 90% ng ating nakikita, naririnig *at* ginagawa. Talagang napatataas ng aktibong pagsali ang pagkatuto.

**Isabuhay ang Aralin**

► Sa iyong paghahanda para sa iyong susunod na aralin, maghanda ng activity na magbibigay ng pagkakataon upang isabuhay ang prinsipyong iyong itinuro.

**Ang Batas ng Komunikasyon**

*Ang Batas ng Komunikasyon*: Upang tunay na magturo, dapat tayong magtayo ng tulay sa mga mag-aaral.

Bilang mga guro at pastor, tayo ay nasa gawain ng komunikasyon. Ang ating trabaho ay mas malaki kaysa pagbibigay ng impormasyon; ang ating trabaho ay magpahayag ng katotohanan sa ating mga tagapakinig. Ang "communication" ay nagmula sa salitang Latin na *communis,* na ibig sabihin "common" (pareho). Sa komunikasyon, nangangailangang makita ang kalagayan na magkatulad kayo (common ground). Sa komunikasyon kailangang magtayo ng tulay patungo sa ating mag-aaral.

Nagbigay si Hesus ng isang modelo sa pagtatayo ng tulay patungo sa mga mag-aaral. Upang maabot ang babaeng Samaritana, si Hesus ay tumawid sa mga hadlang na pangkultura, panglahi, pangrelihiyon at panglipunan. Si Hesus ay Judio, siya ay Samaritana. Si Hesus ay lalaki, siya ay babae. Si Hesus ay isang iginagalang na rabbi; siya ay may

---

[132] Mga Gawa 17:6.

imoral na nakaraan. Paano makakapagtayo ng tulay si Hesus sa kabila ng mga hadlang na ito? Humanap siya ng magkatulad na kalagayan/common ground; kapwa sila nauuhaw. Ang pisikal na pangangailangan ay nagbigay ng tulay patungo sa isang pagtatagpong nakakabago ng buhay.[133]

Isinulat ni Dr. Hendricks na ang komunikasyon ay dapat magkaroon ng tatlong antas:

1. *Kaalaman* – Isang bagay na alam ko. Ito ang pinakasimpleng antas ng komunikasyon.

2. *Kinalulugdang gawin (Passion)* – Isang bagay na aking nararamdaman. Ito ay mas malalim na antas ng komunikasyon.

3. *Pagkilos* – Isang bagay na aking ginagawa. Ang antas na ito ng komunikasyon ay bumabago sa ating mga mag-aaral.

Nakinig ako habang ang isang tagapamahala sa seminaryo sa Africa ay nagprisinta ng kanyang pangitain sa isang mayamang donor. Hiningan niya ng pera ang donor nang mas marami pang pera kaysa sa kaya kong isipin! Bakit? Nagpahayag ang tagapamahala ng seminaryo sa tatlong antas.

1. *Kaalaman* – Alam niya ang pangangailangan ng pagsasanay sa seminaryo sa Africa.

2. *Kinalulugdang gawin (Passion)* – Kinalulugdan niya ang pagsasanay ng mga tagapanguna sa mga iglesya sa Africa.

3. *Pagkilos* – Inilaan niya ang kanyang buhay sa Africa at marami na siyang naisakripisyo para sa pagsasanay ng mga tagapanguna sa iglesya. Malinaw na naipahayag ng tagapamahala kung ano ang kanyang ginagawa sa Africa.

Upang epektibong makapagturo, dapat mayroon tayong passion para sa ating paksa. Isipin ninyo ang pag-uusap na ito sa maraming mga silid-aralan ng Sunday school:

> *Guro*: "Sa araw na ito, pag-aaralan natin ang pagpapakain sa 5,000 sa Juan 6."
>
> *Mag-aaral*: "May tanong po ako. Sinasabi ng Biblia na binilang nila ang mga lalaki lamang. Bakit po?"
>
> *Guro*: "Hindi ko alam. Hindi iyon mahalaga. Yung leksiyon na lang ang isipin mo."

Bigla ang isang exciting na kuwento sa Biblia ay nawalan ng buhay. Ikatutuwa ng mga bata na malaman kung paano pakakainin ni Hesus ang 20,000 tao gamit lang ang kaunting tinapay at ilang isda. Paano natin iyon ginawang walang buhay? Ang guro ay hindi nagpahayag ng kaalaman; hindi niya napag-aralan ang background upang maunawaan kung bakit ang mga lalaki lamang ang binilang ng mga manunulat na Judio. Walang passion ang guro para sa kanyang exciting na kuwento. Marahil ang buhay ng gurong ito ay hindi

[133] Juan 4:1-42.

pa nabago ng araling ito sa paraang magagawa rin niyang baguhin ang buhay ng mga mag-aaral.

**Isabuhay ang Aralin**

► Sa iyong paghahanda ng aralin, isipin mo ang layo ng mundo mo sa mundo ng iyong mga mag-aaral. Maglaan ng oras upang mapalapit (magtayo ng tulay) sa iyong mga mag-aaral. Humanap ng paraan upang iugnay ang aralin sa mga interest ng iyong mga mag-aaral.

**Ang Batas ng Puso**

*Ang Batas ng Puso*: Ang Epektibong pagtuturo ay higit pa sa ulo sa ulo; ito ay puso sa puso.

Nang matapos ni Hesus ang Sermon sa Bundok, "ang mga tao ay namangha sa kanyang mga turo dahil nagtuturo siya tulad sa isang may awtoridad; at hindi tulad ng kanilang mga eskriba."[134] Nagmula sa kanyang puso ang mga pagtuturo ni Hesus at humipo ito sa puso ng kanyang mga tagapakinig.

Paulit-ulit na ipinakita ng mga Ebanghelyo ang kahabagan ni Hesus. Nahipo ng kanyang pagkahahabagan ang mga tao. Naabot ng kanyang puso ang puso ng mga tao. Ipinakikita ni Howard Hendricks ang mga elemento ng epektibong pagtuturo.

***Ang* karakter *ng guro ay nagbibigay ng pagtitiwala sa mga mga mag-aaral.***

Kapag ang mag-aaral ay nagtitiwala sa karakter ng guro, mayroon siyang tiwala sa itinuturo sa kanya. Bilang mga pastor at guro, hindi natin dapat sirain kailanman ang pagtitiwalang iyon. Ang pinakamahirap na muling ibalik ay ang pagtitiwala. Ang matalinong tagapangunang Kristiyano ay tumatakas sa anumang makaaakay sa kanya sa mga pagkakamaling moral o etikal. Ang iyong karakter ay dapat nagdudulot ng tiwala sa iyong mga mag-aaral.

***Ang* kahabagan *ng guro ay nagbubunga ng motibasyon sa mga mag-aaral.***

Kapag nararamdaman ng mag-aaral ang kahabagan ng tagapagturo, nahihikayat siyang matuto. Sumunod ang mga alagad kay Hesus dahil nalalaman nila na mahal niya sila. Kung hindi mo mahal ang iyong mga mag-aaral, kaunti lamang ang kanilang motibasyon para matuto mula sa iyo.

Sa pakikipag-usap sa mga guro sa maliliit na bata, sinabi ni Dr. Hendricks na, "Kung may bagong sapatos si Joanne, dapat mong pansinin muna ang kanyang bagong sapatos, o hindi na niya pakikinggan ang iyong bagong leksiyon!" Matapos mong magpakita ng interes sa mag-aaral (dahil sa iyong pagmamahal), handa na rin silang matutuhan ang leksiyon na iyong ituturo.

---

[134] Mateo 7:28-29.

***Ang* nilalaman ng aralin *ng guro ay nagbibigay ng pang-unawa sa mag-aaral.***

Tanging kapag ang mag-aaral ay mahikayat na matuto, ikaw ay magiging handa na ring ituro ang iyong nilalaman ng leksiyon. Matapos mong makuha ang kanilang pagtitiwala, maaari kang magsalita mula sa iyong puso sa puso ng iyong mag-aaral.

**Isabuhay ang Aralin**

► Mahal mo ba ang iyong mga mag-aaral? Kasinghalaga nito, **alam ba** nila na mahal mo sila? Paano mo higit na maipapadama ang iyong puso sa mga mag-aaral na dinala ng Dios sa iyo?

**Ang Batas ng Pagpapalakas-loob**

*Ang Batas ng Pagpapalakas-loob*: Pinakaepektibo ang pagtuturo kapag ang mag-aaral ay maayos na nahikayat.

Kapag naririnig mo ang salitang "hikayatin/motivation," maraming guro ang nag-iisip ng kendi, sertipiko, grades o ibang paraan ng paghikayat sa mga mag-aaral. Ang mga ito ay external o "extrinsic" na panghikayat. Nanggagaling ang mga ito sa labas ng mag-aaral. Kabilang sa mga extrinsic na panghikayat ang mga gantimpala ("magsaulo ka ng 100 talata, at bibigyan ka naming ng isang tropeo") at kahihiyan (kapag hindi ka nagsaulo ng mga talata ng Biblia, ikaw ay hindi mabuting Kristiyano"). Maraming guro ang halos lubusang umaasa sa mga panlabas na panghikayat.

Maaaring magamit ang mga panlabas na panghikayat sa maikling panahon, subalit ang epekto nito ay pansamantala. Kapag ang isang mag-aaral ay magsaulo ng mga talata sa Biblia *dahil lamang* sa isang sertipiko, lilipas ang panahon na hindi na ito makahihikayat sa kanila. Ang sertipiko kapag nagtagal ay hindi na sapat ang panghikayat upang makaingganya ng maraming pagsisikap. Kapag ang isang mag-aaral ay nagsasaulo dahil sa nahihiya, ang pagkahiya ay lilipas at mawawala ang kapangyarihan nito. Magpapasiya sila, "Sa palagay ko, maaari akong maging isang Kristiyano nang hindi kailangang gawin ang dagdag na trabaho ng pagsasaulong ito!"

Ang panloob o "intrinsic" motivators ay mas malalim. Nanggagaling ito mula sa kalooban ng mag-aaral. Naglista si Dr. Hendricks ng ilang panloob na panghikayat:

- *Pagmamay-ari*. "Ito ang aking iglesya. Upang tulungan itong lumago, mag-iimbita ako ng mga bisita."
- *Pangangailangan*. "Kailangan ko ang Salita ng Dios upang magapi ang tukso, kaya't ako'y magsasaulo ng Kasulatan."
- *Pagtanggap*. "Mahal ko ang aking guro at nais kong masiyahan siya, kaya't ako'y mag-aaral ng aking aralin."

Ang mga motibasyong ito ay tumatagal nang mas mahaba kaysa sa kendi o mataas na grado. Kapag ginagamit natin ang mga pamamaraan ng motibasyon na ito, hinihikayat natin ang ating mga mag-aaral para sa pangmatagalang pagkatuto.

**Isabuhay ang Aralin**

► Gumawa ng listahan ng mga panghikayat/motivators na ginagamit mo sa iyong mga mag-aaral. Alin ang extrinsic at alin ang intrinsic?

**Ang Batas ng Kahandaan**

*Ang Batas ng Kahandaan*: Pinakaepektibo ang pagtuturo kapag ang mag-aaral at guro ay kapwa may sapat na kahandaan.

Ito ba ay katulad ng normal na leksiyon sa paaralang Lingguhan sa inyong iglesya?

> *Guro*: "Sa araw na ito, pag-aaralan natin ang Efeso 5. Pakibuksan ninyo ang inyong mga Biblia."
>
> *Iniisip ng mag-aaral*: "Bakit kailangan naming pag-aralan ang Efeso 5?"

Gumugol ang guro ng isang oras sa pagtuturo ng Efeso 5. Mahusay siyang guro. Pagkatapos ng isang oras, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng inspirasyon sa mensahe ni Pablo. Nang matapos ang leksiyon, umuwi na ang mga mag-aaral. Pagkalipas ng isang lingo, maririnig naman natin ang ganito:

> *Guro*: "Sa araw na ito, pag-aaralan natin ang Efeso 6. Pakibuksan ang inyong Biblia."
>
> *Iniisip ng mag-aaral*: "Bakit kailangan naming pag-aralan ang Efeso 6?"

Higit na mas mabuti kung napag-aralan ng mga mag-aaral ang Efeso 6 bago magklase! Mas marami bang matututuhan ang mag-aaral kung darating sila sa klase na may listahan ng mga tanong? Siyempre! Paano mo ito magagawa? Iminumungkahi ni Propesor Hendricks na magbigay ng mga takdang-aralin sa bahay na maghahanda sa mga mag-aaral para sa leksiyon. Halimbawa:

- Magbigay ng mga takdang-aralin kung saan ang mga mag-aaral ay mag-iisip tungkol sa aralin na kanilang pag-aaralan sa susunod na linggo. "Bago ang susunod na Linggo, basahin ang Mga Gawa 19 upang matutuhan kung paano sinimulan ni Pablo ang iglesya sa Efeso."
- Magbigay ng takdang-aralin na nagpapakita ng background o basehan para sa leksiyon. "Bago sa susunod na Linggo, basahin sa isang Bible dictionary ang tungkol sa templo ni Artemis sa Efeso. Makakatulong ito upang ipaliwanag ang pagbibigay-diin ni Pablo sa espirituwal na labanan sa Efeso 6:10-20."
- Magbigay ng takdang-aralin na makakatulong upang magkaroon ng kakayahan ang mag-aaral na mag-aral mag-isa. "Basahin ang Efeso 6 isang beses araw-araw sa loob

ng linggong ito. Sa iyong pagbabasa, sumulat ng isang tanong araw-araw tungkol sa kabanatang ito. Sa susunod na Linggo, tatalakayin natin ang inyong mga tanong.

**Isabuhay ang Aralin**

► Sa susunod na klaseng iyong tuturuan, bigyan ng takdang-aralin ang mga mag-aaral upang ihanda sila sa susunod na aralin. Tiyakin na ang takdang-aralin ay maghahanda sa kanila para sa mas mabuting pagkaunawa sa aralin na kanilang pag-aaralan.

## Konklusyon: Ang Kahalagahan ng Karakter ng Guro

Nalalaman ni Hesus na "ang bawa't isa kapag siya'y lubos nang nasanay ay magiging katulad na ng kanyang guro."[135] Ang prinsipyong ito ay ipinamalas ng kanyang mga disipulo. Dahil siya ay sinanay sa modelo ng perpektong pagmamahal, si Juan ang "Anak ng Kulog" ay naging si Juan ang "Apostol ng Pag-ibig". Dahil siya ay sinanay sa modelo ng pananampalataya, ang "Mapag-alinlangang si Tomas" ay naging si Tomas, ang "Apostol sa India." "Nang sila'y lubos nang nasanay, ang mga disipulo ay katulad na ng kanilang guro.

Ang unang hakbang para sa isang guro ay *maging kung ano ang nais mong maging sa mga mag-aaral mo.* Hindi maaaring gawin ng Dios ang mabuway na si Pedro upang maging "ang Bato" malibang si Hesus ay isang modelo ng katatagan. Dapat tayong maging kung ano ang nais natin ang ating mga mag-aaral ay maging.

Naunawaan ni Pablo ang prinsipyong ito. Sinabi niya sa mga taga-Corinto, "Tularan ninyo ako, tulad ng pagtulad ko kay Cristo."[136] Napakatapang na pangungusap! Ipinahihiwatig ni Pablo, "Kung nais ninyong mamuhay sa tamang uri ng buhay, kopyahin ninyo ako." Dahil sinusunod ni Pablo si Cristo, ligtas na sundan ng mga taga-Corinto si Pablo.

Kung magiging katulad ko ang aking mga mag-aaral, dapat kong itanong, "Nagpapakita ba ako ng karakter/o katangiang ikahihiya ko kung gagayahin ng aking mga mag-aaral?" Kung tumutugon ako sa mga mag-aaral nang may pagkagalit at kawalang-tiyaga, hindi ako dapat magulat kung "kapag sila ay lubos na ang pagsasanay" ay magpapakita rin ng pagkagalit at kawalang-tiyaga sa iba.

Sentro ang karakter sa isang guro. Hindi mo maaaring madevelop sa iyong mga mag-aaral ang mga katangian ng karakter na hindi nila nakikita sa iyong buhay. Higit na mas mahalaga na ang isang guro ay nagpapakita ng maka-Dios na karakter kaysa sa magpakita siya ng mataas na pinag-aralan. Dapat tayong maging kung ano ang nais nating maging ang ating mga mag-aaral.

---

135 Lucas 6:40.
136 1 Cor. 11:1.

**Isabuhay ang Aralin**

► Sa ating pagtatapos sa araling ito sa pagtuturo nang katulad ni Hesus, hilingin sa Dios na ipakita sa iyo kung mayroon kang karakter trait na ayaw mong magaya ng iyong mga mag-aaral. Hilingin ang biyaya ng Dios upang gawin ang kinakailangang pagbabago upang kung ang iyong mag-aaral ay “sapat na ang pagsasanay” makikita mo ang karakter ng Dios ay nasasalamin sa kanilang mga buhay.”

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ang mga takdang-aralin para sa araling ito ay ginawa na sa kabuuan ng aralin. Kung nakumpleto mo ang bawat gawain na nakalista sa panahon ng aralin, wala nang dagdag na takdang aralin para sa Aralin 4.

# Aralin 5
# Pangangaral Tulad ni Hesus

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Matukoy ang mga katangian kaya't naging epektibong mangangaral si Jesus.

(2) Kilalanin ang gampanin ng Banal na Espiritu sa epektibong pangangaral.

(3) Italaga ang sarili sa pagiging matapat na pastol-pastor.

(4) Maghanda ng sermon na sumusunod sa modelo ng pangangaral ni Hesus.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Ang epektibong pangangaral ay hindi bunga ng gawain ng tao lamang; ang epektibong pangangaral ay pinalalakas ng Banal na Espiritu.

## Pasimula

Pakinggan ang tugon ng maraming tao sa pangangaral ni Hesus.

- "At nang matapos ni Jesus ang mga araling ito, namangha ang maraming tao."[137]
- "Ang lahat ng tao ay namangha sa kanyang pagtuturo."[138]
- "At masaya siyang pinakinggan ng malaking pulutong."[139]

Makapangyarihan ang pangangaral ni Hesus. Libo-libo ang nagkakatipon upang makinig sa kanyang pangangaral. Tunay na ang paraan ng kanyang pangangaral ay dapat maging modelo para sa atin. Tandaan na sa lupa, nagministeryo si Hesus sa kanyang kalikasang tao. Huwag ninyong isipin, "Siyempre, si Hesus ay makapangyarihang mangangaral, siya ay Dios." Sa halip, isipin, "Si Hesus – bilang tao – ay nangaral sa paraang nagpakita ng kapangyarihan at awtoridad. Ang kanyang pangangaral ay nag-akay ng mga tagapakinig sa katotohanan. Ano ang matututuhan ko mula kay Jesus upang ako'y maging mas epektibong tagapangaral ng Mabuting Balita?"

► Isipin mo na ikaw ay nabuhay noong 30 A.D. at narinig mong mangaral si Hesus. Ano ang inaasahan mong makita at marinig?

---

[137] Mateo 7:28.
[138] Marcos 11:18.
[139] Marcos 12:37.

## Nangaral si Hesus Nang May Awtoridad

► Basahin ang 2 Corinto 4:1-6.

Nang mangaral si Hesus sa Capernaum, ang mga tao ay "namangha sa kanyang pagtuturo, dahil ang kanyang salita ay nagtataglay ng awtoridad."[140] Pagkatapos ng Sermon sa Bundok, "ang mga pulutong ay namangha sa kanyang mga turo, dahil nagtuturo siya sa kanila bilang isang may awtoridad, at hindi tulad ng kanilang mga eskriba."[141] Ang mga eskriba ay tumutukoy ng ibang tagapagturo upang suportahan ang kanilang mga teoriya, subali't si Jesus ay nagturo nang may awtoridad.

Bilang mga pastor, dapat tayong mangaral nang may awtoridad. Ang ating awtoridad ay iba kaysa sa awtoridad ni Hesus. Ang kanyang awtoridad ay taglay na niya noon pa, ang ating awtoridad ay ibinigay sa atin bilang kinatawan ni Cristo Hesus, ang ating awtoridad ay nagmumula sa mensaheng ating ipinangangaral.

**Nangangaral tayo nang may awtoridad bilang kinatawan ni Cristo Jesus.**

Sinabi ni Hesus, "Ang lahat ng awtoridad sa Langit at sa lupa ay ipinagkaloob na sa akin." Sa susunod na talata inatasan niya ang kanyang mga tagasunod, "Humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa. At ngayon, ako'y kasama ninyo sa lahat ng panahon, hanggang sa wakas ng panahon."[142] Mayroon tayong awtoridad dahil tayo ay tinagubilinan na bilang mga kinatawan ni Cristo.

Noong 1783, nagkita-kita ang mga kinatawan ng Estados Unidos at kinatawan ni Haring George III upang lagdaan ang Kasunduan ng Paris (Treaty of Paris) na nagwakas sa Rebolusyonaryong Digmaan sa Amerika/American Revolutionary War. Hindi naglakbay si Haring George III sa Paris upang lagdaan ang Kasunduan. Hindi nilagdaan ni George Washington ang kasunduan. Ang mga kinatawan ng bansa ay may awtoridad na lumagda sa kasunduan sa pangalan ng kanilang mga pinuno.

Sa parehong paraan, nangangaral tayo bilang mga kinatawan ni Hesu-Cristo. Isinulat ni Pablo, "Dahil ang aming ipinapahayag ay hindi sa ganang aming sarili, kundi si Cristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin para kay Hesus."[143] Ang awtoridad ni Pablo ay hindi sa kanyang sarili. Siya ay "isang alipin" subali't siya ay kinatawan ni "Cristo Hesus bilang Panginoon."

**Nangangaral tayo nang may awtoridad dahil sa mensaheng ipinagkaloob sa atin**.

Ang ating awtoridad ay batay sa Kasulatan na ating ipinapangaral. Isinulat ni Pablo, "Tinalikuran namin ang lahat ng lihim at kahiya-hiyang gawain. Hindi kami nanloloko ng

---

[140] Lucas 4:32.
[141] Mateo 7:28.
[142] Mateo 28:18-20.
[143] 2 Cor. 4:5.

mga tao, at hindi namin pinipilipit ang Salita ng Dios. Sa halip hayagan naming ipinapangaral ang katotohanan. Kaya't maaari kaming suriin ninuman sa harapan ng Dios."[144] Tumanggi si Pablo na gumawa ng anumang bagay na di-matapat o anumang magpapahina ng kanyang mensahe ng Salita ng Dios.

Sa America, maraming pastor ang tumalikod na sa kanilang pagtitiwala sa awtoridad ng Kasulatan. Ang ilan sa kanila ay nag-aral sa mga kilalang unibersidad, subali't hindi na sila nangangaral nang may awtoridad. Sa halip, sila ay puno ng alinlangan. Bakit? Nag-aalinlangan sila sa awtoridad ng Biblia; nagtiwala sila sa katalinuhan ng tao lamang. Bilang mga alipin ng Dios, ang ating awtoridad ay dapat nakabatay sa Salita ng Dios.

Minsan nakarinig ako ng isang liberal na pastor na ikinukwento ang kwento ni Hesus na lumalakad sa tubig.[145] Sinabi ni Marcos na namangha ang mga disipulo! Ang pastor na ito ay hindi naniwala na si Hesus ay lumakad sa tubig. Sinabi niya na si Hesus ay lumakad sa mababaw na tubig sa dalampasigan.

Sinabi ng pastor, "Ang Marcos 6 ay hindi isang kwento ng isang himala; ito ay isa lamang magandang kwento na nagpapakita kung paanong ang mga disipulo ay na-impress ni Hesus." Pagkatapos ng gawain, narinig ko na may nagsabi ng, "Bakit namangha ang mga tao? Lumakad lamang si Hesus sa dalampasigan! Hindi iyon kamangha-mangha!"

Hindi nagtitiwala sa Biblia ang pastor na ito, wala siyang tiwala sa awtoridad ng Kasulatan. Walang dahilan upang ipangaral ang Salita ng Dios kung hindi ka naman naniniwala sa mensahe nito. Maaari tayong mangaral nang may awtoridad tanging kapag pinagtitiwalaan natin ang mensahe ng Salita ng Dios.

Ang pag-unawa na ang ating awtoridad ay nagmumula kay Hesus at mula sa mensaheng ipinapangaral natin ay makatutulong upang maunawaan natin ang dalawang panganib para sa mga pastor.

**(1) Ang unang panganib ay ang** aroganteng pag-iisip na nagsasabing, "Ako ang pastor. Ako ang boss! Walang sinumang maaaring magtanong sa akin."

Ang pagiging aroganteng ito ang nagpapalayo sa mga tao mula sa ebanghelyo. Sinabi ni Pablo, "Ang ating ipinapahayag ay hindi sa ganang ating sarili, kundi si Cristo Hesus." Ang ating awtoridad ay nagmula kay Hesus at sa Salita ng Dios.

Dapat tayong magtaglay ng kababaang-loob upang aminin na tayo ay nagkamali. Sinabi minsan ng isang pastor sa akin, "Hindi ko kailanman sinasabi sa iglesya kapag ako'y nagkakamali. Mawawalan sila ng tiwala sa aking awtoridad." Nalimutan ng pastor na ito na ang ating awtoridad ay hindi nakabatay sa ating sariling katangiang hindi maaaring magkamali; ang ating awtoridad ay nakabatay sa Salita ng Dios. Dapat nating ituro ang

---

[144] 2 Cor. 4:2.
[145] Marcos 6:45-52.

ating kongregasyon sa huling awtoridad ng Salita ng Dios. Ang aking mga salita ay hindi mahalaga; ang Salita ng Dios ay may ultimate na kahalagahan.

**(2) Ang ikalawang panganib ay ang huwad na kababaang-loob** na nagsasabing, "Pastor lamang ako. Wala akong awtoridad. Ang mga propesyunal na tagapayo ang mas nakakaalam ng mas maraming bagay tungkol sa psychology; mas maraming nalalaman tungkol sa pinagmulan ng mundo ang mga siyentipiko; ang mga sociologists ay mas maraming nalalaman tungkol sa mga pagnanais na seksuwal ng tao. Hindi ko kayang magsalita tungkol sa mga pangangailangang emosyonal, sa paglikha o moralidad dahil hindi naman ako eksperto."

Sinabi ni Pablo, "Tayo ay mga lingkod *subali't* mayroon tayong awtoridad bilang mga kinatawan ni Cristo Jesus. Bilang isang lingkod dapat tayong mabuhay nang may kababaang-loob. Subali't bilang mga kinatawan ni Cristo Hesus, dapat tayong mangaral nang may pagtitiwala. Naglilingkod tayo nang may awtoridad ng Hari ng sanlibutan.

## Ang mga Pangaral ni Hesus ay Nagdala ng "Mabuting Balita" sa mga Nangangailangan

Nagsalita si Hesus tungkol sa pangangailangan ng kanyang mga tagapakinig. Habang "naglalakbay si Hesus sa Galilea na 'ipinapahayag ang Ebanghelyo ng kaharian', mayroon siyang habag para sa napakaraming tao "dahil sila'y inuusig at walang pag-asa."[146] Ang mga Judio ay nakabilanggo sa Roma, kaunti lang ang pag-asa ng mahihirap na makakaalis pa sila sa kanilang kahirapan; ang mga ketongin ay itinataboy sa labas ng bayan; ang mga maniningil ng buwis ay tinatanggihan ng lipunan. Sa bawat isa sa kanila, naghandog si Hesus ng pag-asa.

Kapag ikaw ay nangungusap sa mga pangangailangan ng mga tao, nahuhuli mo ang kanilang atensiyon. Kung ako'y namumuhay sa isang disyerto at sasabihin mo, "Sa araw na ito, ako'y mangangaral tungkol sa tubig ng buhay." Makikinig akong mabuti! Kung ako'y matanda at mahina na at sasabihin mo sa akin, "Sa araw na ito ipapangaral ko sa inyo ang tungkol sa Dios na nagbibigay sa inyo ng lakas tulad ng mga agila," siguradong ako'y makikinig!

Laging inaalala ni Hesus na ang "ebanghelyo" ay nangangahulugan ng "mabuting balita." Dumating siya upang maghatid ng mabuting balita sa lahat ng nangangailangan ng pag-asa. Ang epektibong pangangaral ay dapat magdala ng pag-asa sa mga nakaririnig sa atin. Tulad ni Hesus, dapat nating itanong, "Kanino ba ako nangangaral? Ano ang kanilang mga pangangailangan?"

Isipin mo na ikaw ay nasa isang aksidente sa kotse at nanganganib na mamatay dahil sa pagdurugo. Sa ospital, ang doktor ay nagpakita ng isang tsart na may kulay na may listahan

---

[146] Mateo 9:36.

tungkol sa mga aksidente sa sasakyan. Ipinaliliwanag niya ang kasaysayan ng pagbuo ng stethoscope. Sa huli, nagbabala siya sa iyo tungkol sa panganib ng di maingat na pagmamaneho.

Ang lahat ng sinasabi ng doktor ay totoo, subali't hindi natutugunan nito ang iyong pangangailangan. Kailangan mo ng isang taong mag-aasikaso sa iyong mga sugat at magbibigay ng gamot para sa iyong mga sugat at magbibigay ng gamot para sa iyong mga sakit. Ang pangangaral ay dapat gumawa ng higit pa sa magsabi ng mga katotohanan; ang pangangaral ay dapat magsalita sa mga pangangailangan ng mga tagapakinig.

Madaling makita ang "masamang balita" ng ating wasak na mundo. Mas may magagawa ang ebanghelyo; nagdadala ito ng pag-asa sa isang wasak na mundo. Laging nagdadala ng pag-asa si Hesus sa kanyang mga tagapakinig. Hindi kailanmang nag-compromiso si Hesus ng katotohanan, at hindi rin natin dapat i-compromise ang katotohanan. Subalit alam ni Jesus ang katotohanan, kung maayos na naipangaral ay nagdudulot ng pag-asa. Sinabi ng isang matandang mangangaral, "Dapat mong kamutin kung saan ang tao'y nagkakati." Dapat kang mangusap sa pangangailangan ng mga sinisikap mong maabot.

### Ang mga Pangaral ni Hesus ay Katotohanang Karapatdapat Panaligan

Nagsimula si Hesus sa mga pangangailangan ng kanyang mga tagapakinig, subalit ang kanyang layunin ay mas malalim kaysa simpleng paglalagay lang nga benda sa kanilang mga sugat. Ang mga sermon ni Hesus ay nangusap sa kanilang budhi at bumago sa kanilang mga buhay.

Hindi natatakot si Hesus na harapin ang kanyang mga tagapakinig ng mensahe ng paghuhukom dahil sa kanilang kasalanan. Sinabi ni Hesus sa babaeng natagpuang nangangalunya, "Hindi rin kita hinahatulan," subali't sinabi rin niya, "Humayo ka, at huwag nang magkasala pa."[147]

Isa sa aking paboritong kuwento sa ministeryo ni Hesus ay ang kuwento ng lalaking lumpo sa imbakan ng tubig sa Betesda. Matapos siyang pagalingin, sinabi ni Hesus, "Tingnan mo, magaling ka na! Huwag ka nang magkasala, upang wala nang mas masamang mangyari sa iyo."[148] Hindi natakot si Hesus na harapin ang kasalanan.

Nang mangaral si Hesus, ang kanyang mga tagapakinig ay nakonsiyensiya. Hindi tulad ng maraming kapanahong tagapangaral, ipinangaral ni Hesus ang pangangailangan ng matuwid na buhay. Hindi sinabi ni Hesus na, "Hindi inaasahan ng aking Ama na sundin ninyo ang kanyang mga utos." Sa halip, sinabi ni Hesus, "Malibang ang inyong pagiging matuwid ay hihigit sa katuwiran ng mga eskriba at Pariseo, hindi kayo kailanman makakapasok sa kaharian ng Langit."[149] Kailangan ni Hesus ang *higit pa* sa relihiyosong

---

[147] Juan 8:11.
[148] Juan 5:14.
[149] Mateo 5:20.

mga tagapanguna sa kanyang panahon. Ang pangangaral ni Hesus ay nagdulot ng pananalig sa katotohanan sa bawat isang nakarinig sa kanya.

## Bumago ng mga Buhay ang mga Pangaral ni Hesus

> "Ang Biblia ay hindi ibinigay para lamang dagdagan ang ating kaalaman kundi para baguhin ang ating mga buhay."
>
> - Sinipi kay D.L. Moody

Sa panahon ng Digmaang Sibil sa Amerika, dumalo si Presidente Abraham Lincoln sa isang iglesya na si Dr. Phineas Gurley ang pastor. Pagkatapos ng isang gawain nagtanong ang isang kaibigan, "Ano ang palagay mo sa mensahe?" Sinabi ni Lincoln, "Mahusay ang pagkakaprisinta noon at nagbigay ng magagandang kaisipan."

Kaya't sinabi ng kaibigan, "Ibig sabihin nagustuhan mo iyon?" Nag-atubili ni G. Lincoln at nagsabi, "Hindi. Naniniwala ako na nabigo sa gabing ito si Rev. Gurley." Nagulat ang kaibigan niya. "Bakit mo naman nasabi 'yan?" Sumagot si Lincoln, "Hindi niya tayo pinagawa ng anumang dakilang bagay." Naniniwala si Presidente Lincoln na ang isang mensahe o pangaral ay dapat humihingi ng tugon. Naniwala siya na ang pangaral ay dapat bumago ng mga buhay.

► Basahin ang Mateo 18.

Nangaral si Hesus upang bumago ng buhay. Praktikal ang pangangaral ni Jesus. Inirekord ng Mateo 18 ang Pangaral ni Hesus sa "Mga Relasyon sa Kaharian ng Langit." Nagturo si Hesus tungkol sa:

- Ang Kahalagahan ng kababaang-loob (18:2-6)
- Pagtugon sa tukso (18:7-9)
- Pagtugon sa mga naliligaw (18:10-14)
- Pagtugon sa mga nagkakasala laban sa iyo (18:15-20)
- Ang pangangailangan ng Pagpapatawad (18:21-35)

Ang mga ito ay mga praktikal na paksa ng pang-araw-araw na buhay. Naangusap si Hesus sa mga tunay na pangangailangan ng kanyang mga tagapakinig. Nangaral siya upang baguhin ang mga buhay.

Para sa isang tao na isinilang na bulag, nagkaloob ng kagalingan si Hesus—at pagkatapos ay binigyan ng mensahe na babago sa buhay ng lalaki sa pangwalang hanggan.

"Sinabi ni Hesus, 'Naniniwala ka ba sa Anak ng Tao?' Sumagot siya, 'At sino po siya, Ginoo, at nang ako'y maniwala sa kanya?' Sinabi ni Hesus sa kanya, 'Nakita mo na siya at ako nga ito na nagsasalita sa iyo.' Sinabi niya, 'Panginoon, ako'y naniniwala', at siya'y sinamba niya."[150]

---

[150] Juan 9:35-38.

Sa mga taong nagugutom, nagbigay si Hesus ng tinapay at pagkatapos ay ipinangaral ang katotohanan na babago sa kanilang buhay sa panghabangpanahon. "Ako ang tinapay ng buhay; sinumang lumalapit sa akin ay hindi magugutom at sinumang naniniwala sa akin hindi kailanman mauuhaw."[151]

Ang pangangaral na bumabago sa mga buhay ay pinagsasama ang katotohanan ng Salita ng Dios at ang pangangailangan ng mga tao. Ang epektibong pangangaral ay nangungusap ng katotohanan ng Dios sa mga pangangailangan ng mga tao.

Nang mangaral si Hesus, nangusap siya sa isip, sa damdamin at sa kalooban. Ang tatlong ito ay sama-sama sa tunay na pagbabago.

**Nangusap si Hesus sa kaisipan**

Ginamit ni Juan ang salitang "Salita" upang ilarawan si Hesus. Ang "Salita" ay isang Griegong salita na nagpapahiwatig ng karunungan at pananaw. Kapag binasa ninyo ang pangaral ni Hesus sa Mateo 18, binabasa ninyo ang pinakamatalinong katuruan tungkol sa relasyon na naipagkaloob na. Isipin ninyo ang isang lipunan kung saan ang pagpapatawad ang karaniwang gawain. Nangusap ng karunungan si Hesus sa isipan ng kanyang mga tagapakinig.

**Nangusap si Hesus Damdamin**

Tatlumpu't-apat na beses na ginamit sa Ebanghelyo ang salitang "namangha", "nagtaka", at "nagulat" sa mga tagapakinig ni Hesus. Ang mga disipulo sa daan sa Emaus ay nagsabi, " Hindi ba't ang ating mga puso ay nag-aalab sa ating dibdib habang kausap natin siya sa daan, nang buksan niya sa atin ang mga Kasulatan?"[152] Ang mga nakarinig kay Hesus ay nakadama ng galak sa kanyang maawaing mga salita, kalungkutan sa kanilang mga kasalanan, at higit sa lahat, pag-asa para sa hinaharap.

**Nangusap si Hesus sa Kalooban**

Hindi kailanman nasiyahan si Hesus sa tagapakinig lamang; tumawag siya ng mga tagasunod. Hindi kailanman nasiyahan si Hesus sa panlabas na pagbabago lamang; naghintay siya ng binagong mga puso at buhay. Maging iyon man ay isang babaeng Samaritana na may makasalanang nakaraan o isang mayamang kabataang lalaki na maingat na sumunod sa Batas, tinawag ni Hesus ang kanyang mga tagasunod upang isuko ang kanilang kalooban sa Dios. Kapag tayo'y nangangaral nang tulad ni Hesus, tatawagin natin ang ating mga tagapakinig sa isang bagong paraan ng pamumuhay.

---

[151] Juan 6:35.

[152] Lucas 24:32.

## Mas Malapait na Pagtingin: Ipinapangaral Mo Ba ang Ebanghelyo?

May isang pastor na nangaral mula sa Roma 1 laban sa kasalanan ng homosexuality. Ipinangaral niya ang katotohanan. Subali't may isang bagay na kulang.… Nakaupo malapit sa akin ang isang kabataang lalaki na nag-struggle sa atraksiyon sa parehong kasarian. Alam ng kabataang ito na kasalanan ang homosexuality at nagsimulang manalangin para makaahon sa kasalanan. Nalalaman niya ang katotohanan ng kanyang kasalanan; kailangan niyang marinig ang mabuting balita (ang Ebanghelyo) na ang Dios ay makapagbibigay ng tagumpay laban sa tukso.

May isang pastor na bumanggit sa babala ni Hesus laban sa diborsiyo. Ikinalungkot niya ang mga batas na nagpapahintulot ng madaling paghihiwalay. Ipinangaral niya ang katotohanan. Subali't may isang bagay na kulang…sa linggong iyon, may isang kabataang bagong mag-asawa na may dalawang anak ang dumalaw sa abogado ng diborsiyo dahil hindi nila malutas ang di-pagkakaunawan na siyang sumisira sa kanilang pagsasama. Alam nila na kasalanan ang diborsiyo; kailangan nilang marinig ang mabuting balita (ang Ebanghelyo) na si Hesus ay nakapagdadala ng paghilom sa mga nagdurusang pagsasama ng mag-asawa.

Isinigaw ng isang pastor na "Ang aborsiyon ay pumapatay sa inosenteng sanggol." Ipinangaral niya ang katotohanan. Subali't may isang bagay na kulang…Sa kanyang kongregasyon ay may isang nasa kalagitnaang-edad na babae na umiiyak sa tuwing maaalala niya ang araw na siya'y palihim na pumasok sa isang klinika na nagsasagawa ng aborsiyon dahil siya ay isang kabataan na walang asawa. Dalawampung taon makalipas iyon, patuloy pa rin siyang nagdududa kung patatawarin siya ng Dios sa kaniyang kasalanan. Alam niya na kasalanan ang aborsiyon; kailangan niyang marinig ang mabuting balita (ang Ebanghelyo) na si Hesus ay nag-aalok ng kapatawaran para sa kanyang nakaraan.

Kailanman hindi ikinompromiso ni Hesus ang katotohanan, subali't hindi niya kailanman kinalimutan na magdala ng pag-asa. Alam niya na bumababago ng buhay ang Ebanghelyo. Sa isang kabataang lalaki na nag-struggle sa pang-akit ng kaparehong kasarian, sasabihin ni Hesus, "Ang biyaya ko'y sapat upang bigyan ka ng tagumpay laban sa tukso." Sa mag-asawang nahaharap sa pagkawasak ng pag-aasawa, sasabihin ni Hesus, "Maaari kong ibalik ang puso ng pagmamahal kahit para sa asawang tila hindi kaibig-ibig." Sa babaeng nagkasala laban sa kanyang anak na hindi pa isinisilang, sasabihin ni Hesus, "Patatawarin ko ang kasalanan ng aborsiyon, katulad ng pagpapatawad ko sa ibang kasalanan. Humayo ka at huwag nang magkakasala pa."

Ang ebanghelyo ay may kasamang mensahe ng paghatol sa kasalanan. Dapat nating ipangaral ang paghuhukom nang may awtoridad. Subali't upang mangaral tulad ni Hesus, hindi natin dapat kalimutan ang kapangyarihan ng biyaya upang bumago ng mga buhay. Dapat nating dalhin ang mabuting balita ng biyaya ng Dios sa isang wasak na mundo.

Ang Ebanghelyo ay laging naglalaman ng dalawang piraso ng Mabuting Balita. Una, sinasabi sa atin ng Mabuting Balita kung ano ang ginawa ng Dios para sa atin.

Nagdadala ito ng pag-asa sa isang mundong walang pag-asa. Pagkatapos, sinasabi sa atin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kung ano ang kahihinatnan natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Hindi tayo kailanman iniiwan ng ebanghelyo sa ating kalagayan; hinahamon tayo nito sa mas malalim na paglakad kasama ng Dios.

## Simple at Madalingang Maalala mga Pangaral ni Hesus

Madalas sinasabi ni Dr. Howard Hendricks . "Kasalanan kapag nainip mo ang mga tao dahil sa Biblia!" Kahit kailan hindi nainip ni Hesus ang mga tao dahil sa katotohanan. Nalalaman niya kung paano mangaral sa simple at direktang paraan. Ang kanyang pangangaral ay makahulugan, subali't ito'y mauunawaan ng bawat tagapakinig. Nagpahayag siya ng malalalim na katotohanan, subali't napanatili niya ang interes ng pinakawalang pinag-aralang tao na nakikinig sa kanya.

Ang layunin ng isang epektibong mangangaral ay hindi para magmagaling sa nakikinig sa kanyang malalim na kaalaman. Ang layunin ng tagapangaral ay dapat maipahayag ang Salita ng Dios sa simple at makapangyarihang paraan—at hayaan ang Banal na Espiritu ang magmulat sa kasalanan sa tagapakinig sa pamamagitan ng katotohanan ng Salita ng Dios.

Paano ginagawa ni Hesus na ang kanyang mga pangaral ay simple at kawili-wili?

### Nagkuwento si Hesus

Madalas marinig ng mga nakinig sa mga sermon ni Hesus ang ganitong mga salita, "May ikukuwento ako sa inyo.." Ang kanyang mga kuwento ay humuli sa atensiyon sa kanyang mga tagapakinig at binuksan ang kanilang mga tenga sa kanyang mensahe.

Karamihan sa atin ay makaaalala ng isang kuwento nang mas matagal kaysa sa isang 3-point outline. Ang magagandang kuwento ay nagpapakita ng sermon sa paraang nakakatulong sa atin na alalahanin ang pangunahing punto sa isang pangaral. Ang isang magandang kuwento ay nagbubuod sa mensaheng nais iparating ng mangangaral.

► Talakayin ang huling kuwento na narinig ninyo sa isang pangaral. Naipahayag ba nito nang epektibo ang mensahe ng mangangaral? Naaalala ba ninyo ang layunin ng kuwento? Ang pangaral kaya ay naging ganoon kaepektibo at madaling maalala kung wala ang kuwento?

### Gumamit si Hesus ng mga simpleng salita.

Nagturo ako ng isang klase para sa mga guro ng piyano. Bilang parte ng klase, nagtakda ako ng isang konsepto at sinabihan ang bawat guro na ipaliwanag ito sa isang batang piyanista. Mas mabuti ang pagkaunawa ng guro sa konsepto, mas simple na maipapaliwanag niya ito sa mag-aaral. Ang isang guro na gumagamit ng mga komplikadong

salita upang ituro ang konsepto ay madalas na itinatago ang kanyang kakulangan sa pagkaunawa. Kapag mas naiintindihan mong maigi ang isang bagay, mas simple at madali mo itong maipaunaawa.

Alam ni Hesus kung paano isasalin ang katotohanan sa lenguwahe ng kanyang tagapakinig. Nangaral siya sa mga magsasaka tungkol sa paghahasik ng binhi. Nangaral siya sa mga pastol tungkol sa mga tupa. Nangaral siya sa mga mangingisda tungkol sa pangingisda. Maraming tao ang tumanggi sa mensahe ni Jesus, subali't walang isa mang nainip sa kanyang mga sermon.

Ang mensahe ni Hesus ay nauunawaan ng mga mangingisda, magsasaka, at mga ginang ng tahanan. Subali't maaari itong makasama sa kalooban ng mga iskolar, mga tagapangunang relihiyoso, at opisyal na pampulitika. Nangusap sa lahat ng antas ng lipunan ang kanyang pangangaral. Ang simple ay hindi nangangahulugan na mababaw. Dapat ipahayag ng ating mga sermon ang mga dakilang katotohanan ng ebanghelyo nang may kalinawan at simple lang.

**Gumamit si Hesus ng pag-uulit**

Minsan, bumisita ako sa isang pastor na nasisiraan ng loob sa kanyang kongregasyon. Sinabi niya, "Dapat alam na nila ito; ipinangaral ko na ito noong dalawang taon na ang nakararaan." Ipinaalala ko sa kanya na ipinangaral ni Hesus ang parehong mensahe nang maraming beses bago naunawaan ng kanyang mga disipulo.

Tinanong ko ang pastor na ito. "Sa palagay mo, mas mabuti ba ang pangangaral mo kaysa kay Hesus?"

"Hindi naman!"

"Sa palagay mo mas matatalino ba ang mga miyembro ng iglesya mo kaysa sa mga disipulo?"

"Hindi!"

"Kung gayun, kailangan mong ulitin ang mga katotohanan tulad ng ginawa ni Hesus."

Paulit-ulit na ipinangaral ni Hesus ang parehong katotohanan. Paulit-ulit niyang itinuro sa mga disipulo ang tungkol sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Maraming beses niyang ipinangaral ang mensahe ng kaharian. Alam ni Hesus na ang mga katotohanang ito ay mahalaga, kaya't ipinangaral niya ang mensahe nang maraming beses ayon sa kailangan upang maabot ang kanyang mga tagapakinig.

## Mas Malapit na Pagtanaw: Nauunawaan ba ng Iyong mga Tagapakinig ang Iyong Mensahe?

Upang mangaral na katulad ni Hesus, dapat tayong mangaral sa simple at memorable na paraan.

## Tunay o Totoo ang mga Pangaral ni Hesus

Tunay o totoo ang pangangaral ni Hesus. Ang kanyang buhay ay kaayon sa kanyang mensahe. Hindi lamang simpleng ipinangaral ni Hesus ang tungkol sa maka-Dios na pamumuhay; namuhay siya ng maka-Dios na buhay. Walang makatutukoy ng anumang pagsasalungatan sa mensahe at sa pamumuhay ni Hesus. Ipinamuhay ni Hesus ang kanyang mga ipinapangaral.

Isipin ninyo na gusto ninyong matutong magmaneho ng kotse. Mayroong dalawang guro na nag-alay ng pagtuturo sa inyo ng pagmamaneho. Ang isang guro ay hindi pa kailanman nakapagmaneho ng sasakyan subali't nabasa niya ang maraming libro tungkol sa pagmamaneho. Ang isang guro ay may listahan ng pagiging maingat na drayber sa loob ng maraming taon. Aling titser ang pipiliin mo?

> "Hindi kailanman sinabi ni Jesus, 'Makikilala mo sila sa laki ng kanilang ministeryo!' Sinabi niya, 'Makikilala ninyo sila sa kanilang bunga'—sa kanilang pagiging masunurin sa kalooban ng Dios."
>
> Craig Keener

Ngayon, isipin mo na nais mong matutong mamuhay ng buhay Kristiyano. May dalawang pastor. Ang isang pastor ay namumuhay nang makasalanan, subali't magaganda ang kanyang mga pangaral. Ang isang pastor ay namumuhay sa paraang nagpapakita ng kanyang malapit na relasyon sa Dios. Aling pastor ang pipiliin nyo?"

Ang ating pangangaral ay dapat tunay o totoo. Dapat nating ipamuhay ang ating ipinapangaral. Maraming tagapangaral ang nakatuklas na posibleng gawing huwad ang integridad sa maikling panahon. Maaaring malinlang ang mga tao ng isang mangangaral na ipinapangaral ang katapatan samantalang nagnanakaw ng pera mula sa lalagyan ng kaloob. Maaaring iligaw ang mga tao ng isang mangangaral na ipinapangaral ang moralidad samantalang may itinatagong ibang asawa. Maaari silang linlangin ng isang pastor na nangangaral ng pag-ibig samantalang sinasaktan ang kanyang asawa. Subali't sa katagalan, lalabas din ang katotohanan. Ang isang pusong walang laman ay magreresulta sa ministeryong walang taglay na kapangyarihang espirituwal. Ang Dios ay kumikilos sa *pamamagitan natin* kapag hinayaan nating kumilos siya *sa atin*.

Huwag ninyo kailanman hayaan ang pang-akit ng pangangaral ay magtago ng makasalanang pamumuhay. Ang epektibong pangangaral ay nagsisimula sa pusong nakakikilala sa Dios.

## Pagsasabuhay: Ang Pastor Bilang Pastol

► Basahin ang Marcos 6:30-34.

Isa sa pinakamagandang larawan ng pastor ay ang pastol. "Nakita" ni Hesus "ang napakaraming tao, at siya'y nahabag sa kanila, dahil sila'y tulad ng mga tupa na walang pastol. At siya'y nagsimulang magturo sa kanila ng maraming mga bagay." Tumingin si Hesus sa napakaraming tao at ang nakita niya ay tupang nangangailangan ng pastol.

► Isipin ninyo kung sino-sino ang maaaring kasama sa 5000 tao sa Marcos 6. Gumawa ng listahan.

- Kabilang ba sa iyong listahan ang mga maniningil ng buwis na nagnanakaw sa mga tao? Nandoon sila. Maaaring madali na isigaw ang paghusga sa mga di-malapit na publikanong ito. Subali't ang nakikita ni Hesus ay tupang naliligaw na dapat iligtas.
- Kabilang ba sa iyong listahan ang mapanghusgang mga Pariseo na umasang mahuhuli si Hesus sa isang patibong? Nandoon sila. Maaaring maging madali para kay Hesus na hiyain sila sa harap ng napakaraming tao, subali't ang nakita ni Hesus ay matitigas ang ulong tupa na kailangang ibalik sa tamang landas.
- Kabilang ba sa iyong listahan ang lalaking di-matapat sa asawa na ang puso'y humusga sa kanyang sarili dahil sa kanyang pangangalunya? Nandoon siya. Nakita ni Hesus ang isang nadapang tupa na nangangailangan ng pagtutuwid at pagkatapos ay pagpapagaling.
- Kabilang ba sa iyong listahan ang mga kabataang nagrebelde sa kanilang tahanan at lumabas mula sa paaralan upang makisama sa isang grupong hindi kilala? Nandoon sila. Nakita ni Hesus ang naliligaw na tupa na kinakailangang akayin pabalik sa tamang landas bago pa man sila tuluyang maligaw.

Sino ang iyong nakikita kapag ikaw ay nangangaral? Nakikita nyo lang ba ang mga kapintasan ng iyong kongregasyon, o ang nakikita mo ay ang malalim na pangangailangan ng iyong tupa? Nakikita lamang ba ninyo ang isang galit na board member o nakikita mo ang isang sugatang tupa na nananakit sa iba? Nakikita mo lamang ba ang isang bumalik sa dating buhay o nakikita mo ang isang tupa na nagdurusa dahil sa kasalanan? Nakita ni Hesus ang mga tupang nangangailangan.

► Basahin ang Juan 10:1-18.

Bilang mga pastor, tayo ay tinawag upang maging mga pastol. Paano naglilingkod ang pastol sa mga tupa? Nagbibigay ng isang modelo ang Juan 10.

### Pinangungunahan ng pastol ang mga tupa.

Kung pagmamasdan mo ang isang pastol, hindi mo siya makikita na may hawak na pamalo na nagtataboy sa tupa. Sa halip, ginagabayan/inaakay niya ang mga tupa sa tamang direksiyon. Sinabi ni Hesus, "Naririnig ng tupa ang kanyang tinig, at tinatawag niya ang

kanyang sariling tupa sa kanilang pangalan at inaakay sila palabas. Kapag nailabas na niya ang lahat ng sa kanya, nauuna siya sa kanila at ang mga tupa ay sumusunod sa kanya, dahil nakikilala nila ang kanyang tinig."[153]

Sa ating pagbasa sa mga Ebanghelyo, maraming beses na iniisip natin na dapat paluin ni Hesus sina Pedro, Juan o Tomas! Paulit-ulit silang nasasama sa gulo. Subali't sa halip na pamalo, gumagamit si Jesus ng tungkold upang itayo ang mga mahihina at nahihirapang mga disipulo at ilagay sila sa tumpak na landas.

Bilang isang pastol, inaakay mo ba ang tupa na inilagay ng Dios sa inyong iglesya o itinataboy mo sila? Ikaw ba ay isang pastol na **nangunguna** sa tupa o isang namamahala na **nagsasabi** sa mga tupa upang sumunod?

**Ang pastol ay nangangalaga sa mga tupa**.

Kung minsan, iniisip ba ninyo, "Gusto ko ng isang gawaing nagsisimula sa 9:00 a.m. at natatapos ng 5:00 p.m. at may "off" sa weekend at walang tumatawag paglampas ng 5 p.m.?" Kung minsan masarap pakinggan ang ganito! Subali't hindi ganyan ang buhay ng isang pastol.

Pinangangalagaan ng pastol ang mga tupa kapag nangangailangan sila ng tulong, hindi lamang sa panahon ng "office hours." Hindi maaaring sabihin ng isang pastol sa nasugatang tupa, "Manatili ka riyan hanggang 9:00 bukas kapag naka-duty na ako." Lumalabas ang pastol kahit gabi upang iligtas ang tupa.

Sa parehong paraan, ang pastor ay nangangalaga sa kaniyang mga tupa kapag nangangailangan sila ng tulong. Ang pangangalaga sa espirituwal na mga tupa ay higit pa sa pangangaral. Kalakip nito ang pangangaral, subali't kasama rin dito ang pagpapayo, pagdalaw, pakikinig, pananalangin at kung minsan ay ang basta pag-upo lamang kasama ng isang nagdurusang tupa.

Oo. Mga pastor, dapat din ninyong pangalagaan ang inyong sarili. Hindi ka magiging epektibong pastol kung papagurin mo ang iyong sarili sa pisikal, emosyonal at espirituwal. Naglaan si Hesus ng oras para sa kanyang sarili, at kayo'y dapat ring maglaan ng oras upang mapag-isa. Subali't may iba pang pagkakataon na alam ni Hesus na kailangan niyang isakripisyo ang kanyang sariling kasiyahan upang mangalaga sa mga tupa.

Ang balanse sa ministeryo at pamamahinga ay maaaring mahirap. Bilang matalinong pastor-pastol, dapat kang maging sensitibo sa paggabay ng Banal na Espiritu at matalinong payo mula sa mga nakapaligid sa iyo. Pakinggan ang tinig ng Espiritu kapag sinasabi sa iyong, "Oras na para tumigil muna upang mamahinga at magpanibagong-lakas." Makinig ka sa tinig ng iyong asawa o kaibigan kapag sinasabi sa iyong, "Kailangan mong mamahinga

---

[153] Juan 10:3-4.

naman!" Bumalik ka mula sa oras ng pahinga at pagpapanibagong lakas nang may taglay na bagong pasyon upang pangalagaan ang mga tupang ipinagkatiwala ng Dios sa iyo.

**Pinoprotektahan ng pastol ang mga tupa**.

Inihambing ni Hesus ang isang upahang manggagawa na tumatakbo palayo kapag nakakita ng panganib sa isang mabuting pastol na nagpoprotekta sa tupa kahit pa malagay sa panganib ang sariling buhay. Ang upahang manggagawa ay "walang malasakit para sa tupa" subali't ibibigay ng pastol "ang kanyang buhay para sa tupa."[154]

Kahit sa kanyang mga huling oras, inalagaan ni Jesus ang kanyang mga disipulo. Sa Huling Hapunan, inihanda niya sila sa pagsubok na malapit na nilang kaharapin. Sa hardin, nagpatuloy siya sa pagtuturo kay Pedro, Santiago, at Juan. Sa krus, inilagay niya si Maria sa pangangalaga ni Juan. Hanggang sa wakas, ang Mabuting Pastol ay nangangalaga para sa kanyang mga tupa.

Itinalaga ni Pablo ang mga matatanda ng iglesya sa Efeso upang maglingkod bilang mga pastol. Mangangalaga sila sa kawan na binili ng mismong dugo ni Hesus. Sa susunod na talata, nagbabala si Pablo tungkol sa "mababangis na lobo" na aatake sa kawan. Pananagutan ng mga pastol ang pangangalaga sa kawan.[155]

Bilang pastor-pastol, pinoprotektahan mo ba ang tupa na inilagay ng Dios sa inyong iglesya? Pinoprotektahan mo ba sila laban sa mga maling doktrina, sa pag-atake sa kanilang kasal at pamilya, at mula sa ibang espirituwal na pag-atake. Ikaw ba ay isang pastol o isang upahang manggagawa?

Bago ka mangaral sa susunod na Linggo, hilingin sa Dios na ipakita sa iyo ang mga pangangailangan ng iyong mga tupa. Hilingin sa kanya na ipakita sa iyo ang mga wasak na puso sa iyong kawan. Sa iyong pangangaral, hanapin ang mga tupang "inuusig at walang kakayahan sa sarili" at ang nangangailangan ng pagmamahal ng isang maka-Dios na pastol.

### Mas Malapit na Pagtingin: "Sa aba ninyo!"

► Basahin ang Mateo 23:1-39.

Ginamit ni Hesus ang mga salitang "Sa aba ninyo!" nang nangungusap siya sa mga lunsod na tumanggi sa kanya,[156] sa mga Pariseo at eskriba na nagligaw sa mga tao,[157] at tungkol kay Judas na siyang nagkanulo sa kanya.[158] Kung minsan binabasa natin ang mga "sa aba ninyo" nang may pagkagalit na nalilimutan ang pag-ibig ni Hesus, kahit para sa mga taong tumanggi sa kanya.

---

[154] Juan 10:13, 15.
[155] Mga Gawa 20:28-31.
[156] Mateo 11:21.
[157] Mateo 23:13-29.
[158] Marcos 14:21.

Mayroong paghatol sa salitang "aba", subali't mayroon ding kalungkutan. Ang "aba" ay naglalaman kapwa ng "paghatol at kalungkutan at pagkaawa" para sa hinahatulan. Inihahayag nito ang "kalungkutan" ni Hesus "para sa mga nabigong kilalanin ang tunay na kalungkutan sa kanilang kalagayan."[159] Ipinapahayag ng "sa aba!" ang matinding lungkot at gayundin ang babala.

Tinapos ni Hesus ang kanyang pahayag na kahatulan sa mga tagapangunang relihiyoso sa pamamagitan ng pagluha sa kapalaran ng mga lungsod na kanyang minahal. "O Jerusalem, Jerusalem, ang lungsod na pumatay sa mga propeta at bumato sa mga isinugo sa inyo! Gaano kadalas ko na bang inipon ang iyong mga anak tulad ng isang inahing manok na lumulukob sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at kayo ay hindi sang-ayon dito!" Tumangis si Jesus sa kapalaran ng lunsod na siyang magpapako sa kanya sa krus.[160]

Ito ang dapat nating maging modelo sa pangangaral ng kahatulan. Ang ating pangangaral ay dapat may kalakip na babala laban sa kasalanan at ang mensahe ng paghatol para sa mga tumatangging magsisi. Subali't ang ating mensahe ay dapat magpakita ng ating kalungkutan dahil sa kasalanan, hindi galit para sa makasalanan.

May isang rebeldeng tinedyer ang umuwi matapos marinig ang isang sermon tungkol sa impiyerno. Itinanong ng kanyang ama, "Anak, ano ang palagay mo tungkol sa sermon?" Sumagot siya, "Hindi ko iyon nagustuhan. Nagalit ako dahil doon!" Nang sumunod na linggo, narinig ng anak ang isa pang mangangaral na nagsermon tungkol sa impiyerno. Muli tinanong siya ng ama, "Ano ang palagay mo tungkol sa sermon?" Tumugon ang anak, "Dapat akong maglingkod kay Hesus. Hindi ko kailanman nais mapunta sa napakasamang lugar na iyon!"

Nagulat ang ama. "Noong isang linggo, ang sermon tungkol sa impiyerno ay ikinagalit mo. Sa linggong ito, ang sermon tungkol sa impiyerno ay naging dahilan upang ikaw ay magsisi. Ano ang pagkakaiba?" Sinabi ng batang lalaki, "Ang mangangaral na ito ay umiyak nang ako'y bigyang babala niya tungkol sa impiyerno."

Lumuluha ka ba kapag nangangaral ka tungkol sa paghatol? Lumuluha ka ba habang naghahanda ng isang pangaral tungkol sa impiyerno? Ikaw ba ay isang pastol na nagmamahal sa mga tupa—kahit pa kailangan mo silang bigyang babala tungkol sa paghatol?

### Konklusyon: Ang Gampanin ng Banal na Espiritu sa Pangangaral

Bilang mga mangangaral, dapat tayong umasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang magbunga ng pagkilala sa kasalanan sa ating mga tagapakinig. Kapag gumagamit tayo ng

---

[159] Martin H. Manser, *Dictionary of Bible Themes* (London: Martin Manser, 2009). Tingnan din ang *Dictionary of Jesus and the Gospels* nina Joel B. Green at Scot McKnight, (Westmont, Illinois: InterVarsity Press, 1992).
[160] Mateo 23:37 at Lucas 19:41.

mga pamamaraan ng tao lamang upang makalikha ng emosyonal na pakiusap, maaari tayong makakita ng mabibilis na resulta, subali't kulang ng espirituwal na resulta. Tanging ang Banal na Espiritu ang makalilikha ng nagtatagal at nananatiling pagbabago sa ating mga tagapakinig.

► Basahin ang 1 Corinto 2:1-16.

Nauunawaan ni Pablo na ang espirituwal na pagbabago ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Nang lisanin niya ang Athens kung saan nakipagdebate siya sa mga pilosopo sa Areopagus, pumunta siya sa Corinto.[161] Sa Corinto, ipinasiya niyang hindi gumamit ng "malalalim na pananalita o mataas na karunungan" kundi mangaral ng "walang iba sa inyong kalagitnaan kundi si Cristo Jesus na ipinako sa krus." Nangaral siya bilang "patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan."[162]

Alam ni Pablo na ang Espiritu ang nagbibigay kahulugan sa "mga espirituwal na katotohanan para sa mga espirituwal."[163] Pinahalagahan ni Pablo ang edukasyon; siya ay isang dakilang iskolar. Naunawaan niya ang epektibong pagsasalita sa publiko; napag-aralan niya ang mga dakilang orador na Griego. Nalalaman niya kung paano binubuo ang isang logical argument; ang sulat sa mga taga-Roma ay isang *obra maestra* ng strukturang *lohikal*. Subali't sa kabila ng lahat, pinahalagahan ni Pablo ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Alam niya na ang tunay na pagkilala sa kasalanan ay nagmumula lamang sa pagkilos ng Espiritu.

Pinaalalahanan ni Pablo ang mga taga-Corinto na "taglay natin ang kayamanang ito sa mga bangang yari sa luwad, upang ipakita na ang hindi masukat na kapangyarihan ay tanging sa Dios lamang at hindi sa atin."[164] Ang lalagyan ay hindi ang kayamanan! Tayo bilang tagapanguna sa ministeryo ay mga sirang banga, na yari sa luwad. Subali't mayroon tayong espesyal na pribilehiyo na magdala ng kayamanan, ang ebanghelyo, sa mga taong ating pinaglilingkuran.

Ito ay isang makapangyarihang babala sa mga tagapanguna sa ministeryo. Madaling magpukos sa "banga" sa halip na sa kayamanang laman ng banga. Maaari tayong magbigay ng mas maraming atensiyon sa ating pagpapahayag kaysa sa mensahe; maaari tayong magbigay ng mas maraming atensiyon sa banga kaysa sa kayamanan. Ipinaaalala sa atin ni Pablo na *sinadya* ng Dios na gumamit ng luwad na banga upang ipakita na ang "kapangyarihan ay sa Dios at hindi sa atin." Hindi tayo dapat humadlang sa daan ng kapangyarihan ng Dios. Hindi natin dapat kunin ang kaluwalhatian na para sa kanya lamang. Dapat tayong mangaral sa kapangyarihan ng Espiritu.

---

[161] Mga Gawa 17:16-18:1.
[162] 1 Cor. 2:1-5.
[163] 1 Cor. 2:13.
[164] 2 Cor. 4:7.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Ang Ebanghelyo ni Mateo ay naglalaman ng limang pangunahing mga pangaral. Basahin ang bawat pangaral at tukuyin ang isang katangian ng pangaral kaya't naging epektibo. Walang tama o maling sagot sa takdang-araling ito. Itanong, "Paano ipinaalam ni Hesus ang aking mga kasalanan upang magsisi, nagbigay inspirasyon sa akin at tinulungan akong alalahanin at isabuhay ang kanyang mensahe?"

| Pangaral | Mga Katangian |
|---|---|
| Pangaral sa Bundok (Mateo 5-7) | |
| Pagsusugo sa mga Apostol (Mateo 10) | |
| Mga Talinhaga ng Kaharian (Mateo 13) | |
| Buhay sa Kaharian (Mateo 18) | |
| Ang Pangaral ni Hesus sa Bundok ng mga Olibo (Mateo 24-25) | |

(2) Sa iyong paghahanda ng iyong susunod na ipapangaral, pagbalik-aralan ang mga katangiang nakita mo sa mga pangaral ni Hesus. Gamitin mo ang kanyang mga pangaral bilang modelo upang epektibong makapagmensahe. Ibahagi ang pangaral na ito sa mga kasama sa klase. Pag-aralan ang pangaral gamit ang tanong na: "Iniakma ko ba ang aking sermon sa modelo ng pangaral ni Hesus?"

# Aralin 6
# Si Hesus at ang Kaharian ng Dios

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan ang kahulugan ng kaharian ng Dios sa mga Ebanghelyo.

(2) Makilala ang pangkasalukuyan at panghinaharap na aspeto ng kaharian ng Dios.

(3) Sundan ang mga prinsipyo ni Hesus para sa pamumuhay sa kaharian mula sa Pangaral sa Bundok.

(4) Maayos na bigyang kahulugan ang mga talinhaga ni Hesus tungkol sa kaharian.

(5) Magpasakop sa mga panuntunan ni Hesus sa pagdidisipulo.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Bilang mga kinatawan ng kaharian ng Dios, pinalalawak ng mga Kristiyano ang kanyang awtoridad sa ating mundo.

## Pasimula

Pangunahing tema sa Bagong Tipan ang kaharian ng Dios.[165] Ang salitang "kaharian" ay ginamit ng limampu't apat na beses sa Mateo, labing-apat na beses sa Marcos, tatlumpu't siyam na beses sa Lucas at limang beses sa Juan.[166]

Halos kalahati ng mga talinhaga ni Hesus ay nagtuturo tungkol sa kaharian ng Dios. Siya ay nagpapagaling at nagpapalayas ng mga demonyo upang ipakita ang kapangyarihan ng kaharian. Matapos siyang umakyat sa langit, ang unang iglesya ay nagpatuloy sa pangangaral ng mensahe ng kaharian.[167]

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang kaharian ng Dios sa ministeryo ni Hesus at ang epekto ng kaharian sa ministeryo ngayon. Sa katapusan ng leksiyon, isinama ko ang isang

---

[165] Kabilang sa mga sources na ginamit sa kabanatang ito:
+ D. Matthew Allen, "The Kingdom in Matthew" at http://www.bible.org, 1999.
+ Darrell L. Bock, *Luke*, Baker Exegetical Commentary on the New Testament (Grand Rapids: Baker Books, 1994-1996).
+ J. Dwight Pentecost, *The Words and Works of Jesus Christ* (Grand Rapids: Zondervan, 1981).
+ Martyn Lloyd-Jones, *Studies in the Sermon on the Mount* (Grand Rapids: Eerdmans, 1959).

[166] Karaniwang tinutukoy ni Mateo ang "kaharian ng Langit" at si Lucas ay tinutukoy ang "Kaharian ng Dios." Ang unang mga tagapakinig ni Mateo ay mga Judio; iniiwasang gamitin ng mga Judio ang pangalan ng Dios at madalas ginagamit ang "Langit" upang tumukoy sa Dios. Lumilitaw na pinalitan ni Mateo ang "kaharian ng Dios" ng "Kaharian sa Langit" sa maraming pagkakataon. Sa leksiyong ito, gagamitin ko ang "kaharian ng Dios" maliban kung binabanggit ko si Mateo.

[167] Mga Gawa 8:12; 28:23

mensahe na ipinangaral sa Nigeria tungkol sa kaharian ng Dios. Ang pangaral ito ay nagpapakita kung paanong ang mensahe ng kaharian ay nakakaapekto sa ministeryo sa ating mundo.

## Ang Kaharian ng Dios

May dalawang tanong na nagsisimula sa pag-aaral ng kaharian ng Dios.[168]

1. Ano ang kaharian ng Dios?
2. Kailan itinatag ang kaharian ng Dios?

### Ano ang Kaharian ng Dios?

► Basahin ang Mga Gawa 1:1-8.

Sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, kasama ni Hesus ang kanyang mga disipulo at "nangungusap tungkol sa kaharian ng Dios". Bago ang muling pag-akyat sa langit, itinanong ng mga disipulo, "Panginoon, ibabalik na po ba ninyo sa panahong ito ang kaharian ng Israel? Ang mga disipulo ay umasa sa:

1. *Isang madaliang kaharian*: "sa panahong ito." Inaasahan nila na itatatag agad-agad ni Hesus ang kaharian.
2. *Isang pampulitika at geographic na kaharian*: "ibaballik." Inaasahan nila na pababagsakin ni Hesus ang Roma at ibabalik ang pampulitikang awtoridad ng Israel.
3. *Isang kaharian para sa buong bansa*: "ang kaharian ng Israel." Inasahan nila na pamumunuan ni Hesus ang bansa katulad ng mga hari sa panahon ni David sa Lumang Tipan.[169]

Tumugon si Hesus, "Hindi para sa inyo na malaman ang oras at panahon na itinakda ng Ama ayon sa kanyang sariling awtoridad. Subali't tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating sa inyo ang Banal na Espiritu, at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem at sa buong Judea at Samaria, at sa dulo ng daigdig."

Ang sagot ni Jesus ay nagpapakita na ang kanyang kaharian ay:

1. *Kahariang hindi saklaw ng panahon*: "panahon at sandali na itinakda ng Ama." Ang kaharian ni Hesus ay hindi depende sa panahon ng tao kundi sa panahon ng Ama.
2. *Isang sobrenatural na kaharian*: "kapangyarihan kapag dumating sa inyo ang Banal na Espiritu." Ang kaharian ni Hesus ay nakabatay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, hindi sa awtoridad na pampulitika.

---

[168] Para sa isang video lecture sa kaharian ng Dios, maaari mong panoorin ang "What and Where is the Kingdom of God?" ni Scot McKnight sa http://www.seedbed.com/where-is-the-kingdom-of-god/

[169] John Stott, *The Message of Acts* (Westmont, Illinois: InterVarsity Press, 1990), 41.

3. *Isang kaharian unibersal*: "hanggang sa dulo ng daigdig." Ang kaharian ni Hesus ay aabot sa lahat ng bansa. Hindi ito limitado sa Israel.

Sinabi ni Hesus sa mga disipulo na hindi nila kailangang malaman kung kailan. Sa halip, dapat nilang pag-isipan ang dalawang bagay: ang pagtanggap sa Banal na Espiritu at ang pagiging mga saksi "hanggang sa dulo ng daigdig."

**Kailan itinatag ang Kaharian ng Dios?**

> "Dumating ang Kaharian;
>
> Dumarating ang Kaharian;
>
> Darating pa ang Kaharian."
>
> - Martyn Lloyd-Jones

Sa mga teolohiko, may tatlong panguahing pananaw patungkol sa "Kaharian ng Dios."

***Darating ang Kaharian*.**

May mga teolohiko na nakikita ang kaharian sa katapusan ng panahon na itatatag kapag si Hesus ay naghahari sa daigdig sa panahon ng millennium. Tinitingnan ng mga manunulat na ito ang Mateo 24-25 na nagbibigay-diin sa pampulitika at pangteritoryong aspeto ng kaharian.

***Dumating na ang Kaharian*.**

Ang ibang mga teolohiko ay nagtuturo na ang kaharian ni Hesus ay itinatag na noong siya ay nasa lupa. Binibigyang diin ng Kasulatan ang mga pangungusap ni Hesus na "ang kaharian ng langit ay narito na" at "ang kaharian ng Dios ay dumating na sa inyo."[170] Ang pananaw na ito sa kaharian ay nakatuon sa espirituwal na likas ng kaharian at sa paghahari ng Dios sa puso ng mga mananampalataya.

***Dumating na ang Kaharian, Subali't Hindi Pa Ito Lubusang Natutupad*.**

Maraming theologians ang nagsasabi na ang kaharian ay binubuo ng kasalukuyan at panghinaharap na aspeto. Itinuturo ng pananaw na ito na ang kaharian ng Dios ay sinimulan sa panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa; at nagpapatuloy sa paglaganap sa pamamagitan ng pagkilos ng iglesya; at lubusang matutupad kapag bumalik si Jesus upang maghari.[171] Sa pagbalik ni Hesus, ihahatid niya ang "Kaharian ng Dios Ama matapos wasakin ang bawa't paghahari at bawat awtoridad at kapangyarihan."[172] Ito ang lubusang katuparan ng kaharian ng Dios.

► Alin sa mga pananaw na ito tungkol sa kaharian ang pinanghahawakan mo? Ano ang praktikal na epekto ng bawat pananaw sa ministeryo?

---

[170] Mateo 4:17 at Lucas 11:20.

[171] Ginagamit ng mga commentators ang salitang "inagurasyon ng kaharian" upang tukuyin ang simula ng kaharian sa panahon ng ministeryo ni Hesus sa lupa. Ang "katuparan ng kaharian" ay ang pangwakas na katuparan ng mga pangako sa kaharian sa pagbabalik ni Cristo.

[172] 1 Cor. 15:24.

Sa araling ito, makikita nating ang mga aspeto ng kaharian na kumikilos sa kasalukuyan at mga aspeto ng kaharian na hinihintay pang matupad. Ang mga kaharian ay may:

- **Isang hari**: Mula sa mga maggi sa kanyang pagsilang hanggang sa nakaukit sa krus, dumating si Hesus bilang isang hari.
- **Awtoridad**: Ipinamalas ni Hesus ang kanyang awtoridad sa pamamagitan ng kanyang mga himala at tagumpay sa kamatayan.
- **Batas**: Ibinigay ni Hesus ang buod ng batas ng kaharian sa Pangaral sa Bundok.
- **Teritoryo**: Itinuro ni Hesus na ang kanyang kaharian ay umaabot hanggang sa dulo ng daigdig at kabilang ang mga tao mula sa lahat ng wika at lahi.
- **Mga Tao**: Lahat ng mga tinubos ng Hari at kanyang paghaharian ay mga mamamayan sa kaharian ni Hesus.

## Ang Pangako ng Kaharian

► Basahin ang Mateo 3:1-12.

Ang unang pagbanggit sa kaharian ng Dios sa Bagong Tipan ay matatagpuan sa pangangaral ni Juan Bautista. Bilang huli sa mga propeta ng Lumang Tipan, itinakwil ni Juan ang pagiging mapagkunwari ng mga lider relihiyoso ng Israel. Bilang unang mensahero ng Bagong Tipan, inihanda niya ang daan para sa isang bagong Hari. "Magsisi kayo, dahil parating na ang kaharian ng langit."[173]. Ang saliitang "parating" ay nagpapahiwatig na ang kaharian ay mabilis na dumarating. Hindi pa ito dumarating, subali't napakalapit na nito. Nangaral si Juan upang ihanda ang Israel para sa pagdating ng Mesiyas na siyang maghahatid/ magdadala ng bagong kaharian.

Maikling panahon lamang matapos na si Juan ay dakpin, sinimulan ni Jesus ang kanyang ministeryo sa publiko. Naglakbay siya sa buong Galilea na "ipinapahayag ang ebanghelyo sa kaharian." Tulad ni Juan Bautista, ipinahayag ni Hesus, "Magsisi kayo, dahil ang kaharian ng Langit ay naririto na."[174]

► Basahin ang Mateo 10:5-42.

Isinugo ni Hesus ang labindalawang disipulo upang ipangaral ang mensahe ng kaharian sa "naliligaw na tupa sa tahanan ng Israel." Katulad ni Juan Bautista at ni Jesus, ipinangaral nila, "Ang kaharian ng langit ay malapit nang dumating."[175]

Ang ministeryo ng mga disipulo ay nakagaya sa ministeryo ng kanilang Panginoon. Tulad ni Hesus kailangan nilang ipahayag ang kaharian at tugunan ang mga pisikal na

---

[173] Mateo 3:2.
[174] Mateo 4:17.
[175] Mateo 10:5-7.

pangangailangan ng mga tao. Katulad ni Hesus, nagpagaling sila ng mga maysakit at nagpalayas ng demonyo bilang tanda na ang kaharian ng Dios ay nakapasok na sa teritoryo ni Satanas. Isinugo ni Hesus ang kanyang mga kinatawan upang "Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga ketongin at palayasin ang mga demonyo."[176]

## Ang Inagurasyon ng Kaharian

► Basahin ang Mateo 12:22-32.

Ang pangako ng kaharian ay hindi bago. Ang mga propeta ng Lumang Tipan ay nangako ng kaharian sa hinaharap. Gayunman, ipinahayag ni Hesus na ang kaharian ay hindi lamang basta pag-asa sa hinaharap, kundi isang agad na katotohanan. Ipinahayag ni Jesus ang inagurasyon ng kaharian ng Dios. Ang kaharian ng Dios ay matatagpuan saanman naroroon si Hesus.

Dahil sa kanyang kapangyarihan laban sa mga demonyo, ipinakita ni Hesus ang awtoridad ng Hari na nagtagumpay na sa kaharian ni Satanas. Matapos niyang pagalingin ang isang lalaking inaalihan ng demonyo, sinabi ng mga Pariseo na si Jesus ay "nagpapalayas ng mga demonyo" sa pamamagitan ng kapangyarihan ni "Beezebul, ang prinsipe ng mga demonyo." Sumagot si Hesus na ginagapi niya ang kaharian ni Satanas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios: "Kung sa Espiritu ng Dios ako nagpapalayas ng demonyo, sagayun, dumating na sa inyo ang kaharian ng Dios."[177] Nagapi na ni Hesus ang kaharian ni Satanas.

► Basahin ang Mateo 11:1-24.

Ang mga himala ni Hesus ay mga tanda ng inagurasyon ng kanyang kaharian. Ang ebanghelyo ni Juan ay gumagamit ng salitang "tanda" para sa mga himala ni Hesus. Ang mga himala ay mga tanda ng pagiging Dios ni Hesus at ebidensiya ng bagong kaharian.

Ipinahayag ni Juan Bautista na ang "kaharian ng langit ay naririto na." Inasahan niya ang isang kahariang pampulitika na maghahatid ng kalayaan sa Israel. Sa halip, natagpuan ni Juan ang kanyang sarili na nasa piitan at nahaharap sa kamatayan! Isinugo niya ang kanyang mga disipulo upang magtanong, "Kayo po ba ang ihinula na darating o maghihintay pa kami ng iba?" Ang ministeryo ni Hesus ay hindi tumugma sa mga inaasahan ni Juan na isang Mesiyas na pampulitika na magtatatag ng isang kaharian sa lupa.

Tumugon si Hesus sa pagtuturo sa kanyang mga ginawa bilang tagapagligtas.

"Humayo ka at sabihin mo kay Juan ang iyong narinig at nakita; nakakikita ang bulag at nakakalakad ang pilay, malinis na ang ketongin at nakarinig ang bingi at muling binuhay ang patay at ang mga mahihirap ay may mabuting balitang ipinapangaral sa kanila. At pinagpala ang sinumang hindi nasaktan sa akin."

---

[176] Mateo 10:8.
[177] Mateo 12:24, 28.

Itinuro ni Hesus kay Juan na matiyagang maghintay para sa mahahayag na plano ng Dios.

Bagaman napuri ni Hesus ang lakas at tapang ni Juan, ipinahayag niya na ang "pinakamababa sa kaharian ng langit ay mas higit" kaysa kay Juan. Bakit? Dumating si Hesus upang itatag ang isang bagong tipanan kasama ang lahat ng pribilehiyo ng kaharian. Ang pinakamababang mananampalataya ng Bagong Tipan ay nagtataglay ng mga pribilehiyo na hindi nakita maging ng pinakadakilang santo ng Lumang Tipan. Nakita ng mga mananampalataya ng Bagong Tipan ang katuparan ng mga pangako sa Lumang Tipan. Ang pangakong kaharian ay nasimulan na.

## Ang Buhay sa Kaharian: Ang Pangaral sa Bundok

Ang pinakamahabang nag-iisang pangaral na naitala sa Ebanghelyo ay ang Pangaral ni Jesus sa Bundok. Ang kaharian ng Dios ang nagbubuklod na tema ng pangangaral na ito. Ito ay nakikita sa ilang paraan:

- Ang unang "ang mapalad" (beatitude) ay nagtuturo na ang kaharian ng Langit ay para sa "mga aba" ang huling "ang mapalad" (beatitude) ay nagtuturo na ang kaharian ng Langit ay para sa "mga pinag-uusig para sa pagiging matuwid." Ang dalawang ito ay lumilikha ng buklod sa paligid ng iba pang "ang mapalad" (beatitudes) na nagpapakita na ang pangunahing tema ng mga "ang mapalad" (beatitudes) ay ang kaharian ng Langit.
- Inaangkin ni Hesus ang awtoridad upang bigyang kahulugan ang Batas.[178] Ito ay pagkilos ng isang hari na may awtoridad upang bigyang kahulugan at isabuhay ang mga batas ng kanyang kaharian.
- Tinuruan ni Hesus ang mga disipulo upang manalangin, "Dumating nawa ang iyong kaharian, mangyari nawa ang iyong kalooban sa lupa at gayundin sa langit."[179]. Tinawag tayo upang manalangin para isulong ang kaharian ng Dios sa lupa. Kapag ang mga tao ng Dios ay nabuhay ayon sa Pangaral sa Bundok, ang kaharian ay lumalawak at ang awtoridad ng Dios ay iniaabot sa mga bagong mamamayan ng kaharian.
- Sa dulo ng pangaral, itinuro ni Hesus na ang "mga dakilang gawa" lang ay hindi sapat upang "pumasok sa kaharian ng langit." Tanging "ang sinumang tumutupad sa kalooban ng aking Ama" ang makakapasok sa kaharian.

### Mga Prinsipyo sa Pagbasa ng Pangaral sa Bundok

Dapat nating tandaan ang tatlong prinsipyo habang binabasa natin ang Pangaral sa Bundok.

---

[178] Mateo 5:21-48.
[179] Mateo 6:9-13.

**(1) Ang pagsunod sa mga utos sa Pangaral sa Bundok ay hindi paraan "upang maging mamamayan" sa kaharian ng langit**.

Hindi natin dapat isipin, "Mamuhay kayo sa ganitong paraan at magiging Kristiyano ka." Sa halip, dapat nating basahin ang pangaral na ito bilang isang gabay sa buhay at bilang isang mamamayan ng kaharian: "Mamuhay kayo sa ganitong paraan dahil ikaw ay isang Kristiyano. Tanging sa biyaya lamang tayo naligtas; pagkatapos, bilang mga miyembro ng kaharian ng Dios, susundin natin ang kanyang mga ut0s.

**(2) Ang Pangaral sa Bundok ay para sa mga tagasunod, hindi sa mga di-mananampalataya**.

Hindi ito ang konstitusyon para sa sekular na bayan. Huwag kang magugulat kung ang iyong di-mananampalatayang kapitbahay ay tumangging mamuhay ayon sa mga prinsipyong ito! Ito ay isang paglalarawan ng buhay sa kaharian ng Dios, hindi buhay sa kaharian ng tao.

**(3) Ang Pangaral sa Bundok ay para sa *bawat* mananampalataya**.

Maraming tao ang nagsikap na iwasan ang mga kahilingan ng Pangaral sa pagsasabing ang mga prinsipyong ito ay hindi mailalapat sa ordinaryong mananampalataya. May mga nagsasabi, "Ang batas na ito ay para sa hinaharap na millennial na kaharian." May mga nagsasabi, "Ito ay para sa iilang banal. Karamihan sa mga Kristiyano ay hindi makasusunod sa mga utos." May mga nagsasabi, "Ang Pangaral ay nagpapakita na hindi natin kailanman maaaring matupad ang mg autos ng Dios. Kapag nakikita natin na kailanman ay hindi natin matutupad ang mga kahingian ng Dios, sa biyaya lamang tayo aasa."

Gayunman, binasa ng unang iglesya ang Pangaral bilang gabay sa bawat manamapalataya. Ang sulat ni Santiago at 1 Pedro ay nag-uulit ng marami sa mga utos sa sermong ito. Tumanggi si Hesus na pahinain ang pamantayan ng kabanalan ng Dios. Sa halip na mas mababang panuntunan kaysa sa mga Pariseo, inilagay ni Hesus ang kanyang mga tagasunod sa *mas mataas* na panuntunan: "Malibang ang inyong katuwiran ay humihigit pa sa mga eskriba at Pariseo, hindi kayo kailanman makakapasok sa kaharian ng Dios."[180]

**Buhay sa Kaharian ng Dios**

► Basahin ang Mateo 5-7.

Kung sinimulan ni Hesus ang kaharian sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa, namumuhay tayo ngayon sa kaharian ng Dios. Inilalarawan ng Pangaral sa Bundok ang karakter ng isang mamamayan ng kaharian ng Langit. Narito ang isang maikling paunang-pagtanaw ng mga tema ng Pangaral.

---

[180] Mateo 5:20.

**(1) Ang mga pinahahalagahan ng kaharian ng Dios ay salungat sa mga pinahahalagaham ng mundong ito**.

Walang tagapanguna sa mundo ang magsasabi na pinagpala ang maging dukha, ang magdalamhati, magsuko ng kanilang mga karapatan o ang pag-usigin. Inihahayag ng "Ang Mapalad" (Beattitudes) ang eksaktong kabaligtaran ng mga pinahahalagahan ng Imperyong Romano sa panahon ni Hesus, at ng ating mundo sa kasalukuyan. Ang kaharian ng Dios ay naiiba sa kaharian ng tao.

**(2) Ang mga mamamayan ng kaharian ng Dios ay dapat magkaroon ng epekto sa kanilang mundo**.

Ang Essenes ng panahon ni Hesus ay nagsabi: na ang matutuwid ay dapat humiwalay sa lipunan at itatag ang kaharian ng Dios nang nakabukod. Sinabi ni Hesus, "Hindi!" Dapat kayong maging asin na nagpepreserba at nagbibigay lasa sa inyong mundo. Dapat kayong maging liwanag na nagdadala ng kaluwalhatian sa 'inyong Amang nasa langit." Bagaman ang kaharian ng Dios ay pangunahing espirituwal, ang ating mundo ay dapat makinabang sa pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan mula sa presensiya ng mga mamamayan ng kaharian.

> "Ang may dalisay na puso ay hindi lamang nakakikita sa Dios kundi nagiging sulat kung saan nakikita ng lipunan ang Dios."
>
> - Leon Hynson

Makapaglilista tayo ng maraming halimbawa ng mga Kristiyano na asin at ilaw sa isang sekular na lipunan. Pinangunahan ni Willian Wilberforce ang Parliamento upang alisin/itigil ang pangangalakal ng mga alipin sa Emperyong Briton; ang revival ng Methodist ay nagdala ng mga pagbabagong panlipunan sa lahat ng lebel ng lipunang English; nilabanan ni Willian Carey ang legal na pagpatay sa mga sanggol at sari sa India; pinalaganap ng mga Kristiyano ang pag-aaral, nagtatag ng mga ospital, at ampunan at naglingkod sa mahihirap at nangangailangan sa malaking bilang ng bansa.

**(3) Ang mga mamamayan ng kaharian ng Dios ay lumalampas pa sa pinakamaliit na bilang ng mga kailangan ng Batas upang ipakita ang pag-ibig ng Ama**.

Hindi dumating si Hesus upang palitan ang Batas, sa halip upang "tuparin" ang Batas. "Hindi ako dumating upang alisin ang mga iyon, sa halip ay tuparin ang mga iyon." Ang pagtupad sa isang bagay ay "gawin ito upang matapos", o "upang i-accomplish o tuparin iyon". Dumating si Hesus hindi upang burahin ang Batas kundi upang ihayag ang espiritu sa likod ng Batas. Sa serye ng anim na halimbawa, ipinakikita ni Hesus na ang katuwiran ng mga mamamayan ng kaharian ay dapat "humigit kaysa sa katwiran ng mga eskriba at Pariseo."

| Ang Batas | Mamamayan ng Kaharian |
| --- | --- |
| Ang Batas ay nagbabawal ng pagpatay. | Nilulutas ng mamamayan ng kaharian ang ugat na pinagmumulan nito –ang galit. |
| Ang Batas ay nagbabawal ng pangangalunya. | Ang mga mamamayan ng kaharian ay hindi "tumitingin ng may mahalay na pag-iisip sa isang babae." |
| Ang Batas ay nangangailangan ng "kasulatan ng paghihiwalay." | Ang mamamayan ng kaharian ay humahanap ng paraan upang manatili sa isang pagsasama, sa halip na mga dahilan para umalis dito. |
| Ang Batas ay nagbabawal ng maling panunumpa. | Ang "Oo o Hindi" ng mamamayan ng kaharian ay sapat na. |
| Nililimitahan ng Batas ang pagganti ("mata sa mata"). | Ang mamamayan ng kaharian ay kumikilos dahil sa pag-ibig, hindi sa paghihiganti. |
| Hinihingi ng Batas ang pag-ibig sa kapitbahay. | Ang mamamayan ng kaharian ay nagmamahal kahit sa kanyang mga kaaway. Sila ay nagiging salamin ng pag-ibig at awa ng kanilang Ama sa langit. |
| * *Hindi nag-uutos* ang Lumang Tipan sa mga Israelita na "mapoot ang inyong kaaway." Ito ay isang karaniwang hindi pagkakaintindihan ng Luman Tipan noon.<br>** Lucas 6:36 | |

**(4) Mas mahalaga sa mamamayan ng kaharian na mabigyang-lugod ang Dios kaysa malugod ang iba**.

Nais ng mga Pariseo na makita ng mga tao ang kanilang pag-aabuloy; ang mga mamamayan ng kaharian ay nagbibigay nang palihim. Nais ng mga mapagpaimbabaw na marinig ng iba ang kanilang mahahabang pagdarasal; ang mga mamamayan ng kaharian ay nananalangin ng simple at mataimtim. Nais ng mga Pariseo na igalang sila ng iba dahil sa kanilang mahahabang pag-aayuno; ang mga mamamayan ng kaharian ay nag-aayuno para lamang sa gantimpala ng Ama.

**(5) Hindi nagtitiwala sa kanilang kayamanan ang mamamayan ng kaharian o nag-aalala kaya sa kanilang mga pangangailangan**.

Sa halip, nagtitiwala sila sa suporta ng Ama sa langit.

**(6) Hindi humahatol sa iba ang mga mamamayan ng kaharian**.

Gayunman, maingat sila sa pagkilatis sa masamang bunga ng mga bulaang tagapagturo.

**(7) May kumpiyansa sa kanilang panalangin ang mamamayan ng kaharian.**

May kumpiyansa sa kanilang panalangin ang mamamayan ng kaharian dahil nalalaman nila na ang kanilang "Ama na nasa Langit ay nagbibigay ng mabubuting mga bagay sa mga humihingi sa kanya!"

**(8) Nauunawaan ng mga mamamayan ng kaharian na mayroon lamang dalawang landas**.

Mayroong isang malapad na pintuan at isang makipot na pintuan. Mayroong isang mabuting puno at isang masamang puno. Mayroong isang matalinong tagapagtayo at isang hangal na tagapagtayo. Nakauunawa ang mga mamamayan ng kaharian.

### Pamumuhay Ayon sa Mga Prinsipyo ng Kaharian

> "Ang Pangaral sa Bundok ay isang babala laban sa pagmamahal na may ibang intensiyon, pagmamahal para sa sariling pakinabang o di-pagpansin sa tawag sa tunay na katuwiran, Tunay, ang pangaral ay isang panawagan upang ipakita ang klase ng kapatawaran, pagbibigay, pasasalamat, at mahabaging pag-ibig na katulad ng Dios."
>
> \- Darrell Bock

Paano tayo mamumuhay ayon sa mga prinsipyo ng Pangaral sa Bundok? Ang susi ay Mateo 5:48. Ang mga mamamayan sa kaharian ay tinatawag na maging katulad ng ating Ama sa langit. Ganoon kasimple ang katuruan ni Hesus – at ganun din kahirap. Tanging ang biyaya ng Dios ang nagbibigay lakas sa atin upang makapamuhay ayon sa katuruan ni Hesus. Sa ating sariling kalakasan, hindi tayo kailanman makapamumuhay ayon sa mga hinihingi ng Pangaral. Tanging ang Espiritu ang makagagawa ng paraan upang maging posible ang buhay sa kaharian.

Dapat nating maunawaan ang prinsipyong ito kapag ipinapangaral natin ang Pangaral sa Bundok. Kung ipinapangaral natin ang Pangaral bilang isang batas lamang, maiiwan ang mga tao na frustrated at pinanghihinaan ng loob. Tanging kapag ipinapangaral natin ang Pangaral bilang modelo para sa buhay sa kaharian—ipinagkaloob ng biyaya ng Dios, binili ng sakripisyo ng Anak at binibigyang lakas ng Banal na Espiritu—na ang Pangaral sa Bundok ay nagiging tunay na ebanghelyo, "mabuting balita."

► Pagkatapos basahin ang Pangaral sa Bundok at pagbalik-aralan itong buod, talakayin:

- Aling mga katuruan mula sa Pangaral ang pinakamahirap para sa mga Kristiyano sa inyong lipunan?
- Aling mga katuruan mula sa Pangaral ang pinakamahirap para sa iyo bilang isang tagapangunang Kristiyano?

## Ang Misteryo ng Kaharian: Mga Talinhaga ng Kaharian

Nalalaman ng mga tagapagturong Judio na mas maaalala natin ang mga kuwento nang mas matagal kaysa maaalala natin ang mga propositional statements. Dahil dito, ang mga talinhaga ay isang popular na paraan ng pagtuturo para sa mga rabbi na Judio. Gumamit si

Jesus ng mga talinhaga upang ipahayag ang malalalim na katotohanan tungkol sa kaharian ng Dios.

Sa simula ng kanyang ministeryo, ang paggamit ng mga talinhaga ay naging paraan upang maturuan ni Hesus ang kanyang mga disipulo habang umiiwas sa direktang di pagkakaunawaan sa kanyang mga kaaway. Sa paglipas ng panahon, direkta nang kinokompronta ni Hesus ang mga tagapagturong ito, ang kanyang pukos ay ang pagtuturo sa mga disipulo.

Maraming tao ang nakarinig sa mga talinhaga subalit hindi nakaunawa. Sila'y "nakarinig subalit hindi nakaunawa"; sila'y "nakakikita subali't hindi nauunawaan". Bakit? Dahil pinatigas na nila ang kanilang mga puso. Ihinula na ni Isaias:

"Ang puso ng mga taong ito ay naging mapurol at ang kanilang mga tenga ay halos hindi makarinig, at ang kanilang mga mata ay ipinikit nila, at malibang makakita sila gamit ang kanilang mga mata, at makarinig gamit ang kanilang mga tenga at umunawa gamit ang kanilang mga puso at magbalik-loob, at sila'y aking pagagalingin."[181]

Sa pamamagitan ng mga talinhaga, naturuan ni Hesus ang mga taong bukas ang mga pandinig.

Inihayag ng Mateo 13 ang serye ng mga talinhaga tungkol sa "mga lihim ng kaharian".[182] Ang mga talinhagang ito ay naghahayag ng kalikasan ng kaharian ng Dios sa mga tagasunod ni Hesus, samantalang ikinukubli ang kanyang mga katuruan mula sa mga tagapangunang hindi naniniwala.

► Basahin ang Mateo 13:1-52. Sa iyong pag-aaral sa bawat talinhaga, ibuod ang pangunahing tema sa isa o dalawang pangungusap. Sa bawat talinhaga, humanap ng isang aplikasyon para sa ministeryo sa ngayon. Tinapos ko na ang unang talinhaga bilang halimbawa.

---

[181] Mateo 13:15, binabanggit ang Isaias 6:9.
[182] Mateo 13:11.

| Mga Talinhaga ng Kaharian | | |
|---|---|---|
| **Talinhaga** | **Tema** | **Aralin para sa Ministeryo Ngayon** |
| **Ang Maghahasik** | Ang ating tugon sa binhi ang magsasabi ng kanyang pagiging mabunga. | Habang ako'y nangangaral at nagtuturo, dapat akong magtiwala sa Dios para sa mga resulta. Hindi ako responsable para sa ani; responsible ako na matapat na maghasik ng binhi. |
| **Ang Mga Damo** | | |
| **Ang Buto ng Mustasa** | | |
| **Ang Lebadura** | | |
| **Ang Nakatagong Kayamanan** | | |
| **Ang Perlas na May Malaking Halaga** | | |
| **Ang Lambat** | | |
| **Ang Panginoon sa Tahanan** | | |
| **Ang Sampung Minas** (Lucas 19:11-27) | | |

### Ang Talinhaga ng Maghahasik (Mateo 13:3-9, 18-23; Lucas 8:5-18)

Ang unang talinhaga sa seryeng ito ng mga talinhaga tungkol sa kaharian ay nagtuturo na ang ating tugon sa binhi ang siyang magtatakda ng pagiging mabunga nito. Sa kaharian sa langit, ang ilan ay maniniwala at magbubunga samantalang ang iba ay tatangging maniwala o kaya'y tatalikod na rin pagkatapos ng unang pagtugon.

Ang talinhagang ito ay maaari ring tawagin na talinhaga ng mga lupa dahil ito ay isang kuwento tungkol sa iba't-ibang klase ng lupa, hindi iba't-ibang tagapaghasik. Sa bawat halimbawa, pareho lamang ang binhi at ang tagapaghasik; ang naiba ay ang lupa. Sa ating pagpapahayag ng mensahe ng kaharian, hindi tayo dapat magulat kapag ang ilang tagapakinig ay hindi gaanong tatanggap tulad ng iba. Hindi tayo dapat panghinaang ng loob. Itinuro ni Hesus na may mga tagapakinig na magiging mabungang lupa samantalang ang iba ay patitigasin ang kanilang sarili laban sa Salita.

Ang konklusyon ni Lucas sa talinhaga ng manghahasik ay nagpapaklita ng ito ay isang talinhaga tungkol sa pakikinig sa katotohanan. "Mag-ingat kayo kung paano kayo nakikinig, dahil kung sino ang mayroon na, bibigyan pa siya, at sa taong wala na, kahit ang iniisip niyang nasa kanya na ay aalisin pa."[183] Kapag positibong tumutugon ang isang tao sa katotohanan, tumatanggap sila ng higit pang katotohanan. Bago mgbigay ng iba pang talinhaga sa pangaral, tinuruan ni Hesus ang kanyang mga tagapakinig kung paano makikinig bilang matabang lupa.

### Ang Talinhaga ng mga Damo (Mateo 13:24-30, 36-43)

Inaasahan ng mga Judio na ang kaharian ng Dios ay magdadala ng agarang paghatol sa mga masasama. Inihanda ni Hesus ang kanyang mga disipulo para sa isang pansamantalang panahon kung saan ang mga mananampalatay at hindi mananampalataya ay magkasamang namumuhay sa mundo. Sa kuwentong ito, "ang bukid ay ang mundo."[184] Tanging "sa wakas ng panahon" iipunin ng mga anghel ang mga damo at susunugin sila sa apoy. Ang kaharian ng Dios ay mabubuo sa takdang panahon ng Dios, hindi sa takdang panahon ng tao.

### Ang Talinhaga ng Buto ng Mustasa (Mateo 13:31-32)

Walang sinumang nagmamasid sa ministeryo ni Hesus ang nakakahula sa paglaganap ng iglesya sa buong mundo. Ang mga disipulo ay walang pinag-aralan, mahihirap lamang at natatakot. Kulang sila sa karisma, kalagayan o posisyon sa lipunan, o kapangyarihang pulitikal. Katulad sila ng maliit na "buto ng mustasa". Subali't kung paanong ang isang maliit na buto ng mustasa ay tumubo at naging malaking puno o bush, ang kaharian ng Dios ay umabot rin sa buong mundo.

---

[183] Lucas 8:18.
[184] Mateo 13:38.

Maaaring nagulat ang mga tagapakinig ni Hesus na marinig siyang ihambing ang kaharian ng Dios sa isang buto ng mustasa. Inasahan ng mga guro na Judio na ang kaharian ng Dios ay darating na may kapangyarihan at kaluwalhatian. Umasa sila sa pagpapakita ng paghatol sa mga makasalanan; umasa sila sa isang pag-aalsang militar laban sa Roma; umasa sila sa panlipunang pag-aalsa habang itinatatag ang bagong kahariang Judio. Sa halip, inihanda ni Hesus ang kanyang mga disipulo para sa isang hindi kapansin-pansing simula ng kaharian.

Kapag binabasa natin ang Bagong Tipan, maaari nating malimutan na hindi ganun kahalaga ng Judea sa unang siglo. Ang Judea ang sentro ng Bagong Tipan, subali't malayo ito sa pagiging sentro ng mundo sa unang siglo. Isipin ninyo ang kapitolyo ng inyong bansa. Hindi ito ang tungkulin ng Judea sa unang siglo, ang pangungunang iyon ay sa Roma. Umisip kayo ng isang lungsod na may dakilang unibersidad at sistemang pang-edukasyon. Hindi ito ang tungkulin ng Judea sa unang siglo; ang tungkuling iyon ay sa Athens o Alexandria.

Ang Judea ay hindi mahalaga sa paksang pampulitika; hindi ito mahalaga para sa ekonomiya; hindi ito mahalaga sa lipunan. Isipin ang isa sa pinakahindisikat na bayan sa inyong bansa; iyan ang lugar ng Judea sa Imperyong Romano.

Ang talinhaga ng buto ng mustasa ay nagpakita ng pag-unlad ng kaharian ng Dios mula sa maliit na grupo ng mga lalaki mula sa maliit na sulok ng Imperyo ng Roma hanggang sa puno na nakaabot sa lahat ng bansa.[185] Itinuro ng mga rabbi na Judio na ang kaharian ng Dios ay limitado lamang para sa mga Judio; itinuro ni Jesus na ang kaharian ng Dios ay aabot hanggang sa dulo ng mundo.

### Ang Talinhaga ng Lebadura (Mateo 13:31-32)

Ang talinhaga ng lebadura ay naglalarawan ng supernatural na paglago ng kaharian. Bagaman ang lebadura ay karaniwang may negatibong kahulugan sa Kasulatan,[186] ginamit ni Jesus ang lebadura bilang isang simbolo ng paglaganap ng kaharian. Ang tatlong sukat ng yeast ay maaaring makagawa ng tinapay para sa isang daang tao. Sa kabila ng di-kahalagahang simula, ang kaharian ay lumago at naging napakamakapangyarihan.

Ang talinhaga ng lebadura ay nagpapakita ng nagpapatuloy na paglago ng kaharian. Hindi nakakatakaw-pansin ang lebadura; hindi ito sumasabog tulad ng dinamita; matahimik itong humahalo sa masa ng tinapay. Itinuro ng mga rabbi na Judio na ang kaharian ng Dios ay ipapakilala gamit ang mga tanda sa buong mundo; ipinakita ni Hesus na ang kaharian ay lalago nang dahan-dahan, subali't tuloy-tuloy, hanggang ito'y umabot sa buong mundo.

---

[185] Sa Daniel 4:12 at Ezekiel 31:6, ang mga ibong nakadapo sa isang puno ay kumakatawan sa dakilang kaharian na umaabot sa maraming bansa.
[186] Mateo 16:6; 1 Cor. 5:6-7.

**Ang Talinhaga ng Nakatagong Kayamanan at ang Perlas ng May Malaking Halaga (Mateo 13:44-46)**

Ang dalawang talinhagang ito ay tungkol sa kaligayahan sa kaharian. Sa dalawang ito, may isang lalaking nakatagpo ng isang bagay na may malaking halaga kaya't ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian at binili iyon." Ang focus ng mga talinhaga ay hindi ang sakripisyo ng lalaki, kundi ang kanyang kaligayahan nang matagpuan ang isang bagay na may malaking halaga. "Sa kanyang kaligayahan, siya'y umuwi at ipinagbili ang lahat." Ang mga tunay na disipulo ay *nagdiriwang* upang ibigay ang lahat upang sumunod kay Cristo.

Ang mga talinhagang ito ay nagpakita ng napakataas na halaga ng kaharian. Ang kaharian ng Dios ay nakakaapekto sa ating attitude sa kabuuan ng buhay. Sa ibang lugar, sinabi ni Jesus na "kung ang iyong mata ang nagiging dahilan upang ikaw'y magkasala, dukitin mo ito. Mas mabuti para sa inyo na pumasok sa kaharian ng Dios nang isa ang mata kaysa may dalawang mata na mapatapon sa Impiyerno."[187] Ang pagpasok sa kaharian ng Dios ay mas mahalaga pa sa anumang sakripisyo sa mundo.

**Ang Talinhaga ng Lambat (Mateo 13:47-50)**

Ang mga bangkang pangisda sa Dagat ng Galilea ay naghahatak ng malaking lambat, humuhuli ng isda, nakakain man o hindi. Sa pagbalik nila sa pampang, ihinihiwalay ng mga mangingisda ang mabubuting isda sa masasamang isda.

Tulad ng talinhaga ng mga damo, ang talinhagang ito ay nagpaalala sa mga disipulo na ang paghatol ay darating "sa katapusan ng panahon." Sa halip na umasa sa dagling paghatol, dapat nilang ipangaral ang kaharian dahil alam nila na ang Dios, sa kanyang takdang panahon, ay hahatol sa masasama at sa matuwid. Magkakaroon ng pagwakas na paghatol na maghihiwalay ng mabuti mula sa masama, subalit kailangan nating ipaubaya ang takdang panahon sa Dios.

**Ang Talinhaga ng Panginoon ng Bahay (Mateo 13:51-52)**

Sinimulan ni Hesus ang seryeng ito ng mga talinhaga sa pagtuturo sa mga disipulo na sila ay dapat maging matabang lupa. Tinapos niya ang serye sa pagtuturo sa kanila ng kanilang tungkulin na ibahagi ito sa iba. "Ang bawat eskriba na nasanay na" ay dapat maglabas mula sa kanyang kayamanan ng isang bagay upang turuan ang iba. Hindi tayo natututo para sa ating sariling pakinabang lamang. Ang mga disipulo ay sinanay upang sila man ay makapagsanay rin ng ibang disipulo.

**Ang Talinhaga ng Sampung Minas (Lucas 19:11-27)**

► Basahin ang Lucas 19:11-27.

---

[187] Marcos 9:47.

Ang talinhagang ito ay nagmula sa Lucas, subali't si Mateo ay nagsama ng katulad na talinhaga na ibinigay ni Hesus sa kanyang Pangaral sa Bundok ng Olibo. Ibinigay ni Hesus ang talinhaga ng sampung dalaga nang siya'y malapit sa Jerusalem, "dahil inakala nila na ang kaharian ng Dios ay agad agad na lilitaw."

Habang palapit si Hesus sa Jerusalem, ang mga tao ay lalong naging masigasig sa kanilang inaasahang isang pampulitikang Mesiyas. Ibinigay ni Hesus ang talinhagang ito upang turuan ang kanyang mga disipulo na manatiling matapat habang sila'y naghihintay para sa kaharian. Hindi nila dapat pag-ingatang itago ang ibinigay ng Panginoon sa kanila; sa halip, kailangan nilang gamitin ang kanilang ari-arian para sa pagsulong ng kaharian.

## Ang Katuparan ng Kaharian

► Basahin ang Mateo 24-25.

Karamihan sa mga unang katuruan ni Hesus ay nakatuon sa agarang inagurasyon ng kaharian. Habang palapit siya sa katapusan ng kanyang ministeryo sa lupa, nangusap si Hesus ng mas marami tungkol sa katuparan ng kaharian sa mga huling panahon. Ang Pangaral sa Bundok ng Olibo sa Mateo 24 at 25 ay ang pinakamahabang turo tungkol sa hinaharap na katuparan ng pangako ng kaharian.


### Mas Malapit na Pagtingin: Ang Templo ni Herodes

Noong 19 B.C., sinimulan ni Herod the Great ang malawakang pag-aayos sa templo.[188] Ang templong ito, na nabuo noong 516 B.C. ni Zerubbabel, ay mas maliit at mas simple kaysa sa orihinal na templo ni Solomon. Ninais ni Herodes na ibalik ang templo sa dati nitong ganda. Nagsimula siya ng isang construction project na tumagal ng mahigit 8 taon. Nagtalaga si Herodes ng 10,000 mahuhusay na manggagawa para sa pagtatayo at nagsanay ng 1,000 Levita upang magtrabaho sa mga bahagi ng templo na hindi bukas para sa karaniwang Judio.

Ninais ni Herodes na maalala siya bilang ang tagapagtayo ng pinakadakilang templo sa mundo. Sa panahon ng pagmiministeryo ni Jesus, nagpapatuloy pa ang trabaho sa apatnapu't anim na taon.[189] Ang buong complex ng templo ay hindi nabuo hanggang 63 A.D. –at nagiba pitong taon lamang pagkalipas kasunod ng pagsakop sa Jerusalem ng Romanong Heneral Titus noong 70 A.D.

---

[188] "Temple Comparison" larawan, copyright Faithlife / Logos Bible Software (www.logos.com). Ginamit nang may pahintulot.
[189] Juan 2:20.




[190]Sa panahong natapos na ang "Templo ni Herodes", ito ay halos doble na sa laki sa templo ni Solomon at may sapat na espasyo para sa libu-libong Judiong manlalakbay/pilgrims na dumarating sa Jerusalem para sa mga kapistahan. Ito ay isa sa mga dakilang kahanga-hangang istruktura ng Imperyong Romano.

Sa huling linggo ni Hesus sa Jerusalem, ang mga "disipulo ay dumating upang ituro sa kanya ang mga gusali ng templo." Dahil ang pagtatayo ng templo ay nagpapatuloy pa, marahil itinuturo nila ang isng bahagi na nabago simula noong huling beses silang dumalaw sa templo.

Tumugon si Hesus sa isang propesiya tungkol sa pagkawasak ng templo, "Nakikita ninyo ang lahat ng ito, di ba? Tunay na tunay, sinasabi ko sa inyo, walang isa mang bato ang maiiwan dito na nakapatong sa isa pa na hindi itatapon sa ibaba." Nagtanong uli ang mga disipulo, "Sabihin po ninyo sa amin, kailan magaganap ang mga bagay na ito, at ano ang mga tanda ng iyong pagdating at ng wakas ng panahon?"

Ang tanong ng mga disipulo ay may dalawang bahagi; ang tugon ni Hesus ay may dalawang bahagi. Kung paanong ang mga propesiya sa Lumang Tipan ay naghahayag ng malapit at

---

[190] "Temple Comparison" was created by SGC with a photo by Ricardo Gandelman (CC BY 2.0) and temple plans from EB Vol. IV and Gal m, available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52345523784, public domain (CC0).

malayong mga aspeto, ang propesiya ni Hesus ay naglalaman ng ilang pangyayari na magaganap sa nalalapit na panahon at ilan na mangyayari sa "wakas ng panahon."

- Itinanong ng mga disipulo, "Kailan magaganap ang mga bagay na ito?" "Ang mga bagay na ito" (ang pagkawasak ng templo hanggang "walang isa mang matitirang bato na nakapatong sa iba pang bato") ay naganap noong 70 A.D.
- Itinanong ng mga disipulo, "Ano ang magiging tanda ng inyong pagdating at ng wakas ng panahon?" Inihayag ni Hesus ang muling pagbalik sa hinaharap ng "Anak ng Tao na dumarating sa mga ulap ng kalangitan nang may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian."[191]

Ipinakita ni Hesus na kabilang sa kaharian ang lahat ng tao mula sa lahat ng bansa, kapwa Judio at Hentil. Ipinakita niya na ibibilang ang mga Hentil sa kaharian dahil ito ang plano ng Dios "mula pa sa pundasyon ng mundo."[192] Ang kaharian ng Dios ay ang walang hanggang plano ng Dios para sa kanyang bayan.

Ang dalawang talinhaga sa Pangaral sa Bundok ng Olibo ay nagtuturo na dapat tayong maging matapat habang hinihintay natin ang kaharian. Ang limang hangal na mga dalaga ay naghintay—subali't walang sapat na paghahanda. Ang lingkod na may isang talento ay naghintay—subali't hindi tama ang pagiging katiwala. Bilang mga mamamayan ng kaharian, tinawag tayo upang maging matapat at matiyaga sa paglilingkod sa Hari.

Sa huling paghuhukom, magaganap ang paghihiwalay ng mabuti at masama na ipinangako sa Mateo 13. Ang pangunahing aralin ay hindi tungkol sa kung kailan at paano magaganap ang paghuhukom na ito. Sa halip, ang itinuturo ni Hesus ay tungkol sa kung paano dapat mamuhay sa *kasalukuyan* ang mga mamamayan ng kaharian bilang paghahanda sa huling paghuhukom. Sa araw na iyon, ang Hari ay magsasabi, "Tunay, sinasabi ko sa inyo, kung ano ang ginawa ninyo sa pinakaaba sa aking mga kapatid, ginawa ninyo iyon sa akin." Dapat tayong mamuhay na palagiang handa para sa pagbalik ng Hari. Dapat tayong matagpuang matapat sa kanyang pagbabalik.

## Aplikasyon: Ang Katumbas na Halaga ng Pagiging Disipulo

► Basahin ang Lucas 9:21-27.

Ang pagiging mamamayan ng kaharian ng Dios ay tanging sa biyaya lamang. Hindi tayo nagiging mamamayan ng kaharian sa pamamagitan ng mabubuting mga gawa. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na walang katumbas na halaga ang buhay ng pagiging disipulo. Sa Lucas 9, itinuro ni Hesus sa kanyang mga tagasunod ang tungkol sa halaga ng pagiging disipulo.

---

[191] Mateo 25:31.
[192] Mateo 25:34.

Isinulat ni Dallas Willard na ang, "Biyaya ay hindi salungat sa pagsisikap; ang biyaya ay salungat sa isiping kaya nating kitain ang pagiging disipulo."[193] Ang mga pagsisikap natin bilang disipulo ay hindi salungat sa biyaya. Sa katotohanan, ang tanging paraan na mayroon tayong kakayahang ipagpatuloy ang pagiging disipulo ay *dahil* sa biyaya ng Dios.

Pansinin ang pattern ng pagtuturo ni Hesus: **ang krus at pagkatapos ay kaluwalhatian**.

- Ihinula ni Hesus ang kanyang kamatayan at muling pagkabuhay (Lucas 9:21-22). Ito ang halagang ibinayad ni Hesus upang pagkalooban tayo ng pagkamamamayan sa kaharian.

- Sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagasunod kung ano ang katumbas na halaga ng maging kanyang disipulo (Lucas 9:23-25). "Kung ang sinuman ay susunod sa akin, kalimutan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus sa araw-araw at sumunod sa akin." Hinarap ni Hesus ang krus upang itatag ang kaharian; dapat nating pasanin ang krus kung nais nating mamuhay sa kaharian.

- Nagsalita si Hesus tungkol sa kaharian ng Dios (Lucas 9:26-27). "Dahil kung ikakahiya ako ng sinuman at ang aking salita, ikakahiya rin siya ng Anak ng Tao kapag siya'y dumating sa kanyang kaluwalhatian at sa kaluwalhatian ng Ama at ng mga banal na anghel."

Hindi tayo maaaring makihati sa kaluwalhatian ng kaharian nang hindi nakikihati sa krus. "Ibinaba" ni Hesus ang kanyang sarili…hanggang kamatayan, kahit sa kamatayan sa krus. **Samakatuwid**, siya ay lubusang niluwalhati ng Dios…."[194]

Bilang mga anak ng Dios, susundan natin ang parehong huwaran. "At matapos ninyong **magtiis** ng sandaling panahon, ang Dios ng lahat ng biyaya, na tumawag sa inyo sa **kanyang walang hanggang kaluwalhatian** kay Cristo…"[195] Ito ang hugis ng buhay sa kaharian. Nagdusa si Cristo sa krus bago siya itaas sa kaluwalhatian. Dapat "pasanin" ng kanyang mga tagasunod "ang krus" bago ma-enjoy ang "kanyang walang hanggang kaluwalhatian."

Hinanap ni Hesus ang mga disipulong nagtatalaga ng sarili. Hindi niya kailangan na ang disipulo ay may matalinong kaisipan; kailangan lamang niya na magkaroon sila ng matapat na puso. Ano ang katumbas na halaga ng pagiging isang disipulo? "Kung ang sinuman ay susunod sa akin, iwan niya ang kanyang sarili at pasanin ang krus araw-araw at sumunod sa akin."

---

[193] Dallas Willard, *The Great Omission: Reclaiming Jesus's Essential Teachings on Discipleship*(New York: HarperOne, 2006).
[194] Filipos 2:8-9.
[195] 1 Pedro 5:10.

1. **Dapat itakwil ng disipulo ang kanyang sarili**. Mahirap magsabi ng "hindi" sa sarili.
2. **Dapat pasanin ng disipulo ang kanyang krus**. Nauunawaan ng mga tagasunod ni Jesus na ang krus ay nangangahulugan ng kamatayan. Kinakatawan ng krus ang paghihirap at kahihiyan. Subali't ang mga unang Kristiyano ay nakakaalam na ang pagdidisipulo ay nangangailangan ng krus. Sa paglalakbay ni Ignatius sa Roma upang mamatay bilang isang martir, sinabi niya, "Nagsisimula na akong maging isang disipulo." Nangangailangan ng krus ang pagdidisipulo.
3. **Dapat *manatiling* sumusunod kay Hesus ang disipulo sa karakter at sa ugali**. Ang salitang "sumusunod" ay sa pangkasalukuyan at nagpapatuloy."

Makatwiran ba ang katumbas na halaga ng pagdidisipulo? Nagbigay si Hesus ng tatlong dahilan upang maging disipulo. Nakakapagtaka lamang, ito ang mismong mga dahilan kaya't maraming tao ang *umiiwas* sa pagdidisipulo. Bakit natin dapat ibigay ang katumbas na halaga ng pagdidisipulo?

1. *Pagiging Ligtas*. Ang sinumang nagsisikap na iligtas ang kanyang sarili sa pag-iwas sa krus ay mamamatay. (Lucas 9:24).
2. *Tunay na kayamanan*. Ang sinumang tumatanggi na makilala kasama ni Cristo ay mawawalan ng lahat (Lucas 9:25).
3. *Gantimpala*. Tanging ang mga sumusunod kay Cristo ang tatanggapin sa kaharian. (Lucas 9:26-27).

► Basahin ang Lucas 14:25-33.

Pinalawak pa ni Jesus ang kanyang pagtuturo sa pagdidisipulo. Ang kanyang mga tagubilin ay hinati-hati sa tatlong seksiyon:

1. Ang halagang katumbas ng pagdidisipulo (Lucas 14:26-27)
2. Ang kahangalan ng pagiging isang disipulo nang hindi binibilang ang katumbas na halaga (Lucas 14:28-32)
3. Isang paalala sa halaga ng pagdidisipulo (Lucas 14:33)

Kung ikaw ay bibili ng kotse, kung minsan itinatago ng ahente ang tunay na halaga. Sasabihin niya, "Tingnan mo ang magandang sasakyang ito!" "Pakiramdaman mo ang lakas ng sasakyang ito!" Tanging pagkatapos mong magustuhan nang husto ang sasakyan at tsaka niya sasabihin sa iyo ang presyo.

Hindi naghandog si Hesus kailanman sa kanyang mga tagasunod ng madaling daan patungo sa kaharian. Nagsimula siya sa nakalagay na presyo:

"Kung ang sinuman ay lumapit sa akin subali't hindi kinamumuhian ang sariling ama at ina at asawa at mga anak at mga kapatid na lalaki at kapatid na babae, oo at maging ang kanyang sariling buhay, hindi siya maaaring maging disipulo ko. Sinumang hindi magpasan ng kanyang sariling krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging disipulo ko."

Ang salitang "mamuhi" ay isang idyomang Judio na medyo iba sa ating salitang Ingles. Ang "mamuhi" sa isang bagay ay nangangahulugang mahalin ito ng mas kaunti kaysa iba pang bagay. Sinasabi ni Hesus, "Hindi ka maaaring maging disipulo ko malibang mahalin mo ako nang higit pa sa iyong sariling ama, ina, asawa, anak, kapatid na lalaki o babae, kahit ang iyong sarili mismo!"

Magkano ang halagang katumbas ng pagiging disipulo? Ang lahat lahat! Ang pagiging disipulo ni Cristo ay higit pa sa pakikibahagi sa kaligayahan sa mga propesiya tungkol sa Mesiyas; nangangailangan din ito ng pakikibahagi sa krus.

► Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagbibigay ng tatlong dagdag na kundisyon sa pagiging disipulo. Basahin ang Juan 8:3; 13:35; at 15:8. Batay sa mga kundisyon para sa pagdidisipulo sa Lucas at Juan, nagdidisipulo ka ba sa iyong ministeryo?

## Konklusyon: Ano ang Kaharian ng Dios?

Hanggang sa muling pagbalik ni Cristo, hindi natin mauunawaan ang lahat ng detalye ng kanyang katuruan tungkol sa kaharian. Gayunman, ang mga Ebanghelyo ay nagpapakita ng maraming katangian ng kaharian ng Dios:

- Ang kaharian ng Dios ay isang espirituwal na kaharian. "Dahil ang kaharian ng Dios ay hindi tungkol sa pagkain at pag-inom kundi tungkol sa katuwiran at kapayapaan at kaligayahan sa Banal na Espiritu."[196] Ang bagong kapanganakan ay nagliligtas sa atin sa kapangyarihan ni Satanas at tayo'y nagiging bahagi ng kaharian ng Dios.
- Makakabilang sa kaharian ng Dios ang pisikal at pulitikal na paghahari sa wakas ng panahon.
- Unibersal ang kaharian ng Dios; hindi ito limitado sa bayang Judio lamang.
- Ang kaharian ng Dios ay "pwersa" hindi "lugar". Ito ang kapangyarihan ng Dios na kumikilos sa mundo, hindi isang pisikal na lokasyon. Sa talinhaga ng 10 minas, ang kaharian ay ang awtoridad upang maghari, hindi ang geographic na lokasyon.[197]
- Ang kaharian ng Dios ay sobrenatural. Inihahasik ng tao ang binhi; hindi niya iyon mapatutubo. Ang kaharian ay lumalago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios.

---

[196] Rom. 14:17.
[197] Lucas 19:11. Ang "mina" ay isang yunit ng pera noon, katumbas ng halos tatlong buwan na sahod para isang mangagawa.

- Ang kaharian ng Dios ay higit pa sa isang malabong pag-asa sa hinaharap; ito ay isang reyalidad/katotohanan sa kasalukuyan na humihingi ng dagliang pagtugon.
- Ang kaharian ng Dios ay sinimulan sa pamamagitan ng ministeryo ni Hesus. Ang kanyang kapangyarihan laban sa maga demonyo ay nagpapakita ng tagumpay ng kaharian ng Dios laban sa kaharian ni Satanas.
- Ang kaharian ng Dios ay nagpapatuloy sa pagsulong sa pamamagitan ng gawain ng iglesya. Ang Sermon sa Bundok ay nagpapakita kung paano tinatawag upang mamuhay ang mga mananampalataya sa kasalukuyang panahon.
- Ang kaharian ng Dios ay matutupad ng lubusan sa huling pagbabalik ni Cristo upang maghari sa kaluwalhatian. Mawawasak ang kapangyarihan ni Satanas at ang Dios ay maghahari magpasawalanghanggan.

*Sa Apendiks ay isang sermon, "Ang Ebanghelyo ng Kaharian." Basahin ito bago magpatuloy sa Aralin 7.*

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Maghanda ng isang serye ng tatlong sermon batay sa Pangaral sa Bundok ni Hesus. Ang tema ng iyong mga mensahe ay: "Buhay sa Kaharian ng Dios." Ipakita kung paano tayo dapat mamuhay sa kasalukuyan bilang mga mamamayan sa kaharian ng Dios. Tiyakin na ipapangaral mo ang Mensahe bilang "mabuting balita." Ipakita kung paanong ang biyaya ng Dios ay nagbibigay ng kapangyarihan sa atin upang mamuhay bilang mga mamamayan sa kaharian ng Dios.

# Aralin 7
# Pag-ibig Tulad ni Jesus

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Kilalanin ang pagiging sentral ng pagmamahal/pag-ibig sa buhay at ministeryo ni Jesus.

(2) Nauunawaan na ang pagmamahal/pag-ibig sa Dios ay may kalakip na relasyon sa Dios, kaalaman sa Salita ng Dios at pagtitiwala sa kalooban ng Dios.

(3) Gayahin ang pagmamahal/pag-ibig ni Jesus para sa mga tao sa ministeryo.

(4) Pahalagahan ang kahalagahan ng nagpapatuloy na pagsuko sa Dios.

(5) Ipakita ang karakter ni Jesus sa pang-araw-araw na buhay.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Ang pag-ibig na tulad ni Cristo ang ating motibasyon para sa ministeryong tulad ni Cristo.

## Pasimula

Ang buong buhay at ministeryo ni Jesus ay dahil sa pag-ibig. Paulit-ulit na ipinakita niya na ang pag-ibig sa Dios at pag-ibig sa iba ang nasa sentro ng kanyang buhay at ministeryo. Kung susundan natin ang halimbawa ni Jesus, pag-ibig din ang dapat maging sentro ng ating buhay at ministeryo. Walang ibang lugar na ito'y mas malinaw kaysa sa talinhaga ng Mabuting Samaritano.

► Basahin ang Lucas 10:25-37.

Bago niya ibigay ang talinhagang ito, sinabi ni Jesus na "itinago ng Dios ang mga bagay na ito sa mga matatalino at nakauunawa at inihayag ang mga ito sa mga bata."[198] Ito ay nagtuturo ng mahalagang leksiyon tungkol sa espirituwal na pag-unawa. Ang pag-unawa sa mga espirituwal na katotohanan ay nangangailangan ng higit pa sa pag-aaral na pangkaisipan; nangangailangan ito ng espirituwal na rebelasyon. Ang katotohanan ng Dios ay simple lamang para maunawaan ng isang bata subali't ito'y sobrang malalim para sa isang iskolar.

Paano ito nangyari? Itinatago ba ng Dios ang katotohanan sa mga taong nagnanais dito? May dalawang prinsipyo sa sagot:

---

[198] Lucas 10:21.

1. **Inihahayag lamang ang espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu**. Isinulat ni Pablo na "walang sinumang nakauunawa sa kaisipan ng Dios maliban sa Espiritu ng Dios." Dahil dito, kailangan tayong "turuan ng Espiritu, na nagbibigay kahulugan sa mga espirituwal na katotohanan para sa mga espirituwal."[199]
2. **Ang espirituwal na katotohanan ay inihahayag lamang sa mga tagapakinig na handang tumanggap**. Ipinagpatuloy pa ni Pablo, "Ang natural na tao ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios, dahil kahangalan ang mga ito sa kanya, at hindi niya nauunawaan ang mga ito dahil ang mga ito ay nauunawaan lamang ayon sa espiritu."[200]

Ang talinhaga ng tagapaghasik ay nagpapakita na ang attitude ng tagapakinig ang nagtatakda sa pagiging mabunga ng binhi.[201] Tanging ang mga handang tumanggap sa katotohanan ang makauunawa sa katotohanan na kanilang naririnig.

Ang abogado sa Lucas 10:25 ay isang ilustrasyon sa tunay-na-buhay ng ikalawang prinsipyo. Ang tanong ng hukom ay hindi nagmula sa kauhawan sa katotohanan, kundi sa pagnanais na mabitag si Jesus; nais niyang "ilagay sa pagsubok si Jesus." Matapos niyang marinig ang sagot ni Jesus, ang tugon ng hukom ay hindi ang tugon ng isang matabang lupa. Sa halip, muli siyang nagtanong, na "nagnanais na bigyang katwiran ang kanyang sarili."

Alam na ng hukom ang sagot sa kanyang tanong, "Ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?" Nasusulat sa Batas ang sagot, "Mahalin mo ang Panginoon mong Dios nang iyong buong puso, ng buong kaluluwa at ng buo mong lakas at ng buo mong pag-iisip at ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili."

Ito ang puso ng modelo ni Jesus para sa atin. Ang mamuhay at magministeryo ng tulad ni Jesus, dapat nating mahalin ang Dios at mahalin ang ating kapwa tulad ng pagmamahal ni Cristo. Kung walang pag-ibig na tulad ni Cristo, ang alinman sa ibang aralin sa kursong ito ay wala nang halaga. Ang pananalangin, pangunguna, pagtuturo at pangangaral—kung walang pag-ibig, walang alinman sa mga bagay na ito ang mahalaga.

Marahil ito'y tila napakasimple. Maaari mong sabihin, "Siyempre, dapat nating mahalin ang Dios at mahalin ang mga tao. Alam ko na 'yan!" Subali't sa pang-araw-araw na dalahin ng ministeryo, maaaring mawala sa atin ang puso ng pagmamahal. Posibleng paglingkuran natin ang mga miyembro ng iglesya nang hindi sila minamahal. Posibleng pagsilbihan/paglingkuran ang ating mga pamilya nang hindi sila minamahal. Posibleng

---

[199] 1 Cor. 2:11, 13.
[200] 1 Cor. 2:14.
[201] Mateo 13:1-23. Pansinin lalo na ang 13:12. Ang sinumang tumatanggap ng katotohanan ay tumatanggap na lalo pang maraming katotohanan: "sa sinumang mayroon, sa kanya mas marami pang ibibigay." Ang sinumang tumatanggi sa katotohanan ay bulag maging sa katotohanang narinig na niya: "at sa kanya na wala pa, kahit ang nasa kanya na ay aalisin pa."

tumupad ng gawaing Kristiyano nang hindi minamahal ang Dios. Ang ating motibasyon sa ministeryong Kristiyano ay ang pag-ibig na tulad kay Cristo.

## Pagmamahal sa Dios tulad ng Pag-ibig ni Jesus

Ang paglilingkod ni Jesus sa sangkatauhan ay motivated ng kanyang pag-ibig sa Ama. Upang maiwasan ang burnout at pagkabigo sa ministeryo, ang ating paglilingkod sa mga tao ay dapat udyok ng pag-ibig sa Dios. Ang ministeryo nang walang pag-ibig sa Dios ay magiging hungkag at walang bunga.

May tatlong aspeto ng pag-ibig ni Jesus para sa Ama ang dapat magsilbing modelo para sa atin: relasyon, kaalaman at pagtitiwala.

### Pinanatili ni Jesus ang kanyang Malapit na Relasyon sa Kanyang Ama

Paulit-ulit, ang mga Ebanghelyo ay nagpakita ng malapit na relasyon ni Jesus sa kanyang Ama. Ito ay nakikita sa:

- Ang pangungusap ni Jesus sa kanyang mga magulang, "Hindi ba ninyo nababatid na dapat ako'y nasa bahay ng aking Ama?"[202]
- Ang malapit na panalangin ni Jesus sa Juan 17.
- Ang paghihinagpis ni Jesus sa krus, "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"[203]

Sa garden ng Gethesemane, tinukoy ni Jesus ang Dios gamit ang malapit na salita sa isang pamilya, "*Abba*, Ama."[204] Ito ang lengguwahe ng Anak na may katiyakan sa kanyang relasyon sa kanyang Ama.

Ang tradisyunal na panalangin ng mga Judio ay gumagamit ng maraming pangalan para sa Dios: Dios ni Abraham, Isaac at Jacob; Dios ng aming mga Ama; Ang Pinagpala; Ang Makapangyarihan; Manunubos ng Israel. Ginamit ni Jesus ang intimate na pangalang *Abba*. Namuhay si Jesus sa intimate na relasyon sa kanyang Ama.

Ginugol ni Kenneth E. Bailey ang maraming taon sa pagtuturo sa Gitnang Silangan. Isinulat niya na 'abba' ang unang salitang natututuhan ng mga bata sa Gitnang Silangan. *Abba* ang pangalan ginagamit ng bata para sa kanyang Ama.

Sinasabi ni Pablo na bilang mga anak ng Panginoon, tayo man ay may pribilehiyo na "umiyak, '*Abba*! Ama!'"[205] Hindi natin sinasamba ang Dios na nananatiling malayo. Sa halip, tulad ni Jesus tayo'y nabubuhay nang may katiyakan at komportable sa pag-ibig ng ating Ama.

---

[202] Lucas 2:49.
[203] Mateo 27:46.
[204] Marcos 14:36.
[205] Roma 8:15; Galacia 4:6.

Bilang mga pastor maaari tayong matukso na sukatin ang ating sarili gamit ang tayumpay ng ating ministeryo. Kung ang ating kahalagahan ay nagmumula sa laki ng ating iglesya, sa approval ng ating kongregasyon, o sa pagkilala ng ating mga kasamahan, tayo ay matutuksong isakripisyo ang integridad para sa tagumpay. Tayo ay panghihinaan ng loob kapag ang ating mga pagsisikap ay nabigo. Gayunman kung tayo ay nagtitiwala na minamahal tayo ng ating Abba anuman ang ating tagumpay, maaari nating iwan ang mga resulta sa Kanya. Ang Kanyang pag-ibig ay hindi nakadepende sa ating mga ginagawa.

**Nalalaman ni Jesus ang Kalooban ng Kanyang Ama**

Sa dulo ng kanyang ministeryo sa mundo, nagpatotoo si Jesus, "Natupad ko na ang gawaing ipinagkaloob mo upang tuparin ko."[206] Alam ni Jesus kung ano ang dahilan ng Ama sa pagsusugo sa kanya at itinalaga niya ang kanyang buhay sa pagtupad sa misyong ito.

Sa kanyang pagiging tao, natutuhan ni Jesus ang kalooban ng Ama sa pamamagitan ng pananalangin at sa pamamagitan ng Salita. Sa pamamagitan ng panalangin natagpuan ni Jesus ang kalooban ng Ama.

Natutuhan din ni Jesus ang kalooban ng Ama sa pamamagitan ng Salita. Sa Capernaum, binuod ni Jesus ang kanyang misyon bilang katuparan ng mga propesiya ni Isaias.[207] Nang sagutin niya ang mga mensaherong nagmula kay Juan Bautisa, ginamit si Jesus ang mga salita ni Isaias bilang ebidensiya para sa kanyang ministeryo bilang Mesiyas.[208] Alam ni Jesus ang Salita.

Sa buong Bagong Tipan, makikita natin ang mga Kristiyanong tumutukoy sa Kasulatan bilang tugon sa mga paghihirap. Sa pagharap sa pagiging martir, ang huling sermon ni Esteban ay pangunahing binubuo ng Kasulatang Lumang Tipan at ang katuparan nito kay Cristo Jesus.[209] Nang utusan ng mga lider na Judio ang mga Kristiyano na itigil ang pagpapahayag ng mensahe ni Jesus, nagsama-sama ang iglesya upang manalangin. Ang kanilang panalangin ay naglalaman ng mahabang pagbanggit mula sa Awit 2.[210] Alam ng mga unang mananampalataya ang Kasulatan. Ito ang kanilang natural na lengguwahe para sa pangangaral at sa pananalangin.

Sa kabuuan ng kasaysayan ng iglesya, ang mga mangangaral na bumago sa mundo ay mga lalaki ng Salita. Nagpatotoo si Martin Luther sa Diet of Worms, "Ako ay alipin ng Kasulatan at ang aking budhi ay bihag ng Salita ng Dios." Inilarawan ni John Wesley ang kanyang sarili bilang "Lalaki ng Isang Aklat." Sinabi ni Charles Spurgeon na ang mga mangangaral ay dapat kumain

> "Huwag kailanman hayaang palitan ng magagandang aklat ang lugar ng Biblia. Uminom mula sa balon!"
>
> -Amy Carmichael

[206] Juan 17:4.
[207] Lucas 4:18-19.
[208] Mateo 11:4-5.
[209] Mga Gawa 7:1-53.
[210] Mga Gawa 4:24-30; Awit 2:1-2.

ng mga Salita hanggang sa "ang mismong essence/kahulugan ng Biblia ay umaagos na mula sa iyo." Gumugol si Hudson Taylor ng napakaraming oras sa Salita kaya't ayon sa isang manunulat, "Ang Biblia ay ang kapaligiran kung saan nabuhay si Taylor." Binago ng mga lalaking ito ang kanilang mundo dahil ipinangaral nila ang Salita nang may awtoridad.

Kung tayo ay magmiministeryo nang tulad ni Jesus, ng mga unang Kristiyano, at ng mga dakilang tagapangaral ng kasaysayan, tayo rin ay dapat puspos ng Salita ng Dios. Ang Kasulatan ay ang supreme na awtoridad para sa ministeryo ni Juan.[211] Ipinanalangin ni Jesus na sana ma sanctify o ibukod para sa paglilingkod ang kanyang mga disipulo. Ito ay matutupad sa pamamagitan ng Salita: "Ibukod mo sila para sa iyo sa pamamagitan ng katotohanan, ang Salita mo ang katotohanan."[212] Naging epektibo sa ministeryo ang mga disipulo dahil sa Salita; nagiging epektibo tayo sa ministeryo dahil sa Salita.

Ginugol ni Ajith Fernando ang kanyang buhay sa pagmiministeryo sa Sri Lanka. Isinulat niya na nakasanayan na niya na hindi kailanman magbibigay ng anumang pangunahing pahayag sa pangangaral nang hindi ito ibinabatay sa Kasulatan. Napanatili nito na nakabatay sa Salita ang kanyang pangangaral. Bilang mga Kristiyano, kilala natin ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Bilang mga ministro, nagtatatag tayo ng matitibay na iglesya sa pamamagitan ng ministeryong nakabatay sa Salita ng Dios.

**Nagtiwala si Jesus Sa Kanyang Ama**

Ang relasyon ni Jesus sa kanyang Ama sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa ay maaaring bigyang buod sa mga salita ng kanyang panalangin sa Garden ng Gethsemane, "Gayunman, hindi ang aking kalooban, kundi ang iyong kalooban."[213] Ito ang pangungusap ng lubusang pagtitiwala at pagpapasakop.

Mahirap lubusang magpasakop sa kalooban ng isang taong hindi naman natin pinagtitiwalaan. Maaari tayong mapilitang magpasakop sa panlabas, subalit ang ating mga puso ay tumatangging magsuko ng pagkontrol sa taong hindi naman natin pinagtitiwalaan. Nagpasakop si Jesus sa kalooban ng Ama dahil sa kanyang lubos na pagtitiwala sa pag-ibig at kabutihan ng Ama.

► Basahin ang Juan 5:1-47.

Ang buong ministeryo ni Jesus ay nagpapakita ng lubos na pagtitiwala sa Ama. Nang tutulan si Jesus ng mga tagapangunang Judio dahil sa pagpapagaling sa isang lumpo sa araw ng Sabbath, siya'y tumugon:

"Pakatandaan ninyo na walang magagawa ang Anak sa kanyang sarili lamang; ang nakikita niyang ginagawa ng Ama ang siya lamang niyang ginagawa. Ang ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ng Anak…. Wala akong magagawa sa sarili ko lamang. Humahatol ako ayon

---

[211] 2 Tim. 3:16-17.
[212] Juan 17:17.
[213] Mateo 26:39.

sa sinasabi sa akin ng Ama, kaya't matuwid ang hatol ko, hindi ang sarili kong kalooban ang aking sinusunod, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."

Inangkin na ni Jesus na siya ay Dios: "Ang aking Ama ay nagtatrabaho hanggang ngayon, at ako ay nagtatrabaho." Subali't bagaman siya ay lubusang Dios, bukal sa loob na nagpasakop si Jesus na naging subordinate role sa kanyang misyon sa lupa. Pantay siya at ang Ama, subali't siya'y nagpasakop sa kalooban ng Ama.

Nang salungatin ng mga eskriba at Pariseo si Jesus mga ilang buwan pagkaraan noon, muli niyang ipinagtanggol ang Kanyang mga ginagawa sa pagtuturo sa awtoridad ng kanyang Ama: "Wala akong ginagawa sa aking sariling awtoridad, subali't nagsasalita kung ano ang sinasabi ng aking Ama."[214] Dahil pinagtitiwalaan niya ng lubos ang Ama, si Jesus ay buong pusong nagpapasakop sa kalooban ng Ama.

Ang pangunguna sa iglesya ay nangangailangan ng mahirap na pagbalanse. Maraming pastor at tagapanguna sa iglesya ang nagtataglay ng malakas na kakayahang mamuno. Bilang tagapanguna, mayroon silang malakas na opinyon at personalidad. Ito ay maaaring maging mahalagang kalakasan para sa isang tagapanguna. Gayunman, ang kalakasang ito ay dapat balansehin ng kagustuhang magpasakop tayo sa Dios. Malibang magpasakok tayo sa Dios nang may pagtitiwala, tayo ay natutuksong ipilit ang ating sariling paraan sa halip na magbigay-daan sa paraan ng Dios.

Marahil ang pinakamabuting halimbawa sa Biblia ay si Moses. Si Moses ay mababang-loob higit pa sa kaninumang tao sa balat ng lupa."[215] Malakas si Moses, subali't siya ay mababang loob. Hinarap niya ang Faraon, ang pinakamakapangyarihang lalaki sa Egipto. Pinangunahan niya ang matitigas ang ulong mga Israelita sa disyerto. Si Moses ay isang malakas na lider. Subali't iyon ay sa panahong nagpapasakop siya sa Dios. Kinakailangang ipasakop sa Dios ang ating natural na kalakasan para sa epektibong pamumuno sa iglesya. Posible lamang ito sa ating paglakad kasama ang Dios sa isang buhay ng pananampalataya at pagtitiwala.

► Sa tatlong aspetong ito ng pag-ibig sa Ama (relasyon, kaalaman ng kanyang Salita, at pagpapasakop ayon sa pagtitiwala) alin ang pinakamalaking personal na hamon para sa iyo?

### Mas Malapit na Pagtanaw: Inangkin ba ni Jesus Na Siya ay Dios?

Itinatanggi ng mga huwad na kulto tulad ng Mormonism at Saksi ni Jehovah, gayun din ang hindi Kristiyanong relihiyon tulad ng Islam na si Jesus ay tunay na Dios. Tinatanggap nila

---

[214] Juan 8:28.
[215] Mga Bilang 12:3.

na si Jesus ay isang dakilang guro o propeta, bilang ang unang nilikhang tao, at maging bilang ang Mesiyas. Subali't itinatanggi nila na siya ay tunay na Dios.[216]

Ang mga tagasunod ng mga relihiyong ito ay madalas na inaangkin, "Hindi kailanman inangkin ni Jesus na siya ay Dios. Sinabi niya na siya ay isang anak ng Dios sa parehong paraan na ang bawat isa sa atin ay mga anak ng Dios."

Inangkin ba ni Jesus na siya ay Dios? Oo. Naunawaan ng mga nakarinig kay Jesus ang kanyang mga inaangkin. Nang tukuyin ni Jesus ang Dios bilang "Aking Ama", tinangka siyang patayin ng mga tagapangunang Judio. Bakit? "Ito ang dahilan kung bakit lalong nagpipilit ang mga Judio na patayin siya, dahil hindi lamang niya nilalabag ang Sabbath, kundi tinatawag pa niya ang Dios bilang kanyang sariling Ama, na siya'y nagiging kapantay ng Dios."[217]

Sa isa sa pinakamalinaw na pag-angkin ni Jesus na siya ay Dios, sinabi niya sa mga lider na Judio, "Tunay na tunay na sinasabi ko sa inyo, bago pa si Abraham, Ako Nga."[218] Ito ang mga salitang ginamit ng Dios upang ipahayag ang kanyang sarili kay Moses sa nagliliyab ng puno: "Sabihin mo ito sa mga Israelita: Sinugo ka ni AKO NGA sa inyo."[219] Sa mga salitang ito inaangkin ni Jesus na siya ang Dios na nagpakita kay Moses. Tiyakang nalalaman ng mga tagapangunang Judio kung ano ang tunay na ibig sabihin ni Jesus. Bilang tugon sila'y " pumulot ng bato" upang siya'y patayin. Ito ang angkop na parusa sa pamumusong—ang maling pag-angkin na siya ay Dios.[220]

Sa paglilitis kay Jesus, itinanong ni Caiphas, "Ikaw ba ang Cristo, ang Anak ng Kataas-taasan?" Ang sagot ni Jesus ay hindi mapasusubalian: "Ako nga at makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng Makapangyarihan at dumarating sa ulap mula sa langit." Dahil sa sagot na ito, inangkin ni Jesus na siya ang nakaupo sa kanang kamay ng Dios at siya ang Anak ng Tao na ihinula ni Daniel na siyang darating upang hatulan ang mundo.[221] Alam ni Caiphas na inaangkin ni Jesus na siya ang Dios. Winahak niya ang kanyang damit at sinabi, "Narinig na ninyo ang kanyang paglapastangan sa Dios."[222]

Maaari mong tanggihan na paniwalaan ang mga inaangkin ni Jesus, subalit hindi mo maaaring basahin nang maingat ang mga Ebanghelyo nang hindi tinatanggap na si Jesus mismo ang umangkin na siya ang Anak ng Dios. Narinig ng kanyang mga tagapakinig ang kanyang mga inaangkin at sila ay napilitang tanggapin siya bilang Dios o kaya'y patayin siya bilang isang bulaang propeta at lumalapastangan sa Dios.

---

[216] Upang pag-aralan ang mga turo ng mga bulaang relihiyong ito, pag-aralan ang the Shepherds Global Classroom kurso, *World Religions and Cults.*
[217] Juan 5:18.
[218] Juan 8:58.
[219] Exodus 3:14.
[220] Lev. 24:16.
[221] Mga Awit 110:1 at Daniel 7:13-14.
[222] Marcos 14:61-64.

## Pag-ibig sa Ating Kapwa Tulad ng Pag-ibig ni Jesus

Sa pagtuturo ni Jesus, madalas na nagkakatipon ang kanyang mga tagapakinig na "maniningil ng buwis at mga makasalanan." Hindi lamang nagtuturo si Jesus sa mga taong ito, kundi kumakain siya kasalo nila. Nang makita ng mga Pariseo na kusang loob na kumakain si Jesus kasama ng mga makasalanan, nagsimula silang punahin siya. Tumugon si Jesus gamit ang tatlong kuwento. Sa iyong pagbasa sa mga kuwentong ito, dapat mong matanto ang dalawang mahalagang bahagi ng kuwentong pinagmulan.

1. Sa panahon ni Jesus, kapag kumain ka nang kasalo ang isang tao, nangangahulugan ito na ikaw ay nagtatatag ng isang relasyon sa taong iyon.[223] Nang kumain si Jesus kasama ng mga makasalanan, nangangahulugan ito na kusang loob siyang nakikisama sa kanila. Ipinakita ni Jesus na ang Dios ay hindi naghihintay sa mga tao para lumapit sa kanya: sa halip, ang Dios ay aktibong kumikilos upang hanapin ang mga nawawala.

2. Ang mga Judio sa panahon ni Jesus ay umasa na ang isang taong matuwid ay iiwas na makisalamuha sa mga makasalanan. Inisip ng mga rabbi na kapag dumating ang Mesiyas, iiwasan niya ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa mga masasamang tao at kakain kasama ng mga matutuwid lamang.

► Basahin ang Lucas 15:1-32.

Ito ay isang mahabang talinhaga na may tatlong bahagi: ang nawawalang tupa, ang nawawalang barya, at ang naliligaw na anak. Sa bawat kuwento, ang tema ng talinhaga ay ang kaligayahan ng taong nakatagpo sa nawawala. Ipinakikita ni Jesus ang kaligayahan sa langit kapag ang isang makasalanan ay maakay sa pagsisisi."

Ang mga rabbi ay mayroong popular na kawikaan: "May kaligayahan sa langit kapag ang isang makasalanan ay nawasak sa harap ng Dios." Inikot ito ni Jesus, "Mayroong kagalakan sa langit kapag ang isang makasalanan ay nagsisisi." Ano ang pagkakaiba ni Jesus sa ibang mga rabbi? Pag-ibig! Ipinakita ni Jesus kung ano ang ibig sabihin ng pagmiministeyo mula sa isang pusong puno ng pag-ibig.

> "Ipinapakita ng mga talinhagang ito na ang Ebanghelyo ay hindi para doon sa maayos ang lahat ng bagay. Ang Ebanghelyo ay para sa mga umaamin na hindi maayos ang lahat ng bagay para sa kanila."
>
> \- Samuel Lamerson

Kapag tayo'y nagmiministeryo nang walang pag-ibig, ang kalagayan sa lipunan at posisyon ay nagiging mas mahalaga kaysa sa mga tao. Gayunman, kapag tayo'y nagministeryo mula sa pusong puno ng pag-Ibig, payag tayong magtiis at isakripisyo ang status para sa

[223] Nakalarawan ito sa aklat ng Kawikaan. Inanyayahan ni Karunungan ang mga "kulang sa kaalaman" para kumain sa table niya (Kawikaan 9:1-6). Sa pamamagitan ng relasyon kay Karunungan, magiging matalino sila.

kapakanan ng nawawala. Payag si Jesusn na laitin siya ng mga tagapangunang relihiyoso para sa pagpapakita ng pag-ibig sa mga taong pinakanangangailangan ng pagmamahal.

► Kung itatanong natin, "Pakikitaan mo ba ng pagmamahal ang Alibughang Anak?" Tayong lahat ay sasagot ng "Oo". Alam natin ang tamang sagot! Sa halip, itanong natin, "Sino ang alibughang anak na huli mong nakasalubong sa iyong landas? Paano ko ipinakita ang pag-ibig sa taong iyon?"

**Ipinakita ni Jesus ang Pagmamahal sa Pamamagitan ng Kanyang Habag para sa Nagdurusa**

Sa pagbasa mo sa mga Ebanghelyo, napansin mo ba na ang mga makasalanan na tumatakbo *palayo* sa ibang tagapanguna ng relihiyon ay tumatakbo *palapit* kay Jesus. Ano ang dahilan na hinahanap ng mga makasalanan ang presensiya ni Jesus?

Hindi dahil hindi pinapansin ni Jesus ang kanilang kasalanan; hinihingi niya ang mas mataas na pamantayan ng pagiging matuwid kaysa sa sinumang Pariseo.[224] Ang mga makasalanan ay tumatakbo kay Jesus dahil siya ay mahabagin. Hindi niya sinusuportahan ang kasalanan, subali't nahahabag siya sa taong alipin ng kasalanan.

Nakita natin ito sa pangungusap ni Jesus sa babaeng nahuling nangangalunya. Matapos siyang iwan ng mga nag-aakusa sa kanya, sinabi sa kanya ni Jesus, "Hindi rin kita hinuhusgahan; humayo ka at huwag ka nang magkasala pa."[225] Hndi sinusuportahan ni Jesus ang kasalanan; iniutos niya sa babae na iwan na ang kanyang buhay na makasalanan. Nagpakita siya ng habag at hindi paghusga.

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbigay ng espesyal na atensiyon sa kahabagan ni Jesus. Ikinuwento ni Lucas ang tungkol kay Zaqueo, isang maniningil ng buwis na maaaring laitin ng ibang tagapangunang relihiyoso. Sa malaking gulat ng mga nakakikita, inanyayahan ni Jesus ang kanyang sarili "upang maging panauhin ng isang makasalanan."[226]

► Basahin ang Lucas 5:12-16.

Sa pag-uulat tungkol sa pagpapagaling na ito, nagbigay si Lucas ng detalye na maaaring nakagulat talaga sa mga tao. "Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinipo siya." Walang sinuman sa sinaunang panahon ang humihipo sa isang ketongin! Ito ay mapanganib ayon sa medisina dahil maaari kang mahawa. At bilang isang Judio, ito ay nagpaparumi sa isang tao ayon sa seremonya.

---

[224] Mateo 5:20.
[225] Juan 8:11
[226] Lucas 19:7.

Bakit hinipo ni Jesus ang ketongin? Nahabag siya dito. "Dahil sa awa, iniunat niya ang kanyang kamay at hinipo niya siya."[227] Nangangailangan ng pisikal na kagalingan ang ketongin, subali't nangangailangan din siya ng emosyonal na kagalingan. Ang mga ketongin ay pinalalayo sa ibang tao. Matapos mahawa ng ketong, ang lalaking ito ay hindi na nakaramdam ng paghipo ng ibang tao. Maaaring pagalingin ni Jesus ang kanyang karamdaman nang hindi kailangang hipuin ang disfigured na lalaki, subali't nalalaman niya na nangangailangan ang ketongin ng paghipo ng ibang tao. Nahabag si Jesus.

> "Hindi mahalaga sa tao kung gaano karami ang alam mo, hanggang malaman nila kung gaano kalaki ang iyong pag-aalala sa kanila."

Kung nais nating magministeryo nang tulad ni Jesus, dapat magkaroon tayo ng pusong mahabagin katulad ni Jesus. Kapag ang mga makasalanan ay tumitingin sa mga mata ni Jesus, nakikita nila ang mapagmahal na pagkahahabag. Kapag ang mga makasalanan ay tumitingin sa inyong mga mata, ano ang kanilang nakikita?

**Ipinakita ni Jesus ang Pag-ibig sa Pamamagitan ng Paglilingkod sa mga Nangangailangan**

Madaling sabihin na, "Naaawa ako sa mahihirap," mas mahirap na paglingkuran ang kanilang mga pangangailangan. Ipinakita ni Jesus ang pag-ibig sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga pangangailangan ng mga nasa paligid niya. Ang buong ministeryo ni Jesus ay iniukol sa paglilingkod. Isinulat ni Pablo na "binitawan ni Jesus ang kanyang sarili at naging isang alipin."[228] Sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, "Dahil kahit ng Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang kabayaran para sa marami."[229]

Ang mga himala ni Jesus ay nagpapakita ng kanyang paglilingkod sa iba. Ang mga himala ay mga tanda ng kanyang misyon bilang Mesiyas, subalit ang mga ito *rin* ay isang paraan upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao. Kung minsan ang himala ay ginagawa lamang para sa isang maliit na bilang ng mga tao. Kung minsan ito'y para sa kapakinabangan ng mga taong walang kakayahan o impluwensiya. Kung minsan ang kanyang mga himala (sa araw ng Sabbath) ay nagdala sa kanya ng lalo pang pagtanggi.

Hindi nagsagawa si Jesus ng mga himala upang makakuha ng pabor mula sa mga makapangyarihan; naghimala siya upang maglingkod sa nangangailangan. Dalawang pagkakataon lamang na tumanggi si Jesus na maghimala. Nakipagtalo sa kanya ang mga Pariseo, "na humahanap sa kanya ng tanda mula sa langit upang siya'y subukin."[230] Tumangging magbigay ng tanda si Jesus.[231]. Pagkatapos ng paglilitis kay Jesus, si Herodes

[227] Marcos 1:41.
[228] Filipos 2:7.
[229] Marcos 10:45.
[230] Marcos 8:11.
[231] Lucas 23:8.

ay "umasang makakita ng anumang tanda na kanyang ginawa." Tumanggi si Jesus "kung hinihingi" o para lamang i-impress ang ayaw maniwalang mga nanonood.

Bagaman tumanggi si Jesus na maghimala para kay Herod Antipas, pinagaling niya ang biyenan ng isang mangingisda, mga ketongin, bulag na pulubi at mga inaalihan ng demonyo na walang magagawa upang mabayaran siya. Pinakain niya ang limang libo na nagpakita ng kanilang kawalan ng pasasalamat nang talikuran siya at pinagaling niya ang katulong ng punong-pari na dumating upang siya'y dakpin. Naglingkod si Jesus sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng kanyang mga himala.

Bilang mga pastor at tagapanguna sa iglesya, madaling bigyang katwiran ang ating pasya na tulungan ang mga taong makakatulong sa atin. Kapag gumugugol tayo ng mas maraming panahon kasama ng mayayaman kaysa kasama ng mahihirap, maaari nating sabihin, "Ang negosyante ay makakasuporta sa ministeryo ng iglesya." Kapag kinansela natin ang pagdalaw sa isang balo upang bisitahin ang isang maimpluwensiyang opisyal, maaari nating bigyang dahilan iyon, "May impluwensiya siya at makakatulong sa gawain ng Dios." Hindi ito kailanman ginawa ni Jesus. Kung nais nating magministeryo katulad ni Jesus, dapat nating sikapin "hindi para paglingkuran kundi ang maglingkod."

Isinulat ni Pablo, "Dahil ang aming ipinapahayag ay hindi sa ganang aming sarili, kundi si Jesucristo bilang Panginoon, at kami bilang inyong mga lingkod alang-alang kay Jesus."[232] Ang salitang 'lingkod' ay maaaring isalin sa "alipin". Maraming alipin sa Imperyong Romano ang mataas ang pinag-aralan, ang ilan ay mga doktor at guro. Kahit kung ang alipin ay mas may pinag-aralan kaysa sa kanyang panginoon, alipin pa rin siya. Hindi siya maaaring maging arogante at sabihing, "Hindi ako maglilingkod sa iyo! Mas mataas ako sa iyo."

May mga pastor na ang pakiramdam, "Mataas ang aking pinag-aralan. Hindi ako lingkod ng magsasakang miyembro sa aking iglesya!" Hindi kailanman ito naging pakiramdam ni Pablo. May pinakamahusay na edukasyon si Pablo, subali't siya'y naging alipin/lingkod ng mga taga-Corinto, para sa "kaluwalhatian ni Cristo." Maaari sana niyang sabihin na, "Tingnan ninyo ang aking pinag-aralan; ako ay sinanay sa literaturang Judio, pilosopiyang Griego, at teolohiyang Kristiyano. Makapagsasalita ako sa Sanhedrin, sa Greek Aeropagus, at sa Senado ng Roma." Sa halip, sinabi niya, "Ako ang alipin ng taong may pinakamababang pinag-aralan sa Corinto—alang-alang sa aking panginoon, si Jesus."

Kung nais nating magministeryo tulad ni Jesus, dapat tayong magkaroon ng kababaang-loob na mamuhay tulad ng isang alipin. Bilang mga alipin, ang ating paraan ng pamumuhay ay hindi ang marangyang pamumuhay ng isang gobernador. Kung nais nating magmahal tulad ni Jesus dapat tayong maging mapagpakumbabang mga alipin.

### Ipinakita ni Jesus ang Pagmamahal sa Pamamagitan ng Kanyang Biyaya/Awa sa Kanyang mga Kaaway

---

[232] 2 Cor. 4:5.

► Basahin ang Mateo 5:43-48.

Itinuro ni Jesus sa kanyang mga tagasunod na "maging perpekto kayo kung paanong ang inyong Ama sa langit ay perpekto" ay nangangahulugan na magmahal tulad ng pagmamahal ng inyong Ama sa langit. Nangangahulugan ito na "mahalin ang inyong mga kaaway at ipanalangin sila na umuusig sa inyo. Kapag ipinakita mo ang ganitong klase ng pag-ibig, malalaman ng mundo na kayo ay "mga anak ng inyong Ama na nasa langit."

Mga 200 taon bago ipinangaral ni Jesus ang Sermon sa Bundok, sumulat ang isang eskribang Judio ng koleksiyon ng mga katuruan na tinatawag na *Sirach*. Pakinggan kung paano siya nagturo sa kanyang mga disipulo kung paano haharapin ang kanilang kaaway.[233]

- Kapag gumagawa ka ng isang mabuting gawa, tiyakin na alam mo kung sino ang nakikinabang doon; nang sagayun hindi masasayang ang iyong mga ginagawa.
- Gumawa ng mabuti sa mga mababang-loob, subali't huwag magbigay ng anuman sa mga taong hindi deboto.
- Huwag silang bigyan ng pagkain, kundi'y gagamitin nila ang iyong kabutihan laban sa iyo. Ang bawat mabuting bagay na ginagawa mo para sa ganung klase ng tao ay magdadala sa iyo ng dalawang beses pang kaguluhan.
- Ang Pinakamataas mismo ay namumuhi sa makasalanan; at kanya silang parurusahan.
- Magbigay sa mabubuting tao, ngunit huwag tulungan ang mga nakasalanan.

Ang mga sinulat ni Ben Sira ay itinuring na Kasulatan ng mga Judio sa panahon ni Jesus. Nang sabihin ni Jesus na,"Narinig na ninyo na sinabi, mahalin mo ang iyong kapwa at kamuhian ang iyong kaaway," ito ang kasulatang tinutukoy nila. Sinabi ng *Sirach*, "Gumawa ng mabuti sa mga matuwid lamang. Huwag sayangin ang inyong mabubuting gawa sa mga masasama." Ngayon basahin uli ang Mateo 5:43-48. Nakikita ba ninyo kung bakit nakakagulat sa mga tagapakinig niya ang mga itinuturo ni Jesus?

Sa Lumang Tipan, itinuro ng Dios sa mga tagasunod niya na mahalin ang kanilang mga kaaway. Hindi na ito bagong utos. Sa aking mga klase sa Lumang Tipan, kung minsan ibinibigay ko ang "test" na ito sa mga mag-aaral.

*Ang iyong kapitbahay ay isang kaaway ng iglesya. Kapag dumadaan ka, minumura ka niya. Sinisikap niyang linlangin ka at ninanakaw maging ang iyong alagang hayop. Isang araw habang bumabagyo, nakita mo na nakawala ang baka ng iyong kapitbahay, ito'y tumatakbo palayo. Ano ang iyong tungkulin sa iyong kapitbahay?*

*(1) Kukuha ka ba ng pamalo at itataboy ang baka sa mas malayo?*

---

[233] Sirach 12:1-7, *Good News Translation.*

Alam ng mga mag-aaral na hindi ito ang tamang sagot!

*(2) Hindi mo ba iyon papansinin at sasabihing, "Hindi ko na iyon problema!"*

Maraming mag-aaral ang pumipili sa sagot na ito. Sinasabi nila, "Baka iyon ng kapitbahay, hindi sa akin. Iisipin ko na lang ang sarili kong buhay. Bukod pa sa roon, ayaw sa akin ng aking kapitbahay; hindi niya ikatutuwa ang aking tulong."

*(3) Susundin mo ba ang Exodo 23:3? "kapag nasalubong mo ang baka o ang asno ng iyong kaaway ay napapalayo, dapat mo iyong ibalik sa kanya."*

Kahit sa Lumang Tipan, ang bayan ng Dios ay tinawag din upang mahalin ang kanilang kaaway. Subali't sa panahon ni Jesus, mas babanggitin ng mga tao ang *Sirach* kaysa sa Exodo 23. Nagustuhan nila ang katuruang nagpapahintulot sa kanila na mahalin ang kanilang kapitbahay at kamuhian ang kanilang kaaway! Sinabi ni Jesus, "Dapat ninyong mahalin ang inyong kaaway dahil ang inyong Ama sa langit ay nagmamahal kapwa sa masama at mabuti."

Ano ang hitsura nito sa "tunay na buhay?" Isipin ninyo ang tagpong ito sa inyong ministeryo:

*May isang grupo ng mga tao na tila pareho ang mga paniniwala sa iyo ang paulit-ulit na sumasalungat sa iyo sa publiko. Nagtatanong sila na ang layunin ay bitagin ka; sinasabi nila sa mga miyembro mo na ikaw ay isang bulaang guro; umaasa sila na gagawa ka ng isang bagay na maglalagay sa iyo sa gulo sa iyong mga tagasunod. Paano mo sila pakikiharapan?*

*(1) Itaboy sila palayo at sabihan silang huwag nang babalik pa?*

*(2) Pakiharapan sila tulad ng pakikiharap nila sa iyo?*

*(3) Maging matapat tungkol sa kanilang mga pagkakamali, subali't sagutin sila nang may pagmamahal?*

Sinikap ng mga Pariseo ang lahat ng maaaring paraan upang salungatin si Jesus. Siya ay naging matapat sa kanilang mga pagkakamali; sinikap niyang turuan sila ng katotohanan; subalit lagi niya silang pinakikiharapan nang may pag-ibig.

Kung nais nating magministeryo tulad ni Jesus, dapat nating mahalin ang ating mga kaaway. Ito ay isa sa mga pinakademanding na katuruan. Para sa isang nagkanulo sa atin, sa taong tumalikod sa ating mensahe, sa taong umuusig sa atin, dapat tayong magpakita ng *agape* love ni Jesus. Ito ang katumbas na halaga ng pagmamahal na tulad ni Jesus.

### Aplikasyon: Ang Karakter ni Jesus sa Buhay ng Isang Kristiyano

Madaling magsulat tungkol sa pagmamahal sa Dios at pagmamahal sa ating kapwa. Higit na mas mahirap na ipakita ang pag-ibig na iyon sa pang-araw-araw ng buhay. Tanging sa ating pagsisikap na gayahin ang karakter ni Jesus sa ating sariling buhay na tayo'y magiging handang ibahagi siya sa ating mundo.

Posible ba para sa atin na magkaroon ng karakter ni Jesus? Itinuturo ng Kasulatan na maaaring bigyang kakayahan ng Dios ang kanyang bayan upang mag-isip tulad ng kanyang pag-iisip. Nais niyang bigyan ang kanyang bayan ng isang bagong espiritu na nagbibigay sa atin ng *pagnanais* kung ano ang nais ng Dios at maluwag sa loob na mamuhay ayon sa pagtawag niya sa atin.[234] Nais ng Dios na mahubog sa atin ang karakter ng kanyang Anak.

Pakinggan kung ano ang sinasabi ni Oswald Chambers tungkol sa katapatan sa paglilingkod araw-araw:

"Kung wala kang pangitain mula sa Dios, walang sigasig na natitira sa iyong buhay, at walang sinumang tumitingin at nagpapalakas ng iyong loob, kinakailangan ang biyaya ng Makapangyarihang Dios upang gawin ang susunod na hakbang sa iyong debosyon sa Kanya.… Kailangan ang higit pang maraming biyaya ng Dios at mas higit pang kamulatan ng paglapit sa Kanya, upang gawin ang susunod na hakbang na iyan, kaysa sa ipangaral ang Ebanghelyo.

"Ang bagay na tunay na nagpapatotoo para sa Dios at para sa bayan ng Dios sa pangmatagalang panahon ay ang nagpapatuloy na pagpupunyagi. Kahit kapag ang gawain ay hindi nakikita ng iba. At ang tanging paraan upang magkaroon ng matagumpay na buhay ay ang nagpapatuloy na pagtingin sa Dios. Hilingin sa Dios na panatilihing bukas ang mga mata ng iyong espiritu kay Cristo na muling nabuhay…"[235]

Paano natin mapananatili ang katapatang ito sa ministeryo? Paano tayo magpapatuloy sa pag-ibig sa Dios at mahalin ang ating kapwa linggo linggo, taon taon? Dapat nating linangin ang karakter ni Jesus sa ating pang-araw-araw na buhay. Kinakailangang taglayin natin ang pag-iisip ni Cristo.

**Isang Paglalarawan ng Kaisipan ni Cristo**

► Basahin ang Filipos 2:1-16.

Ang tagubilin ni Pablo sa iglesya sa Filipos ay isang makapangyarihang gabay sa tunay na kahulugan ng pagkakaroon ng karakter ni Jesucristo. Sa isang iglesya na nahahati dahil sa personal na di-pagkakasundo, isinulat ni Pablo, "Huwag gumawa mula sa makasariling ambisyon o pagkamakasarili, kundi may kababaang-loob na isipin ang iba na mas mahalaga kaysa iyong sarili. Ang bawat isa sa inyo ay huwag lamang tumingin sa sariling interest, kundi pati na rin sa interest ng iba.

Paano nila matutupad iyon? Tanging kung susundin nila ang tagubilin ni Pablo na "Taglayin ninyo ang pag-iisip na ito sa inyong lahat, na taglay ninyo dahil kay Cristo Jesus."

---

[234] Ezek. 36:26-27.
[235] Oswald Chambers, *My Utmost for His Highest*, March 6.

Naglista si Pablo ng apat na katangian na banyaga sa buhay Kristiyano.[236] Ang mga katangiang ito ang sumisira sa patotoong Kristiyano at sumisira sa pagiging epektibo ng isang ministrong Kristiyano. Sinabi ni Pablo:

**(1) Huwag kayong gumawa dahil sa makasariling ambisyon (Filipos 2:3).**

Ang makasariling ambisyon ay nagtatanong, "Anong mayroon dito para sa akin? Paano ako makikinabang mula dito?" Mai-imagine ba ninyo si Jesus na nagtatanong, "Paano ako makikinabang dito?" bago niya pagalingin ang ketongin o bago harapin ang krus? Siguradong hindi!

Sinasabi ni Pablo, "Kung taglay natin ang pag-iisip ni Cristo-kung nag-iisip tayo katulad ni Cristo—wala tayong gagawin dahil lang sa makasariling ambisyon." Ang ating attitude ay magiging attitude ng isang lingkod. Magtatanong tayo, "Paano ako makapaglilingkod?" hindi "Paano ako mapaglilingkuran?"

**(2) Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa maling pagpapahalaga sa sarili (Filipos 2:3).**

Ang maling pagpapahalaga sa sarili ay nagtatanong, "Ano ang magiging hitsura ko? Mai-impress kaya ang mga tao?" Muli, mai-imagine ba ninyo si Jesus na nagtatanong, "Mai-impress ba ang mga tao?" bago bisitahin ang babaeng Samaritana sa balon? Siguradong hindi!

Sinasabi ni Pablo, "Kung taglay natin ang pag-iisip ni Cristo—kung tayo'y nag-iisip tulad ni Cristo-wala tayong gagawin dahil sa maling pagpapahalaga sa sarili." Hahanap tayo ng mga pagkakataon upang ipakita si Cristo, hindi pagkakataon para matanyag ang sarili.

**(3) Gawin ninyo ang lahat ng bagay nang walang reklamo (Filipos 2:14).**

Ang nagrereklamo ay nagsasabing, "Higit pa sa rito ang dapat kong tanggapin!" Mai-imagine ba ninyo si Jesus na nagsasabi, "Hindi ko kailangang hugasan ang paa ng mga disipulo. Ako ang guro. Higit pa rito ang nararapat sa akin." Siyempre, hindi!

Sinasabi ni Pablo, "Kung taglay natin ang pag-iisip ni Cristo—kung nag-iisip tayo tulad ni Cristo—magmiministeyo tayo nang walang pagrereklamo, kahit pa sa pinakamahirap na mga sitwasyon." Mauunawaan natin na wala tayong "deserve", hindi tayo karapat-dapat tumanggap ng anumang bagay. Kapag inalala natin na lahat ng bagay na taglay natin ay regalo mula sa biyaya ng Dios, mababago nito ang ating pananaw sa mga hamon ng ministeryo."

Si Helen Roseveare ay isa sa pinakadakilang misyonero ng ikadalawampung siglo. Siya ay isang doctor ng medisina na nagsanay sa Unibersidad ng Cambridge. Habang naglilingkod

---

[236] Ang bahaging ito ay hinalaw sa *The Mind of Christ* ni Dennis F. Kinlaw, (Anderson, Indiana: Warner Press, 1988), 101-107.

bilang isang misyonerong doctor sa Zaire, ninais niyang magtayo ng isang ospital. Dahil walang mga materyales, ang unang hakbang ay gumawa ng mga bricks o hollowblocks. Katulong siya ng mga manggagawang Africano sa paggawa ng mga bricks sa pugon.

Habang gumagawa siya ng mga bricks, ang kanyang malalambot na kamay ay nagsimulang magdugo. Nagsimula siyang magreklamo, "O Dios, pumunta ako sa Africa upang maging isang siruhano (doktor na nag-oopera) , hindi para gumawa ng mga bricks! Natitiyak ko na mayroon pang ibang taong dapat gumawa ng mababang trabahong ito."

Makalipas ang ilang linggo, isa sa mga manggagawang Africano ang nagsabi sa kanya,"Doktor, kapag kayo ay nasa operating room, natatakot kami sa iyo bilang doctor. Subali't nang ikaw ay nagtatrabaho sa mga bricks at ang iyong mga daliri ay nagdurugo tulad ng sa amin, ikaw ay aming kapatid at mahal ka namin." Biglang naunawaan ni Dr. Roseveare na "Hindi ako sinugo ng Dios sa Africa upang maging siruhano lamang; sinugo Niya ako upang ipakita ang pag-ibig ni Cristo."

**(4) Gawin ang lahat ng bagay nang walang pagtatalo (Filipos 2:14).**

Ang pagtatalo ay nagsasabing, "Oo, Panginoon, subali't…. Sang-ayon akong sumunod, subali't…" Muli, mai-imagine ba ninyo si Jesus na nagsasabing, "Ama, narito ako upang maglingkod sa iyo; bakit labis mo itong pinahihiran ?" Hindi natin maiisip si Jesus na nakikipagtalo sa Ama.

Sinasabi ni Pablo, "Kung taglay natin ang pag-iisip ni Cristo—kung nag-iisip tayo tulad ni Cristo—hindi tayo magtatalo at hahanap ng mas madaling landas." Hindi natin ikokompromiso ang kalooban ng Dios sa ating buhay sa paghingi ng mas madaling paraan. Ang ating magiging tugon sa Dios ay "Oo, Panginoon." Tataglayin natin ang pag-iisip ni Cristo.

Dahil tinatawag ni Pablo ang mga taga-Filipos na taglayin ang pag-iisip ni Cristo, malinaw na naniniwala siya na ito ay posible. Alam niya na maaari silang magkaroon ng mababang-loob, masunuring espiritu na naging katangian ng buhay ni Jesus. Paano natin tataglayin ang pag-iisip na ito ni Cristo?

**Ang ating Pag-iisip ay Nababago sa Pamamagitan ng Kasulatan**

Sa simula ng araling ito, nakita natin kung paano itinuro sa atin ng Kasulatan ang kalooban ng Dios. Alam ni Jesus ang Salita ng Dios. Alam ng mga alagad ang Salita ng Dios. Ang bawat nananatiling pagbabalik-loob sa kasaysayan ng iglesya ay nagsimula sa pag-aaral ng Salita ng Dios.

Hinamon ni Pablo ang mga mananampalataya sa Filipos na "manatiling nakahawak sa Salita ng buhay."[237] Magiging ilaw sila sa kanilang mundo dahil sa kanilang pagtitiwala at pagtatalaga ng buhay sa Ebanghelyo.

Sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral sa Salita ng Dios, tayo ay magsisimulang mag-isip tulad ni Jesus, upang taglayin ang pag-iisip ni Cristo. Sa "malalim na pag-aaral", hindi ko ibig sabihin na dapat kang marunong ng Griyego at Hebreo upang maunawaan ang Kasulatan; hindi ko ibig sabihin na dapat kang magkaroon ng malaking *library* ng mga komentaryo sa Biblia. Simple lang ang ibig kong sabihin, dapat kang mag-ukol ng oras sa Salita ng Dios. Dapat itong maging bahagi ng iyong pang-araw-araw na pagkain.

Bilang mga Kristiyano, ang Salita ng Dios ang dapat nating maging pang-araw-araw na pagkain. Ito ay dapat maging isang kaligayahan, hindi isang tungkulin lamang. Walang magsasabi sa isang kabataang nagugutom, "Kailangan mong kumain sa araw na ito! Kapag hindi ka kumain, hindi ka magiging malusog." Ang tanging kailangan mong gawin ay maghanda ng pagkain, at tiyak na kakain ang kabataang ito! Ang Salita ng Dios ang dapat maging pagkain ng bawat nagugutom na Kristiyano.

Sa ating pagkain ng Salita ng Dios, ang ating kaisipan ay nagbabago sa kaisipan ni Cristo. Maraming Kristiyano ang muling ipinanganak na muli, subalit sila'y patuloy ng nag-iisip sa paraang tulad noong hindi pa sila mananampalataya. Ang kanilang kaisipan ay hindi pa nagbabago sa kaisipan ni Cristo. Bakit?

Isang misyonerong siruhano si Dr. Paul Brand sa India. Ginamot niya ang maraming pasyenteng may ketong. Nagsasagawa siya ng reconstructive surgery sa mga bahagi ng kanilang katawan na sinira ng ketong. Isinulat niya na kailangang magbago ng paraan ng pag-iisip ang kanyang mga pasyente pagkatapos ng reconstruction.

Halimbawa, ililipat niya ang isang malusog na tendon mula sa palasinsingan upang ipalit sa isang nasirang tendon sa hinlalaki. Subali't kapag sinabi niya sa pasyente, "Ikilos mo ang iyong hinlalaki," walang nangyayari. Pagkatapos, sasabihin niya, "Ikilos mo ang iyong palasinsingan" at agad-agad ikikilos nila ang kanilang hinlalaki! Kailangan nilang "i-repattern" ang kanilang utak. Kailangan nilang matutuhan na pakilusin ang kanilang hinlalaki sa bagong paraan.[238]

Bilang mga bagong mananampalataya, kailangan nating "i-repattern" ang ating isipan upang mag-isip nang tulad ni Cristo. Bago ka naging Kristiyano, una mong iniisip ang iyong sariling pangangailangan. Marahil nakakita ka ng isang taong mahirap, subali't inisip mo, "Maaari rin akong mangailangan ng pera. Hindi ako maaaring magbigay sa taong iyon." Bilang isang Kristiyano, nabasa mo sa Salita ng Dios, "Sinuman ang magbibigay sa mahihirap ay hindi magkukulang."[239] Narinig mo ang mga salita ni Jesus, "Magbigay ka, at

[237] Filipos 2:16.
[238] Paul Brand at Philip Yancey, *In His Image* (Grand Rapids: Zondervan, 1984), 146.
[239] Kawikaan 28:27.

ikaw ay bibigyan. Hustong takal, siksik, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang takalang ginagamit ninyo sa iba ay siya ring takalang gagamitin sa inyo ng Dios."[240] Nagsisimula kang mag-isip tungkol sa pera tulad ng paraan ng pag-iisip ni Cristo sa pera. Nakukuha mo ang pag-iisip ni Cristo sa pamamagitan ng Salita ng Dios.

Bago tayo naging Kristiyano, sinisikap nating saktan ang mga nakakasakit sa atin. Kapag ang isang tao ay nagiging marahas sa atin, tayo'y gumaganti ng galit. Subali't bilang mga Kristiyano, nabasa natin, "Magkaroon kayo ng mahabaging puso."[241] Nabasa natin, "Huwag ninyong gantihan ng masama ang masama at huwag ninyong alipustain ang umaalipusta sa inyo, sa halip, ipanalangin ninyong pagpalain sila, yamang hinirang kayo upang tumanggap ng pagpapala ng Dios."[242] Tayo'y nagsisimulang tumugon sa iba tulad ng pagtugon ni Cristo sa mga nananakit sa kanya. Nakukuha natin ang pag-iisip ni Cristo sa pamamagitan ng mga Salita ng Dios.

### Nababago ang Ating Isipan Sa Pamamagitan ng Araw-araw na Pagsuko

Sinabi ni Pablo sa mga taga-Filipos na taglayin nila ang isipan ni Cristo Jesus. Inilarawan niya ang isipang ito at sinabi sa kanila kung paano ito mangyayari sa kanilang mga buhay. Dapat nilang patuloy na "pagsikapan" ang kanilang kaligtasan nang may matapat na pagsunod *hindi upang kamtin ang kanilang kaligtasan*—kundi dahil ang Dios ay gumagawa na "kapwa sa kalooban at upang magtrabaho para sa kanyang kasiyahan."[243] Sa kanilang mapagpakumbabang pagsuko sa Dios, ibibigay niya ang ninanais ("ayon sa kalooban") at ang kapangyarihan ("upang kumilos") sa pamumuhay ng ayon sa Dios.

Habang tayo'y namumuhay nang nakasukong buhay, ang Banal na Espiritu ang lumilinang sa atin ng parehong mga katangian na nakikita natin sa buhay at ministeryo ni Jesus. Hindi natin matatagpuan ang isipan ni Cristo sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap; makikita natin ang isipan ni Cristo sa pagsuko.

Ito ay dapat araw-araw na pagsuko. Tinawag tayo ni Pablo upang "ihandog ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buhay."[244] Ang "handog na buhay" ay hindi patay; nagpapatuloy itong nabubuhay. Mayroong **isang pagsuko** kung saan isinusuko natin nang lubusan ang ating kalooban sa kalooban ng Dios, subali't mayroon din namang **maraming pagsuko** kung saan nagpapatuloy tayo araw-araw na magpasakop sa kanyang kalooban.

Nagbigay si Nancy Leigh DeMoss ng larawan ng isang buhay na isinuko.[245] Sa iyong pagbasa sa paglalarawang ito, itanong, "Ako ba'y nabubuhay sa araw-araw na pagsuko sa bahaging ito? Ipinapakita ko ba ang isipan ni Cristo sa bahaging ito?"

---

[240] Luke 6:38.
[241] Col. 3:12.
[242] 1 Pet. 3:9.
[243] Phil. 2:12-13.
[244] Rom. 12:1.
[245] Mula kay Nancy Leigh DeMoss*, Surrender* (Chicago: Moody Press, 2008), 223-224.

- Kapag ang iyong laman ay nagnanais na magsalita ng masasakit na salita, sinasabi ng Espiritu, "Huwag kang magsalita nang masama laban sa sinuman."[246] Ang pusong isinuko ay nagsasabi, "Oo".
- Kapag ang iyong laman ay nagnanais na magreklamo tungkol sa mga kahirapan, ang Espiritu ay nagsasabing, "Magpasalamat sa lahat ng pagkakataon."[247] Ang pusong isinuko ay nagsasabing, "Oo."
- Kapag ang iyong laman ay nagnanais na labanan ang isang di-makatwiran amo, ang Espiritu ay nagsasabing, "Magpasakop alang-alang sa Panginoon"[248] Ang pusong isinuko ay nagsasabing, "Oo."

Sa ating pagsuko, ang parehong espiritu na nanahan kay Cristo ay nananahan rin sa atin. Sa pamamagitan ng Espiritu—hindi sa pamamagitan ang ating mabubuting intensiyon—tayo ay binibigayang lakas upang tumugon tulad ni Cristo sa mga kabiguan ng araw-araw ng buhay, sa mga disappointments sa ministeryo, at sa mga pagtukso ni Satanas.

> "Ang sikreto ng isang banal na buhay ay hindi sa paggaya kay Jesus, kundi sa pagpapahintulot na ipahayag ni Jesus ang kanyang sarili sa aking buhay…. Ang pagpapaging-banal ay hindi ang paghugot kay Jesus ng kapangyarihan upang maging banal; ito ang paghugot mula kay Jesus ng kabanalang ipinahahayag sa Kanya."
>
> -Oswald Chambers

► Ibahagi ang isang pagkakataon na ang pagnanais ng iyong laman ay sumasalungat sa kalooban ng Dios. Paano ka namumuhay nang may pagsuko sa araw-araw kung nahaharap sa pagsubok na ito? Mayroon bang kasalukuyang pagtukso na dapat mo uling isuko sa kalooban ng Dios? Bilang isang klase, ipanalangin ang isa't-isa sa mga bahaging ito.

### Konklusyon: Kumikilos ang Dios sa Pagmamahal na Tulad ni Cristo

Sa aking pagsisimula ng pagsulat ng leksiyong ito, nakaramdam ako ng pag-aatubili. Bagama't alam ko sa aking isipan na tayo'y tinawag upang mahalin ang ating mga kaaway, alam ko rin na tayo'y nabubuhay sa isang magulong mundo. Maraming nakababasa sa mga araling ito ang nabubuhay sa mga kondisyon kung saan ang iglesya ay binabantaan ng pamahalaan, ng maling relihiyon, at social pressures. Sa aking pagsusulat tungkol sa pagmamahal sa ating kaaway, tinanong ko ang aking sarili, "Makatwiran bang isipin na tunay ngang maaari nating mabago ang ating mundo kung mamahalin natin ang ating kaaway? Paano natin maaaring mahalin ang ating kaaway kung siya mismo ang nagtatangkang pumatay sa atin?"

---

[246] Titus 3:2.
[247] 1 Tes. 5:18.
[248] 1 Ped. 2:13.

Habang nagtatrabaho sa araling ito, nabasa ko ang isang artikulo tungkol sa isang Kristiyanong Iraqi na nakatira sa Baghdad.[249] Habang kinakausap ng reporter ang lalaking ito, nasa malapit lamang, mga 40 minuto lamang ang layo ng mga ISIS na sundalo. Nagtanong ang reporter, "Nagtitipon pa rin ba ang inyong iglesya upang sumamba?" Sumagot ang Kristiyano: "Oo! Ang totoo, kasisimula lamang namin ng dalawang bagong grupo ng mga nananalangin sa aming iglesya—isa para ipanalangin ang ating mga inuusig na kapatid sa norte, at isa pang grupo upang ipanalangin ang aming mga kaaway."

Ipinapanalangin ng mga miyembro ng St. George's Church sa Baghdad ang kanilang mga kaaway. Nagbibigay sila ng food parcels sa mga balong Muslim. Minamahal nila ang kanilang mga kaaway dahil naniniwala silang tinawag sila upang sundan ang halimbawa ni Jesus.

Nagpapaalala ang artikulong ito sa katotohanan na nakita sa kabuuan ng kasaysayan ng iglesya. Ang paraan ng pagkilos ng Dios ay laging salungat sa paraan ng tao. Kumilos ang tao sa pamamagitan ng mga Krusada; kumilos ang Dios sa pamamagitan ng isang Raymond Lull na namatay sa edad na walumpu't dalawa sa panahon ng kanyang huling paglalakbay na pagmimisyon sa Islamic world. Ang mga tao ay kumikilos gamit ang pwersang militar; kumilos ang Dios sa isang Hudson Taylor na nagbigay ng kanyang buhay upang ipangaral ang ebanghelyo sa kaloob-looban ng Tsina. Ang tao ay kumilos sa pamamagitan ng Inquisition; ang Dios ay kumilos sa pamamagitan ng isang Martin Luther na payag humarap sa kamatayan sa halip na itakwil ang katotohanan ng Dios.

Ang paraan ng Dios ay hindi kailanman paraan ng tao. Subali't sa wakas, matagumpay ang paraan ng Dios. Ang ating mundo ay nababago para sa walanghanggan kapag ang mga Kristiyano ay nagmamahal nang katulad ni Jesus. Mabagal ang pagbabago at madalas ay masakit, subali't ito ang paraan ng Dios sa pagtupad ng kanyang gawain sa ating wasak na mundo.

Ang pagmiministeryo nang tulad ni Jesus ay nangangailangan na umibig tayo nang tulad ni Jesus. May isang matandang ebanghelista ang tinanong kung ano ang sikreto ng kanyang ministeryo. Sinabi niya, "Ang tanging paraan upang malaman ng mga tao kung gaano sila kamahal ng Dios ay ang makita nila kung gaano mo sila kamahal." Nauunawaan ng ebanghelistang ito na habang nagliliwanag ang pag-ibig ni Cristo sa pamamagitan natin, inilalapit natin ang mundo sa Dios. Ito ang tunay na kahulugan ng pagmamahal nang tulad ni Jesus.

---

[249] Mindy Belz, "How Does the Church Move the World?" *World Magazine*, May 27, 2017.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Sa araling ito, nakita natin kung paano nagmahal si Jesus. Hinihingi ng takdang aralin na ito na humanap ka ng mga paraan kung paano ka makakasunod sa halimbawa ni Jesus sa pagmamahal sa iyong kapwa. Hindi matagal gawin ang takdang-aralin; maaaring mas matagal kung ito'y isasabuhay. Huwag mong pabayaang hindi ito isabuhay. Tayo ay tinawag upang magmahal kung paano nagmahal si Jesus.

Sa Column 1, magbigay ng specific na halimbawa ng pagmamahal ni Hesus sa tao galling sa mga Ebangelhelyo.

Sa Column 2, magbigay ng specific na pagsasabuhay sa iyong buhay. Paano ka susunod sa halimbawa ni Jesus? Ang takdang araling ito ay para sa iyo; hangga't maaari, maging specific ang iyong sagot.

| Halimbawa ni Jesus | Ang Aking Pagsasabuhay |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

# Aralin 8
# Ang Krus at ang Muling Pagkabuhay

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makilala ang iba't-ibang tugon sa ministeryo ni Jesus sa Linggo ng Pasyon.

(2) Maunawaan ang pagsumpa sa puno ng igos bilang isang isinadulang talinhaga.

(3) Kilalanin ang mga kahinaang naging dahilan ng pagkabigo ni Pedro.

(4) Pahalagahan ang krus at ang muling pagkabuhay bilang ang pundasyon ng buhay at ministeyong Kristiyano.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Ang Epektibong ministeryo ay nakaugat sa Krus at sa muling pagkabuhay.

## Pasimula

Ang climax ng mga Ebanghelyo ay ang kuwento ng pasyon. Tatlumpu sa walumpu't siyam na kabanata sa mga Ebanghelyo ay iniukol sa linggo sa pagitan ng matagumpay na pagpasok sa Jerusalem at ng muling pagkabuhay. Halos kalahati ng Juan ay iniukol sa linggong ito. Ito ang climax kung saan nakaturo ang buong buhay at ministeryo ni Jesus. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang huling linggo ng ministeryo ni Jesus sa lupa upang matutuhan natin ang mga leksiyon para sa ating buhay at ministeryo.

► Bago ipagpatuloy ang aralin, talakayin ang dalawang tanong:

- Ano ang kahulugan ng pagpapako sa krus para sa akin, ayon sa theology at personal?
- Ano ang kahulugan ng muling pagkabuhay sa akin, ayon sa theology at sa personal?

## Mga Tugon kay Jesus: Ang Huling Linggo ng Pampublikong Ministeryo ni Jesus

Isa sa pangunahing binibigyang-diin ng mga ebanghelista ay ang tugon ng mga taong nakasalamuha ni Jesus. Halimbawa, sa simula ng buhay ni Jesus, ikinumpara ni Mateo ang pagsamba ng mga maggi sa tugon ni Herodes, na nagtangkang patayin ang kanyang karibal na Hari. Ikinumpara ni Juan ang patanong na tugon ni Nicodemus, isang rabbi na Judio, sa isang walang pinag-aralang Samaritana sa balon.

► Basahin ang Mateo 10:32-39.

Walang sinumang maaaring manatiling walang pinapanigan patungkol sa mensahe ni Jesus; maaari nating tanggapin ang kanyang mga inaangkin o maaari natin siyang tanggihan. Inilarawan ni Jesus ang kanyang ministeryo bilang isang espada na naghahati sa mga ito sa dalawang grupo. Ang mga pamilya ay nahahati dahil sa kanilang tugon kay Jesus; kahit ang sariling pamilya ni Jesus ay humarap sa pagsubok na ito.[250] Walang sinumang mananatiling walang pinapanigan.

Ang mga tugon na nagkakasalungatan kay Jesus ay naging mas dramatiko sa huling linggo ng kanyang ministeryo sa publiko. Ang pagsasalungatang ito ay nagpapatuloy hanggang sa krus mismo, kung saan ang dalawang magnanakaw ay talagang magkaiba ng tugon kay Jesus.

**Mga Tugon sa Pagbuhay na Muli Kay Lazaro**

► Basahin ang Juan 11:1-57.

Maging bago pa muling buhayin si Lazaro, ang mga lider ng relihiyon ay sumalungat na kay Jesus. Nang bisitahin ni Jesus ang templo sa panahon ng Pista ng Pagtatalaga sa simula ng taglamig, inakusahan siya ng mga lider na Judio ng paglapastangan sa Dios at tinangka siyang batuhin. Dahil hindi pa oras para sa kanyang sakripisyo, tumakas si Jesus at naglakbay patungong Jordan malayo sa sentro ng relihiyon ng Jerusalem.[251]

Nang dumating ang balita na namatay si Lazaro, nalalaman ng mga disipulo na mapanganib para kay Jesus na bumalik sa Judea. Madalas na tinutuligsa ng mga mambabasa ang pagiging mapag-alinlangan at kahinaan ng loob ni Tomas, subali't ako'y na-impress ng kanyang pagiging matapat sa kanyang Panginoon. Inisip niya (na tama naman) na si Jesus ay papatayin sa Judea, subali't si Tomas ay matapat. Nang ipilit ni Jesus na bumalik sa Judea, sinabi ni Tomas sa kanyang mga kapwa disipulo, "Pumunta rin tayo doon, upang tayo'y mamatay nang kasama niya." Hindi alintana ang mga pag-aalinlangan ni Tomas sa mga sumunod na pagkakataon, hindi natin dapat kalimutan ang katapatan ng matatakuting disipulong ito. Nakakagulat ba na pagkatapos ng muling pagkabuhay, si Tomas ay namatay bilang isang martir dahil sa pagdadala ng Ebanghelyo sa India?

Sa isang maliit na pamayanan na tulad ng Betania, ang muling pagbuhay kay Lazaro ay hindi maaaring maitago. Walang paraan para sa mga lider ng relihiyon upang maitago ang ganun ka-dramatikong pangyayari. Ipinakikita ni Juan ang iba't-ibang tugon sa himalang ito.

***Ang Tugon ng mga Tao***

Sa pagkalat ng balita ng muling pagbuhay kay Lazaro, ang publiko ay kumbinsido na ibabagsak ni Jesus ang Roma at muling itatatag ang trono ni David sa Jerusalem.

---

[250] Mateo 13:53-58.
[251] Juan 10:22-42.

Kumbinsido sila na si Jesus ang ipinangakong Mesiyas. "Sagayun, marami sa mga Judio, na sumama kay Maria at nakakita sa kanyang ginawa, ang naniwala sa kanya."[252] Napakaraming naniwala kay Jesus kaya't nasabi ng mga Pariseo na "Tingnan ninyo, sumunod na ang mundo sa kanya."[253] Ito ang nakahikayat sa sigasig ng mga tao nang pumasok si Jesus sa Jerusalem sa isang asno.

### *Ang Tugon ng mga Lider ng Relihiyon*

Ang muling pagbuhay kay Lazaro ay sumira sa anumang pagkakataon para sa mga lider ng relihiyon upang ipagsawalang-kibo ang pag-angkin ni Jesus na siya ang Mesiyas. Dahil ang mga tao ay bumaling kay Jesus, ang mga lider ng relihiyon ay may dalawa lamang na pagpipilian:

1. Tanggapin na si Jesus ay siya nga ayon sa kanyang inaangkin. Gayunman, ito ay nangangailangang isuko nila ang kanilang ambisyon para sa kapangyarihan. Kinondena na ni Jesus ang kanilang mapagpaimbabaw na ugali. Kapag tinanggap nila na si Jesus ang Mesiyas, mawawala ang kanilang posisyon bilang lider ng mga Judio.
2. Dakpin at patayin si Jesus. Kapag tumanggi silang tanggapin si Jesus bilang Mesiyas, kailangan nila siyang patayin.

Ipinagtanggol ng mga lider ng relihiyon ang kanilang pasya na patayin si Jesus bilang ito ang pinakamabuti para sa bansa. Tulad ng mahihinang lider sa buong panahon ng kasaysayan, sinikap nilang bigyang dahilan ang kanilang pasya. "Ano ang gagawin namin? Dahil ang taong ito ay gumagawa ng maraming tanda. Kapag hinayaan namin siyang magpatuloy nang ganito, maniniwala sa kanya ang lahat ng tao, at ang mga Romano ay darating at aalisin kapwa ang ating lugar at ang ating bansa."[254]

Ang "ating lugar" marahil aa tumutukoy sa templo at ang ""ating bansa" ay tumutukoy sa mga kalayaang ipinahihintulot ng Roma sa mga Judio.[255] Bagaman ang Judea ay nasa ilalim ng kontrol ng Roma, ang mga Judio ay pinahihintulutang sumamba sa templo, magpatupad ng mga batas panrelihiyon, at sa pamamagitan ng Sanhedrin magkaroon ng sibil na pamahalaan. Ang lahat ng ito ay mawawala kapag ang Roma ay pumigil ng rebelyon.

Tiniyak ni Caiaphas sa Sanhedrin na mas mabuti na mamatay ang isang tao kaysa magdusa ang buong bansa.[256] Kabaligtaran dito, matapos patayin si Jesus, nagkatotoo ang mga ikinatatakot ng Sanhedrin. Apatnapung taon matapos mapatay si Jesus, pinigil ng Roma ang isang rebelyon ng mga Judio sa pamamagitan ng pagwasak sa templo, pag-aalis ng mga karapatan ng mga Judio, at ginawa ang lahat ng bagay na sinikap iwasan ni Caiaphas.

---

[252] Juan 11:45 at 12:11.
[253] Juan 12:19.
[254] Juan 11:47-48.
[255] Tingnan ang Mga Gawa 6:13 at 21:28.
[256] Juan 11:49-50.

Dahil hindi nila maitago ang himala nang hindi sinisira ang lahat ng katibayan, nagpasya ang Sanhedrin na patayin kapwa sina Jesus at Lazaro upang "protektahan ang bansa."[257] Hindi laging nakakakumbinsi ng hindi mananampalataya ang mga himala. Madalas nating iniisip na, "Kung 'patutunayan' lamang ng Dios ang kanyang sarili sa pamamagitan ng isang himala, ang lahat ay maniniwala." Gayunman, maaari lamang patigasin ng himala ang isang di-madaling maniwala sa kanyang di-paniniwala.

Sa kuwento ng mayamang lalaki at ni Lazaro (hindi ang Lazaro na binuhay ni Jesus), ang mayamang lalaki ay nakiusap kay Abraham na suguin si Lazaro upang bigyang-babala ang kanyang mga kapatid. Sinabi ni Abraham, "Kung ayaw nilang pakinggan si Moises at ang mga Propeta, hindi rin sila maniniwala kahit pa may isang bumalik mula sa mga patay."[258] Sapat na ang Kasulatan bilang patotoo sa katotohanan. Kung tatanggihan natin ang Kasulatan, kahit ibang ebidensiya ay hindi tayo kayang kumbinsihin.

### Mga Tugon kay Jesus: Si Maria

► Basahin ang Mateo 26:6-13 at Juan 12:1-11.

Sa buong panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa, si Maria, na kapatid nina Lazaro at Martha, ay isa sa kanyang pinakadebotong tagasunod. Sa isang naunang kuwento, nagreklamo si Martha dahil si Maria ay naupong nakikinig kay Jesus samantalang si Martha ay nagsisilbi. Sa kuwentong iyon, pinuri ni Jesus si Maria na "pinili niya ang mas mabuti, na kailanman ay hindi aalisin sa kanya."[259]

Kulang sa isang linggo bago siya mamatay, bumisita si Jesus at ang kanyang mga disipulo sa tahanan ni Simon na ketongin. Si Lazaro at ang kanyang mga kapatid ay inanyayahan upang sumama sa grupo. Habang kumakain, binuhusan ni Maria ng isang bote ng mamahaling pabango ang ulo at mga paa ni Jesus. Ang pabangong ito ay nagkakahalaga ng tatlong daang dinaryo, katumbas ng halos isang buong taong suweldo. Sa panahong iyon na wala pang bangko, ito marahil ang katumbas ng ipon ni Maria.

Nagalit ang mga disipulo na sinayang ni Maria ang gayun kalaking halaga ng pera,[260] subalit ang mahalaga kay Maria ay ang opinyon ng isang tao lamang, si Jesus. Kumilos siya dahil sa kanyang pagmamahal at naging bulag siya sa sasabihin ng ibang tao. Hindi mahalaga sa kanya kung magkano ang pabango at hindi rin mahalaga sa kanya kung ano ang iniisip ng ibang tao. Sinasamba niya ang kanyang Panginoon at wala nang iba pang mahalaga.

Nang magreklamo ang mga disipulo sa ginawa ni Maria, sinaway sila ni Jesus: "Hayaan ninyo siya…gumawa siya ng mabuting bagay para sa akin."[261] Dahil nalalaman niyang ilang araw na lang at haharapin na niya ang krus, kinilala ni Jesus ang simbolo ng ginawa ni

[257] Juan 11:53 at 12:10.
[258] Lucas 16:31.
[259] Lucas 10:42.
[260] Mateo 26:8; Marcos 14:5.
[261] Marcos 14:6.

Maria: "Ginawa niya iyon bilang paghahanda sa aking libing." Pinarangalan ni Jesus ang babaeng ito na nagbigay ng kanyang pinakamabuti sa isang di-makasarili at mapagmahal na pagsamba.

Sa ating pagbasa ng kuwento ni Maria na nagbuhos ng pabango kay Jesus, dapat din nating itanong, "Gaano ko ba kamahal si Jesus? Mas pinahahalagahan ko ba siya o ang sasabihin ng mga nagmamasid sa akin?" Tunay na minahal ni Maria si Jesus.

**Tugon kay Jesus: Ang Matagumpay na Pagpasok**

► Basahin ang Mateo 21:1-11 at Juan 12:12-19.

Sa araw ng Linggo, pumasok si Jesus sa Jerusalem sakay ng isang asno. Sa isang ordinaryong araw, walang kakaiba sa pangyayaring ito; isang gurong taga-Galilea na sinusundan ng isang maliit na grupo ng mga tagasunod at pumapasok sa Jerusalem para sa Pista ng Paskuwa. Subali't ito ay hindi isang ordinaryong pagkakataon. Ang muling pagbuhay kay Lazaro ang bumago sa paglalakbay na ito para sa Paskuwa at naging isang pagpapahayag na panrelihiyon at pampulitika.

Binigyang pansin ni Mateo ang panrelihiyong kahulugan ng pagpasok ni Jesus sa Jerusalem. Ipinakikita ni Mateo na ang pagpasok ni Jesus ay katuparan ng propesiya ni Zacarias. Ang mga salita ng mga tao ay galing sa Awit 118, isang awit pamPaskuwa na naglalarawan sa matagumpay na pagpasok sa Jerusalem.[262] Ang prusisyong ito ay puno ng mga kahulugang pampulitika:

- Inilatag ng mga tao ang kanilang balabal sa kalsada bilang pagpapasakop sa isang hari.[263]
- Mula sa panahon ng Macabeo, ang mga dahon ng palma ay sumisimbolo sa tagumpay laban sa isang kalabang militar.[264]
- Ang "Hosanna!" ay nangangahulugang "Iligtas mo kami," isang panawagan para iligtas.
- Ang "Anak ni David" ay isang royal at titulong para sa Mesiyas.

Naniwala ang mga tao na pumasok si Jesus sa Jerusalem upang ibagsak ang Roma at itatag ang kanyang kaharian. Ang kanilang matagal na paghihintay sa hari mula sa lahi ni David ay tapos na. Ang mga pangako ng mga propeta ay matutupad na.

Ilang araw lamang makalipas iyon, marami sa mga taong ito mismo ang sisigaw ng, "Ipako siya sa krus!" Bakit? Dahil ipinagbubunyi nila si Jesus sa maling dahilan.Naniwala sila na ibabagsak niya ang Roma, subali't wala siyang intensiyon na manguna sa isang rebolusyong

---

[262] Mateo 21:4-11; Zech. 9:9; Mga Awit 118:26.
[263] Mateo 21:8; 2 Mga Hari 9:13.
[264] Juan 12:13; 1 Macabeo 13:51.

militar. Humahanap sila ng isang kahariang pampulitika, subali't siya'y nagdadala ng esapirituwal na kaharian. Sa kanilang pagkabigo, tumalikod laban kay Jesus ang mga taong ito.

Nakapagpasya na ang mga miyembro ng Sanhedrin, mga makapangyarihan sa pulitika at matataas ang katungkulan sa lipunan, na patayin si Jesus; ang mga walang kapangyarihan ay tumalikod na sa kanya. Dahil nalalaman ni Jesus ang darating, tinangisan ni Jesus ang kapalaran ng lungsod na tatanggi sa kanya.[265] Tinawag natin iyong "ang matagumpay na pagpasok"; alam ni Jesus na iyon ang "landas patungo sa krus." Binanggit ng mga tao ang Awit 118:26, "Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon!" Alam ni Jesus ang susunod na talata ng salmo, "Igapos ang handog sa mga sungay sa altar!"[266] Pumasok si Jesus sa Jerusalem bilang haing-handog at siya'y itatali sa "altar", isang krus ng Romano.

**Mas Malapit ng Pagtingin: Isinumpa ni Jesus ang Puno ng Igos**

► Basahin ang Marcos 11:12-25.

Ang bawat isa sa mga Buod na Ebanghelyo ay bumanggit sa kuwento ng pagsumpa ni Jesus sa isang puno ng igos na walang bunga sa kanyang huling linggo ng ministeryo sa publiko. Sinumpa ni Jesus ang puno ng igos araw ng Lunes nang siya'y dumating sa Jerusalem matapos magpalipas ng gabi sa Betania. Araw ng Martes, nakita ng mga disipulo na nalanta na ang puno sa loob lamang ng dalawampu't-apat na oras.

Bagaman hindi "panahon ng igos" noon (Marcos 11:13), ang mga dahon ay nagpapahiwatig na dapat mayroong berdeng bunga ng igos sa puno. Ang bunga ng igos ay lumilitaw sandaling panahon lamang pagkatapos ng mga dahon. Kapag ang puno ay may mga dahon nguni't walang maagang bunga, ang puno ay hindi na mamumunga sa buong taon.

Ang kuwentong ito ay isang "isinadramang talinhaga" tungkol sa kabiguan ng Israel na mamunga.[267] Ang Israel ay pinili ng Dios upang maging pagpapala sa mga bansa.[268] Sa halip, ipinahiya ng Israel ang pangalan ni Jehovah.

Ang templo ay dapat isang lugar para sa pananalangin "para sa lahat ng tao."[269] Sa halip, ang templo ay naging isang "lungga ng mga magnanakaw," kung saan ang mga mahihirap ay nalilinlang ng mga makapangyarihang punong pari.

Walang bunga ang puno ng igos; ang Israel ay walang bunga. Tinanggihan ang puno ng igos; tatanggihan din ang Israel sa malapit na panahon.

---

[265] Lucas 19:41-44.
[266] Mga Awit 118:27, *New English Translation.*
[267] Sa Lumang Tipan, ang isang puno ubas ay madalas kumakatawan sa Israel (hal. Jer. 8:13; Hos. 9:10; Joel 1:7).
[268] Gen. 12:3.
[269] Isa. 56:7.

Ang pagsumpa sa puno ng igos ay isa sa serye ng mensahe ng paghatol sa panahon ng mga huling araw ng ministeryo ni Jesus sa publiko:

1. Ang nakikitang talinhaga ng puno ng igos na walang bunga (Marcos 11:12-14, 20-25).
2. Ang paglilinis sa templo (Marcos 11:15-19).
3. Ang talinhaga ng di-matapat ng kasama sa bukid (Marcos 12:1-12).
4. Ang kontrobersiya sa mga lider ng relihiyon (Marcos 12:13-40).
5. Ihinula ni Jesus ang pagkawasak ng templo (Marcs 13:1-37).

**Mga Tugon kay Jesus: Ang mga Lider ng Relihiyon**

► Basahin ang Mateo 21:23-22:46.

Matapos muling buhayin si Lazaro, buo ang pasiya ng mga lider ng relihiyon na patayin si Jesus. Gayunman, naging mahirap iyong gawin dahil sa kanyang pagiging popular sa pangkaraniwang mga tao. Kailangan nilang humanap ng paraan upang pabulaanan si Jesus sa paningin ng mga tao. Sa mga araw matapos ang matagumpay na pagpasok ni Jesus, ang mga lider ng relihiyon ay nagsagawa ng serye ng mga komprontasyon sa templo. Sinisikap nilang bitagin si Jesus, subali't paulit-ulit silang nabigo. Sa halip, pinanood ng mga tao kung paano paulit-ulit na ipinahiya ni Jesus ang mga lider ng relihiyon sa kanyang karunungan at pangangatwiran.

Una, hinamon ng "mga punong pari at matatanda" ang kanyang awtoridad upang linisin ang templo at magturo sa publiko. Tumugon si Jesus sa paghuli sa kanila sa tanong tungkol kay Juan Bautista.

Nagbigay si Jesus ng tatlong talinhaga na humatol sa mga lider ng relihiyon. Ang talinhaga ng dalawang anak na lalaki ay nagpakita na ang pagsunod, hindi lang ang pagsasabi, ang nagpapatunay sa relasyon sa kaharian ng Dios. Ang talinhaga ng masamang kasama sa bukid ay naglalarawan ng bunga ng pagtanggi kay Jesus bilang Mesiyas. Sa huli, ang talinhaga ng handaan sa kasalan ay nagpapahiwatig na ang mga lider ng relihiyon na inanyayahan sa handaan ay tinatanggihan na para palitan ng ibang tao na mukhang hindi karapat-dapat, gayunman ay tumugon sa paanyaya.

Matibay ang pagnanais na pabulaanan si Jesus, naghanda ang mga lider ng relihiyon ng serye ng mga tanong upang sikaping bitagin siya. Ang kanilang layunin ay hindi ang matutuhan ang katotohanan; ang kanilang layunin ay sirain si Jesus. Alam ni Jesus na hindi naman nila ninanais ang katotohanan, kaya't hindi niya pinansin ang bawat isa sa kanilang mga tanong.

Matapos mabigong bitagin si Jesus, sumuko na ang mga lider. Tinapos ni Mateo ang bahaging ito sa pagpapakita ng kanilang kabiguan: "At walang sinumang nakasagot sa kanya, kahit isang salita, at mula sa araw na iyon walang sinumang nagtangkang

magtanong sa kanya."[270] Nagtapos si Marcos sa pagbanggit sa kaligayahan ng karaniwang tao na nakasaksi sa mga komprontasyong ito, "At ang napakaraming tao ay nakinig sa kanya nang may kagalakan."[271]

► Bilang isang pastor o lider Kristiyano, madalas kang mahaharap sa mahihirap na katanungan. Paano mo mapipili ang isang sinserong pagtatanong sa isang nais lamang na bitagin ka? Paano magkakaiba ang iyong mga tugon sa dalawang klaseng pagtatanong? (Tingnan ang Kawikaan 26:4-5 para sa isang halimbawa ng pagkakaibang ito.)

## Ang Paglilitis at ang Pagpapako sa Krus

► Basahin ang 1 Corinto 15:1-8.

Dalawampung taon matapos ang muling pag-akyat sa Langit ni Jesus, nagsimula si Pablo ng isang iglesya sa Corinto. Binubuo ang iglesyang ito ng mga bagong mananampalataya mula sa maraming iba't-ibang pinagmulan. Kabilang sa iglesyang ito ang mga Judio na nakakaalam ng Kasulatang Hebreo at mga Hentil na walang anumang nalalaman tungkol sa tunay na Dios.

Ang iglesya sa Corinto ay nahahati ng di-pagkakasundo at banta ng mga maling katuruan. Sa pagtugon sa mga suliraning ito, ipinaalala ni Pablo sa mga taga-Corinto ang mensahe na una niyang ipinangaral. Ang mga unang mensahe ni Pablo sa lungsod na karamihan ay pagano ay nakatuon sa apat na pangyayari sa kasaysayan:

- Namatay si Cristo dahil sa ating mga kasalanan.
- Siya ay inilibing.
- Siya ay muling nabuhay sa ikatlong araw.
- Muli siyang napakita sa mga tao –kay Cephas, sa labindalawa, sa limandaang kapatiran sa isang pagkakataon, kay Santiago, sa lahat ng mga apostol, at sa huli kay Pablo.

Ang unang bahagi ng mensahe ni Pablo sa Corinto ay tungkol sa krus: "Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan." Ang mensahe ng krus ay pangunahin sa pananampalatayang Kristiyano.

Sa Lumang Tipan, ipinapatong ng taong nagdadala ng kordero upang ihandog bilang sakripisyo ang kanyang kamay sa ulo ng kordero bilang simbolo ng kanyang pakikiisa sa sakripisyong kamatayan. Sa pagpapatong ng kanyang kamay sa ulo ng kordero, ang sumasamba ay nagsasabi, "Ang korderong ito ay mamamatay sa aking lugar, bilang kapalit ko. Karapat-dapat akong mamatay dahil sa aking kasalanan." Sa parehong dahilan, dapat din tayong mamatay dahil sa ating mga kasalanan, subali't namatay si Cristo sa ating lugar. Nararapat tayong mamatay; namatay siya upang tayo'y magkaroon ng buhay.

---

[270] Mateo 22:46.
[271] Marcos 12:37.

**Ang Pagdakip**

► Basahin ang Mateo 26:1-5, 14-56.

> "Siya ba ay pinahirapan?
> Iyon ay upang sa pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling.
>
> Siya ba ay hinatulan, kahit walang kasalanan?
> Iyon ay upang tayong pawalang-sala, kahit may kasalanan.
>
> Siya ba ay nagsuot ng koronang tinik?
> Iyon ay upang magsuot tayo ng korona ng kaluwalhatian.
>
> Siya ba ay hinubaran ng kanyang kasuutan?
> Iyon ay upang tayo'y suutan ng walanghanggang katuwiran.
>
> Siya ba ay tinuya at hinamak?
> Iyon ay upang tayo'y parangalan at pagpalain.
>
> Siya ba ay itinuring na gumawa ng kasamaan, at ibinilang sa mga makasalanan?
> Iyon ay upang ituring tayong walang kasalanan, at pinawalang-sala sa lahat ng kasalanan.
>
> Siya ba ay ipinahayag na walang kakayahang iligtas ang kanyang sarili?
> Iyon ay upang lubusan niyang mailigtas ang iba.
>
> Namatay ba siya sa wakas, at iyon ang pinakamasakit at pinakanakakahiyang kamatayan? Iyon ay upang tayo'y mabuhay magpakailanman, at papurihan sa pinakamataas na kaluwalhatian."
>
> \- Si Bishop Ryle

Sa araw ng Miyerkoles ng Linggo ng Pasyon, ihinula ni Jesus ang kanyang kamatayan "pagkatapos ng dalawang araw." Pinaplano ng Sanhedrin na arestuhin si Jesus kapag nakaalis na ang mga tao sa lunsod pagkatapos ng Paskuwa, mga siyam na araw mula sa oras na kanyang ihinula. Gayunman, nang ialok ni Judas na ipagkanulo ang kanyang Panginoon, nagpasya silang arestuhin si Jesus habang mayroon pa silang pakikiisa ng isa sa kanyang mga tagasunod.

Bakit kailangan ng mga punong pari si Judas? Alam nila kung sino si Jesus at kung saan siya matatagpuan. Nagtuturo siya sa templo araw-araw. Ang pangunahing gagawin ni Judas ay hindi ang kilalanin si Jesus sa mga opisyal na aaresto; ang pangunahing gagawin niya ay ang maging saksi labang kay Jesus sa paglilitis. Para sa anumang capital crime, ang batas Romano ay nangangailangan ng saksi. Sa pagkakanulo kay Jesus, sumasang-ayon si Judas na maging saksi. Pagkatapos ng pag-aresto, "nagbago ng isip" si Judas at nawala ang pangunahing saksi ng mga lider na Judio laban kay Jesus.[272]

Matapos nilang magsalo sa hapunang pamPaskuwa kasama ng mga disipulo, nagtungo si Jesus sa garden ng Getsemane upang manalangin. Sa pagharap sa pisikal na paghihirap sa krus at sa espirituwal na pighati ng pagkawalay sa Ama, nanalangin si Jesus, "Aking Ama,

[272] Mateo 27:3-4, Maros 14:55-56.

kung maaari, alisin mo ang sarong ito sa akin; gayunman, hindi ayon sa aking kalooban, kundi ang kalooban mo ang masunod." Kahit sa pinakamatinding pagsubok, nagpasakop si Jesus sa kalooban ng Ama.

Nang gabing iyon, dumating si Judas kasama ang "maraming tao" upang dakpin si Jesus.[273] Matapos tukuyin ni Judas si Jesus sa pamamagitan ng isang halik, nagsalita si Jesus sa mga sundalo. "Nang sabihin ni Jesus sa kanila, 'Ako nga siya', sila'y umatras at dumapa sa lupa."[274] Ang malaking grupong ito ng mga sundalo ay natatakot sa lalaking may kapangyarihan sa kamatayan. Si Jesus, hindi ang kanyang mga kaaway ang may kontrol! Isinulat ni Octavius Winslow, isang mangangaral ng ika-labinsiyam na siglo, "Sino ang nagbigay kay Jesus upang mamatay? Hindi si Judas, para sa pera. Hindi si Pilato, dahil sa takot. Hindi ang mga Judio, dahil sa inggit. Kundi ang Ama, dahil sa pag-ibig!"[275]

"Hindi hinanap ni Jesus sa kanyang pagiging Dios ang kaginhawahan mula sa paghihirap bilang tao; nanganlong siya sa pananalangin."

- Sinipi kay T.B. Kilpatrick

**Ang Paglilitis**

► Basahin ang Mateo 26:57-27:26; Lucas 22:54-23:25; Juan 18:12-19:16.

Ang paglilitis kay Jesus ay kapwa paglilitis ng Judio at paglilitis na Romano. Ang batas ng Judio ang pinakamakatao sa lahat ng sistemang legal sa sinaunang panahon; ginagawa ng batas ng Judio ang lahat ng magagawa upang panatilihin ang buhay. Ang batas ng Romano ay kilala sa mga istriktong mga panuntunan at pagiging komprehensibo. Ito ang dalawang pinakamabuting sistemang legal ng sinaunang mundo, subali't hindi nito napigilan ang mga makasalanan sa pagpatay sa Anak ng Dios.

Sa loob ng panahon matapos dakpin si Jesus, siya'y naiharap sa anim na pagdinig o paglilitis. Kabilang dito ang panrelihiyong paglilitis ng mga Judio at ang sibil na paglilitis ng mga Romano. Ipinakita ng mga historyador na ang paglilitis ng mga Judio ay illegal ayon sa batas ng mga Judio. Sa kanilang pagmamadali na hatulan si Jesus, ang Sanhedrin ay:

- Nagsagawa ng paglilitis sa gabi (illegal)
- Hindi gumawa ng pormal na sumbong bago dakpin si Jesus (illegal)
- Hindi pinahintulutan si Jesus na tumawag ng mga saksi para siya ipagtanggol (illegal)
- Minadali ang paglilitis na mas mabilis kaysa itinatakda ng batas ng Judio (illegal)

---

[273] Tinukoy sa Juan 18:3 ang grupong ito bilang isang "samahan" o "cohort" ng mga sundalo. Ang isang Romanong cohort ay karaniwang binubuo ng 600 na lalaki.
[274] Juan 18:6.
[275] Hinango sa *TheMessage of Romans* ni John Stott, (Westmont, Illinois: InterVarsity Press, 1994), 255.

Kabalintunaan, ang lahat ng ito ay naganap upang maipapako nila si Jesus at ang kanyang katawan ay maialis sa krus bago ang Paskuwa. Pinatay nila ang Kordero ng Dios upang makain nila ang kordero ng Paskuwa sa tamang oras!

***Ang Sunod-sunod na Paglilitis***

**(1) Ang pagdinig na Judio sa harap ni Annas (Juan 18:12-14, 19-23)**

Itinalaga si Annas bilang punong pari habangbuhay. Kahit matapos palitan ng mga Romano si Annas ng kanyang manugang na si Caifas, karamihan sa mga Judio ang nagpatuloy sa pagtawag kay Annas sa titulong "Punong Pari". Hindi opisyal ang unang pagdinig na ito sa harap ni Annas. Wala itong kasamang mga paratang o mga saksi.

**(2) Pagdinig na Judio sa harap ng Sanhedrin (Mateo 26:57-68)**

Ang unang pagdinig sa harap ng buong Sanhedrin marahil ay ginawa sa maagang oras na ika-dalawa ng umaga. Bagaman hindi sila maaaring magsagawa ng legal na paglilitis bago sumikat ang araw, nais ng mga lider na Judio na kumilos nang mabilis. Bagaman ang isang pormal na paglilitis sa gabi ay illegal, nagdaos ng hindi pormal na pagdinig ang Sanhedrin kung saan hinatulan si Jesus ng paglapastangan sa Dios/pamumusong at ipinasiya nilang dapat sa kanya ang hatol na kamatayan.

**(3) Formal na paglilitis na Judio sa harap ng Sanhedrin (Lucas 22:66-71)**

"Nang mag-umaga na," nagdaos ng isang pormal na paglilitis ang Sanhedrin. Sa paglilitis na ito, opisyal na hinatulan ng Sanhedrin si Jesus ng paglapastangan sa Dios/pamumusong.

**(4) Unang paglilitis na Romano sa harap ni Pilato (Lucas 23:1-5; Juan 18:28-38)**

Hindi binigyan ng Roma ang Sanhedrin ng awtoridad na pumatay ng mga kriminal.[276] Upang makuha ang sentensiya ng kamatayan mula kay Pilato, binago ng mga lider na Judio ang kanilang paratang mula sa pangrelihiyong paratang na paglapastangan sa Dios/pamumusong, ginawa nilang isang paratang na pampulitika ng pagpapasimula ng rebelyon. Inakusahan nila si Jesus ng "pagliligaw sa ating bansa at pagbabawal sa atin na magbayad ng buwis kay Caesar, at pagsasabi na siya mismo si Cristo, ang hari."

Sa panahon ng Paskuwa, hindi maaaring pumasok ang mga Judio sa alinmang gusali sa takot na maging marumi at pagbawalang kumain ng pagkaing pamPaskuwa. Dahil hindi sila makapasok sa palasyo, idinaos ni Pilato ang pagdinig sa daanan sa labas ng pinto ng palasyo.

**(5) Paglilitis na Romano sa harapan ni Herod Antipas (Lucas 23:6-12)**

Alam ni Pilato na walang kasalanan si Jesus, subalit ayaw naman niyang pagalitin ang mga lider na Judio. Nang marinig niya na si Jesus ay "hinihikayat ang mga tao, nagtuturo sa

---

[276] Juan 18:31.

buong Judea, mula sa Galilea hanggang sa lugar na ito," nagpasiya si Pilato na mayroon siyang paraan upang tumakas sa dilemmang ito. Si Herod Antipas na namamahala sa Galilea, ay nasa Jerusalem. (Sa linggo ng Paskuwa, ang bawat opisyal na Romano sa Palestina ay nagtutungo sa Jerusalem upang tumulong kung sakaling mayroong pag-aalsa). Ipinadala ni Pilato si Jesus kay Herodes, subali't tumanggi si Herodes na mamagitan.

**(6) Ang Huling Romanong Paglilitis sa Harapan ni Pilato (Mateo 27:15-26; Lucas 23:13-25; Juan 18:39-19:16)**

Nang ibalik si Jesus sa kanyang korte, humanap si Pilato ng ibang solusyon. Alam ni Pilato na inosente si Jesus. "Matapos ko siyang suriin sa inyong harapan, narito, hindi ko natagpuang may kasalanan ang taong ito sa alinman sa inyong mga paratang laban sa kanya."[277] Ayaw ni Pilato na hatulan ng kamatayan si Jesus, wala itong kasalanan.

Nang magbanta ang mga lider na irereport nila siya kay Cesar dahil sa kawalang katapatan, pinagbigyan ni Pilato ang kanilang kahilingan. Mahinang tagapamuno si Pilato. Sa isang naunang usapin, pinahintulutan ni Pilato ang mga kawal na pumasok sa Jerusalem dala ang imahen ng emperador. Isang grupo ng mga Judio ang nagprotesta sa labas ng palasyo ni Pilato sa loob ng limang araw. Nang pagbantaan niyang papatayin ang mga nagpoprotesta, inihayag nila na mas gugustuhin nilang mamatay kaysa pahintulutan ang imahen ni Cesar sa loob ng Banal na Lunsod. Napilitang umatras si Pilato.

Dahil sa karanasang ito, natatakot si Pilato sa mga Judio. Dagdag pa sa rito, ang kanyang nakatataas na opisyal sa Roma, si Sejanus, ay hindi nagtitiwala sa kakayahan ni Pilato na pigilin ang mga tao sa Judea. Nang pagbantaan nilang isusumbong siya kay Cesar kapag pinalaya niya si Jesus, "ibinigay ni Pilato si Jesus sa kanila upang ipapako."[278] Hinatulan ni Pilato ng kamatayan si Jesus hindi dahil naniniwala siyang may kasalanan si Jesus, kundi dahil sa kanyang sariling kahinaan.

***Sa panahon ng paglilitis, Itinatwa ni Pedro si Jesus.***

Sa hapunang pamPaskuwa, binigyang babala ni Jesus si Pedro, "Tunay na sinasabi ko sa iyo, bago tumilaok ang manok, itatatwa mo ako ng tatlong beses."[279] Gayun nga, sa panahon ng paglilitis kay Jesus, tatlong beses na itinatwa ni Pedro si Jesus.

Sa ating pagbasa sa nakahihiyang pagbagsak ni Pedro, dapat nating tandaan na hindi lamang si Pedro ang bumigo kay Jesus sa gabing iyon. Tanging sina Pedro at Juan ang dumalo sa paglilitis. Ang ibang disipulo ay tumakbo palayo dahil sa takot.

Malinaw, mahal ni Pedro si Jesus. Kaya't bakit siya bumagsak? Nauna rito, pinag-aralan natin ang pagtukso kay Jesus upang matutuhan ang mga leksiyon sa pagharap sa tukso.

---

[277] Lucas 23:14.
[278] Juan 19:16.
[279] Juan 13:38.

Mula sa pagbagsak ni Pedro, makikita natin ang tatlong babala upang tulungan tayo kapag tayo'y tinutukso. Dalawang katangian ang naging dahilan ng pagbagsak ni Pedro:

**(1) Sobrang tiwala sa sarili**

Nang bigyang babala ni Jesus si Pedro tungkol sa pag-atake ni Satanas, nagyabang si Pedro, "Kahit pa kailangan kong mamatay nang kasama ninyo, hindi ko kayo itatatwa!"[280] Kapag tayo'y sobrang tiwala sa sarili, nanganganib tayong bumagsak. Nabubuhay tayo ng matagumpay na buhay Kristiyano *tanging* sa kapangyarihan lamang ng Espiritu. Ang sobrang tiwala sa sarili ang unang hakbang sa espirituwal na kabiguan.

**(2) Kawalan ng panalangin**

Sa Garden, binigyang babala ni Jesus ang kanyang mga disipulo, "Manalangin kayo nang hindi kayo mahulog sa tukso."[281] Sa halip na manalangin para sa kalakasan upang harapin ang padating na pagsubok, si Pedro ay natulog.

Ang kawalan ng pananalangin ay siguradong humahantong sa espirituwal na kabiguan. Imposible na panatilihin ang matagumpay na buhay Kristiyano nang hiwalay sa isang malusog na buhay panalangin. Sinisikap ni Satanas na ilagay ang mga manggagawang Kristiyano sa maraming gawain hanggang sa wala na tayong panahon para manalangin. Alam niya na kapag tayo'y labis na abala upang manalangin, hindi magtatagal at tayo'y babagsak.

► Lumingon ka sa kabuuan ang iyong buhay Kristiyano at ministeryo. Isipin mo ang mga pagkakataon na ikaw ay bumagsak sa tukso, o muntik nang bumagsak sa kasalanan. Ano-ano ang mga naging dahilan ng pagbagsak? Nakararanas ka ba ng tagumpay sa ministeryo na nauwi sa sobrang tiwala sa sarili? Naging labis ka bang abala at nabigo kang mag-ukol ng sapat na oras sa pananalangin? Mayroon pa bang ibang bagay na maaaring magsilbing babala o paalala para sa hinaharap?

*Sa panahon ng Paglilitis, Nagpakamatay si Judas.*

Agad, pagkatapos ng kuwento ng pagtatatwa ni Pedro, ikinuwento naman ni Mateo ang pagbibigti ni Judas. Nang makita niya ang bunga ng kaniyang pagkakanulo, "nagbago ang isip ni Judas at ibinalik ang tatlumpung pirasong pilak sa punong pari at sa matatanda, at sinabing, "Ako'y nagkasala nang ipagkanulo ko ang isang taong walang kasalanan."[282] Inihagis ni Judas sa sahig ng templo ang salaping pilak na ibinayad sa kanyang pagkakanulo at "lumabas at nagbigti ng sarili."[283] Pinili ni Judas ang magpakamatay sa halip na habang buhay na sumbat ng budhi.

---

[280] Mateo. 26:33.
[281] Lucas 22:40.
[282] Mateo 27:3-4.
[283] Mateo 27:5

Ang mga kuwento ni Mateo ay naglagay ng magkatabi sa pagsisisi ni Pedro at ang kalungkutan sa kasalanan ni Judas. Nanghinayang kapwa sa kanilang ginawa sina Pedro at Judas. Gayunman, para kay Judas, gumamit si Mateo ng salitang naghahayag ng ideya ng pagbabago ng isip, hindi ang karaniwang salita para sa tunay na pagsisisi.[284] Mahalaga ang pagkakaibang ito sa pag-unawa sa tugon ng mga tao kapag iminumulat sila sa kasalanan.

Isinulat ni Pablo ang pagkakaiba ng *remorse* (lungkot dahil sa resulta ng kasalanan) at pagsisisi (kalungkutan para sa kasalanan mismo at ang pagbabago ng direksiyon). Isinulat ng apostol: "Sapagkat ang kahapisang nagmumula sa Dios ay nagbubunsod sa inyo upang magsisi at magbago sa inyong ikaliligtas. Ngunit ang kahapisang galing sa sanlibutan ay humahantong sa kamatayan."[285]

Ang "maka-Dios na kalungkutan" ay nagbubunga ng tunay na pagsisisi, na humahantong sa kaligtasan at buhay. Ang "kalungkutan mula sa sanlibutan" ay nagbubunga ng *remorse*/lungkot dahil sa kasalanan na humahantong lamang sa *guilt* at kamatayan. Kapwa nalungkot sina Pedro at Judas, ngunit si Pedro lamang ang tunay na nagsisi.

Nakita ni Judas ang bunga ng kanyang pagtataksil at pinili niya ang kamatayan kaysa sa kahihiyan at sumbat ng budhi; nakaramdam siya ng kalungkutan dahil sa kanyang kasalanan subali't hindi siya nagsisi. Nakita ni Pedro ang resulta ng kanyang pagkakamali at pinili niya ang tunay na pagsisisi. Ang resulta ng kalungkutan ni Judas ay kamatayan; ang resulta ng pagsisisi ni Pedro ay habambuhay na mabungang ministeryo.

► Nakakita na ba kayo ng taong nakaramdam ng kalungkutan dahil sa kasalanan, subali't hindi tunay na nagsisi? Ano ang nangyari? Sa ating pangangaral, paano natin madadala ang tao sa tunay na pagsisisi?

### Ang Pagpapako sa Krus

► Basahin ang Mateo 27:27-54.

---

[284] *metamelomai* halip na *metanoia.*
[285] 2 Cor. 7:10.

"O Pag-ibig ng Dios, Ano ang iyong ginawa!
Ang walang-hanggang Dios ay namatay para sa akin!
Ang katulad na walanghanggang Anak ng Dios Ama Pinasan ang lahat kong kasalanan sa Krus.
Ang walang hanggang Dios para sa akin ay namatay:
Aking Panginoon, aking Pag-ibig, ay napako sa krus!

Ipinako sa krus para sa iyo at sa akin,
Upang tayong rebelde ay ibalik sa Dios.
Maniwala, paniwalaan ang tunay na tala,
Tayong lahat ay binili ng dugo ni Jesus
Patawad ay umaagos mula sa kanyang tagiliran:
Aking Panginoon, aking Pag-ibig ay napako sa Krus!

Pagmasdan ninyo siya, lahat kayong dumadaan,
Ang nagdurugong Prinsipe ng buhay at kapayapaan!
Halina, mga makasalanan, masdan ang iyong Tagapagligtas ay mamatay,
At sabihin, "May hihigit pa ba sa kahapisang ito?"
Halina, damahin natin ang kanyang dugong ipinambayad:
Aking Panginoon, aking Pag-ibig ay napako sa Krus!

- Charles Wesley

Ang Judea ay isang mahirap na lugar para matalaga ang isang Romanong kawal. Kinamumuhian ng mga tao ang mga kawal na Romano at ang mga Zealots ay nagplano na patayin sila. Sa panahon ng Paskuwa, ang hukbo ay inilalagay sa patuloy na alerto para sa mga pag-aalsa. Wala nang mas mahirap pang assignment para sa isang kawal. Kapag ang isang Judiong bilanggo ay nahatulan ng kamatayan, inilalabas ng mga kawal ang kanilang pagkamuhi sa taong nahatulan.

Ang ginawa nila kay Jesus—ang pagbugbog, pag-alipusta, ang koronang tinik—ay nagpapakita ng kalupitan ng mga matigas ang pusong mga kawal na namumuhi sa kanilang takdang gawain, na namumuhi sa mga tao sa kanilang paligid, at nasisiyahang magparusa sa isang taong hindi makakalaban sa kanila. Ang lahat ng ito ay tiniis ni Jesus nang wala man lang isang salita ng pagkagalit sa mga kawal na ito.

Maraming manunulat ang nag-aral sa kuwento ng pagpapako sa krus sa pamamagitan ng pagtingin sa pitong pangungusap ni Jesus mula sa krus. Ang mga huling salita ng isang tao ay nagpapakita kung ano ang mahalaga para sa taong iyon. Sa pagharap niya sa kamatayan, ano ang sinabi ni Jesus?

### *Mga Salita ng Pagpapatawad*

Nang ipako nila siya sa krus, nanalangin si Jesus, "Ama, patawarin mo sila, pagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[286] Hanggang sa wakas, ipinakita niya ang pag-ibig at pagpapatawad.

Para sa isang magnanakaw na nararapat lamang na mamatay, ipinangako ni Jesus, "Tunay, sinasabi ko sa iyo, sa araw na ito isasama kita sa paraiso." [287]

### *Mga Salita ng Pagkahabag*

Itinalaga ni Jesus si Juan upang siyang mag-alaga sa kanyang ina nang sabihin niya, "Ginang, narito ang iyong anak!", at kay Juan, "Narito ang iyong ina!"[288] Mas maaga rito, itinuro ni Jesus na ang pinakamalalim na kaugnayan sa pamilya ay espirituwal. "Narito ang aking ina at mga kapatid na lalaki! Dahil kung sinuman ang tumutupad sa kalooban ng aking Ama sa langit ay siya kong mga kapatid at ina."[289]

Sa oras ng kanyang kamatayan, ang mga pisikal na kapatid-sa-ina ni Jesus ay mga hindi mananampalataya; hindi sila bahagi ng kanyang espirituwal na pamilya. Kaya't ipinagbilin niya ang kanyang ina sa pangangalaga ng isang espirituwal na kapatid, si Juan, ang Minamahal.

### *Mga Salita ng Pisikal na Pagdurusa*

Ang pagiging Anak ng Dios ay hindi nagligtas kay Jesus mula sa pisikal na pagdurusa sa krus. Dinanas niya ang lahat ng pisikal na paghihirap ng isang kriminal na hinatulan ng kamatayan. Matapos ang maraming oras nang walang tubig sa matinding sikat ng araw, sumigaw si Jesus, "Ako'y nauuhaw."[290]

### *Mga Salita ng Espirituwal na Pagdurusa*

Itinala nina Mateo at Marcos ang isa lamang sa mga salita, subali't ito na marahil ang pinakanakakawasak ng pusong mga salita mula sa krus: "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"[291]

Tunay na ang pinakamatinding pagdurusa ni Jesus ay ang mawalay sa kanyang Ama. Ang Ama at ang Anak ay nabuhay sa isang hindi napuputol na pagsasama mula pa sa walang hanggan. Ngayon dahil pinasan niya ang ating mga kasalanan, si Jesus ay nahiwalay sa Ama.

---

[286] Lucas 23:34.
[287] Lucas 23:43.
[288] Juan 19:26-27.
[289] Mateo 12:49-50.
[290] Juan 19:28.
[291] Mateo. 27:46; Marcos 15:34.

Doon sa krus, "ibinilang siyang makasalanan ng Dios, siya na walang kasalanan, upang sa pamamagitan niya tayo'y maging matuwid sa harapan ng Dios."[292] Sa Isaias 53, nagsalita ang propeta tungkol sa "nagdurusang Alipin" na magpapasan ng ating mga kasalanan.[293] Ipinapakita ni Pablo ang pamalit na pagbayad-utang na ito ay natupad sa krus.

Si Jesus ay naging kasalanan para sa atin "upang sa pamamagitan niya tayo'y maging katuwiran ng Dios." Hindi na tayo nabubuhay sa pagkaalipin ng kasalanan; sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus, tayo ay ginawang matuwid. Hindi lamang sinasabi ni Pablo na "sa kanya" tayo ay *tinatawag* na matuwid. Sa halip, "sa kanya tayo ay *magiging* katuwiran ng Dios." Sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus, isang tunay na pagbabagong-anyo ang nagaganap. Si Cristo ay naging kasalanan upang tayo'y maging matuwid.

### *Mga Salita ng Pagsuko*

"Ama ko, sa iyong mga kamay ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu!"[294] Sa buong buhay niya, si Jesus ay nabuhay sa matapat na pagpapasakop sa Ama. Sa pagharap sa krus, ipinanalangin niya, "Hindi ang aking kalooban, kundi ang iyong kalooban."[295] Ngayon ibinigay niya ang huling pangungusap ng pagpapasakop sa kalooban ng Ama.

### *Mga Salita ng Pagtatagumpay*

"Naganap na."[296] Sa sigaw na ito ng tagumpay, ipinapahayag ni Jesus na natupad na niya ang gawain na ipinagagawa sa kanya ng Ama. Bayad na ang kabayaran sa kasalanan; nagapi na si Satanas. Ang pagbabayad-utang na ipinapahiwatig ng mga kordero sa Lumang Tipan at ipinangako sa Isaias 53 ay natupad na.

## Ang Paglilibing

► Basahin ang Mateo 27:57-61.

Sa mensahe ni Pablo sa mga taga-Corinto, ipinangaral ni Pablo na si Jesus ay "namatay para sa ating mga kasalanan" at "siya'y inilibing."[297] Para kay Pablo at sa unang iglesya, mahalaga ang paglilibing.

Maraming mga ginagawa sa kasalukuyan sa Linggo ng Pasyon ang kumikilos nang diretso mula sa Biyernes Santo patungo sa Linggo ng Pagkabuhay. Subali't para sa marami sa kasaysayan ng iglesya, ang "Sabado de Gloria" ay kinikilala bilang isang mahalagang bahagi ng Pagbabantay sa Muling Pagkabuhay. Ano ang kahalagahan ng paglilibing?[298]

---

[292] 2 Cor. 5:21.
[293] Isa. 53:4-12.
[294] Lucas 23:46.
[295] Mateo 26:39.
[296] Juan 19:30.
[297] 1 Cor. 15:3-4.
[298] Sinipi mula sa "The Burial of Jesus." Ni James Boice; http://www.alliancenet.org/tab/the-burial-of-jesus-christ-part-one.

### *Kahalagahan ayon sa Kasaysayan*

Ang paglilibing ay nagpapakita na si Jesus ay tunay ngang patay. Kabaligtaran sa inaangkin ng mga Islam na si Jesus ay nasa "matinding pagtulog"/ "swoon" kung saan pagkatapos siya ay nagising. Ang paglilibing ay nagpapatunay na siya nga ay tunay na patay. Alam na alam ng mga Romano kung paano papatayin ang isang hinatulang bilanggo. Hindi nila ibababa mula sa krus ang isang tao malibang ito ay patay na.

Dagdag pa rito, ang mabigat na bato at ang mga kawal ang tumiyak na walang sinumang makakatakas mula sa libingan. Kahit pa kung ang mga kawal na Romano ay nagkamaling ilibing si Jesus bago pa siya namatay, hindi maaaring mangyari na ang isang tao na nagdusa ng mahabang oras sa krus ay makakawala sa damit panglibing, maitutulak ang mabigat na bato, at matatalo ang isang grupo ng mga propesyonal na mga kawal. Ang paglilibing ay nagpatotoo sa katotohanang pangkasaysayan na patay nga si Jesus na taga-Nazareth.

### *Kahalagahan ayon sa Propesiya*

Sa pagsulat tungkol sa korderong dinala sa katayan, inihula ni Isaias na "Iginawa nila siya ng libingan kasama ng mga masasama at kasama ng isang mayamang lalaki sa kanyang kamatayan."[299] Ang paglilibing kay Jesus ay katuparan ng propesiya tungkol sa Mesiyas.

Matapos mamatay si Jesus, nagpunta si Jose na taga-Arimatea kay Pilato upang hingin ang katawan. Si Jose ay miyembro ng Sanhedrin, subalit hindi siya sumang-ayon sa paghahatol ng kamatayan kay Jesus. Kahit pagkatapos na ang karamihan sa mga lider ay tumalikod laban kay Jesus, mayroon pa ring "naghahanap sa kaharian ng Dios." Si Jose ay isa sa mga sikretong disipulo. Inilibing nila ni Nicodemo ang katawan ni Jesus sa libingan ni Jose.[300]

Isipin ninyo ang lakas ng loob na kailangan dito. Pagkatapos na kahit ang mga disipulo ay iniwan si Jesus, si Jose ay lumantad upang makiisa sa isang hinatulang kriminal. Sa ginawa niyang ito, inilagay niya sa panganib ang kanyang posisyon sa Sanhedrin at sa kanyang kalagayan sa komunidad. Malamang na siya'y inalis sa kanyang posisyon sa Sanhedrin bilang kapalit ng kanyang hayagang pakikiisa kay Jesus.

Dagdag pa rito, hinamon ni Jose ang galit ni Pilato. Bihirang pinahihintulutan ng mga opisyal na Romano na ang mga kaibigan o kamag-anak ang siyang maglibing sa katawan ng sinumang nahatulan ng kamatayan sa krus. Ang katawan ay iniiwan sa nakikita ng publiko upang magsilbing babala sa ibang kriminal. Ang pagpapahintulot ni Pilato ay isa pang ebidensiya na alam ni Pilato na inosente si Jesus sa anumang krimen.

### *Kahalagahan Ayon sa Theology*

Itinumbas ni Pablo ang ating bautismo sa paglilibing kay Jesus:

---

[299] Isa. 53:9.
[300] Mateo 27:57-60; Marcos 15:42-46; Lucas 23:50-54; Juan 19:38-42.

"Alam ba ninyo na tayong lahat na binawtismuhan kay Cristo Jesus ay binawtismuhan din sa kanyang kamatayan? Tayo'y inilibing samakatuwid kasama niya sa bawtismo hanggang sa kamatayan, upang, kung paanong si Cristo ay muling binuhay mula sa mga patay sa kaluwalhatian ng Ama, tayo rin ay makakalakad sa isang bagong buhay."[301]

> "Ang pagbalik sa kasalanan matapos mong makipag-isa kay Cristo ay katulad sa paghukay mo sa isang bangkay."
>
> - James Boice

Ang paglilibing ay pagpapatotoo sa publiko sa kamatayan ni Jesus. Sa parehong paraan, ang bawtismo ay isang pampublikong pagpapatotoo sa ating pakikiisa sa kamatayan ni Jesus. Sa bawtismo, tayo ay ipinapahayag na mga patay na sa ating lumang paraan ng pamumuhay.

Ang paglilibing ang huling hakbang sa pagkilala sa kamatayan ng isang tao. Sa Kanluran, ang mga nakikiramay ay naghahagis ng lupa sa nakabaon na ataul upang kilalanin na ito na ang huling huling "paalam" dito sa lupa. Binibigyang-diin ni Pablo ang katapusan ng ating kamatayan sa kasalanan. Dahil si Cristo ay patay, tayo ay patay na sa kasalanan. Ang pagbabalik sa kasalanan matapos na tayo'y ilibing kasama ni Cristo ay tulad ng paghukay uli sa isang bangkay. Tayo ay inilibing kasama ni Cristo; hindi na tayo nabubuhay sa kasalanan.

## Ang Muling Pagkabuhay

Nangaral si Pablo sa Corinto tungkol sa krus; namatay si Cristo dahil sa ating mga kasalanan at siya'y inilibing. Pagkatapos, nangaral si Pablo tungkol sa muling pagkabuhay. Si Cristo ay muling binuhay sa ikatlong araw at nagpakita sa maraming saksi.[302] Ang muling pagkabuhay ay pangunahin sa pananampalatayang Kristiyano.

► Basahin ang Mateo 27:62-28:15.

Ang Mateo 27:62-66 ay isa sa aking mga paboritong tagpo sa kuwento ng Muling Pagkabuhay. Una rito, nang hilingin ng mga lider ng relihiyon kay Pilato na baguhin ang nakasulat sa krus, siya ay tumanggi. Ipinako niya si Jesus sa ilalim ng isang kumukutyang karatula na nagsasabing, "Jesus ng Nazareth, ang Hari ng mga Judio."[303]

Pagkatapos ng pagpapako sa krus, muling pumunta ang mga lider ng relihiyon kay Pilato, na humihingi ng bantay na Romano upang bantayan ang libingan.

"Ginoo, naaalala namin kung paano sinabi ng mapagpanggap na iyon, noong siya'y nabubuhay pa, 'Pagkatapos ng tatlong araw ako'y muling mabubuhay.' Kaya pabantayan po ninyong mabuti ang libingan hanggang sa ikatlong araw. Kung hindi, maaaring dumating ang kanyang mga disipulo, nakawin ang bangkay at sabihin sa mga tao, 'Siya'y muling

---

[301] Rom. 6:3-4.
[302] 1 Cor. 15:3-8.
[303] Juan 19:19.

nabuhay mula sa mga patay.’ At ang pandarayang ito ay magiging mas masahol pa kaysa sa una.”

Sinabi ni Charles Spurgeon na muling kinukutya ni Pilato ang mga lider na Judio nang siya’y sumagot, “‘Kumuha kayo ng mga kawal at pabantayan ninyong mabuti ang libingan.’ *Subali’t kung tunay ngang siya ang Mesiyas, wala kayong magagawa upang panatilihin siya sa libingan!”*

Tunay nga bang natatakot ang mga lider na nanakawin ng mga disipulo ang bangkay? Marahil hindi. Nakita nila ang mga disipulo na tumakbo dahil sa takot; alam nila na kulang sa tapang ang mga disipulo upang nakawin ang katawan. Kung ito ang kanilang ikinatatakot, maaaring ipadakip ng Sanhedrin ang mga disipulo. Hindi banta ang mga disipulo.

Kaya’t bakit sila humingi ng bantay? Natatakot sila na gawin ni Jesus ang mismong ipinangako niya. Nakita na nila ang kanyang kapangyarihan higit sa kamatayan nang muling buhayin si Lazaro. Ipinahayag na ni Jesus na siya’y bubuhaying muli mula sa mga patay. Kahit na ang mga disipulo ay labis na nagulat nang maunawaan ang prediksiyon ni Jesus, nauunawaan ng nga lider na Judio ang kanyang ibig sabihin—at sila ay natatakot!

Sa pahintulot ni Pilato, kanilang nilagyan ng tatak ang libingan at naglagay ng mga bantay mula sa grupong dumakip kay Jesus sa garden. Bigla:

“Biglang lumindol nang malakas sapagkat bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon. Iginulong nito ang batong nakatakip sa libingan at umupo sa ibabaw niyon. Ang kanyang mukha ay nakasisilaw na parang kidlat at puting-puti ang kanyang damit. Nanginig sa takot ang mga bantay nang makita ang anghel at sila’y nabuwal na parang mga patay.”

Nabuhay nang muli si Jesus!

► Basahin ang Juan 20:1-29.

Itinala ng mga Ebanghelyo ang maraming pagpapakita ni Jesus matapos na siya’y muling mabuhay. Nagpakita siya sa maraming tao sa maraming iba’t ibang pagkakataon.

Ang mga hindi madaling maniwala ay nangangatwiran, “Ang mga babae sa libingan ay hallucinating. Nakita nila ang inaasahan nilang makita.” Gayunman, ang mga saksing ito ay *hindi umaasa na makikitang buhay si Jesus*; alam nila na siya ay patay. Hindi pa nila nauunawaan ang mga propesiya ng kanyang muling pagkabuhay.[304] Kahit nang sabihin ng mga unang saksi na nakita nila si Jesus, ang ibang disipulo ay nag-alinlangan pa rin.[305] Hindi nila inasahan na si Jesus ay muling mabubuhay mula sa mga patay.

---

[304] Juan 20:9.
[305] Marcos 16:13.

Unti-unti, sa pamamagitan ng pagpapakita kay Maria Magdalena[306], sa dalawang disipulo na naglalakad patungo sa Emmaus,[307] sa Labindalawa,[308] at maging sa isang grupo ng limang daan,[309] naunawaan ng mga tagasunod ni Jesus na tunay ngang siya'y muling nabuhay. Ang unang iglesya ay nagsisimula ng pagsamba sa mga salitang, "Siya ay buhay. Siya ay tunay na muling nabuhay!"

"Bantayan ninyong mabuti ang libingan," ang utos ni Pilato. Nalaman niya pagkatapos na walang tagapamuno sa mundo ang makatatalo sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Jesus. Siya ay muling nabuhay. Tunay ngang siya'y muling nabuhay!

## Aplikasyon: Ministeryo sa Kapangyarihan ng Krus at ng Muling Pagkabuhay

Maraming mga liberal ng theologians ang nagsikap na ituro na ang muling pagkabuhay ay isa lamang kathang-isip. Gayunman, ang pananampalataya ng mga apostol ay nakaugat hindi sa "isang magandang kuwento tungkol sa nananatiling epekto ng buhay ni Jesus," kundi sa matibay na katotohanan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Nalalaman ng mga apostol na si Jesus ay namatay at siya'y muling nabuhay mula sa mga patay. Ito ang nagbigay sa kanila ng pagtitiwala upang harapin ang mga pag-uusig at maging ang kamatayan. Paano nangungusap sa ministeryo sa kasalukuyan ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus?

### Pagmiministeryo sa Kapangyarihan ng Krus

► Basahin ang 1 Corinto 1:17-2:5.

Sa kanyang ikalawang paglalakbay pangmisyon, naglakbay si Pablo sa Corinto mula sa Athens kung saan siya'y nangaral sa Areopagus. Mukhang limitado lamang ang nakitang resulta ni Pablo sa kanyang ministeryo sa Athens.[310] Hindi siya nagtatag ng iglesya sa Athens at ang mga philosophically minded na taga-Athens ay nilibak ang kanyang mensahe ng Muling Pagkabuhay. Mula sa Athens, naglakbay si Pablo ng pitumput-limang kilometro hilaga sa Corinto, ang pinakamaimpluwensiyang lungsod sa probinsiya ng Achaia.

Nagtungo si Pablo sa Corinto matapos ang pagsalungat sa tatlong magkakasunod na lungsod: sa Tesalonica, sa Berea at sa Athens. Marahil ito ang dahilan na sinabi niya, "Kasama ninyo ako sa kahinaan at sa takot at matinding panginginig." Bagaman ang mga tagapakinig na Griego ay humahanap ng malalalim at katalinuhang pangkaisipan, ipinasiya ni Pablo na ang krus lamang ang ipangaral. Ang kapangyarihan ng kanyang mensahe ay nagmula hindi sa kanyang husay sa pagsasalita" kundi sa krus mismo. Nangaral si Pablo

---

306 Juan 20:11-18.
307 Lucas 24:13-32.
308 Juan 20:19-31.
309 1 Cor. 15:6.
310 Mga Gawa 17:16-34.

"hindi sa pamamagitan ng mga salitang nagtataglay ng malalalim na karunungan, upang ang krus ni Cristo ay hindi mawalan ng kapangyarihan nito."

Sa Corinto, ipinasiya ni Pablo na "walang ibang ipapaalam sa inyo maliban kay Jesukristo at siya na ipinako sa krus." Alam ni Pablo na ang mensahe ng krus ay makaka-offend sa marami.

"Dahil ang mga Judio ay humihingi ng mga tanda at ang mga Griego ay humahanap ng katalinuhan, subali't ipinapangaral namin si Cristo na ipinako sa krus, isang katitisurang-bato sa mga Judio at isang kahangalan sa mga Hentil."

Ang mensaheng ito ay isang "katitisurang bato" o "iskandalo" para sa mga Judio. Humahanap sila ng mga "tanda" na magpapatotoo sa Mesiyas. Sa kanilang isipan, ang ideya na ang isang lalaking ipinako sa krus ang siyang piniling Mesiyas ay hindi kapani-paniwala/absurd. Sinabi ng Batas, "ang isang lalaking ibinitin ay sinumpa ng Dios."[311] Ang angkinin na ang ipinako sa krus na si Jesus ang Mesiyas ay eskandalo para sa mga tagapakinig na Judio.

Ang mensahe ng krus ay "kahangalan para sa mga Hentil." Nirerespeto ng mga Griego ang marangal na kamatayan ng isang martir. Kung si Jesus ay napatay sa labanan laban sa mga Romano, maaari siyang parangalan ng mga pilosopong Griego dahil sa kanyang katapangan. Subalit ang pagpapako sa krus ang nag-alis ng karangalan sa biktima; ito ay hindi marangal na kamatayan. Ang mga biktima ng pagpapako sa krus ay karaniwang hindi binibigyan ng maayos na paglilibing. Ang laman ay kinakain ng mga ibon o mga daga, at ang mga buto ay itinatapon sa isang malaking hukay. Ang pag-angkin na ang ipinako sa krus na karaniwang Judio bilang "Panginoon" ay di kapani-paniwala/absurd sa tagapakinig na Hentil.

Ang krus ay "iskandalo" sa mga Judio at "kahangalan" sa mga Hentil, subalit ipinangaral ni Pablo ang mensahe ng krus nang walang pag-aatubili. Ang halimbawa ni Pablo ay nagsisilbing modelo para sa atin. Sa ngayon, tulad ng sa unang siglo, ang krus ay hindi katanggap-tanggap sa ilan at tila kahangalan sa iba, subali't ito ang mensaheng dapat nating ipangaral.

Ang ating tiwala bilang mga minister at lider ng iglesya ay nagmumula hindi sa ating kakayahan; ang ating tiwala ay nakabatay sa mensahe ng krus. Si Pablo ay may kahanga-hangang pinag-aralan, may matalinong kaisipan, at kaya niyang makipagtalo sa pinakamatatalino sa kanyang panahon. Subali't ang kanyang ultimate na pagtitiwala ay nasa krus. Kapag nakumbinsi natin ang mga tao sa pamamagitan ng mga pangagatwiran lamang, ang kanilang pananampalataya ay "nakabatay lamang sa katalinuhan ng tao", nguni't kapag itinuro natin sila sa krus, ang kanilang pananampalataya ay nakabatay "sa kapangyarihan ng Dios."

[311] Deut. 21:23.

**Pagmiministeryo sa Kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay**

► Basahin ang Mga Gawa 2:22-36.

Ipinapakita ng Mga Gawa na ang Muling Pagkabuhay ang pangunahing paksa ng unang pangangaral na Kristiyano. Sa Pentekostes, itinuro ni Pedro ang Muling Pagkabuhay bilang ebidensiya na si Jesus ang katuparan ng mga pangako ng mga propeta.

Sa pagtatanggol niya sa sarili sa harap ni Agrippa, inihayag ni Pablo na siya ay nahaharap sa paglilitis "dahil sa aking pag-asa sa pangakong ginawa ng Dios sa ating mga ninuno. Ang pangako ring iyan ang inaasahang makamit ng aming labindalawang lipi." Ano ang pangakong ito? Ang Muling Pagkabuhay. "Bakit hindi mapaniwalaan ng mga naririto na maaaring muling buhayin ng Dios ang mga patay?"[312]

► Basahin ang 1 Cor. 15:12-34.

Sa 1 Corinto, ipinakikita ni Pablo na ang kanyang ministeryo ay nakaugat hindi lamang sa kapangyarihan ng krus, kundi sa kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay. Ipinilit ni Pablo na kung hiwalay sa Muling Pagkabuhay, walang kahulugan ang kanyang ministeryo. "At kung si Cristo ay hindi muling binuhay, sa gayun ang ating pangangaral ay walang halaga at ang ating pananampalataya ay wala ring halaga." Kung wala ang Muling Pagkabuhay, si Jesus ay isa lang ding nabigong Mesiyas. Kung hiwalay sa Muling Pagkabuhay, si Jesus ay isa lamang martir, subali't hindi siya ang ipinangakong Mesiyas.

Ang Muling Pagkabuhay ang batayan ng ating pananampalatayang Kristiyano. "At kung si Cristo ay hindi muling nabuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan at kayo ay nasa inyong kasalanan pa." Sa krus ibinigay ni Cristo ang kapalit-pambayad sa ating mga kasalanan, subali't ang Muling Pagkabuhay ang nagpatunay sa kapangyarihan ni Cristo laban sa kamatayan at kasalanan. Kung walang Muling Pagkabuhay, sinasabi ni Pablo, ang iyong pananampalataya ay walang halaga at ikaw ay patuloy na nakagapos sa iyong mga kasalanan.

Ang Muling Pagkabuhay ang batayan ng ating pag-asang Kristiyano. "At sa pamamagitan ng isang tao ay dumating ang kamatayan, dahil din sa isang tao ay dumating ang Muling Pagkabuhay mula sa mga patay. Dahil kay Adan ang lahat ay namatay, kaya't nang dahil kay Cristo ang lahat ay mabubuhay." Binigyang katiyakan ni Pablo ang mga taga-Corinto na sila'y may pag-asa ng muling pagkabuhay *dahil* si Cristo ay muling binuhay mula sa mga patay.

Sa ikalawang siglo, si Lucian, isang nobelistang Griego, ang kumutya sa mga Kristiyano dahil sa kanilang paniniwala sa Muling Pagkabuhay. Sinabi niya, "Ang mga kawawang wretches ay kumbinsido na sila ay mabubuhay magpawalanghanggan. Dahil dito kinutya nila ang kamatayan at payag silang isakripisyo ang kanilang buhay para sa kanilang

[312] Mga Gawa 26:6-8.

pananampalataya." Kinukutya ni Lucian ang mga Kristiyano, subali't ang kanyang mga salita ay totoo. Tulad ng sinabi ni Lucian, ang mga Kristiyano sa ikalawang siglo ay naniwala na sila ay mabubuhay magpawalanghanggan. Dahil sa paniniwalang iyon, payag silang mamatay dahil sa kanilang pananampalataya.

Dapat ay totoo pa rin ito sa atin ngayon. Kung tunay tayong naniniwala na si Cristo ay muling binuhay mula sa mga patay, dapat itong magbigay sa atin ng pagtitiwala sa harap ng pag-uusig at maging sa kamatayan. Ang Muling Pagkabuhay ang batayan ng ating pag-asang Kristiyano.

Ang Muling Pagkabuhay ang batayan ng ating buhay Kristiyano. Gumawa si Pablo ng kamangha-mangha at praktikal na pagsasabuhay ng doktrina ng Muling Pagkabuhay. "Kung ang patay ay hindi muling bubuhayin, 'Tayo'y kumain at uminom, dahil bukas tayo'y mamamatay' …Gumising kayo mula sa inyong kalasingan, na siyang tama, at huwag nang magpatuloy sa pagkakasala."[313] Kung walang muling pagkabuhay, sinasabi ni Pablo, tayo'y dapat mamuhay nang tulad ng mga Epicurean na nagsasabi, "Kumain at uminon dahil malapit na tayong mamatay." Walang dahilan upang mamuhay para sa walanghanggan kung walang muling pagkabuhay. Subali't nagpatuloy si Pablo, na dahil *mayroong* muling pagkabuhay, gumising at mamuhay ng buhay na malaya sa kasalanan. Ang ating tagumay laban sa kasalanan ay dahil sa ating pagtitiwala sa muling pagkabuhay.

Ang kuwento ng muling pagkabuhay ay dapat magpaalala sa atin sa ating pagkukulang sa pananampalataya sa harap ng mga hamon ng ministeryo. Ilang beses nating inasahan na hindi sasagutin ang ating mga panalangin? Bakit? Dahil nalilimutan natin ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay! Ilang beses tayo humaharap sa tukso na kaunti lamang ang pagtitiwala na magtatagumpay? Bakit? Dahil nalilimutan natin ang pangako ni Pablo: "Kung ang Espiritu niya na muling bumuhay kay Jesus mula sa mga patay ay nananahan sa inyo, siya na bumuhay kay Cristo Jesus mula sa mga patay ay magbibigay ng buhay sa inyong mortal na katawan sa pamamagitan ng Espiritung nananahan sa inyo."[314]

Kung si Cristo ay nananahan sa atin, hindi na tayo nabubuhay ayon sa laman; hindi na tayo bilanggo ng kasalanan. Ito ang buhay sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay. Ang kapangyarihang bumuhay kay Jesus mula sa libingan ang nagbibigay sa atin ng araw-araw na tagumpay laban sa kasalanan. Ito ang ibig sabihin ng pamumuhay at pagmiministeryo sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay.

---

[313] 1 Cor. 15:32-34.
[314] Rom. 8:11.

## Konklusyon: Ang Mga Tanda ng Buhay at Ministeryong Katulad-ni-Cristo

### Ang buhay mo ba ay katulad ni Cristo?

Isinulat ni Lucas, "At sa Antioch ang mga disipulo ay unang tinawag na mga Kristiyano."[315] Habang pinagmamasdan ng mga tao ang mga mananampalataya sa Antioch, nagsimula silang magsabi, "Ang mga taong ito ay kumikilos na tulad ni Cristo. Dapat natin silang tawaging mga 'Kristiyano'". Nang mabasa ko ang talatang ito, madalas kong tinatanong ang aking sarili, "Tatawagin din ba akong 'Kristiyano' ng aking mga kapitbahay kung pagmamasdan nila ang aking ikinikilos, mga pananalita, at pag-uugali? Katulad ba ako ni Cristo?" Ang mga mananampalataya sa Antioch ay namuhay sa paraang nasasalamin ang karakter ni Jesukristo; sila ay mga Kristiyano.

Pagkatapos ng maraming taon bilang pastor, naglilingkod ngayon si Dr. H.B. London bilang isang mentor ng mga batang pastor. Binigyang babala niya sila tungkol sa mga espirituwal na panganib na kinakaharap ng mga pastor. "Ang isang tao ay maaaring maging malapit sa mga bagay na banal nang hindi nagiging banal. Maaaring mangaral tungkol sa kapatawaran at hindi magpatawad. Ang mga ministro ay maaaring mag-ukol ng maraming lakas sa ministeryo na nakakaligtaan na ang kalusugan ng kanilang sariling kaluluwa."[316] Posibleng mangaral sa iba ngunit ikaw mismo ay maligaw.[317]

Nagmungkahi si Dr. London ng ilang praktikal na tips upang tulungan ang mga pastors na iwasan ang kabiguang espirituwal habang nangunguna sa iba. Ang mga ito ay mga paksang makakatulong sa atin na panatilihin ang buhay na tulad-ni-Cristo. Isinulat niya:

- **Ipamuhay mo ang iyong ipinapangaral***.* Huwag mong ipapangaral sa iba ang bagay na hindi mo pa unang nagamit sa iyong sariling buhay.
- **Alagaan ang iyong kaluluwa***.* May mga doktor ng medisina na hindi malusog. Pinangangalagaan nila ang iba, subali't ipinagwawalang bahala ang sariling kalusugan. May mga pastor na hindi malusog sa espirituwal. Bilang pastor, mag-ukol ng panahon upang alagaan ang iyong espirituwal na buhay.
- **Maging mapagpakumbaba***.* Alalahanin na ang isang pastor ay isa ring pastol, hindi presidente ng bangko. Maging isang lingkod ka.
- **Lumago ka sa pamamagitan ng mga pagkabigo***.* Mabibigo ka sa ministeryo. Mayroon kang tinuturuan na maliligaw pa rin. Tatalikuran ka ng isang malapit na kaibigan. Tatanggihan ka ng mga miyembro ng iglesya. Huwag kang mawalan ng pag-asa dahil sa mga kabiguang ito. Ipinagkanulo ni Judas si Jesus. Iniwan ni Demas

---

[315] Mga Gawa 11:26.
[316] H.B. London, *They Call Me Pastor* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 145.
[317] 1 Cor. 9:27.

si Pablo. Sa kabila ng mga luha, magpatuloy ka sa paglago at sa pangangalaga sa iyong kawan.

**Ang iyo bang ministeryo ay katulad ng kay Cristo?**

Sa mga araling ito sa buhay at ministeryo ni Jesus, nakita natin ang mgaraming katangian ng ministeryo ni Jesus. Nakikita ba ang mga katangiang ito sa iyong ministeryo?

Narito ang ilang mga tanong upang i-evaluate ang iyong ministeryo:

- Naliligtas ba ang mga makasalanan? Nang mangaral si Jesus, tumanggap ang mga tao ng bagong buhay. Nag-aakay ka ba ng mga tao sa bagong kapanganakan?
- Napupuspos ba ng Espiritu ang mga mananampalataya? Ipinangako ni Jesus na "isusugo ang Espiritu" sa kanyang mga anak. Natutupad ba ang pangakong ito sa iyong mga pinaglilingkuran?
- Nagagapi ba si Satanas? Nawawasak ba ang mga tanggulan ni Satanas? Ang ministeryo ni Jesus ay nagtataglay ng espirituwal na awtoridad.
- Nakatatagpo ba ng kagalingan ang mga taong nagdurusa? Nagkakasundo ba ang mga wasak ng pamilya? Nabubuo ba ang mga sirang buhay? Nababalik ba ang mga sirang relasyon? Pinagaling ni Jesus ang mga dumaranas ng pisikal, emosyonal at espirituwal ng mga sugat.
- Nakakikita ba ang mga tao ng biyaya at katotohanan? Inilalapit ko ba ang mga tao kay Jesus o itinataboy ko sila palayo kay Jesus? Ipinangaral ni Jesus ang katotohanan nang may conviction at may biyaya.

► Sa inyong pagtalakay sa mga tanong na ito, hanapin ang mga bahagi kung saan ang inyong ministeryo ay lalago sa pagiging katulad ni Cristo. Alalahanin na sa bawat manggagawa/minister mayroon pang lugar para lumago, kaya't ituring mo ang listahang ito bilang isang hamon para sa paglago sa halip na isang paraan upang hatulan ang sarili.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

(1) Maghanda ng isang sermon o aralin sa Biblia sa Pitong Salita sa Krus. Bigyang-diin ang mensahe ng mga salitang ito ni Jesus para sa mga Kristiyano ngayon.

(2) Maghanda ng isang sermon o aralin sa Biblia sa kahulugan ng Muling Pagkabuhay sa pang-araw-araw na buhay Kristiyano. Gamitin kapwa ang kuwento ng Muling Pagkabuhay mula sa mga Ebanghelyo at sa mga salita ni Pablo sa 1 Corinthians 15:15-17 sa iyong paghahanda.

# Aralin 9
# Pag-iiwan ng Pamana

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Nauunawaan ang huling pamana ni Jesus sa kanyang mga disipulo at sa iglesya.

(2) Pahalagahan at pasalamatan ang kahalagahan ng misyon sa pamana ni Jesus.

(3) Kilalanin ang nagpapatuloy na epekto ng ministeryo ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang mga disipulo sa Mga Gawa.

(4) Bumuo ng mga praktikal na hakbang sa pag-iiwan ng iyong sariling pamana sa ministeryo.

## Prinsipyo para sa Ministeryo

Ang pagsubok sa ating ministeryo ay kung ano ang ating iiwan kapag tayo ay wala na.

## Pasimula

Malapit nang magretiro si Tim matapos ang maraming taon niya bilang isang nirerespetong pastor. Tinanong ko siya, "Paano mo inihahanda ang iglesya para sa iyong pagreretiro? Ano ang pangitain ng iglesya para sa susunod na sampung taon?" Nagulat ako sa kanyang tugon. "Wala na ako roon, kaya't hindi na mahalaga sa akin kung ano ang mangyayari kapag wala na ako." Hindi nauunawaan ng pastor na ito ang mahalagang prinsipyo sa ministeyo; ang ultimong pagsubok sa ating ministeryo ay kung ano ang mangyayari kapag tayo ay wala na.

Ihambing ang pastor na ito kay Pete. Biglang namatay si Pete matapos ang dalawampu't-limang taon sa ministeryo. Sa panahong iyon, nanguna si Pete sa ilang ministeryo sa kanyang lokal na iglesya. Nakabuo sila ng isang ministeryo sa mga taong walang matirhan, isang drug rehabilitation program, at isang outreach sa mga lider ng mga negosyo. Sa libing ni Pete, ang tagapanguna sa drug rehabilitation ministry ay nagsabi, "Noong isang buwan, nagkita kami ni Pete upang pag-usapan ang budget para sa susunod na taon." Ang lider ng ministeryo sa mga walang tahanan ay nagpakita ng isang sketch ng isang bagong gusali upang magbigay ng pansamantalang pabahay sa mga pamilya. Maingat na naiplano ni Pete ang hinaharap ng ministeryo. Nag-iwan siya ng isang pamana.

Sa huling araling ito, pag-aaralan natin ang mga huling pagtuturo ni Jesus sa mga disipulo, ang kanyang huling habilin sa mga disipulo, at ang ministeryo ng mga disipulo matapos

umakyat sa Langit si Jesus. Matututuhan natin ang mga leksiyon tungkol sa pag-iiwan ng pamana.

► Kung ikaw ay mamamatay sa gabing ito, anong pamana ang iyong maiiwan?

- Ano ang iyong pamana para sa iyong pamilya?
- Ano ang iyong pamana sa iyong komunidad?
- Ano ang iyong pamana sa iyong ministeryo?

## Ang Talumpati ng Pamamaalam ni Jesus

Maaaring ihambing ang Juan 13-16 sa mga "pamamaalam" nina Jacob, Moises, Josue, at David[318] sa Lumang Tipan. Ang "Talumpati ng Pamamaalam" ni Jesus ay nagbibigay ng ilan sa kanyang pinakamahalaga at pinakamalapit sa pusong mga pagtuturo.

Ibinibigay ng Juan 13:1 ang tagpo ng kanyang pagtuturo na may pamamaalam: "Nalalaman ni Jesus na dumating na ang kanyang oras upang lumisan sa mundong ito pabalik sa Ama." Kung nalalaman mo na mamamatay ka na sa loob ng apatnapu't walong oras, ano ang iyong sasabihin sa mga taong magpapatuloy sa iyong ministeryo? Ang mga salitang iyon ang kakatawan sa iyong pinaniniwalaan na pinakamahalaga para sa iyong mga tagasunod.

Sa Huling Hapunan, ipinakita ni Jesus ang kanyang lubos na pagmamahal sa mga disipulo kapwa sa pamamagitan ng kanyang gawa (paghuhugas ng kanilang mga paa), at maging sa kanyang mga salita. "Minahal ni Jesus ang mga kanya na nasa sanlibutan." Ngayon, "minahal niya sila hanggang wakas."[319] Ang "hanggang sa wakas" ay may dalawang kahulugan:

1. Nangangahulugan ito na "minahal niya sila hanggang sa wakas" ng kanyang panahon na kasama nila.
2. Nangangahulugan ito na "minahal sila ni Jesus nang sukdulan". Minahal sila ni Jesus nang lubusan.

► Basahin ang Juan 13:31-14:31.

### Mga Utos at Pangako sa Talumpati ng Pamamaalam ni Jesus

#### *Isang Utos: Mahalin Ninyo ang Isa't-isa (Juan 13:34).*

"Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo, mahalin ninyo ang isa't-isa: kung paanong minahal ko kayo, gayun din naman mahalin ninyo ang isa't-isa." Para sa isang grupo ng mga disipulo na kilala sa kanilang pagtatalo-talo kaysa sa kanilang pagmamahal sa isa't-isa, ito ay isang mahirap na utos.

---

[318] Gen. 49; Deut. 32-33; Josue. 23-24; 1 Cron. 28-29.
[319] Juan 13:1.

Bakit ito naging "isang bagong utos"? Maging ang Lumang Tipan ay nag-utos sa bayan ng Dios na "mahalin ninyo ang inyong kapwa." Mayroong dalawang "bagong" aspeto sa pagtuturo ni Jesus tungkol sa pag-ibig.[320]

Una, nagbigay si Jesus ng isang **modelo** ng pag-ibig na kanyang iniutos. Dapat silang umibig kung paano siya umibig. Matapos mapagpakumbaba niyang hugasan ang kanilang mga paa, sinabi ni Jesus, "Sa parehong paraan na kayo'y minahal ko, magmahalan din kayo. Nagkatawang–tao siya at ang pag-ibig ay ipinahayag niya sa mapagpakumbabang paglilingkod. Ang mga disipulo, noon at ngayon, ay dapat magmahal kung paano nagmahal si Jesus. Ang pag-ibig na ito ay kumukuha ng tuwalya upang maglingkod. Ang pag-ibig na ito ay naglilingkod kahit sa nagtatwa. Ang pag-ibig na ito ay nagpapakasipag hanggang sa punto ng kamatayan.

Pangalawa, ang pag-ibig sa pagitan ng mga Kristiyano ay dapat maging natatanging **saksi** sa katotohanan ng mensahe ni Jesus. "At dahil dito malalaman ng lahat ng tao na kayo ay aking mga tagasunod, kung minamahal ninyo ang isa't-isa." Matapos iyon, nanalangin si Jesus na "at nang sila'y maging isa, upang malaman ng mundo na ikaw ang nagsugo sa akin."[321] Ang pagmamahalan at pagkakaisa ng iglesya ay magiging patotoo sa mensahe ni Jesus.

Maraming Kristiyano ang nakatuklas na mas madaling mahalin ang isang kapitbahay na hindi mananampalataya kaysa sa isang kapatid na Kristiyano na punong-puno ng mga kapintasan ang pagkatao. Subali't bilang mga Kristiyano, tayo ay inuutusang "magmahalan kayo". Limampung taon pagkalipas, ipinaalala ni Juan sa iglesya ang mensaheng ito:

"Kung ang sinuman ay nagsasabing 'Minamahal ko ang Dios', at namumuhi sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling; dahil kung hindi niya minamahal ang kanyang kapatid na kanyang nakikita, hindi niya maaaring mahalin ang Dios na hindi niya nakikita. At ang utos na ito ay mula sa kanya: Ang sinumang nagmamahal sa Dios ay dapat ding magmahal sa kanyang kapatid."[322]

Sinimulan ni Jesus ang kanyang mensahe ng pamamaalam sa utos na magmahalan sa isa't-isa. Ang utos na ito ang pundasyon ng lahat ng iba pa niyang ipinahayag sa kanyang mensahe.

### *Isang Utos: Huwag Kayong Mabalisa; Maniwala (Juan 14:1).*

Tulad ng madalas niyang ginagawa, inabala ni Pedro si Jesus upang magtanong, "Panginoon, saan po kayo pupunta?" Sa kanyang tugon, ihinula ni Jesus ang pagtatatwa ni Pedro. Pagkatapos, nagpatuloy si Jesus sa isang mensahe kay Pedro, sa mga disipulo at para sa atin din sa ngayon. "Huwag mabalisa ang inyong mga puso."

---

[320] Darrell L. Bock, *Jesus According to Scripture* (Grand Rapids: Baker Book House, 2002), 498.
[321] Juan 17:23a
[322] 1 Juan 4:20-21.

Dahil may chapter break pagkatapos ng Juan 13:38, madalas nating binabasa ang Juan 14:1 na tila ito'y nagsisimula ng isang bagong mensahe. Ang Juan 14:1 ay bahagi ng tugon kay Pedro. Basahin ito sa ganitong paraan:

"Pedro, itatatwa mo ako ng tatlong beses. Higit kang mas mahina kaysa sa iyong iniisip. Subali't huwag kang mag-alala; mayroon akong mensahe ng pag-asa para sa iyo, Pedro, at para rin sa inyong lahat na tatakbo palayo dahil sa takot sa oras ng pagdakip sa akin. 'Huwag mabalisa ang inyong mga puso. Maniwala kayo sa Dios; maniwala rin kayo sa akin.'"

Kailangang malaman ni Pedro na sa kabila ng kanyang kabiguan, mayroong mensahe ng pag-asa si Jesus. Kailangang malaman ng mga disipulo na sa kabila ng kanilang takot, may mensahe ng pag-asa si Jesus. "Huwag mabalisa ang inyong mga puso," ay nasa pangkasalukuyan. Dahil sa mga babalang ibinigay ni Jesus at sa mga pagsalungat ng mga lider ng relihiyon, natatakot na ang mga disipulo. Sinasabi ni Jesus, "Tumigil na kayo sa pagkabalisa…. Maniwala (kayo) sa Dios; maniwala rin kayo sa akin."

Ang tanging paraan na maiiwasan nating "mabalisa" ng mga stresses ng ministeryo ay ang "maniwala". Isinusulat ko ang leksyong ito ng Lunes ng umaga. Sa alinmang Lunes, may mga pastor sa iba't-ibang lugar na pinanghihinaan ng loob. Kahapon, matapat kang nangaral—at isa sa iyong mga miyembro ay nagalit. Nangaral ka ng mensahe ng pagsisisi—at wala isa mang tumugon. Nag-anyaya ka ng mga hindi mananampalataya—at wala isa mang dumating.

Sa ilang bansa, ang iglesya ay may banta ng pagsalungat ng pamahalaan. Sa ibang mga bansa, ang iglesya ay may banta ng militanteng mga Islam. Sa ilang mga bansa, ang iglesya ay may banta ng social indifference—walang sinumang may pakialam sa iba. Sinasabi ni Jesus, "Huminto na kayo sa inyong pagkabalisa. Maniwala kayo sa Dios, maniwala rin kayo sa akin."

***Isang Pangako: Ako ang Daan (Juan 14:6).***

Pinalakas ni J esus ang loob ng kanyang mga disipulo sa pagsasabing siya'y maghahanda ng lugar para sa kanila. Si Tomas naman ang biglang sumagot ngayon, "Panginoon, hindi po namin nalalaman kung saan kayo patungo. Paano naming malalaman ang daan?"

Ang tugon ni Jesus ay nagtuturo ng mahalagang prinsipyo para sa buhay Kristiyano. *Hindi sinabi* ni Jesus, "Dito ako patungo." Sa halip, sinabi niya, "Ako ang daan." Hindi itinuro ni Jesus ang isang landas o direksiyon; itinuro niya ang kanyang sarili. Wala nang mas malinaw pang pangungusap sa Kasulatan na ang tanging daan patungo sa Ama ay sa pamamagitan ni Cristo. Taliwas sa mga sinasabi ng mga liberal na theologians, malinaw na ipinahayag ni Jesus na siya lamang ang tanging daan patungo sa Dios.

***Isang Pangako: Gagawa Kayo ng Mas Dakilang Mga Bagay (Juan 14:12-14).***

Ipinangako ni Jesus na "sinumang naniniwala sa akin ay gagawa din ng mga bagay na aking ginawa; at mas dakilang mga bagay pa kaysa rito ang kanyang gagawin, dahil pupunta na

ako sa Ama." Magiging mas dakila ang mga gawang ito hindi dahil ang mga ito ay mas kahanga-hanga, kundi dahil mayroon silang mas malawak na maaabot. Sa panahon ng ministeyo sa lupa, ang mga ginagawa ni Jesus ay limitado sa isang lugar. Ngayon, dahil isinugo ni Jesus ang Espiritu, ang mga ginagawa ng iglesya ay aabot sa mundo.

Nagpatuloy si Jesus, "Anuman ang inyong hingin sa aking pangalan, gagawin ko iyon, upang ang Ama ay maluwalhati sa pamamagitan ng Anak." May dalawang kundisyon na nakaugnay sa pangakong ito:

**(1) "Humingi kayo sa aking pangalan."**

Ito ay higit pa sa pagdaragdag ng "sa pangalan ni Jesus" sa dulo ng isang panalangin. Ito ay hindi isang salitang sinasabi natin upang pilitin si Jesus na ibigay ang ating mga hinihingi. Sa buong Biblia, ang "pangalan" ng Dios ay kumakatawan sa kanyang karakter. Ang "pananalangin sa pangalan ni Jesus" ay nangangahulugang mananalangin sa paraang katugma ng karakter at kalooban ni Jesus.

Ang pananalangin "sa aking pangalan" ay maaari ring mangahulugan ng "paglapit sa Ama sa pamamagitan ng awtoridad ng Anak". Nang si Moises ay "lumapit sa Faraon upang magsalita sa inyong pangalan," lumapit siya sa awtoridad ng Dios na nagsugo sa kanya.[323] Ang pananalangin sa pangalan ni Jesus ay nangangahulugan ng pananalangin na may pahintulot at awtoridad niya. Lumalapit tayo sa Ama sa pamamagitan ng Anak na "nananatiling buhay upang maging tagapamagitan para sa kanila."[324]

**(2) "…upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak."**

Ang ating mga panalangin ay dapat para sa kaluwalhatian ng Dios. Binigyang-babala si Santiago ang mga "humihingi ngunit hindi nakatatanggap, dahil humihingi sa maling dahilan, upang gamitin iyon sa inyong sariling mga kagustuhan."[325] Kapag inaangkin natin ang pangako ni Jesus, dapat nating tiyakin na nananalangin tayo para sa kaluwalhatian ng Dios, hindi para sa ating sariling mga layunin.

***Isang Utos: Sundin Ninyo ang Aking mga Utos (Juan 14:15).***

Nagbigay si Jesus ng panuntunan na magagamit natin upang sukatin ang ating pagmamahal sa kanya. "Kung iniibig ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga utos." Naalala ni Juan ang pangungusap na ito nang isulat niya ang kanyang unang liham: "Sinuman ang sumusunod sa kanyang mga salita, sa kanya tunay na nalulubos ang pag-ibig ng Dios."[326] Taliwas sa itinuturo ng ilang makabagong tagapangaral, kailanman hindi itinuro ni Jesus na ang

---

[323] Exod. 5:23.
[324] Heb. 7:25.
[325] Santiago 4:3.
[326] 1 Juan 2:5.

kanyang mga disipulo ay maaaring mamuhay sa sinasadyang pagsuway sa kanyang mga utos. Nakikita ang pag-ibig sa buong-pusong pagsunod.

### *Isang Pangako: Bibigyan Niya Kayo ng Isang Patnubay (Juan 14:16).*

Ang salitang isinalin na "Katulong/Patnubay" sa Juan 14:16 ay *Paraclete.*[327] Ito ay salitang tumutukoy sa isang "katuwang na dumarating upang ipagtanggol ang isang tao." Tumutukoy ito sa isang "katulong" o isang "mang-aaliw na nagbibigay ng pagdamay sa oras ng kaguluhan."

Sinabi ni Jesus na "magbibigay ang Ama ng **isa pang** Patnubay, na makakasama ninyo sa habangpanahon." Ipinahihiwatig nito na ang ministeryo ng Banal na Espiritu ay magiging katulad ng ministeryo ni Jesus. Ang Espiritu ay dumating hindi bilang isang hindi personal na "puwersa" kundi bilang isang persona, kung paanong si Jesus ay isang persona.

Ang *Paraclete* ay ang Banal na "Espiritu ng katotohanan" na maninirahan "kasama ninyo at sasa inyo". "Ituturo niya sa inyo ang lahat ng bagay na sinabi ko sa inyo." Magiging napakamakapangyarihan ng kanyang ministeryo na tiniyak ni Jesus, "ito ay sa inyong ikabubuti na ako ay aalis, dahil kung hindi ako aalis, hindi darating sa inyo ang Patnubay."[328]

Paano mangyayari na ito'y sa kapakinabang ng mga disipulo kung si Jesus ay aalis? Ipinaliwanag ito ni Robert Coleman:

"Habang kasama nila siya sa anyong may katawan, hindi nakikita (ng mga disipulo) ang pangangailangan na umasa sa Espiritu, kaya't hindi pa nila tunay na nalalaman nang mas malapit sa puso ang mas malalim na katotohanan ng Kanyang Buhay. Sa kanyang pag-alis, gayunman, wala silang suportang nakikita ng mata. Upang patuloy na mamuhay, kailangan nilang matutuhan ang sikreto ng Kanyang panloob na pakikipag-isa sa Ama. Mula sa kanilang pangangailangan, mararanasan nila ang higit na pakikipag-kaisa kay Cristo kaysa sa alin mang karanasan nila noon."[329]

## Buhay sa Puno ng Ubas

► Basahin ang Juan 15:1-16:37.

Nagpatuloy si Jesus sa isa sa kanyang pinakamakapangyarihang imahen. "Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang siyang tagapag-alaga." Paulit-ulit na tinukoy sa Lumang Tipan ang Israel bilang puno ng ubas.[330] Gayunman, dahil sa kanyang kasalanan, hindin kailanman natupad ng Israel ang layunin ng Dios para sa magandang puno na kanyang itinanim. Sa halip, habang lumalago sa materyal ang Israel, nagtayo siya ng mga altar para sa mga diyus-diyosan.[331] Sa halip na mamunga na magiging pagpapala sa mga

---

[327] Helper, *English Standard Version;* Comforter, *King James Version*; Advocate, *New International Version.*
[328] Juan 16:7.
[329] Robert E. Coleman, *The Mind of the Master* (Colorado Springs: WaterBrook Press, 2000), 29.
[330] Awit 80:8-9; Isa. 5:1-7; 27:2-6; Hosea 10:1-2.
[331] Hos. 10:2.

bansa, ang Israel ay namunga ng "ubas na ligaw"[332] Naging labis na makasalanan ang Israel kaya't walang magawa ang Dios sa baging na ito kundi ang sunugin ang kahoy nito bilang panggatong.[333]

Naparito si Jesus bilang ang "tunay na puno ng ubas". Dumating siya upang tuparin ang nabigong tuparin ng bayang Israel; dumating siya upang tuparin ang pagkatawag sa Israel na maging pagpapala sa mga bansa.

Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na siya ang puno ng ubas at tayo ang mga sanga. Malinaw ang mensahe ni Jesus: ang pagiging mabunga ay *lubusang nakadepende* sa ating kagustuhang "manatili sa kanya."

"Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Sinumang nananatili sa akin at ako sa kanya, siya ang nagbubunga ng marami, dahil kung hiwalay kayo sa akin, wala kayong magagawa."

Kung hiwalay sa puno ng ubas, walang magagawa ang mga disipulo; kung hiwalay sa puno ng ubas, wala tayong anumang magagawa ngayon. Kapag sinisikap nating magministeryo sa ating sariling lakas, nakatakda tayong mabigo at mawalan ng kalakasan. Bakit? Dahil hindi tayo kailanman nakalaan na magbunga sa ganang sarili lamang natin.

Ang ating espirituwal na buhay ay nagmumula sa ating nagpapatuloy na kaugnayan sa puno ng ubas. Kung ang sinuman ay hindi nananatili sa puno ng ubas, "itatapon siya tulad ng isang sanga at malalanta; at ang mga sanga ay iipunin, itatapon sa apoy, at susunugin." Bagaman ang talatang ito ay isang babala, ito rin ay isang malaking pagpapalakas-loob. Kung hiwalay tayo sa puno ng ubas, wala tayong silbi at halaga. Subali't kung nananatili tayo sa puno ng ubas, mayroon tayong buhay at pamumunga. Ang ating espirituwal na buhay ay hindi depende sa ating sariling kalakasan; nabubuhay tayo "sa puno ng ubas."

Muling nakita ang temang ito sa Hebreo. Si Jesus, ang ating punong pari, ay "laging nabubuhay upang mamagitan para sa kanila" na "lumalapit sa Dios."[334] Pinalakas ni Howard Hendricks ang loob ng mga nahihirapang mga pastor na ang pakiramdam sila'y nag-iisa: "Kapag walang nananalangin para sa iyo, huwag mong kalilimutang nananalangin si Cristo para sa iyo." Siya ang ating tagapamagitan; siya ang pinagmumulan ng ating espirituwal na buhay.

Pinaalalahanan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na kailangan nilang manatili sa puno ng ubas. Totoo pa rin ito sa ating panahon. Bilang mga pastor at lider ng iglesya, hindi ka nagmiministeryo sa iyong sariling kalakasan.

---

[332] Isa. 5:2. Ang "ligaw" ay may ideya ng pagiging "maasim" ang lasa sa halip na matamis mula sa isang sadyang inaalagaang ubasan.
[333] Ezek. 15:1-6.
[334] Heb. 7:25.

Sa kabuuan ng huling talumpati ni Jesus, tinuruan niya muli ang mga disipulo na mahalin ang isa't-isa. Inihanda niya sila upang harapin ang pagkamuhi ng sanlibutan. Namuhi ang mundo kay Jesus; mamumuhi din ang mundo sa mga tunay na tagasunod ni Jesus.

Pagkatapos ipinaliwanag pa ni Jesus ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa simula ng talumpati, ipinangako niyang susuguin ang Espiritu. Ngayon tinuruan niya sila ng tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang Espiritu ang magpapamulat sa kasalanan sa sanlibutan; siya ang gagabay sa mga disipulo sa lahat ng katotohanan; at luluwalhatiin niya ang Anak.

Muli, ipinaliwanag niya sa kanila ang tungkol sa kanyang paglisan "sa malapit na panahon". At muli siyang nagsalita sa kanila tungkol sa kapayapaan sa kaguluhan. "Huwag magulumihanan ang inyong mga puso. Maniwala kayo sa Dios, maniwala rin kayo sa akin."[335] Tinapos niya ang talumpati gamit ang isang katulad na pagpapalakas-loob: "Sa sanlibutan magkakaroon kayo ng kapighatian. Subali't magpakatatag kayo; napagtagumpayan ko na ang mundo."[336]

Pansinin na sa dalawang pagkakataon, ang ating pag-asa ay nakay Cristo lamang. Hindi tayo dapat magulumihanan kung tayo'y naniniwala "rin sa akin." Dapat tayong "magpakatatag" *dahil* "napagtagumpayan ko na ang sanlibutan." Ang buhay sa puno ng ubas ay isang buhay ng mapagtiwalang kapayapaan. Ang ating pagtitiwala ay hindi nakabatay sa mga pangyayari sa sanlibutan; ang ating pagtitiwala ay nakabatay kay Cristo at sa kanyang tagumpay laban sa sanlibutan.

### Mas Malapit na Pagtingin: Ang Huling Hapunan

Ang *Mishnah* ay isang talaan ng mga sinaunang tradisyong Judio.[337] Ang isang bahagi ng *Mishnah* ay nagpapakita kung paano isinasagawa ng mga Judio ang hapunang pamPaskuwa. Sa Huling Hapunan, malamang na sinunod nina Jesus at kanyang mga disipulo ang tradisyong ito na patuloy pa ring sinusunod makalipas ang 2,000 taon.

Isinisilbi ang unang saro ng alak na hinaluan ng tubig. Ang pagpapala sa sarong ito ay may kasamang pangako mula sa Exodo:"Ilalabas ko kayo."

Ang ikalawang saro ng alak ay tinitimpla ngunit hindi pa isinisilbi. Ang pinakabatang anak ay magtatanong, "Bakit po naiiba ang gabing ito sa iba pang mga gabi?" Ang ama ay tutugon ng kuwento ng pagliligtas ng Israel mula sa Ehipto.

Pagkatapos ng kuwento, aawitin ng pamilya ang unang *Passover Hallel,* mula sa Awit 113-114. Iinumin nila ang ikalawang saro na may ganitong pangako: "Palalayain ko kayo mula sa pagkaalipin sa kanila."

---

[335] Juan 14:1
[336] Juan 16:33.
[337] Maaari ninyong panoorin ang video tungkol sa pamPaskuwang hapunan ng Mesiyas ng mga Judio sa https://www.youtube.com/watch?v=bVolBDlWloQ. Maaari mo ring basahin sa http://www.crivoice.org/haggadah.html.

Pagkatapos ng pagpapala, isisilbi ang pagkain. Ang pagkain ay binubuo ng mapapait na herbs, tinapay na walang pampaalsa, tupa at ang sarsa na prutas na hinaluan ng spices at suka. Naghuhugas ng kamay ang ama, hinahati-hati at pinagpapala ang loaves, kumukuha ng kapirasong tinapay, binabalot ito sa mapapait na herbs, isinasawsaw ito sa sarsa, at kinakain. Pagkatapos nagpapasalamat siya at kumakain ng kapirasong karne ng tupa. Pagkatapos kumakain na ang bawat miyembro ng pamilya.

Ang ikatlong saro ay pagpapalain na may pangako ng Paskuwa: "Tutubusin ko kayo."

Ang ikaapat na saro ay pagpapalain na may pangako ng Paskuwa: "Kukunin ko kayo bilang isang bansa."

Aawitin ng pamilya ang huling *Passover Hallel,* mula sa Awit 115-118.[338]

Sa hapunang pamPaskuwa, inaalala ng mga Judio na iniligtas ng Dios ang Israel mula sa pagkaalipin. Higit na mas mahalaga, tinatanaw nila sa hinaharap ang lubos na katuparan ng mga pangako ng Dios kapag sila'y lubusan nang iniligtas ng Mesiyas mula sa pagkaalipin.

Sa araw pagkatapos ng Huling Hapunan, mamamatay si Jesus bilang ang perpektong Korderong pamPaskuwa. Sa krus, natupad ang pangako ng katubusan.

## Ang Panalangin ng Punong Pari

► Basahin ang Juan 17.

Ang huling panalangin ni Jesus na nakatala kasama ng kanyang mga disipulo ay mahalaga upang maunawaan ang kanyang pamana sa kanyang mga disipulo at para sa iglesya sa kasalukuyan. Ang panalanging ito ay tinatawag ring "Ang Kabanal-banalan sa mga panalangin ni Jesus." Ito ang kanyang pinakamalapit sa pusong panalangin.

### Nanalangin si Jesus Para sa Kanyang Sarili (Juan 17:1-5)

Ipinanalangin ni Jesus na "luwalhatiin ng Ama ang iyong Anak upang maluwalhati siya ng Anak." Bagaman hindi nauunawaan ng mga disipulo ang panalanging ito, agad nilang malalaman ang nakabibiglang katotohanan na ang panalanging ito ay tutugunin sa isang krus ng mga Romano.

Sa araw ng Lunes ng Linggo ng Pasyon, sinabi ni Jesus, "Ako, kapag ako'y itinaas na mula sa lupa, ay maglalapit ng lahat ng tao sa aking sarili." Ipinaliwanag ni Juan, "Sinabi niya ito upang ipakita kung anong klaseng kamatayan siya mamamatay."[339] Niluwalhati si Jesus hindi sa pamamagitan ng tagumpay, kundi sa pamamagitan ng tila malinaw na pagkatalo. Niluwalhati si Jesus sa pamamagitan ng krus.

---

[338] Ito ang huling Awit na inawit ni Jesus kasama ng kanyang mga disipulo bago siya magtungo sa Getsemane (Mateo 26:30).
[339] Juan 12:32-33.

**Ipinanalangin ni Jesus ang Kanyang mga Disipulo (Juan 17:6-19)**

Tatlong bagay ang ipinanalangin ni Jesus para sa kanyang mga disipulo. Ipinanalangin niya sa Ama na "ingatan po ninyo sila sa iyong pangalan." Ipinanalangin niya na sila'y ilayo "sa Masama." At, ipinanalangin niya na "pabanalin sila ng Ama sa katotohanan."

**Ipinanalangin ni Jesus ang Lahat ng Mananampalataya (Juan 17:6-19)**

Nanalangin si Jesus para sa lahat ng "sasampalataya sa akin" sa hinaharap. Ipinanalangin niya na "sila'y maging iisa." Ang pagkakaisang ito ay patotoo sa sanlibutan: "upang maniwala ang sanlibutan na isinugo ninyo ako."

*Hindi* ipinanalangin ni Jesus ang sanlibutan: "Hindi ako nananalangin para sa sanlibutan kundi para sa mga ibinigay mo sa akin." Sa halip, nanalangin siya para sa mga Kristiyano, *upang* maniwala ang sanlibutan. Sa kanyang huling panalangin para sa iglesya, ipinanalangin ni Jesus na tayo ay maging patotoo sa sanlibutan sa pamamagitan ng ating pagkakaisa at katapatan.

Ang pamana ni Jesus ay isang grupo ng mga mananampalataya na tutupad ng kanyang layunin sa mundo. Sa Lumang Tipan, pinagpala ng Dios ang Israel upang maging daluyan ng pagpapala sa lahat ng bansa.[340] Sa Bagong Tipan, ang iglesya ay pinagpala ng Dios upang maging daluyan ng pagpapala sa lahat ng tao. Ipinanalangin ni Jesus na tutuparin natin ang ating tungkulin upang maging pagpapala sa lahat ng tao.

## Ang Huling Tagubilin ni Jesus sa Mga Disipulo

► Basahin ang Mateo 28:16-20; Marcos 16:15; Lucas 24:44-49; Mga Gawa 1:6-11

Ang nananatiling impluwensiya ng isang lider ay inihahayag ng kanyang kakayahan na ibahagi ang kanyang pangitain sa iba. Sa ngayon tinatawag natin itong "pagpapahayag ng isang pangitain." Nagbigay si Jesus ng isang modelo ng pagpapahayag ng pangitain sa paraang magiging inspirasyon ng mga matapat na tagasunod. Dahil sa kaniyang pangitain, iniukol ng mga disipulo ang kanilang mga buhay sa pagpapalaganap ng mensahe ng kaharian ng Dios sa buong lupain ng Imperyong Romano.

Kasama sa mga Ebanghelyo ang tatlong pangungusap sa tagubilin ni Jesus. Ang bawat pangungusap ay nakatuon sa ibang bahagi ng tagubilin. Binigyang-pansin ni Mateo ang awtoridad na kailangan para sa misyon. Binigyang pansin ni Marcos ang maaabot ng tagubilin: "sa lahat ng nilikha." Binigyang-buod ni Lucas ang nilalaman ng mensahe na ipapangaral ng mga apostol.

Ang pinakakumpletong pangungusap ng huling tagubilin ni Jesus ay nasa Mateo 28:18-20.

---

[340] Gen. 12:1-3.

“Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ipinagkaloob na sa akin. Kaya’t humayo kayo at gawing alagad ang lahat ng bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu, turuan silang sundin ang lahat ng iniuutos ko. At narito, kasama ninyo ako lagi, hanggang sa wakas ng panahon.”

Ang pangunahing utos sa tagubiling ito ay “gawin ninyong mga disipulo.” Upang matupad ang utos na ito kailangan nating humayo, bautismuhan ang mga bagong mananampalataya, at turuan ang mga batang mananampalataya. Ang mga gawaing ito ay sumusuporta sa sentrong utos na “gawing disipulo.” Ang pag-eebanghelyo, social work, edukasyon, at lahat ng ibang aspeto ng ministeryo ay ginagabayan ng sentrong prayoridad: tayo ay tinatagubilinang gumawa ng mga disipulo.

**Ang Layunin ng Pastor**

Kumain ng hapunan si Ed Markquart, isang Amerikanong pastor, kasama ni Richard Wurmbrand, isang pastor na Romanian na nag-ukol ng maraming taon sa isang komunistang bilangguan. Habang kumakain, nagtanong si Wurmbrand sa isang miyembro ng iglesya ni Markquart, “Mabuti bang pastor ang inyong pastor?” Sumagot ang miyembro, “Oo.”

Nagtanong si Wurmbrand, “Bakit mo nasabing siya’y mabuting pastor?” Sumagot ang miyembro, “Dahil nangangaral siya ng mabubuting sermon.”

Muling nagtanong si Wurmbrand, “Subali’t gumagawa ba siya ng mga disipulo?” Sinabi ni Pastor Markquart na ang tanong na ito ang bumago sa direksiyon ng kanyang buong ministeryo. Sinabi niya:

“Ang layunin ng Dios para sa lahat ng pastor ay ang paggawa ng mga disipulo ni Jesukristo. Mga tao na nagmamahal kay Cristo, na sumusunod kay Jesukristo, na tumatawag kay Jesukristo na kanilang Panginoon. Tinawag tayo para gawin ito: gumawa ng mga disipulo ni Jesukristo. Hindi para gumawa ng mga miyembro ng iglesya. Hindi para gumawa ng mga paaralang pangLinggo. Hindi para gumawa ng mga gusali. Tayo ay dapat gumawa ng mga disipulo ni Jesukristo. Ito ang dahilan ng lahat ng ito.”

**Mas Malapit na Pagtingin: Ang Misyon ni Jesus**

Ang mga pangyayari sa huling linggo ng ministeryo ni Jesus ay nagpapakita ng kanyang misyon na lumikha ng isang kaharian na binubuo ng lahat ng mga bansa, lahi, at tao. Ang mga tagpo mula sa huling linggo ng ministeryo ay naglalarawan ng kanyang misyon sa lahat ng bansa.

- Pumasok si Jesus sa lungsod na sakay ng isang asno. Binanggit nina Mateo at Juan ang propesiya ni Zacarias,“Narito, ang inyong hari ay dumarating sa inyo, mapagpakumbaba, at nakasakay sa isang asno.” Inilarawan ni Zacarias ang

paghahari ng haring ito. "Magsasalita siya ng kapayapaan **sa mga bansa**; ang kanyang paghahari ay mula sa dagat hanggang sa kabilang dagat."[341]

- Nang linisin niya ang templo ng mga Hentil, binanggit ni Jesus si Isaias: "Hindi ba't nasusulat, 'Ang aking tahanan ay tatawaging bahay-dalanginan **para sa lahat ng bansa**'?"[342] Binago ng mga lider na Judio ang templo kung saan nagkakatipon ang mga Hentil upang manalangin at ginawa itong isang palengke para sa nagpapalit ng pera at nagbebenta ng mga kalapati.
- Nang punahin ng mga disipulo si Maria dahil sa "pag-aaksaya" ng mamahaling pabango, tumugon si Jesus: "At tunay na sinasabi ko sa inyo, saanman ipangaral ang ebanghelyo **sa buong mundo**, ang kanyang ginawa ay babanggitin sa pag-alala sa kanya."[343]
- Sa sermon sa Bundok ng Olibo, ihinula ni Jesus ang araw na ang "ebanghelyo ng kaharian ay ipapahayag sa buong mundo bilang patotoo **sa lahat ng mga bansa**, at pagkatapos darating ang wakas."[344] Sa mga disipulong Judio na nag-akala na ang kaharian ay para lamang sa piniling bayan, sinabi ni Jesus na ang ebanghelyo ay ipapahayag sa buong mundo.

Ipinakita ng mga propeta ng Lumang Tipan na ang Mesiyas ay darating para sa lahat ng bansa. Sa kanyang huling linggo ng ministeryo sa publiko, itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na kabilang sa kaharian ng Dios ang lahat ng tao mula sa lahat ng bansa. Ang pangako ng mga propeta ay matutupad sa pamamagitan ng iglesya.

## Ang Pamana ni Jesus: Ang Iglesya sa Mga Gawa

Maraming libro tungkol sa buhay ni Cristo ang nagtatapos sa pag-akyat sa Langit. Gayunman, ang muling pag-akyat ay hindi ang wakas ng ministeryo sa lupa ni Cristo. Ang ministeryo ni Jesus ay hindi lamang patungo sa krus o maging sa libingang walang laman; ang kanyang ministeryo ay humantong sa Pentekostes. Ipinangako ni Jesus na magpapadala siya ng "isa pang Patnubay na makakasama ninyo sa habang-panahon."[345] Ang pangakong ito ay natupad sa Mga Gawa. May dalawang tagpo na nagpapakita ng katuparan ng pamana ni Jesus.

### Ang Iglesya sa araw ng Pentekostes

► Basahin ang Mga Gawa 1:4-11 at 2:1-41.

---

[341] Mateo 21:5; Zac. 9:9-10.
[342] Marcos 11:17, binabanggit ang Isaias 56:7.
[343] Marcos 14:9.
[344] Mateo 24:14.
[345] John 14:16.

Bago siya umakyat sa langit, nagtanong ang mga disipulo, "Panginoon, muli po ba ninyong itatatag ngayon ang kaharian ng Israel?" Inaasahan nila na itatatag ni Jesus ang isang panlupa, at kahariang pulitikal. Sa kanilang isipan, pinagtibay ng muling pagkabuhay ang posibilidad ng isang kaharian sa lupa. Sa isip nila, ang kailangan lamang gawin ni Jesus ay gamitin ang kanyang kapangyarihan upang ibagsak ang Roma. Tumugon si Jesus:

"Hindi ninyo kailangang malaman ang oras o panahon na itinakda ng Ama ayon sa kanyang awtoridad. Subali't tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating na sa inyo ang Banal na Espiritu at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng mundo."

"Ang oras ng kaharian ay hindi ninyo responsibilidad", pahiwatig ni Jesus. "Sa halip, dapat ninyong tuparin ang misyon na ibinigay ko sa inyo: maglingkod kayo bilang mga saksi ko hanggang sa dulo ng mundo. Subali't bago kayo humayo, dapat kayong maghintay." Sa Lucas, sinabi ni Jesus, "Subali't manatili kayo sa lungsod hanggang sa kayo ay tumanggap ng kapangyarihan mula sa kaitaasan."[346]

Limampung araw pagkalipas ng Paskuwa, habang nagkakatipon ang 120 disipulo sa silid sa itaas, natupad ang pangako ng Banal na Espiritu. Nagsimula silang magsalita sa wika ng mga taong natitipon mula sa iba't-ibang bansa para sa Pista ng Pentekostes ng mga Judio. Sumisimbolo ito sa katuparan ng plano ni Cristo na buuin ang kanyang iglesya mula sa lahat ng bansa.

Ang listahan ng mga bansa sa Mga Gawa 2 ay nagpapaalala sa atin ng listahan ng mga bansa sa Genesis 10. Sa Genesis 11, hinatulan ng Dios ang pagtatangka ng tao na magtatag ng isang pangkalahatang kaharian sa Babel nang guluhin ang kanilang mga wika. Sa Mga Gawa 2, sinimulang itayo ng Dios ang kanyang kaharian sa pagbaligtad sa pagkalito sa mga wika.

Ang Pentekostes ang simula ng "mas higit na dakilang mga bagay kaysa rito" na ipinangako ni Jesus.[347] Dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu, mas maraming tao ang sumampalataya sa araw ng Pentekostes kaysa sa buong panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa. Nagsimula na ang katuparan ng pamana ni Jesus. Aktibo na sa ministeryo ng mga apostol ang ipinangakong Banal na Espiritu. Mula sa oras na ito, magsisimulang tuparin ng Iglesya ang dakilang layunin ng Dios na pagbuo ng kanyang kaharian. Tulad ng paglilinaw sa sermon ni Pedro, ang mga pangako ng Lumang Tipan ay natutupad na ngayon sa pamamagitan ng iglesya.

Ipinaliwanag ni John Stott ang apat na aspeto ng Araw ng Pentekostes.[348]

- Ang Araw ng Pentekostes ang huling gawa ng pagliligtas ni Jesus sa mundo.

---

[346] Luke 24:49.
[347] John 14:12.
[348] John W. Stott, *The Message of Acts* (Westmont, Illinois: InterVarsity Press, 1990), 60-61.

- Ang Araw ng Pentekostes ang nagbigay ng kakayahan sa mga apostol para sa Dakilang Tagubilin.
- Ang Araw ng Pentekostes ang nagsimula sa bagong panahon ng Espiritu. Sa buong Lumang Tipan, ang Banal na Espiritu ang nagbigay lakas sa mga lingkod ng Dios sa mga espesyal na pagkakataon sa ministeryo. Pagkatapos ng Pentekostes, ang mga Kristiyano sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar ay magbebenepisyo mula sa kanyang ministeryo.
- Ang unang revival na Kristiyano ay nagsimula sa Pentekostes.

Ang mga epekto ng Pentekostes ay nakikita sa kabuuan ng Aklat ng mga Gawa. "Espesyal" ang mga tanda sa araw ng Pentekostes. Ang kaligayahan, ang pagsasama-sama ng mga mananampalataya, kalayaan sa pagsamba, katapangan sa pagpapatotoo, at kapangyarihan para sa ministeryo ay dapat maging "normal" na ebidensiya ng ministeryo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

### Pang-araw-araw na Buhay sa Unang Iglesya

► Basahin ang Mga Gawa 2:42-47.

Ang ikalawang tagpo na nagpapakita ng katuparan ng pamana ni Jesus ay nasa dulo ng Mga Gawa 2. Ipinapakita ng tagpong ito ang pang-araw-araw na buhay ng unang iglesya.

Sa kanyang Panalangin ng Punong Pari, ipinanalangin ni Jesus ang pagkakaisa ng kanyang mga tagasunod. Ipinanalangin niya na sila ay magiging iisa tulad ng tayo ay iisa."[349] Ang tugon sa panalanging ito ay nagsisimula sa Mga Gawa 2. "Ang lahat ng sumampalataya ay nagsama-sama"; sila ay "dumadalo ng sama-sama sa templo at nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang mga tahanan"; at idinadagdag ng Dios sa "kanilang bilang sa araw-araw ang mga inililigtas."

Sa Mga Gawa, ang talatang "nagkakaisa" ay kumakatawan sa pagkakaisa ng unang iglesya. Sa kabila ng mga kahirapan ng pagbuo ng isang iglesya ng mga Judio at mga Hentil, pag-uusig mula sa mga lider na Judio, at mga personal na di-pagkakaunawaan sa mga apostol, nanatiling nagkakaisa ang iglesya. Sa kabila ng lahat ng pangyayari, ang panalangin ni Jesus "na sila ay maging iisa" ay natupad.

► Ang larawan ba ng iglesya sa Mga Gawa 2:41-47 ay katulad ng inyong iglesya? Nagmiministeryo ka ba sa kapangyarihan ng Espiritu? Kung hindi, ano ang mga roadblocks na nakakahadlang sa trabaho ng Espiritu sa at sa pamamagitan ng iyong ministeryo? Pagiging di-masunurin ba? Kawalan ng pananalangin? Kulang sa pananampalataya? Kakulangan ng pagkakaisa? Paano kayo makakikita ng bagong pagbuhos ng Espiritu sa inyong ministeryo?

---

[349] Juan 17:22.

## Aplikasyon: Pag-iiwan ng Pamana

Sa paghahanda ng leksiyong ito, nag-*interview* ako ng mga retiradong lider ng ministeryo.[350] Tinanong ko sila tungkol sa kanilang pamana, ang kanilang paghahanda sa pag-alis sa pamumuno, at mga aralin sa pagbabago/transition. Ang bahaging ito ay batay sa kanilang mga tugon.

**(1) Ang mga lider na nag-iiwan ng pamana ay nagpaplano para sa hinaharap.**

Isipin ninyo na kayo'y nagtatanong sa isang nagtatayo ng gusali, "Ano ang itinatayo mo?" Tiyak na magugulat ka kung sasagot siya ng, "Hindi ko pa alam. Hinihintay ko pa kung ano ang mangyayayri."

Bago niya simulan ang gusali, ang tagapagtayo ay nagpaplano muna para sa matatapos na gusali. Nalalaman ng mga lider na nag-iiwan ng pamana kung ano ang nais nilang ipamana.

Nalalaman ng lider na nakakatapos nang mabuti ang pamana na nais nilang iwan. Hindi sila tila bulag na gumagawa sa ministeryo. Naniniwala ang mga lider na ito na "Ito ang dahilan ng pagkatawag ng Dios sa akin, na kailangan kong tuparin sa aking lugar ng ministeryo.

Ang pamana ni Jesus ay isang grupo ng mga disipulo na nakahandang pangunahan ang iglesya. Mula sa simula ng kanyang ministeryo, nagbigay siya ng sapat na panahon at lakas upang ihanda ang mga lalaking ito bilang kanyang pamana.

Kung nais mong mag-iwan ng isang pamana, dapat kang magplano para sa hinaharap. Nakakalungkot na maraming tao ang nag-aayos ng buhay na walang intensiyon sa layunin. Kapag tinanong mo sila sa edad 30, 50, 0 kahit 70 taong gulang, "Ano ang iyong ginagawa sa iyong buhay? Ang sagot ay "Hindi ko alam. Naghihintay pa ako upang makita kung ano ang mangyayari."

> "Itinatayo mo ang iyong pamana araw-araw, hindi sa dulo ng iyong buhay."
>
> -Alan Weiss

**(2) Ang mga lider na nag-iiwan ng pamana ay maingat na naghahanda para sa transition**.

Isipin mo na bumisita ka sa isang tagapagtayo na malapit nang makatapos sa isang malaking proyektong itinatayo niya. Tapos na ang mga pader; kumpleto na ang mga bubong, at halos maaari na iyong tirhan. Tanungin mo siya, "Ano ang mga natitira pang hakbang bago matapos ang gusali?"

---

[350] Kabilang sa mga interviewee sa seksiyong ito ang mga sumusunod na lider:
+ Dr. Michael Avery, dating presidente ng God's Bible School and College, Cincinnati, OH
+ Rev. Paul Pierpoint, dating pastor ng Hobe Sound Bible Church and president of FEA Missions, Hobe Sound, FL
+ Rev. Leonard Sankey, retiradong pastor at lider ng maraming organisasyong pangmisyon.
+ Dr. Sidney Grant, dating president ng FEA Missions, Hobe Sound, FL

Talagang magugulat ka kapag sumagot siya sa iyo ng, "Hindi ko alam! Hindi ko pinag-iisipan ang mga huling hakbang." Hindi! Ang tagapagtayo ay mag-iiwan ng isang bagay na mas tatagal kaysa sa kanya. Maingat niyang pinaplano ang bawat hakbang. Maaari niyang sabihin sa iyo, "Ito ang araw na matatapos namin ang gusali. Ito ang petsa na ang may-ari ay maaaring lumipat dito." Ang lahat ay nakaplano para sa transition.

Ang mga lider na nag-iiwan ng pamana ay maingat na naghahanda para sa transition. Kung maaari, pinaplano nila ng mas maaga ang kanilang pagreretiro, nagbibigay ng panahon sa organisasyon upang pumili ng kapalit, at binibigyan ang kapalit ng panahon upang paghandaan ang mga bagong responsibilidad. Sa ilang pagkakataon, ang papaalis at ang padating na mga lider ay may oras ng "kapwa naroon" kung saan ang bagong lider ay nagsisimulang gumawa ng mga pagpapasiya samantalang ang naunang lider ay naroon pa upang magbigay ng pagpapayo at paggabay.

Inihahanda nila ang mga tao upang magtrabaho pa rin ng maayos sa ilalim ng susunod na lider. Tinitiyak nila na ang mga tao sa organisasyon ay may pakiramdam ng seguridad sa transition. Isinulat ng isang lider, "Ang aking layunin ay gawin iyong napakalinis na ang mga empleyado ay halos hindi mapapansin ang aking pag-alis."

**(3) Nalalaman ng mga Lider na nag-iiwan ng pamana kung kailan ang tamang panahon para umalis**.

Dapat bukal sa loob ng lider ang paglilipat ng tungkulin sa kaniyang kapalit at "lumakad palayo nang walang panghihinayang". Ang mga dating lider ay dapat naroroon pa rin para sa pagpapayo, kapag hinihingi lamang ng kanyang kapalit.

Sa kursong ito, nakita natin kung paano inihanda ni Jesus ang mga disipulo upang maging tagapanguna sa iglesya. Maaga pa, binigyan niya sila ng maingat na pagsasanay. Pagkatapos, isinugo niya sila upang magministeryo at bumalik para sa *evaluation*. Sa huling Hapunan, binigyan niya sila ng huling tagubilin para sa ministeryo. Bago pa man ang muling pag-akyat sa langit, binigyan niya sila ng huling paalala ng kanilang pinakadakilang tagubilin. Maingat na pinaghandaan ni Jesus ang *transition.*

Nakakalungkot lamang, maraming lider na Kristiyano ang nagbibigay ng kaunting atensyon sa transition. Iniisip nila, "Gagawin ko ang aking gawain hanggang sa ako'y mapalitan. Pagkatapos niyan, problema na iyan ng ibang tao." Syempre, may mga panahon ng biglaang pagkakasakit, kamatayan, o isang pangunahing pagbabago sa ministeryo kaya't nagiging imposibleng sapat na paghandaan ang *transition*. Subali't kung maaari, dapat nating paghandaang mabuti ang *transition* para sa susunod na tagapanguna. Ito ang isa sa pinakamahalagang hakbang sa pagpapanatili ng isang pamana para sa hinaharap.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Sumulat ng 3-5 pahina ng *essay* na sumasagot sa tatlong tanong na ito:

(1) Umisip ng isang lider ng ministeryo o isang miyembro ng pamilya na nag-iwan ng pamana na nakaimpluwensiya sa iyong buhay Kristyano at ministeryo. Sa isang pahina, bigyang buod ang kanilang impluwensya sa iyong buhay. Sagutin ang dalawang tanong.

- Ano ang impluwensya nila sa iyong buhay?
- Ano ang kanilang ginagawa o sinabi na nagkaroon ng ganun kahalagang epekto?

(2) Anong pamana ang nais mong iwan kapag ikaw ay namatay? Maging *specific* sa iyong tugon. Sumagot sa 1-2 pahina.

- Anong pamana ang nais mong iwan sa iyong pamilya?
- Anong pamana ang nais mong iwan sa iyong komunidad?
- Anong pamana ang nais mong iwan para sa iyong ministeryo?

(3) Para sa bawat isa sa tatlong paksa sa sagot 2, tukuyin ang specific na gawain na dapat mong sundin sa *ngayon* upang ipamana ang pamamaraang nais mong iwan. Sagutin sa 1-2 pahina.

Itabi ang papel na ito at pagbalik-aralan ito linggo-linggo para sa susunod na anim na buwan. Gamitin ito upang simulan ang iyong pagplaplano para sa pamana para sa susunod na henerasyon.

# Apendiks:
# Ang Ebanghelyo ng Kaharian (Isang Pangaral)

Propesor Danny McCain (University of Jos, Nigeria)

Ilang taon na ang nakalilipas, inanyayahan ako ng Emir ng Gombe upang bumisita. Ilang buwan ang nakalipas at ako'y pumunta sa palasyo. Ipinaliwanag ng isang opisyal ang mga tuntunin na dapat mong sundin kapag nakikipagkita ka sa Emir. Kailangan mong alisin ang iyong sapatos kapag pumasok ka sa palasyo. Hindi ka maaaring makipagkamay sa Emir dahil hindi siya nakikipagkamay sa karaniwang tao. Hindi ka maaaring maupo sa parehong taas o level ng Emir. Dapat mong i-address ang hari bilang "Ang kanyang royal na kamahalan" o "ang kanyang royal majesty."

Ang bawat kaharian ay nagtataglay ng kanyang sariling kaugalian, mga batas at mga tagapanguna. Kapat ikaw ay bahagi ng kaharian, kailangan mong unawain ang kaharian at ang mga batas nito. Magsisimula ako sa dalawang Kasulatan na siyang magsisilbing pundasyon para sa sermong ito.

Mateo 6:9-10:

"Aming Ama sa langit, sambahin ang pangalan mo, dumating nawa ang kaharian mo, maganap nawa sa lupa ang iyong kalooban,, gaya ng sa lngit."

Lucas 9:1-2:

"Nang matawag ni Jesus na samasama ang Labindalawa, binigyan niya sila ng kapangyarihan at awtoridad upang magpalayas ng demonyo at magpagaling ng mga karamdama, at isinugo niya sila upang ipahayag ang kaharian ng Dios at magpagaling ng maysakit."

Sa mensaheng ito, nais kong magbigay ng malaking larawan ng kaharian ng Dios at upang ipakita kung paanong ang katotohanang ito ay magiging praktikal sa ating mga buhay.

### Ang Kaharian ang Dios: Ang Malaking Larawan

Noong ako'y bata pa, inisip ko na ang "kaharian ng Dios" ay **ang walang hanggang tahanan** ng Dios—ang langit. Maraming verses tungkol sa kaharian ang tila tumutukoy sa ating tahanang pangwalang hanggan. "Hindi lahat ng nagsasabi sa akin na, 'Panginoon, Panginoon,' ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi iyon lamang tumutupad sa kalooban ng aking Amang nasa langit" (Mateo 7:21).

Sa aking patuloy na pag-aaral, nagsimula akong maunawaan na ang kaharian ay higit pa sa walang hanggang tahanan ng Dios. Pinalawak ko ang aking kaisipan upang maniwala na

ang kaharian ay roughly katumbas ng **iglesya.** Ang mga talinhaga tulad ng isda sa lambat ay nagpapahayag na ang ilan sa mga reperensiya sa kaharian ay hindi tungkol sa langit.

"Muli, ang kaharian ng langit ay katulad ng isang lambat na inihulog sa lawa at nakahuli ng lahat ng uri ng isda.Nang ito ay mapuno, hinila ito ng mga mangingisda sa pampang. Pagkatapos sila ay naupo at pinili ang mabubuting isda sa mga basket, at itinapon ang masasama. Ganito ang mangyayari sa wakas ng panahon. Darating ang mga anghel at ihihiwalay ang mga masasama sa mga matuwid at itatapon sila sa naglalagablab na pugon, kung saan sila'y tatangis at magngangalit ang mga ngipin" (Mateo 13:47-50).

Ito ay tumutukoy sa iglesya. May mga tunay na mananampalataya at mapagkunwaring mga mananampalataya sa ating mga iglesya. Gayunman, sa wakas ng panahon ng iglesya, pagbubukod-bukurin sila ng Dios: "Hindi lahat ng tumatawag sa akin, 'Panginoon, Panginoon' ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi iyon lamang tumutupad sa kalooban ng Ama na nasa langit", (Mateo 7:21).

Habang patuloy akong nag-aaral, mas marami akong natutuklasan na mga indikasyon na ang kaharian ng Dios ay mas **malawak pa kaysa sa iglesya.** Sinabi ni Hesus, "Subali't kung sa Espiritu ng Dios ako nagpapalayas ng mga demonyo, sagayun ang kaharian ng Dios ay dumating na sa inyo" (Mateo 12:28). Kung ang iglesya ay isinilang sa araw ng Pentekostes at ang kaharian ay dumating na, sagayun ang iglelsya at ang kaharian ay dapat hindi pareho.

Ang mga kaisipang ito ang pumilit sa akin na tingnan ang kaharian mula sa isang holistic point of view. Ito ang nais kong gawin ngayon.

## Ang Kaharian ng Dios sa Garden ng Eden

Sa araw ng paglikha, sinabi ng Dios, "Likhain natin ang tao sa ating imahen, sa ating wangis,upang sila ang mangasiwa sa mga isda sa dagat at mga ibon sa himpapawid, sa mga alagang hayop at lahat ng mga maiilap na hayop at lahat ng nilalang na kumikilos/gumagapang sa lupa" (Genesis 1:26). Nang likhain ng Dios ang tao, nilikha niya siya upang maging katulad niya sa ilang paraan.

Kung nilikha ng Dios ang mga tao sa kanyang wangis, makatwiran lamang na ang Dios ay lilikha ng isang lugar para tirhan ng mga tao na sa ilang paraan ay magiging katulad ng kapaligiran kung saan tumira ang Dios mismo. Kung iyon ay totoo, sagayun ang Harden ng Eden ay nilikha sa wangis ng langit. Ano ang katulad ng Harden ng Eden?

- Walang kasalanan o moral fault doon; katulad iyon ng langit.
- Walang karamdaman o kamatayan o kalungkutan doon; katulad iyon ng langit.
- Walang anumang bagay na di-kanais-nais doon. Ito ay isang lugar na perpekto tulad ng langit.

- Walang kaguluhan doon. Ang lahat ng bagay ay functioning exactly ayon sa pagkakalikha dito; katulad ito ng langit.

Ang Harden ng Eden ang kaharian ng Dios sa mundo sa panahong iyon. "At nakita ng Dios na ang lahat ng kaniyang ginawa ay mabuti" (Gen. 1:31). Ito ang unang binanggit tungkol sa bagong kaharian ng Dios sa mundo. Kapag ang isang bagay ay mabuti, ang lahat ng bagay ay nasa kanyang takdang lugar at tamang kaayusan. Ang lahar ng bagay sa mundo ay ayon sa nais ng Dios para dito. Isinalamin nito ang kaayusan, kagandahan at perpeksiyon na katangian ng tahanan ng Dios sa langit. Samakatuwid, kung nais mong malaman kung ano ang magiging anyo ng kaharian ng Dios sa lupa, pag-aralan ang Harden ng Eden.

## Ang Pagkawala ng Kaharian ng Dios sa Harden ng Eden

Nagbigay ang Dios ng maingat ng tagubilin tungkol sa paraan kung paano pamamahalaan at aalagaan ang kaharian ng Dios sa lupa. Sa kasamaang palad, nilabag ng tao ang banal na tiwala ng Dios at nagkasala siya laban sa Dios. Ito ay nagresulta sa dalawang seryosong kalagayan.

Una, pumasok ang kasalanan sa mundo at sumira sa imahen ng Dios na nasa tao. Ikalawa, dahil hindi man lubusang nawala ang imahen ng Dios sa tao, hindi na sila karapat-dapat na manirahan sa perpektong lugar na apparently ay isang imahen ng lugar kung saan nakatira ang Dios. Ang Eden ay hindi na karapat-dapat para sa taon.

Samakatuwid, inalis sila ng Dios sa lugar na iyon at sinumpa ang lupa tulad ng pagsumpa niya sa lalaki at babae. "Sinumpa ng Dios ang lupa" kaya't ito'y nagbunga ng "mga tinik at dawag". Nawala ang kagandahan, kaginhawahan, pagiging produktibo at seguridad ng mundo. Kung paanong ang mga tao ay mga anino lamang ng kanilang dating banal na sarili, kaya't ang mundo ay anino lamang ng kung ano ito ayon sa pagkalikha ng Dios dito. Upang ilagay ito sa mga salitang naaayon sa pangaral na ito: Ang kaharian ng Dios sa mundo ay nawasak na.

- Ang itinayo ng Dios ay nasira na.
- Ang nilikha ng Dios na maganda ay pangit na.
- Ang nilikha ng Dios na maginhawa, ngayon ay masakit na.
- Ang dinisenyo ng Dios na maging banal, ngayon ay makasalanan na at corrupt.
- Ang plano ng Dios para sa sangkatauhan at sa mundo ay hindi na matutupad.

Gayunman, ang Dios ay hindi talunan. Hindi siya maaaring matalo. Walang karunungan, walang pagkaintindi, walang plano ang maaaring magtagumpay laban sa Panginoon" (Kawikaan 21:30). Sinubok ng diyablo subalit hindi niya kailanman magagapi ang Dios.

- Sino ang makakabago sa nilikha ng Dios?
- Sino ang makapagsasabi ng hindi kung sinabi na ng Dios na oo?
- Sino ang makakawasak sa nilikha ng Dios?

Hindi tatanggap ng pagkatalo ang Dios. Kaya ng Dios na baligtarin at papanauliin ng Dios ang mga bagay na naging mali na. Ang Dios ang dalubhasang taga-ayus—manunubos—nagpapanauli—nagdadalisay-gumagawang-muli-nagpapanumbalik.

Naglagay ang Dios ng plano kung paano ibabalik ang kanyang kaharian sa mundo. "Ang paglago ng kaniyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas, sa luklukan ni David, at sa kaniyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng kahatulan at ng katuwiran mula ngayon hanggang sa magpakailan man. Isasagawa ito ng sikap ng Panginoon ng mga hukbo" (Isa. 9:7).

Maging bago pa mahulog sa kasalanan sina Adan at Eba, may plano na ang Dios kung paano ibabalik at muling itatayo ang kanyang kaharian sa mundo. Isa sa pinakamahalagang layunin ng Biblia ay upang ilarawan ang muling pagtatayo ng kaharian ng Dios sa mundo upang maging katulad ito ng nasa langit. Ang proseso ng restoration ay nagpapatuloy pa. Nakita natin ang proseso na nagsimula sa Genesis 12:1-3.

## Ang Kaharian ng Dios at si Abraham

Si Abraham ay nasa Ur ng Chaldea nang matanggap niya ang mensaheng ito:

"Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak at pumunta ka sa baying ituturo ko sa iyo. Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at **gagawin kong isang malaking bansa**. Pagpapalain kita;at mababantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami. Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, ngunit kapag sinumpa ka, sila'y aking susumpain; **at lahat ng tao sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan mo.**" (Gen. 12:1-3).

Bagaman ang salitang "kaharian" ay hindi ginamit dito, naniniwala tayo na nagsisimula na ang Dios sa muling pagtatatag ng kanyang kaharian sa mundo dahil sa dalawang pangako sa pangungusap na ito.

**Nangako ang Dios na lilikha ng dakilang bansa mula sa Israel.**

Ang isang bansa at isang kaharian ay hindi pareho subali't malaki ang kanilang pagkakatulad. Interesting na halos ang susunod na ikatlong bahagi ng Lumang Tipan ay tungkol sa paglalarawan ng pagtatatag ng bansang ito.

Sa pagtatatag ng bansang ito, nakikita natin ang Dios na gumagamit ng dalawang prinsipyo na tila siya niyang ginagamit sa kanyang mga proyekto.

1. Kapag kumikilos ang Dios sa mundong ito, lagi siyang kumikilos sa pamamagitan ng mga tao. Hindi karaniwang nagsusugo ang Dios ng mga anghel upang gawin ang gawain na nais niyang tuparin sa mundong ito.

2. Kapag kumikilos ang Dios sa mundong ito, kumikilos siya sa di-madaling paraan, sa mabagal na paraan, sa mahirap na paraan, sa progressive na paraan, sa paraang salungat sa paraan kung tayo ang gagawa sa mga bagay na iyon. Ang pagtatatag ng

isang bansa ay puno ng maraming mga balakid. Gayunman, sa paglipas ng panahon, ito'y naging isang reyalidad.

Sa aking palagay ang bansa ay hindi kumpletong katuparan ng pagpapanauli ng Dios ng kanyang kaharian sa mundo. Gayunman ito ay isang hakbang patungo sa direksiyong iyon. Ipinakikita ng kaharian na maaaring maghari ang Dios sa kanyang bayan sa mundo. Sa kasamaang palad, dahil sa human factor, ito'y hindi naging lubusang matagumpay.

**Ipinangako ng Dios na ang mga inapo ni Abraham ay magigingpagpapala sa lahat ng tao sa mundo.**

"…at lahat ng mga tao sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan mo" (Gen. 12:3). Ang pangakong ito ay natupad sa pagdating ni Hesus.

## Ang Kaharian ng Dios at si Hesus

Ang unang kwentong sinabi ni Lucas tungkol kay Hesus matapos ang kanyang pagbabautismo at pagtukso ay ang kanyang pagbisita sa sinagoga sa Nazareth. Nagtungo si Hesus sa sinagoga sa kanyang bayan at nagboluntaryong bumasa ng Kasulatan. Ang pagbasa para sa araw na ito ay mula sa Isaias 61.

"'Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin, dahil hinirang niya ako upang ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha. Sinugo niya ako upang ipahayag ang kalayaan para sa mga bihag, makakikita ang mga bulag, upang bigyang kaluwagan ang mga sinisiil, at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.' Pagkatapos, binilot niya ang kasulatan at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya'y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga. At sinabi niya sa kanila, 'Natupad ngayon ang bahaging ito ng kasulatan –habang nakikinig kayo.'" (Lucas 4:18-21).

Sa mga unang araw ng kanyang ministeryo, nagbigay si Jesus ng malakas na pahiwatig na narito siya upang ipagpatuloy ang proseso ng pgsasaayos na daang taon nang ginagawa ng Dios.

- Dahil sa bunga ng kasalanan, ang mundo ay naging sobrang mahirap na kapwa sa espirituwal at sa literal na kahulugan. Gayunman, idineklara ni Hesus na siya ay hinirang na upang "iproklama ang mabuting balita sa dukha.."
- Dahil sa pagkahulog sa kasalanan, ang sangkatauhan ay naging bilanggo na ng kasalanan. Gayunman, sinabi ni Hesus na siya'y dumating upang "ipahayag ang kalayaan para sa mga bilanggo."
- Dahil sa pagkahulog sa kasalanan, ang sangkatauhan ay naging bulag sa espirituwal, na ibig sabihin ang mga tao ay hindi makaunawa sa katotohanan. May mga tao na pisikal na bulag. Gayunman, dumating si Hesus upang "ibalik ang paningin ng bulag."

- Dahil sa pagkahulog sa kasalanan, pinahirapan ng demonyo at ng kanyang mga kampon ang mga tao sa maraming paraan. Gayunman, sinabi ni Hesus na siya'y dumating upang "palayain ang mga sinisiil."

Sinasabi ni Hesus na ang kanyang layunin ay upang baligtarin ang marami sa mga sumpa na inilagay sa mundo dahil sa kasalanan. Para sabihin ito sa ibang paraan, dumating si Hesus sa mundo upang ipagpatuloy ang proseso ng pagtatatag ng kaharian ng Dios sa mundo. At para sabihin iyon sa iba pang paraan, dumating si Jesus sa mundo upang tuparin ang ikalawang panagako ng Dios kay Abrahan—ang maging pagpapala sa lahat ng tao sa mundo. "'Dumating na ang panahon,' sabi niya. 'Ang kaharian ng Dios ay malapit na. Magsisi kayo at paniwalaan ang mabuting balita!'" (Marcos 1:14-15). Ang kaharian ang sentro ng mga pagtuturo ni Hesus sa buong panahon ng kanyang ministeryo.

## Ang Kaharian ng Dios at ang Iglesya

Ang bayan ng Israel ang naging daan kung saan gumawa ang Dios sa panahon ng Lumang Tipan. Sa Bagong Tipan, ang iglesya ang naging daan ng pagkilos ng Dios. Ang iglesya ay pagpapatuloy mula sa Lumang Tipan sa ilang kadahilanan:

- Kabilang sa iglesya ang lahat ng tao sa mundo, hindi lamang ang mga Judio.
- Dahil sa iglesya, maaaring makalapit ang sinuman sa Banal na Espiritu samantalang sa panahon ng Lumang Tipan tanging ang mga espirituwal na higante ang maaaring makalapit.
- Nagbigay ang iglesya ng panibagong pagbibigay-diin sa personal na relasyon sa Dios.
- Binigyang-diin ng iglesya ang pagsamba sa "*espiritu at katotohanan"* sa halip na sa pamamagitan ng mga sakripisyong hayop at mahihigpit na seremonyas.

## Mga Leksiyon Mula kay Hesus Tungkol sa Kaharian

May mga leksiyon tayong matututuhan tungkol sa kaharian mula sa buhay at pagtuturo ni Hesus.

### (1) Ang kaharian ng Dios ay walang geograpikal na mga hangganan subalit umiiral saanman naroon ang Hari.

- Nang bumisita si Hesus sa isang kasalan, nagkaloob siya ng alak dahil ang kanyang kaharian ay lumaganap na sa lugar na iyon dahil sa kanyang presensiya.
- Nang makaharap ni Hesus ang mga maysakit, pinagaling niya sila dahil ang kanyang kaharian ay umabot na sa maysakit at karamdaman.
- Nang makaharap ni Hesus ang mga taong nagugutom, nagkaloob siya ng pagkain para sa kanila dahil ang kanyang kaharian ay concerned din sa pangunahing pangangailangan ng tao.

Nais ni Hesus na palaganapin ang kanyang kaharian sa kasalukuyan upang isama ang alinmang lugar na pinupuntahan ng kanyang mga tagasunod. Ito ay nagiging bahagi ng kanyang kaharian dahil ang bayan ng hari ay naroon. Ito ang ating tungkulin bilang bahagi ng royal family. Dapat nating tiyakin na ang paghahari ni Hesus ay umaabot sa ating partikular na lugar na ating nasasakupan, ang lugar sa mundo kung saan tayo'y may impluwensiya.

- Dapat nating itatag ang kaharian ng Dios sa ating mga pamilya.
- Dapat nating itatag ang kaharian ng Dios sa ating mga komunidad.
- Dapat nating itatag ang kaharian ng Dios sa ating mga trabaho at lugar ng hanapbuhay.
- Dapat nating itatag ang kaharian ng Dios sa ating lokal at nasyonal na pamahalaan.
- Dapat din nating tiyakang itatag ang kaharian ng Dios sa ating mga iglesya at organisasyong Kristiyano.

Saanman may isang tao naninirahan, ang kaharian ay dapat itatag. Sagayun, ang ating mga tahanan at mga opisina ay kumakatawan sa kaharian ng Dios. An gating relasyon sa ating mga kasamahan ay kumakatawan sa kaharian. Isinulat ni Pedro,

"Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyo, bilang mga dayuhang nakikipamayan sa daigdig na ito, talikdan na ninyo ang masasamang hilig ng katawan na naghihimagsik laban sa espiritu. Mamuhay ka nang maayos sa gitna ng mga walang pananampalataya. Kahit na pinararatangan nila kayo ngayon ng masama,magpupuri sila sa Dios sa Araw ng kanyang pagdating, kapag nakita nila ang inyong mabuting gawa." (1 Ped. 2:11-12).

Nais ng Dios na makita sa atin ang kaharian ng mga hindi mamamayan ng kaharian. Makikita lang nila sa atin ang kaharian kung mamumuhay tayo ayon sa mga prinsipyo ng kaharian. Nakikita ba sa iyo ng mga tao ang kaharian ng Dios?

**(2) Ang kaharian ng Dios ay hindi para sa isang espesipiko na grupo ng tao kundi para sa lahat ng sumusunod sa kanya*.***

Nang pagalingin ni Hesus ang alipin ng Romano (Hentil) na sundalo, sinabi niya,

"Sinasabi ko sa iyo na marami ang magmumula sa Silangan at sa Kanluran, at uupo sa kanilang lugar sa handaan kasama nina Abraham, Isaac at Jacob sa **kaharian ng langit**" (Mateo 8:11).

Ang kaharian ay para sa lahat ng tao, maging anuman ang lahi, lengguwahe o pinanggalingang grupo ng mga tao. Dahil pinili ni Hesus ang mga tao mula sa lahat ng klase ng pinagmulan, dapat nating tanggapin ang mga tao mula sa lahat ng klase ng pinagmulan na mga tagasunod ni Hesus. And pagiging kapootang panlahi (racism), etniko (ethnicity) at pagiging iba sa nakararami (factionalism) ay hindi bahagi ng kaharian ng Dios.

**(3) Ang kaharian ng Dios ay hindi kaugnay ng mamahaling palasyo at exotic na pananamit kundi sa mga positibong social values.**

Kapag iniisip natin ang kaharian, karaniwan nating naiisip ang tungkol sa tahanan ng hari—ang palasyo. May sinasabi ang palasyo tungkol sa hari. Gayunman, sinabi ni Jesus, "Ang mga asong gubat ay may lungga at ang mga ibon sa kalawakan ay may pugad, subali't ang Anak ng tao ay wala man lang lugar upang ihiga ang kanyang ulo." (Mateo 8:20). Hindi katangian ng kaharian ni Jesus ang pagpapakita ng kayamanan o magagarang gusali o magagandang damit o exotic na alahas. Ang katangian ng kaharian ni Jesus ay hindi mga panlabas na bagay kundi mga positibong values.

**(4) Hindi katangian ng kaharian ng Dios ang kasamaan at manipulasyon kundi ng katuwiran at katotohanan.**

Itinuro ni Jesus, "Malibang ang inyong katuwiran ay hihigit sa mga Pariseo at mga tagapagturo ng batas, tiyakang hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit" (Mateo 5:20). Ang katuwiran ditto ay hindi isang konseptong theological kundi isang praktikal na kabutihan. Ang mga Pariseo ay may panlabas nakatuwiran na nakadisenyo upang ma-impress ang mga tao at makakuha ng respeto. Ang tunay na katuwiran ay dapat maging mas malayo pa kaysa dito sa katwiran at kabutihan. Ang kaharian ni Jesus ay characterized ng mga taong gumagawa ng tama. Ang kaharian ng Dios ay mananatili kung saan mayroong kasaganahan. Ang kaharian ng Dios ay mananatili kung saan mayroon lamang kaunti. Ito ay totoo dahil ang kaharian ng Dios ay hindi isang pisikal, materyal na kaharian kundi isang kaharian ng values at virtues.

**(5) Hindi katangian ng kaharian ng Dios ang pagmamataas at seremonyas kundi ng kababaang-loob at paglilingkod.**

Sinabi ni Jesus, "Mapapalad ang aba sa espiritu, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit" (Mateo 5:3). Ang talatang "aba sa espiritu" ay tumutukoy sa kababaang-loob. Ang kababaang-loob ay hindi karaniwang kaugnay ng tagapangunang pulitikal sa mundo. Kailangang sabihin ng mga pulitiko kung bakit sila ay mas mabuti kaysa sa kanilang mga kalaban. Gayunman, katangian ng kaharian ni Jesus ang kababaang-loob at selflessness at ang pagsusulong ng iba.

Ang mga taong nasa mataas na posisyon sa lipunan ay karaniwang sobrang binibigyan ng atensiyon at sobrang pinupuri kaya't sila ay nagiging mapagmataas at nag-iisip na sila ay mas mahalaga kaysa sa iba. Maaari silang maging arogante sa kanilang mga pag-uugali. Gayunman, sinabi ni Jesus, "Ang Anak ng Tao ay hindi dumating **upang paglingkuran**, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kanyang buhay bilang kabayaran para sa marami" (Mateo 20:28). Isinama ng Hari ang mga ito saanman siya magpunta at tinuruan sila ng kaniyang nalalaman. Ang Haring ito ay payag na hugasan ang paa ng kanyang mga disipulo. Inihahayag natin ang kalikasan ng kahariang ito sa pamamagitan ng kababaang-loob at pagiging simple, hindi sa mga magarbo at exotic na mga bagay.

**(6) Hindi lumalago ang kaharian ng Dios sa pamamagitan ng kapanganakan kundi sa pamamagitan ng mga ginagawa ng mga tagasunod ni Jesus.**

Sinabi ni Jesus, "Ibibigay ko sa inyo **ang susi sa kaharian ng langit;** anuman ang talian ninyo sa mundo ay tatalian sa langit, at anuman ang kakalagan mo sa mundo ay kakalagan din sa langit" (Mateo 16:19). Nang ang kahariang nilikha ng Dios ay bumagsak sa kasalanan, kadiliman at kasiraan, kailangang i-restore ng Dios ang mundo. Ibinigay ng Dios sa sangkatauhan ang responsibilidad na dalhin ang mga tao sa kanyang kaharian at pagtatatag ng kanyang kaharian sa lahat ng ibang bahagi ng lipunan. Hindi isusugo ng Dios ang mga anghel upang itatag ang kanyang kaharian. Ginagamit niya tayo upang gawin ang tungkuling ito. Responsibilidad ng mga tao na ibahagi ng kaharian upang:

- Magdala ng ibang tao sa kaharian.
- Itatag ang kaharian saanman sila naroon.
- Ipatupad ang mga prinsipyo ng kaharian sa lahat ng parte ng lipunan.

Ito ang ating tungkulin at ating pribilehiyo. Tayo'y maging aktibo sa pagdadala ng mga tao sa kaharian ng Dios.

## Pagsasabuhay ng Ebanghelyo sa Kaharian sa Mga Gawa

Ngayon titingnan natin kung paano ang unang iglesya ay nagsikap na tuparin ang panalangin ni Jesus na makita ang kaharian ay matatag sa lupa katulad ng sa langit. Pansinin ang mga halimbawang ito.

### Paglilingkod sa mga Nangangailangan

Laging may espesyal na lugar ang Dios para sa mga nangangailangan sa lipunan, kabilang ang mga balo, mga ulila at ang mga dukha. Hindi nakakagulat na makita ang mga tagasunod ni Jesus na gumagawa sa mga praktikal na gawain upang itatag ang kaharian ng Dios sa lupa.

Sa mga Gawa 6, makikita natin ang mga unang mananampalataya na nag-aalaga ng mga balo. Ang isang Kristiyanong babae na nagngangalang Dorcas ay "laging gumagawa ng mabuti at tumutulong sa mahihirap" (Mga Gawa 9:36). Nagdala sina Pablo at Bernabe ng pera at tulong na supplies sa mga Kristiyano sa Jerusalem na naghihirap dahil sa taggutom (Mga Gawa 11:29). Makalipas iyon sa Mga Gawa, kumuha si Pablo ng mga kaloob mula sa mga iglesya ng Macedonia at Acaya para sa mga nangangailangan sa Jerusalem (Mga Gawa 24:17).

Ang prinsipyo ng kaharian ng Dios tungkol sa ating mga pangangailangan ay binigyang buod ni Pablo sa kanyang pangungusap sa 2 Corinto 8:13-15:

"Hindi sa ibig kong magaanan ang iba at mabigatan naman kayo, kundi upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay. Masagana naman kayo ngayon at maaari ninyong matugunan ang kanilang mga pangangailangan, upang kung kayo naman ang mangailangan sila naman

ang tutulong sa inyo. Ang layunin ay pagkakapantay-pantay,tulad ng nasusulat: Ang nag-ipon ng marami ay hindi lumabis, ang nag-ipon ng kaunti ay hindi nagkulang."

Maraming iba't-ibang paraan kung paano natin matutulungan ang mga nangangailangan nang hindi kailangan ng supernatural na kakayahan. Hindi natin dapat hintayin ang Dios na bigyan tayo ng supernatural na paraan bago tayo magtangkang tugunan ang mga kundisyong pangkaramdaman/sick conditions/mahihirap na kalagayan sa ating lipunan.

**Pagsusulong ng Katarungan**

Isang mahalagang bahagi ng kaharian ng Dios ay ang katarungan. Paano tinugunan ng unang iglesya ang isyu ng katarungan sa lipunan? Nang sabihan sina Pedro at Juan na hindi sila maaaring makapangaral sa pangalan ni Jesus, magalang nilang ipinaalam sa mga tagapangunang Judio na sila ay magsasagawa ng civil disobedience dahil siya'y tinagubilinan na ipangaral ang ebanghelyo. Sinabi nila sa mga tagapangunang ito, "Kailangan naming sundin ang Dios sa halip na ang tao" (Mga Gawa 5:29).

Nang si Pablo ay mapiit at illegal na bugbugin sa Filipos, tumanggi siyang umalis sa kulungan hanggang ang mga opisyal na naglagay sa kanya doon ay dumating at sila mismo ang nagpaalis sa kanya. Hindi ito isang gawa ng pag-eebanghelyo. Hindi niya sinisikap na ilapit ang mga taong ito kay Cristo. Ito ay isang kilos ng katarungan. Sinisikap ni Pablo na turuan ang mga tagapangunang ito na mamuhay ayon sa mga prinsipyo ng katarungan sa lipunan.

Hindi nakikita ni Pablo ang kanyang trabaho bilang pag-eebanghelyo at pagtatatag ng iglesya lamang. Namumuhay siya sa isang lipunang may sakit at ginamit niya ang bawat pagkakataon upang gamutin kahit man lang maliit na bahagi ng karamdamang iyon, kabilang ang karamdaman ng kawalang katarungan.

**Pagpapanumbalik ng Kalusugan**

Si Pablo, tulad ng kanyang Panginoon, ay nakapagbigay ng supernatural na kagalingan para sa ilang tao. Gayunman, hindi ito ang tanging paraan na kanyang ginamit. Sumulat si Pablo kay Timoteo, "Tumigil kayo sa pag-inom ng tubig lamang, at gumamit ng kaunting alak dahil sa iyong tiyan at sa iyong madalas na pagkakasakit" (1 Tim. 5:23). Ang alak na gawa mula sa katas ng ubas ay nagtataglay ng maraming iron. Kapag inimon nang konti-konti lamang, ito'y nakabubuti para sa dugo. Inilarawan ni Pablo ang natural na paraang ito ng pagtulong kay Timoteo na gumaling sa kanyang mga karamdaman.

Matapos suguin ni Jesus ang kanyang mga disipulo sa isang paglalakbay upang magturo, sinabi niya sa kanila, "Sumama kayo sa akin nang kayo lamang sa isang tahimik na lugar at magpahinga" (Marcos 6:31). Kinikilala ni Jesus na ang pahinga ay kinakailangan upang magkaroon ng mabuting kalusugan.

Nagbigay si Santiago ng isang interesting na pahayag tungkol sa pagpapagaling.

"Maysakit ba ang sinuman sa inyo? Hayaang tawagin ang mga matatanda ng iglesya upang siya'y ipanalangin at pahiran siya ng langis sa pangalan ng Panginoon. At ang panalanging inihandog nang may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit; ibabangon siya muli ng Panginoon. Kung sila ay nagkasala, sila ay patatawarin" (Santiago 5:14).

May dalawang salita para sa "hirangin" sa Griego, *aleipho* at *chrio*.

1. *Ang Chrio* ay ang salita para sa ceremonial anointing/pang seremonyas na paghirang.
2. *Aleipho* ay ang salita para sa paggamit ng langis para sa medisina o cosmetic na paggamit.

Ang langis ang first aid medicine ng karaniwang tao sa sinaunang panahon. Nang matagpuan ng Mabuting Samaritano ang sugatang lalaki dahil sa mga magnanakaw, binuhusan niya ng langis ang kanyang mga sugat. Maaaring piliin ng Dios na pagalingin ang isang tao sa paraang supernatural bilang tugon sa panalangin *(chrio).* Gayunman, maaari rin niyang piliing pagalingin ang tao sa pamamagitan ng natural na paraan gamit ang medisina *(aleipho).*

**Konklusyon**

Nais ng Dios na itatag ang kanyang kaharian sa mundo tulad ng nasa langit. Ang kaharian ay ginagabayan ng mga prinsipyo, hindi ng geographical o wika o katangiang pampulitikal. Kung hanggang saan natin naituro at naisagawa ang mga prinsipyo ng kaharian ng Dios, gayun natin naitatag ang kaharian ng Dios sa bahaging iyon ng buhay.

# Iminumungkahing Mga Babasahin

Ang kursong ito ay nag-aaral sa buhay at ministeryo ni Hesus bilang isang huwaran para sa buhay at ministeryo sa ating panahon. Hindi ito isang lubusang pag-aaral sa mga Ebanghelyo. Sa halip, ang kursong ito ay tumitingin sa mga piniling aspeto ng ministeryo ni Jesus upang magkaroon tayo ng mga araling magagamit sa ministeryo natin sa kasalukuyan. Kung nais mong pag-aralan ang kumpletong buhay ni Cristo, inirerekomenda ko ang isa sa mga librong nakalista sa ibaba sa mga mapagkukunan ng mga tulong sa klase. Ang *Jesus According to Scripture* na isinulat ni Darrell Bock at ang *The Words and Works of Jesus Christ* na isinulat ni J. Dwight Pentecost ay mga kumpletong pag-aaral sa buhay ni Cristo.

Ang mga sumusunod na aklat ang pangunahing resources sa kursong ito. Maliban sa mga direktang pagbanggit, hindi ko gagamiting footnote ang mga aklat na ito sa mga leksiyon.


Blomberg, Craig. *Jesus and the Gospels.* Nashville: Broadman & Holman, 1997.

Bock, Darrell L. *Jesus According to Scripture.*Grand Rapids: Baker Academic, 2002.

Coleman, Robert E. *The Mind of the Master*. Colorado Springs: Waterbrook Press, 1977.

Coleman, Robert E. *The Master Plan of Evangelism*. Grand Rapids: Baker Books, 1993.[351]

Fernando, Ajith. *Jesus Driven Ministry.* Wheaton, Illinois: Crossway, 2002.

Pentecost, J. Dwight. *The Words and Works of Jesus Christ.* Grand Rapids: Zondervan, 1981.

Robertson, A. T. *Harmony of the Gospels.* New York: Harper & Row Publishers, 1922.


[351] Mula sa lahat ng mga aklat sa listahang ito, ang *Jesus Driven Ministry* ni Ajith Fernando at ang *The Master Plan of Evangelism* ni Robert Coleman ay ang may pinakamalaking impact sa aking pagkaunawa sa istilo ng ministeryo ni Jesus. Tunay kong inirerekomenda sa inyo ang mga aklat na ito para sa inyong dagdag pag-aaral.

# Buhay at Ministeryo ni Jesus
# Form sa Pagtatala ng Mga Takdang-Aralin

Pangalan ng estudyante ______________________________________

Pauna kung nakumpleto ang bawat takdang aralin. Ang mga pagsubok ay itinuturing na "kumpleto" kapag ang mag-aaral ay nakakamit ng iskor na 70% o mas mataas. Ang lahat ng mga takdang-aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Takdang Aralin 1 | Takdang Aralin 2 | Takdang Aralin 3 |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |

## Humiling ng Sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang Sertipiko ng Pagkumpleto mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay ihahatid nang digital mula sa pangulo ng SGC sa mga instruktor at tagatulong na kumpletuhin ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag-aaral.